BEHIND HIS HAZEL GAZE

by sunmaruuramnus

Completed

BEHIND HIS HAZEL GAZE
ALESSANDRO VINZENZI
(2ND GEN)

Table of Contents

1. READERS
2. BEHIND HIS HAZEL GAZE
3. CHAPTER 1
4. CHAPTER 2
5. CHAPTER 3
6. Chapter 4
7. Chapter 5
8. Chapter 6
9. Chapter 7
10. Chapter 8
11. Chapter 9
12. Chapter 10
13. Chapter 11
14. Chapter 12
15. Chapter 13
16. Chapter 14
17. Chapter 15
18. Chapter 16
19. Chapter 17
20. chapter 18
21. Chapter 19
22. Chapter 20
23. Chapter 21
24. Chapter 22
25. Chapter 23
26. Chapter 24
27. Chapter 25
28. Chapter 26
29. Chapter 27
30. Chapter 28

31. Chapter 29
32. Chapter 30
33. Chapter 31
34. Chapter 32
35. Chapter 33??????????
36. Chapter 34
37. Chapter 35
38. Chapter 36
39. Chapter 37
40. Chapter 38
41. Chapter 39
42. Chapter 40
43. Chapter 41
44. Chapter 42
45. Chapter 43
46. Chapter 44
47. Chapter 45
48. Chapter 46
49. Chapter 47
50. Chapter 48
51. Chapter 49
52. Chapter 50
53. Chapter 51
54. Chapter 52
55. Chapter 53
56. Chapter 54
57. Chapter 55??????????
58. EPILOGUE
59. SPECIAL CHAPTER!!!

READERS

Alessandro was born into darkness - a child who never knew a mother's love, the product of his father's cruelty. His life was marked by pain, neglect, and the shadow of a twin he didn't resemble, a brother who seemed to have everything he was denied.

Sa ilalim ng mahigpit na paggabay ng kanyang tiyo, si Leandro, hinubog si Alessandro upang mabuhay, maging malupit, at magtaglay ng kapangyarihang walang awa.

Fifteen years later, Alessandro returns - no longer the abandoned child, but a ruthless, cold, and calculating mafia boss. Everything about him radiates danger and authority. The boy who once longed for a mother's love has become a man who commands fear and respect... and a hunger for the family and world that once rejected him.

Ang kanyang kakambal na si Xavier ay lumaking katunggali sa Lahat ng bagay at si Chloe, ang tapat na katulong, ay nahulog sa gitna ng kanilang laban - sa puso at sa kapangyarihan.

Sa mundong puno ng dilim at lihim, kailangang harapin ni Alessandro ang pinakamalaking tanong:

susundan ba niya ang yapak ng ama niyang puno ng kasamaan para makuha ang Babaeng nagugustuhan, o bubuo siya ng sarili niyang daan kahit dugong madilim ang pinag-ugatan?

ALESSANDRO VINZENZI STORY

The unwanted son

BEHIND HIS HAZEL GAZE

? SECOND GENERATION SERIES ?
“ALESSANDRO AND CHLOE”
A story by [SUNMARU]

? Copyright © [2025] by [SUNMARU]
All rights reserved.
This story is a work of fiction.
Any names, characters, events, or incidents are products of the author’s imagination.
Any resemblance to actual persons, living or dead, or real events is purely coincidental.

No part of this story may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means, including photocopying, recording, or other electronic or mechanical methods, without the prior written permission of the author.

CHAPTER 1

“Grabe ‘yung kakambal ni young master Xavier noh,” sabi ng kasama kong maid ngayon — si Nerry — habang abala kaming naglilinis sa hallway.

Kumunot ang noo ko. “May kakambal si young master Xavier??” tanong ko, hindi makapaniwala.

“Oo! Dumating kagabi! Ang alam ko, nasa dati niyang kwarto siya ngayon.” Mahinang sabi ni Nerry pero bakas sa boses ang kilig at kaba. “Siya raw ang dahilan kung bakit ang aga natulog ni young master! Suntukin ka pa naman eh, tapos nakainom ka pa!”

Napakunot lalo ang noo ko, pero sabay napangisi. “Gwapo ba?”

Napasimangot si Nerry, tapos biglang napailing na may halong tawa. “Naku, sobrang gwapo, ganda Ng Mata neng!! ang angas n’on!”

“Talaga? Mas maangas pa kesa kay bebelove ko?” Ang tinutukoy ko, siyempre, si young master Xavier — na crush na crush ko kahit lagi kaming napapagalitan pag siya ang topic.

“Eh oo nga, Choe! Naku, naku! Muntik na nga malaglag panty ko kagabi!” sabay tawa ni Nerry, pilit pinipigil pero halatang aliw na aliw.

“Hoy, Nerry! Bibig mo, marinig tayo ni Madam Anya! Isipin nun pinag-nananasaan na naman natin ang anak niya!” mabilis kong bulong habang nagmamadaling nagpunas ng sahig.

“Aba eh, totoo naman! Asan ka ba kasi kagabi nung pinatulog ‘yung bebelove mo?!”

Napatingin ako sa kanya, kunot-noo pero nakangiti. “Nautusan ako ni ate Lanny ehh."

Napatigil si Nerry, dahan-dahang lumapit sa akin. “Choe... kung nakita mo lang Kung gaano kagwapo yung alessandro... siguradong hindi ka makakatulog.”

Napangiti ako habang naglilinis, pero sabay din akong naintriga.

“Mas tahimik… pero iba ang dating, Choe. Alam mo yung tipong titig palang hubad kana!! Ganun!”

“Yuck! Ayoko ng ganyan! Gusto ko yung pa-bad boy lang, ‘yung may ngiti na nakakakilig—katulad ni young master Xavier,” sabi ko sabay kindat kay Nerry.

Napatawa ito, “Ay naku! Sige ka, baka marinig ka ni madam Anya, ipatapon ka sa garden!”

“Edi okay lang, basta doon din nakatingin si bebelove Xavier ko!” sabay tawa naming dalawa..

Tatlong buwan pa lang ako sa serbisyo, pero sa loob ng panahong ‘yon, masasabi kong ayos naman dito. Maayos magpasahod, hindi mahirap ang trabaho, at higit sa lahat — free na free pa ang araw-araw na pagsilay ko sa gwapong anak ng amo naming si young master Xavier.

Part-timer lang ako rito. Binubuhay ko lang ang sarili ko — wala naman akong ibang inaasahan. Ang mga magulang ko, may kanya-kanya na silang pamilya. Ako lang ‘tong natira sa gitna, pilit bumubuo ng daan ko sa buhay.

Sa edad na labing-pito, andito na ako sa pamilyang ‘to — sa malaking mansyon ng mga Vinzenzi. Sabi nila, suwerte na raw ‘yung mapabilang sa mga tauhan nila. Pero minsan, habang naglilinis ako sa malalawak na pasilyo, naiisip ko... *suwerte nga ba talaga?*

Lalo na ngayong gabi, matapos kong marinig mula kay Nerry na may kakambal pala si young master Xavier — isang lalaking kagabi lang ay biglang dumating, tahimik, pero may presensyang nakakakilabot tapos kararating Lang Gulo na agad ang dala.

“Kawawa naman tuloy ang bebelove ko…” bulong ko habang pinupunasan na ang gilid ng hagdan. “Siguro kaya hindi nakalaban kagabi, umaga pa lang kasi, alak na agad ang iniinom.”

Umiling si Nerry, halatang aliw. "Bebelove mo?? Ehh di Ka nga pinapansin nun..gusto nun Yung Mga Ka level din niya.. bago mag birthday si Ma'am Anya.. may dinala na namang babae Yun sa kwarto ehh"

“normal Lang Yun, Nerry,” sabi ko, pilit pinipigil ang selos kahit walang karapatan.

"Normal?? Ano Yun nag prapractice para sa future wife?"

Hindi na ako nakasagot ng marinig ang
Tunog ng takong sa sahig —
Pareho kaming napalingon. Si Ma’am Anya, elegante gaya ng lagi, pero may bakas ng pagod sa mukha.

“Chloe,” tawag niya, malamig pero mahinahon ang tono. “Pakigising na nga si Xavier. Hindi pa rin bumababa hanggang ngayon.”

Mabilis akong tumango. “Okay po, Ma’am,” sagot ko, pinipilit maging kalmado kahit ang totoo, parang may fireworks sa dibdib ko.

Habang paakyat ako sa hagdan, napapangiti ako mag-isa.
"*Grabe, ako talaga ang gigising sa bebelove ko!"*

Pero bago pa ako makarating sa itaas
Natulala na ako nang makita si young master Xavier.. pababa ng hagdan. Halata agad ang bangas sa pisngi nito —

“Y-young master…” mahina kong tawag, pero hindi siya tumingin.
Dumiretso lang siya pababa ng hagdan, seryoso ang mukha, at parang wala sa sarili.

Pinagmamasdan ko nalang siyang lumalayo. Sino ba ‘yung kakambal na ‘yon? Anong karapatan niyang saktan ang bebelove ko?!
Ramdam ko ang pamumuo ng inis sa dibdib ko — hindi ko nga alam kung bakit ako ganito kaapektado.

“Bilang ganti hindi ako susunod pag inutusan ak—” naputol ang bulong ko nang marinig ko ang tinig ni Ma’am Anya mula sa likuran.

“Chloe, andito na pala si Xavier,” mahinahon pero may awtoridad ang boses niya. “Si Alessandro na lang ang puntahan mo..sabihin mo breakfast na.”

Napatigil ako, mabilis na hinarap si Ma’am.
“P-po, Ma’am? S-sige po.”

Papanhik na Sana ng bamalik ang tingin ko Kay Ma'am Anya.

“Ma’am. Saan po ang kwarto ni… Alessandro?” tanong ko, medyo nag-aalangan.

Biglang kumunot ang noo ni Ma’am. “Chloe, anak ko rin siya. Young master Alessandro, maliwanag?”

Agad akong yumuko. “Opo, Ma’am! Pasensya na po, Ma’am!”

Dahan-dahan akong naglakad papunta sa kwarto ni young master Alessandro, Ang totoo niyan, nanginginig ang kamay ko—hindi ko alam kung dahil sa takot o dahil sa sobrang *curious*.

Paglapit ko sa pinto, marahan akong kumatok.

“Come in.”
Malalim. Mababa. malamig ang boses nito.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto, at doon ako napatigil.

Kasalukuyan itong nagpu-punas ng basang buhok — bawat galaw ng tuwalya sa buhok niya ay parang slow motion sa paningin ko. Naka-puting shirt lang siya, medyo basa pa sa balikat, at halos dumikit sa matikas niyang katawan.

Siya ‘yon.
Yung kakambal.
Oh my gosh, Chloe, ang mga Mata mo! sigaw ng utak ko, pero ayaw makinig ng mga mata ko. Nanlalaking pinasadahan ko Ito ng tingin..

Hindi sila magkamukha.
Oo, pareho silang may angas, pero si Alessandro… ibang level. Mas matikas. Mas matangkad Nang kunti, mas malaki ang katawan. Mas malamig ang dating pero may kung anong nakakabighaning delikado sa aura niya.

Inangat niya nang bahagya ang ulo, saka nagtama ang paningin namin. Nang tumingin siya sa’kin, halos mapaatras ako.
Doon ko lang napansin nang malinaw ang “matang kulay abuhing-kayumanggi.” (hazel eyes) niya — may kakaibang lalim, parang may pinagtataguan. Mainit pero malamig, kalmado pero nakaka-kaba.

“May problema ba?” malamig niyang tanong. habang patuloy lang sa pagpupunas ng buhok, parang hindi alintana na halos mawalan na ako ng hininga.

“A-ah, wala po, young master,” sagot ko agad, “Ako po ‘yung pinapunta ni Ma’am Anya...breakfast na daw po”

Tumango lang siya.

Habang nakatayo ako, napansin ko pa ‘yung ugat sa braso niya, ‘yung tono ng boses niya nakakaakit. Napalunok ako. "Mas yummy siya… este mas intimidating pala."

Bigla kong iniiling ang ulo ko. “Hindi! Hindi! Mas yummy ang bebelove ko!” bulong ko sa sarili ko.

Napataas ang kilay ni Alessandro. “May sinabi ka ba?”

Mabilis akong ngumiti, halos nanginginig. “W-wala po, young master!

Tahimik siyang tumingin sa’kin, parang sinisipat kung nagsisinungaling ako. Pero pagkatapos ng ilang segundo, bigla siyang ngumisi—

At doon, alam kong delikado na ako. Hindi dahil masama siya… kundi dahil baka mas matunaw ako dito kaysa sa bebelove ko..dahil sa paraan ng pagtitig nito.

Agad akong lumabas ng kwarto, Paglabas ko ng kwarto, halos hingal na hingal ako sa kaba.
At sa isip ko lang nasabi, kung ganito palagi, araw-araw… baka mahirapan na akong manatiling loyal kay bebelove ko.

CHAPTER 2

Bumaba si Alessandro, suot pa rin ang itim na polo na bahagyang nakabukas sa bandang leeg. Basa pa ang buhok niya, pero sa bawat hakbang niya pababa ng hagdan, ramdam ang bigat ng presensiya niya —

Napangisi siya nang makita ang tanawin sa ibaba — kumpleto ang pamilya.
Andoon ang stepfather niyang si Javier, nakaupo sa dulo ng hapag, tipid na nakangiti
Sa tabi nito, ang ina niyang si Madam Anya, na kasingganda pa rin ng dati, maayos ang postura pero halatang may tensyon sa mga mata.
Sa kaliwa naman, nakaupo ang kakambal niyang — si Xavier, na kasalukuyang tahimik lang, seryoso ang tingin niya. At sa tabi nito ang Kanyang magandang kapatid na si phoebe..

“Anak,” mahinang tawag ni Madam Anya, pilit ang ngiti. “tara na kumain kana..”

Tumango lang Siya dito at umupo sa tabi Ng ina, pagkaupo niya sabay lingon kay Xavier.

“How are you? It looks like you slept well last night..”

Hindi nakasagot si Xavier halatang pikon Ito sa talim Ng titig nito Kay Alessandro..

“Tama na ‘yan. Kumain na tayo,” sabi ni Javier, at agad silang nagsimulang kumain nang tahimik.

Lumipas ang ilang minuto matapos silang maghapunan nang magsalita si Anya.
“Alessandro, anak pwede ban—”

"I gotta go," sagot niya, hindi na pinatapos ang sasabihin ng ina, at mabilis na tumayo.

Tahimik siyang naglakad palabas, dala ang bigat sa kanyang mga mata, at iniwan ang hapag na punô ng mga titig ng mga nakaupo, puno ng tanong.

Paglabas ni Alessandro ng mansion, natanaw niya agad ang marangyang kotse na nakaabang sa labas Ng gate.

“G-Good morning… Boss!” bati ni Mark, nanginginig ang boses at halatang kabado.

Tinitigan muna siya ni Alessandro, malamig at matalim ang tingin, bago pumasok sa loob ng kotse.

“Ilan?” tanong ni Alessandro, malamig at diretso.

“P-Po… a-ano po, Boss…” natataranta si Mark, halatang hindi alam kung paano ipapahayag ang report niya.

“Tangina!” inis na bulong ni Alessandro, at tinitigan Ito Ng matalim.

“T-Tatlo po, Boss… lahat po ng nahuli!” lumingon si Mark, nanginginig ang boses, halos hindi makapaniwala sa sinabi niya...

Mabilis niyang hinawakan ang kurbata ni Mark, at gigil na nagsalita, ramdam ang tensyon sa bawat salita.

“Sa susunod, wag ka munang magkakape kapag may lakad tayo!!” galit na utos ni Alessandro, halos gigil na gigil Ito sa kanyang driver...

“O-opo, Boss!!!” sagot ni Mark, nanginginig at halos malaglag ang puso sa takot.

“Let’s go!!” utos ni Alessandro, matatag at walang alinlangan.

Agad na pinaandar ni Mark ang kotse, mabilis ang bawat galaw, halatang natataranta pa rin sa presensya ng boss.

Tahimik si Alessandro sa loob ng sasakyan, nakatingin sa harap, ramdam ang bigat ng bawat segundo, habang dahan-dahang lumalayo ang mansion sa likuran.

Nang makarating mabilis siyang lumabas Ng kotse at nag tungo sa Loob...

Sa malamig na kwartong kinaroroonan ni Alessandro, umaalingawngaw ang tahimik na ugong ng aircon. Amoy metal, dugo, at takot ng paligid.

Sa gitna ng silid, tatlong tao ang nakatali sa upuan — mga mukha’y natatakpan ng itim na plastic bag, nanginginig habang nakayuko.

Tumayo si Alessandro sa harap nila, malamig ang mga mata.

“Sila ba ‘yon?” seryosong tanong niya

“Opo, boss,” sagot ng isa niyang tauhan.

Kinuha ni Alessandro ang baril sa mesa, dahan-dahang tinutok sa unang nakagapos at marahang itinabingi ang ulo saka ang tanong.

“Magkano?” tanong niya, ang tinutukoy ay ang halaga ng drogang ninakaw at hindi na ibinalik.

"200k boss.."

Inalis niya ang plastic sa ulo nito — isang lalaking nanginginig sa takot.
Hindi pa ito nakakapagsalita nang...barilin niya Ito.

Tumilapon ang dugo sa sahig. Patay.

Lumapit si Alessandro sa pangalawa.

“Magkano?”

“T-two hundred k din po, boss…” halos hindi na makatingin ang lalaki.

Isang putok ulit..

Pagharap niya sa pangatlo, napabuntong-hininga si Alessandro bago pa man alisin ang takip sa mukha nito..
Pagkahila niya ng plastic, bumungad ang isang matandang babae, luhaan at nanginginig.

“Sino kumuha rito?” tanong ni Alessandro, malamig ang tinig..parang pag magkamali Ka lang sagot

siguradong maisasama Ka sa Mga nakaupo...

“A-ako po, boss…” pautal na sabi ng isa sa tauhan.

"Magkano..?"

“Lima… limang daang libo po ang kinuha.”

Tumawa nang mahina si Alessandro, halos parang naaasar.

“Limang daang libo?” sabay tingin sa matanda..Hindi makapaniwala..

“Nay… ang tanda niyo na, ah. Bakit nagdodroga pa kayo?”

Nanginginig ang babae, luhaan.

“H-hindi ko mapigilan, iho… Ang sarap kasi…”

Tahimik si Alessandro. Ilang segundo siyang nakatitig, natulala bago marahang ibinaba ang baril.

“Kalagan niyo,” utos niya sa malamig na tinig.

Agad namang sumunod ang mga tauhan.

Habang tinatanggal ang tali ng matanda, nanatiling tahimik si Alessandro — pero sa loob niya, may halo ng galit at awa.
Hindi niya alam kung bakit siya naawa… o naiinis sa sarili dahil kaya pa rin niyang makaramdam ng awa.

Nagkatinginan ang mga tauhan ni Alessandro — halata sa mga mata nila ang gulat at pagkalito.
Ang boss nilang kilala sa tapang, sa walang pag-aalinlangan sa pagpatay, ay biglang nagpakita ng malambot na puso sa isang matandang babae.

Tahimik lang si Alessandro habang pinagmamasdan ang ginang na nanginginig pa sa harap niya.
Pagkatapos ng ilang segundo, tumikhim siya at marahang tumalikod.

“Sige, ‘Nay… umuwi na po kayo,”
mahina ngunit malamig niyang sabi.

Napatitig sa kanya ang matanda, tila naguguluhan.
Sa isip nito, hindi siya makapaniwala — ang kinatatakutang mafia boss, may kabaitan palang itinatago.
Dahan-dahan siyang lumakad papunta sa pinto, bitbit ang hiya at pasasalamat sa di inaasahang kabutihan.

Ngunit bago pa siya tuluyang makalabas, malamig na tinig ang muling nagsalita.

“Sandali.”

Napatigil ang matanda, pati ang mga tauhan.
Dahan-dahang lumingon ang ginang, habang si Alessandro ay nakaupo na sa harap ng mesa, hawak muli ang baril — pinaglalaruan ito ng mga daliri, parang walang bigat sa kamay.

“Mark,” tawag niya nang walang emosyon.

“Boss?”

“Bigyan mo si Nanay ng limang gramo.”

Napatulala si Mark.

“P-po?! L-limang gramo, boss?!”

Dahan-dahang lumingon si Alessandro, at sa isang iglap, naging matalim ang mga mata niya — malamig, nanlilisik.

“Bingi ka ba?”

“di ba Sabi ko, bigyan mo si Nanay ng limang gramo!.”

Nanlamig ang silid.
Walang naglakas ng loob na magsalita. Si Mark, kahit nanginginig, ay agad na tumango at lumapit sa drawer, kinuha ang sinasabi ni Alessandro.

Habang inaabot iyon sa matanda, tumayo si Alessandro at lumapit.

“’Yan ang huli, Nay,” mahinahon niyang sabi.
“Kapag bumalik ka pa rito dahil sa droga, papatayin na po Kita ha??. Naiintindihan nyo po ba?”seryoso niyang Sabi dito..

Luhaang tumango ang matanda.

“O-oo, iho… maraming salamat po…”

Ngumiti si Alessandro.

Tahimik na lumakad palayo ang matanda, habang ang mga tauhan ay nanatiling nakatingin kay Alessandro —
isa-isa nilang napagtanto, kahit sa pusong puno ng galit at karahasan, may natitira pa ring kaunting awa.

CHAPTER 3

"Eto... sayo na lahat 'yan," sabi ni Phoebe, ang bunsong anak ng mga amo ko, habang ipinapasa sa akin ang isang bungkos ng damit at sapatos.

"*Muli na naman kasi itong nag-shopping At lahat ng pinang-lumaan niya na damit, ibinibigay niya sakin... pati mga sapatos."*

Halos malula ako sa dami.
"Naku, Ma'am Phoebe, ang dami naman po nito!" napapailing Kong sabi, habang ngiting ngiti...

"*Halos mukhang bago pa Lahat At yung iba, parang isang beses lang naisuot.*

"Sige na, dalhin mo na sa kwarto mo 'yan."nakangiti niyang Sabi sakin..

"Salamat po talaga, Ma'am Phoebe!" sabay ngiti ko, halos hindi makapaniwala sa lahat ng mga damit na ibinigay niya sa akin.

Ngumiti lang siya at tumango..

Binitbit ko ang isa, dalawang box kasi Lahat. Habang naglalakad ako papunta sa kwarto.

Saktong pasalubong Naman sa silid niya si master Xavier..

"Chloe..."

"Ano po Yun Young Master Xavier..? tinitigan niya muna ako mula ulo hanggang paa. Bago Siya nag salita..

"Pagkatapos mo diyan, pumasok ka sa kwarto ko," sabi niya, mabigat ang tingin sa akin.

"May iuutos ako sayo."

"Ahmm... sige po," sagot ko, pilit pinipigil ang kilig at kaba na nangingibabaw sa boses ko.

Tumalikod siya at pumasok sa kanyang kwarto. Ako naman ay mabilis na bumaba ng hagdan, dala ang mga box ng damit.

Sa likod ng mansion, may apat na kwarto para sa mga stay-in maids, bukod sa amin, may tatlo pang stay-out. Pagpasok ko sa loob, napanganga si nerry sa dami ng damit na dala ko.

"Wow... ang dami niyan! Ahhhh... penge!"

"Oo, mamaya pag balik ko.. may kukunin pa ako doon," sagot ko, halatang te-tense.

Nag-suklay ako at naglagay ng konting lipgloss, habang dinodouble check ang sarili sa harap ng salamin.. inamoy amoy pa ang sarili.

"Nerry... anong itsura ko?" tanong ko, halos nanginginig ang boses sa kaba.

"Tao," sagot niya, pero may ngiti sa labi.

"Hindi!! Maganda ba ako?" tanong ko ulit, mas matapang ngayon, pero halatang nahihirapan sa sarili.

Natawa siya. "Ano bang tanong yan?"

Hindi ko na alam kung tumatawa ako, kinakabahan, o excited na...

"Pinapasunod kasi ako ni Young Master Javier sa kwarto niya.." kabado Kong Sabi sa kanya..

"Chloe...ingat Ka ha..Di porke gusto mo bigay agad..." Biglang seryoso niyang Sabi.

Tumango lang ako at Hindi masyadong binigyang pansin ang komento niya..saka lumabas Ng kwarto at pumasok muli sa Loob Ng Mansion...

Madilim na ang buong sala.. alas dose na Rin Kasi ng Gabi.. oras na Nang pahinga.

Sa isip ko *Mamaya ko na kukunin yung isang box...*

Paakyat pa lang ako ng hagdan nang maramdaman ko ang bigat ng isang brasong biglang umakbay sa akin. Napalingon ako, at agad nagtagpo ang aming mga mata.

"A-Alessandro!" bulalas ko, bahagyang nanlalaki ang mga mata.

Ngumiti siya, 'yung tipid pero may halong kapilyuhan.

"Alessandro?" ulit niya, tila natutuwa sa narinig..

"S-sorry po, sir.."

Agad akong yumuko, kinakabahan. Akala ko pagagalitan niya ako. Pero napatingala ako nang marinig ko ang malamig pero seryoso niyang tinig.

"Mas gusto ko 'yon..." aniya, sabay ngiti. "...Alessandro lang."

Natigilan ako. Hindi ko alam kung anong isasagot ko...

"Let's go," sabi niya bigla, "samahan mo ako sa kwarto."

Mabilis Naman akong kumontra, "Ma-may gagawin pa po kasi ako!"

Bahagya siyang tumigil at tiningnan ako nang diretso, 'yung titig na parang binabasa Kung ano ang iniisip ko.

"Anong gagawin mo?"

"Ahm... may inuutos po kasi sakin si Master Xavier."

Napakunot ang noo niya, biglang sumeryoso.
"Anong utos?"

"P-pumasok daw po sa kwarto niya...sige po, punta na po ak-"

Hindi ko natapos ang sasabihin ko nang bigla niyang higpitan ang akbay at bahagyang hilahin ako palapit.
Ramdam ko ang init ng hininga niya sa tenga ko.
"Boss mo din ako, 'di ba?" bulong niya sa tenga ko.

Mabilis akong umatras, marahang inalis ang kamay niya sa balikat ko.
"O-opo, boss," sagot ko, halos pabulong.

Bahagya siyang napangiti, pero may kung anong pagbabago sa mga mata niya parang namumungay, malamang siguro dahil halata naman na nakainum Ito..

"Mag uusap Lang tayo....sa Loob," mahinang sabi niya, habang nakatingin pa rin sa'kin.
"Ayaw mo bang sumama?"

Umiling ako. Hindi ako makatingin nang diretso.
"P-pasensya na po."

Tumango siya nang dahan-dahan, pero nanatiling nakatitig.

"Fine... go to your room.."

Tapos ay marahan siyang umatras, binigyan ako ng pagkakataong makaalis.

Hindi ko alam kung aakyat ba ako... o babalik na lang sa kwarto at susuwayin ang utos ni Master Xavier na pumunta sa kanya.

Sa huli, pinili kong sumunod at bumalik na lang sa kwarto ko... dahil malinaw na wala siyang balak umakyat hangga't hindi ako bumabalik."

Napapakamot pa ako sa ulo, ilang beses akong lumingon sa kanya - hinihintay kong umakyat na rin siya, pero nanatili lang siya roon sa hagdan, nakatitig.

Nyeta... sayang ang moment na dapat namin ni bebelove ko!
kainis naman talaga, bulong ko sa sarili habang pilit siyang binibigyan ng matamis na ngiti.

"Good night po, sir..." aniya ko pa, sabay mahinang kaway.

Tumango lang siya - walang salita, pero sapat na 'yon para matulala, ibang klase Rin Kasi ang kagwapuhang Meron si Alessandro..

Mabilis na akong lumabas..

Ang ngiti ko kanina ay unti-unting nawala nang makabalik ako sa kwarto namin ni Nerry.

"Nakakainis, Nerry!!!" reklamo ko habang pabagsak na naupo sa kama.

"O, bakit?" tanong niya, sabay lingon.

"Nakakainis 'yung Alessandro... hinarang ako sa hagdan!!"

Natawa si Nerry, halos napapailing.
"Eh 'di sana inantay mong umakyat bago ka dumaan! Simple lang 'yon!"

Napasinghal ako.
"Silipin mo nga, Nerry, kung andiyan pa."

Natatawang bumangon si Nerry at tumungo sa pinto at lumabas...ilang Segundo Lang bumalik na may ngiting pilya.

"Wala na. Nakaakyat na."

"Sigurado ka?"

"Oo nga!" sagot niya, sabay tawa.

Napangiti na rin ako,

Sige na, Nerry. Pupunta na ako sa kwarto ng bebeloves ko..."
Paalam ko sa kanya habang ngiting-ngiti, sabay labas ng pinto.

Pag pasok ko sa Loob,

Marahan akong umakyat sa hagdan, pinipigilang gumawa ng ingay.
Tahimik na tahimik na ang buong bahay.
Madilim na ang pasilyo sa second floor - alas-dose na rin kasi ng gabi.

Pagdating ko sa tapat ng pinto ni Master Xavier, bahagya akong huminga nang malalim.

Kumatok ako ng mahina, Nang marinig ko ang boses ni master na Pinapasok niya ako..

Aabot ko na sana ng kamay ko ang doorknob, nang biglang bumukas ang pinto sa katabing kwarto..

Napalingon ako — at doon, nagtagpo ulit ang mga mata namin ni Alessandro.
Sandali lang ‘yon, pero parang tumigil ang oras.

Bago pa ako makapagsalita, bigla niya akong hinila papasok sa kwarto niya.
Hindi ko na nagawang mag-react — sa isang iglap lang, marahas na niya akong isinandal sa pinto.

“A–Alessandro!!” gulat kong sabi, halos hindi makahinga ng maayos.
Tinitigan niya ako nang mariin, ‘yung titig na parang kaya akong basahin, kaya akong lamunin.

Kinabahan ako. Ramdam ko ang panginginig ng kamay ko habang pilit kong itinulak ang dibdib niya.
“B–bitawan mo ako, boss…” halos pakiusap ko na.

Ngunit imbes na makinig, bahagyang ngumisi si Alessandro — ‘yung ngiting mahirap basahin kung galit ba o nang-aasar.
At sa malamig na boses, dahan-dahan siyang sumagot,

“Ayoko nga.”

Chapter 4

Nanlamig ako sa kinatatayuan ko.
Walang ibang gumalaw, pero ramdam kong bumigat ang hangin sa pagitan naming dalawa —

Dahil nakadikit ako sa pinto, narinig ko pa ang pagbukas ng katabing silid.
Biglang sumibol ang pag-asa sa dibdib ko; akmang sisigaw na sana ako at hihingi ng tulong kay Master Xavier — nang maramdaman ko ang malaking palad ni Alessandro na mabilis na tumakip sa bibig ko, mainit at malaki..

Pilit akong nagpumiglas, pero mas lalo lang niya akong inipit.
Umakyat ang malamig na takot sa buong katawan ko nang maramdaman ko ang paglapit ng kanyang bibig sa tenga ko, at marahang bumulong..

“Subukan mong sumigaw… papatayin kita.”

Nanlaki ang mga mata ko. Parang hindi ako makapaniwala na pinagbantaan niya ako— ang boses niya malalim, malamig, walang pakealam.

Unti-unti akong tumango, nanginginig ang mga daliri at naluha hindi ko alam kung anong gagawin ko kundi sumunod para makaligtas.
Ngumiti siya ng bahagya—isang ngiting hindi umaabot sa mata—

"Good girl.."

Tumagal kaming ganoon — nakadikit ako sa pinto habang nakatingin siya sa akin na parang sinusukat ang bawat galaw ko.
Hinaplos niya nang paulit-ulit ang buhok ko..dahan dahan..

Nang marinig namin ang pagsara ng pinto sa kabilang kwarto, bahagya siyang umurong at binitawan ako.
Tumitig siya nang seryoso, walang ngiti, puro bigat ang tingin.

“Diba sinabi ko kanina — bumalik ka na sa kwarto mo.”
.

Hindi ako nagsalita; nanginginig pa rin ang labi ko.

Dahan-dahan niyang inilagay ang kamay sa pisngi ko, tinititigan ako, nakakailang Kaya nag iwas ako ng tingin...mayamaya marahan siyang humawak sa doorknob
At maingat na binuksan ang pinto. Bago pa man ako makapag-react, Nagsalita siya..

“Bumalik ka na sa kwarto mo.”

Akala ko makakasagot ako, pero bigla siyang nagbanta. “Wag mong subukang suwayin ako,” binaling niya nang diretso sa akin ang mga mata habang nangingisi. “If I lose my temper, I’ll make sure you can’t walk for days… and you’ll feel me inside you for as long as it takes.”

Parang tumigil ang mundo ko. Mabilis akong tumango, literal na nanginginig, at nagmadaling tumakbo palabas. Bago ako makababa ng hagdan, napatingin ako pabalik — nakita ko siya, nakatayo pa rin sa doorway, tinitiyak na aalis talaga ako. Ang tindig niya ay tahimik at nagbabantang hindi kailangan ng

maraming salita para sumunod ako sa kanya..

Habang pababa ang mga hakbang ko, kumukurot ang dibdib ko; hindi lang takot ang nararamdaman ko — may halong pagkabigla, galit, at isang malalim na pagnanais na hindi na ito maulit. Nang makarating ako sa kwarto, agad kong isinara at nilock ang pinto, pero ang mga sinabi niya — at ang tingin niya — ay nananatili, parang marka.

Kinabukasan…

Lumabas si Xavier sa kanyang kwarto, may mabigat na ekspresyon sa mukha. Sabado ng umaga—walang plano, walang lakad. Tahimik ang buong mansyon.

Nadaanan niya si Nerry sa sala na abala sa pagwawalis.
“Where’s Chloe?” tanong ni Xavier, malamig ang boses.

“Ah, Master… nasa garden po,” sagot ni Nerry.

Mabilis niyang tinungo ang garden.

Paglapit pa lang, agad niyang nasilayan si Chloe—nakayuko, abala sa pag-aalis ng mga nalaglag na dahon. Dumadaloy ang liwanag ng araw sa buhok nito, at bawat galaw niya ay may kakaibang lambing sa mata ni Xavier.

Ilang sandali siyang nanatiling nakatayo roon,

tahimik na pinagmamasdan ang bawat paghinga at paggalaw ng babae.
May kung anong init na gumapang sa dibdib niya—hindi niya alam kung inis ba, o pagnanasang pilit niyang itinatanggi.

Napangisi siya. Isang ngiting may halong pagnanasa.

Ang mahaba nitong buhok ay bahagyang sumasayad sa bewang, dinadaloy ng hangin sa bawat paggalaw. At ang hubog ng kanyang katawan—banayad ngunit napakaakit para sa edad nitong labing pito palang—parang sinadyang ipakita sa sinumang makakakita.

Hindi iyon maipaliwanag ni Xavier, pero bawat segundo ng pagtitig niya ay parang tinutukso siya ng katahimikan ng umaga at ng mismong presensiya ni Chloe.

Tahimik siyang lumapit..

“Chloe…”
Mahina pero mabigat ang boses ni Xavier, sapat lang para mapalingon ang babae.

Pagharap ni Chloe, sandaling nagtama ang kanilang mga mata.
May kaba at saya sa titig ni Chloe, samantalang kay Xavier—may apoy na pinipilit niyang itago.

M-master, good morning po…”
Mahinang bati ni Chloe, bahagyang yumuko.

Hindi agad siya nakasagot. Pinagmasdan muna niya ito—ang inosente nitong mukha, ang paraan ng paghawak sa walis, at kung paano tumatama ang liwanag ng araw sa balat nito.

Sa loob-loob niya, parang gusto niyang hilain ito papasok sa kwarto niya…
ngunit pinigilan niya ang sarili.

Huminga siya nang malalim at saka nagsalita,
“Bakit hindi ka sumunod kagabi?.”

“P-po? Ahmm... nakatulog po Kasi ako.”

Tumikhim siya, pilit na binubura sa isip ang masamang iniisip para sa babae..
“Pumasok ka na sa loob. Mainit na.”

"H-hindi pa Naman ganun kainit, master..." Sagot ni Chloe pilit tinatago ang kilig at tuwa sa isiping concern ang bebelove niya..

"Pakitimpla nalang ako ng coffee.." utos ni Xavier na Hindi man Lang siya inaalisan ng tingin..

"S-sige po..." Sagot ni Chloe at nangingiting tumalikod na.

Ngunit habang papalayo si Chloe, hindi niya parin mapigilang muling tumitig dito—mahigpit, tahimik, at may pagnanasa na unti-unting nakikita sa Mga mata niya.

Mabilis na pumasok si Chloe sa loob ng mansyon at dumiretso sa kusina.
Nagtimpla siya ng kape para sa kanyang master, si Xavier. Nang matapos, maingat niyang inilagay iyon sa tray, may ngiting hindi maitago — para kasi iyon sa “bebelove” niya.

Pagharap niya, Nawala ang ngiti sa labi niya, Sa harap niya Kasi matikas na nakatayo si Alessandro, mukhang kagigising lang.

Biglang nanlamig ang pakiramdam niya, lalo na’t sumagi agad sa isip ang nangyari kagabi. Tahimik itong nakatingin, at ang mga mata nito ay tila nakatuon sa tasa ng kape na hawak niya.

“G-good morning po,” bati ni Chloe, pilit ang ngiti.
Tumango lang si Alessandro, walang imik.

Nang maglalakad na sana siya para lumabas, biglang gumalaw si Alessandro — mas mabilis pa sa inaasahan, kinuha nito ang tasa ng kape mula sa tray na hawak niya.

Nanlaki ang mga mata ni Chloe, halos hindi makagalaw.

Tahimik na itinaas ni Alessandro ang tasa, saka dahan-dahang uminom habang nakatitig kay Chloe. Hindi kumukurap ang mga mata nito — malamlam, at may kung anong lalim na parang nang-aakit at nagbababala sa parehong oras.

Napalunok si Chloe, hindi alam kung saan ilalagay ang tingin.
Ramdam niya ang bigat ng bawat segundo, parang bumabagal ang paligid sa pagitan nilang dalawa.

Huminga siya nang malalim, pilit pinapakalma ang sarili.

“*Hindi bale,”* bulong niya sa isip, “*magtitimpla na lang ako ng bago…”*

Bago pa man makakilos si Chloe, biglang pumasok sa kusina si xavier.

“Where's my coffee, Chloe?”
Ang malamig na boses ni Xavier ang pumuno sa buong paligid.

Napapitlag si Chloe. Mabilis siyang kumilos at gumawa ng bago.
“W-wait Lang po, Master…” mahina niyang tugon.

Ngunit napansin ni Xavier ang tasa ng kape sa kamay ng ni Alessandro.
Mabigat ang titig niyang ibinaling ang tingin dito—matalim, puno ng tanong at hindi inis.

Si Alessandro naman ay kalmado lang, dahan-dahang iniinom ang natitirang kape habang nakatitig pabalik kay Xavier.
Tahimik, pero ramdam ang banggaan ng tingin nilang dalawa.

Si Chloe, nakatayo lang sa gilid, hindi alam kung aalis o mananatili.
Ang katahimikan ng kusina ay tila nagiging mas nakakabingi sa bawat segundo.

Chapter 5

Bahagyang huminga nang malalim si Xavier, pilit na pinapakalma ang sarili.
Kahit ramdam niya ang init ng dugo sa ilalim ng balat, pinigilan niyang magsalita.

Ilang segundo pa siyang nakatitig kay Alessandro—matalim, malamig, ngunit kontrolado.
Pagkatapos ay dahan-dahan siyang bumaling kay Chloe.

“Pakidala na lang sa kwarto,” mahinahong utos niya, bagaman halata ang bigat ng tono.

Tumango si Chloe, halos hindi makatingin sa kanya.

Bago tuluyang umalis, muling tumitig si Xavier kay Alessandro—isang titig na walang salita, pero malinaw ang mensahe..

Pagkatapos niyon, tumalikod siya at marahang lumakad palayo, bitbit ang bigat ng galit na pinipilit niyang itago.

Nanatili si Alessandro sa kusina, hindi umaalis kahit pa nakatalikod na si Xavier.
Tahimik lang siyang nakatitig kay Chloe, na ngayo’y may hawak ng tray at handa nang lumabas.

Saktong pumasok ang isang bagong maid sa kusina.
Mabilis na itinuon ni Alessandro ang tingin dito.

“You,” malamig niyang sabi, sabay turo sa bagong dating.

Bago pa makagalaw si Chloe, kinuha ni Alessandro ang tray mula sa kanyang kamay—ikinapitlag ni Chloe sa gulat.

Inabot niya ito sa maid.
“Bring this coffee to that moron,” malamig niyang utos.

“Po?”
Hindi agad nakaintindi ang maid.

“Fuck—” mariin niyang mura, saka binawi ang tono.
“I mean… bring that coffee to Xavier’s room.”

“S-Sir! Ako po dapat ang magdadala!” halos pasigaw na sabi ni Chloe, halatang may halong inis at pagkadismaya sa boses.

Ngunit hindi na siya nilingon ni Alessandro—nakapamulsa lang ito, malamig ang mukha, parang wala siyang karapatang tutulan ang desisyon niya.

Napakagat-labi si Chloe, pilit pinipigilan ang pag-iyak.
Ramdam niya ang kirot ng inis at pagkadismaya sa dibdib.

Pagkakataon ko na sana ‘yon…
Makakausap ko na sana si Master Xavier nang kami lang.

Ngunit hindi — kailangan pang umepal ang basagulero niyang kakambal.

Si Alessandro.

Napayuko siya, mariing pinisil ang kamay para huwag makita ng iba ang panginginig nito.

Nakakainis!!! Bulong niya sa sarili kulang nalang ay mag papapadyak siya..

Tahimik siyang huminga nang malalim, pinipilit itago ang lungkot sa likod ng pilit na ngiti.

Mayamaya nagsalita si Alessandro

“Magbihis ka. Sasama ka sa’kin ngayon. May pupuntahan tayo.”
Malalim at walang pasubaling utos iyon ni Alessandro.

Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Chloe, halatang may pagtutol.
“Ha? Pero, Sir…”

Hindi na niya natapos ang sasabihin nang magpatuloy ito, malamig ang tinig.
“Naipagpaalam na kita kay Mommy. Wala ka nang dapat alalahanin.”

Natigilan si Chloe. Wala na siyang nasabi.
Ramdam niya ang bigat ng sitwasyon — at ang tono ni Alessandro na hindi nagbibigay ng puwang para tumanggi.

Kaya kahit may kaba at pag-aalinlangan, tahimik siyang tumango at marahang umalis para magbihis, dala ang tanong sa isip kung saan siya dadalhin nito —

Makaraan na ilan pang sandali

Nakabihis na si Chloe at naghihintay na sa labas Ng mansyon.
Pagsilip niya sa loob, nadatnan niya sina Madam Anya at Master Xavier — magkatabi sa sofa, magkahawak ang mga kamay at tahimik na naguusap.

Napangiti siya nang bahagya.
Ang sweet naman nila, naisip niya, at sandaling nakalimutan ang kaba sa dibdib.

Pero agad din iyong naputol nang mapansin niyang pababa na si Alessandro sa hagdan, diretso ang lakad papunta sa kanya.

“Alessandro… anak, saan ka pupunta?” tanong ni Madam Anya, bahagyang nagulat

“Aalis po muna ako,” tipid na sagot nito, sabay hila kay Chloe palapit.

“Isasama mo si Chloe, anak?” tanong muli ni Anya, halatang may pagtataka.

Tumango lang si Alessandro, walang paliwanag.

Napatingin si Chloe sa kanya, napakunot ang noo.
Akala ko ba naipagpaalam na niya ako?
Sinungaling pala ‘to, bulong niya sa isip, habang pilit pinapanatili ang mahinhing ekspresyon sa mukha.

Pagkapasok nila sa kotse, tahimik lang si Chloe sa umpisa.
Ramdam niya ang tibok ng dibdib niya habang pinapaandar ni Alessandro ang makina.

Pag-andar ng sasakyan, hindi na niya napigilan ang sarili.

“Sinungaling ka…” mahina pero mariin niyang sabi, hindi tumitingin kay Alessandro.

Lumingon sandali si Alessandro, walang ekspresyon sa mukha, bago muling ibinalik ang tingin sa kalsada.
“Why?” malamig na tanong nito.

“Sabi mo, naipagpaalam mo na ako kay Madam Anya. Pero halata namang hindi,” tugon ni Chloe, may halong inis at panggigigil sa boses.

Isang mapanuksong ngiti ang sumilay sa labi ni Alessandro habang hawak pa rin ang manibela.
“Gusto mo ba talagang magsabi ako ng totoo? Kasi kapag ginawa ko ‘yon, baka hindi ka na payagan sumama.”

Natigilan si Chloe, napalingon sa bintana, pinipigilang mapahinga nang malakas.
Bakit ba ako sumasama sa taong ‘to?

“Nakakainis…” bulong ni Chloe habang nakasandal sa upuan.
“*Walang-wala siya sa kalingkingan ni Bebelove Xavier ko.”*

Sumulyap siya kay Alessandro—sa matikas nitong katawan, sa paraan ng pagkakahawak nito sa manibela— napabuntong-hininga Siya nang malalim.

Oo na, mas matangkad ka, mas malaki ang katawan mo,
pero si Bebe Xavier ko pa rin ang gusto ko,
dagdag niya sa isip, sabay irap Dito..

Hindi naman ito nakaligtas kay Alessandro na agad sumulyap sa kanya, parang nababasa ang iniisip niya.
Ngumiti ito nang bahagya, mapanganib pero nakakainis na nakakaakit.
“May problema ba, Chloe?” tanong nitong may bahid ng ngiti.

Mabilis siyang umiwas ng tingin.
“Wala po.”
Ikaw ang problema, dagdag niya sa isip, pero di na niya binigkas.

Tahimik lang silang dalawa sa loob ng kotse. Paminsan-minsan, tinitingnan ni Alessandro si Chloe, na abala namang nakatingin sa labas, pinipigilan ang kaba.

Ilang minuto pa, huminto ang sasakyan. Nang tumingin siya sa labas, Napahinto si Chloe sa harap ng napakalaking mansion. Hindi niya maiwasang mapanganga — sobrang laki, sobrang ganda. Parang bawat pader ay gawa sa yaman at kapangyarihan— mas malaki pa kaysa sa mansion ng pamilya ni Xavier. Moderno pero may halong European elegance; mga haliging marmol, malalawak na bintana, at fountain sa gitna ng bakuran.

“W–wow…” hindi niya napigilang sambitin.

Lumabas si Alessandro, saka binuksan ang pinto sa side niya.
“Let’s go,” malamig nitong sabi.

“A-anong ginagawa natin dito?” nag-aalalang tanong ni Chloe habang lumalabas.

Ngumisi lang ito nang bahagya, ‘yung tipong hindi mo alam kung dapat kang kabahan o matuwa.
“Welcome to my place,” sagot ni Alessandro. “Dito ka muna.”

Nanlaki lalo ang mata ni Chloe.
“Ha?! Bakit—”

Hindi na niya natapos ang tanong. Malamig na tinapunan lang siya ni Alessandro ng tingin bago naglakad papasok ng mansion.

“Kung ayaw mong maghintay sa labas, sumunod ka.”

Napalunok si Chloe, pinipigilan ang panginginig ng tuhod.
Bakit ba ako sumama dito?? bulong niya sa isip habang dahan-dahan siyang sumunod papasok..

Nang makapasok..

Grabe... may sarili pala siyang ganitong bahay?
Napailing siya, Hindi maiwasang magkomento sa isip.. nang ilibot ang tingin sa mansion ni Alessandro..

“Ang laki ng mansion mo, Alessandro… bakit nakikitira ka pa kina Madam Anya?
Balewala niyang tanong..

Bahagyang napalingon si Alessandro, narinig ang tanong niya.
Tinignan siya nito ng malamig..

“No reason. I just wanted to. Why, you got a problem with that?” mababa at seryoso ang tono.

Napalunok si Chloe. Hindi niya alam kung anong isasagot —

"Wala Naman..hehe."
Napapahiya niyang sagot dito..

Chapter 6

"Where's Chloe?" tanong ni Xavier kay Nerry, halata ang inis sa boses nito, Hindi Kasi si Chloe ang naghatid ng coffee niya kanina.

"M-master, isinama po ni Master Alessandro kanina…" sagot ni Nerry, maingat at may pag-aalinlangan.

Natigilan si Xavier...bumakas ang gulat sa gwapong mukha ng binata

"Di niyo po ba alam?" tanong ni Nerry, kunot noo at may lihim na ngiti sa labi..

Hindi siya sinagot ni Xavier. Tumalikod ito at mabilis na naglakad, parang galit na galit sa nalaman. Ngunit ilang sandali lang, bumalik siya kay Nerry..

"Nerry, give me her cellphone number… hurry!" utos nito, halatang pikon na pikon..

Natataranta at nanginginig na ibinigay ni Nerry ang numero ni Chloe.

"E-eto po, sir…"

Naglakad papasok si Xavier at nagmamadaling tinawagan ang telepono ni Chloe.

CHLOE POV...

Nakaupo lang ako dito sa engrandeng sofa ng mansion ni Alessandro, ramdam ko ang hiya na parang kumakalat sa dibdib ko.

Maghapon lang ata akong tumunganga dito at ngayon papagabi na..

Habang nakaharap siya sa laptop, at seryosong may tinitignan doon, hindi ko maiwasang sumulyap Dito nang palihim..

Kahit na pilit kong iniiwas ang tingin ko, hindi talaga kaya ng mata ko na hindi mapansin ang mamuscle niyang braso. Halos bumibilis ang tibok ng puso ko sa bawat galaw niya.

*Kalma self tibayan mo para Kay Bebe Xavier!!*bulong ko sa isip..

Maya-maya, narinig kong nag-ring ang phone ko. Agad ko itong kinuha at chineck kung sino ang tumatawag,

Unknown number ..

Napasulyap ako kay Alessandro, pero abala parin siya sa laptop. Mahina akong nagpaalam,

"Sasagutin ko lang po ang tawag," ngunit wala siyang sagot tutok parin sa laptop.

Tatayo na sana ako…at sasagutin ang tawag sa labas ng mansion..Kaso bigla itong nagsalita..

Stay there," pigil niya habang nakatitig na sa akin, at ramdam ko kung paano kumabog ang dibdib ko ang kaba.

Sinenyas ko ang phone ko, parang nagtatanong kung puwede ko nang sagutin ang tawag, tumango naman siya. Kaso titig na titig na sakin ngayon..

Nakaramdam ako ng hiya at pilit na iniiwas ang tingin kay Alessandro habang sinasagot ang tumatawag sa phone ko. Ramdam ko ang init sa pisngi ko na parang nag-aalab sa bawat sandali.

"H-hello…?"

"Where are you?" seryosong tanong ng tumatawag, at agad kong naramdaman ang saya dahil nabosesan ko ito..

"M-master Xavier!!!" bulalas ko, halata sa boses ko ang tuwa. Doon ko napansin ang pagtayo ni Alessandro.

Tinupi niya ang laptop at mabilis na tumabi sa akin.

Umusog ako, umusog din siya… at inakbayan pa ako. Ang init sa pisngi ko ay lalong tumindi...

"Ano ba, Alessandro!" inis kong bulong.

" Anong ginagawa nyo!!" galit na sigaw ni Xavier sa kabilang linya..parang nanghihinala..

"Naku, Master, wala po kami—" pilit kong paliwanag, habang ramdam ko ang mabilis na tibok ng puso ko at ang init sa pisngi ko na parang nagbabaga.

"Fuck!! Chloe, I'm closed!!!" bulong ni Alessandro sa tenga ko. Nabigla ako kinilabutan at napanganga sa biglaang kabastusan na sinabi nito.

Narinig ko sa kabilang linya ang malakas na Mura ni xavier galit na galit, may kasamang lagabog pa sa background.

"M-master Xavier, hindi po—" pilit kong paliwanag muli, ang init sa pisngi ko ay halos hindi na mapigil.

Mabilis na inagaw ni Alessandro ang telepono at siya na ang kinausap.

"Ano ba… Mamaya ka na tumawag, busy pa kami," nangingisi niyang sabi sa kabilang linya. Ramdam ko ang tuwa sa boses niya.

Agad na pinatay ni Alessandro ang tawag at iniabot sa akin ang cellphone ko.

Masama ko itong tinitigan. "Bakit mo sinabi yun?!" namumula Kong Sabi..

Ngunit ang tingin niya… parang walang pakealam..

"Nakakainis ka!" Hindi ko na napigilan pa ang luha at naiyak ako sobrang inis at hiya. *Kasi naman, sirang-sira na ako kay Master Xavier… baka isipin niya na mabilis lang akong makuha.*

Napangiti lang sakin si Alessandro, parang aliw na aliw sa sitwasyon.

"Ayuko dito! Ibalik mo na ako doon!" bulong ko, halata ang inis sa boses ko.

"Mamaya na…" nakangisi niyang sagot..naikuyom ko ang kamao ko kung puwede lang siyang murahin,

siguradong namura ko na Ito..

Maya-maya, nag-ring ulit ang cellphone ko, pero si Nerry naman ang tumatawag. Agad ko itong sinagot.

"H-Hello, Nerr—"

"Bruha ka! Nagwawala si Master Xavier dito!!" bulong ni Nerry, halatang kinakabahan.

"Di maawat… wala pa naman sila Master Javier at Ma'am Anya umalis…" dagdag niya, parang nag-aalala.

Bigla akong napatingin sa paligid, at napatayo agad sa sobrang kaba at pagkabigla.

"A-Alessandro… uwi na tayo… nagwawala daw si Bebelo—" napalunok ako bigla nang sumama ang tingin nito sa akin.

"Nagwawala daw si Master Xavier…" ulit ko, halatang kinakabahan..

"Hayaan mo siyang magwala," kibit-balikat na sagot ni Alessandro, parang walang iniintindi sa gulo sa kabilang linya.

"M-Masama… kasi magalit si Master Xavier… pumapatay yun…" pananakot ko umaasa na matatakot ko ito..

Pero walang epekto. Tumitig lang si Alessandro, nakangisi, hindi alintana ang banta niya.

"Hmmm… masama magalit?" ulit niya, halatang na-aaliw.

"Mas masama pa sakin??" tanong ni Alessandro, mabilis akong tumango, umaasa na kakabahan ito. Ngunit ngumiti Lang ito ng malawak…

"Hmm, interesting…" malumanay niyang Sabi.

Mayamaya nanlaki ang Mata ko sa sinabi Niya

"Edii… bukas na tayo uuwi. Pahupain lang natin ang galit niya," natatawang sabi ni Alessandro. Mabilis naman akong umiling, halatang nag-aalangan .

"Hindi pwede!!!" mariing sabi ko, tumutol sa plano niya.

"Why not…?" nakangisi niyang tanong, parang na-aaliw sa inis ko.

"A-Ayuko matulog dito…" sabi ko, halatang naiinis. Napangiti lang siya sa akin.

Maya-maya, may lumapit na maid. "Sir, luto na po."

Tumango lang si Alessandro, saka tumayo. "Let's eat," aya niya, at naglakad na patungo sa dining area.

Sumunod din ako, dahil gutom na rin naman ako, kahit bahagyang naiinis pa rin sa kanya.

Kumain kami nang tahimik.

Nang matapos, hinawakan niya ako at hinila paakyat sa itaas.. Kinabahan ako.

"A-Alessandro!" Kabado Kong sabi, halatang nanginginig sa kaba.

Pinasok niya ako sa isang kwarto.

Inilock niya agad ang pinto..saka lumakad sa cabinet..

"Here!" sabi niya, sabay bato ng damit sakin.

Itinuro niya ang CR. "Maligo ka na."

Napaluha ako at napalunok, ramdam ang kaba sa dibdib ko.

Umiling ako.

"Maliligo ka o ako ang magpaligo sayo. Choose."

Agad akong nagpunta sa banyo. Kahit kabado, naiilang ako.

Pero wala akong magawa..at pumasok na sa Banyo..

Ilang minuto lang, dahan-dahan akong lumabas, pinipilit kontrolin ang tibok ng puso ko at ang init sa pisngi.

Hawak ko ang laylayan ng damit ko nang mahigpit, halatang naiilang sa sitwasyon, habang pilit pinipigil ang kaba at hiya na ramdam ko sa bawat kilos ni Alessandro na nakatitig sa akin.

Napansin kong nakaligo na rin siya—siguro sa ibang kwarto.

Topless siya, at doon ako lalong nataranta..

"Let’s sleep," aniya sabay higa sa kama, parang natural lang ang lahat.

"A-Alessandro… diba malaki tong mansion mo? Diba maraming kwarto dito? Baka naman—"

"No. Sleep here. Beside me." putol niya sa sasabihin ko, malamig pero mahinahon ang tono.

Napalunok ako. Hindi ko alam kung saan ako titingin—sa mukha ba niya, o sa katawan niyang nakalantad..

Chapter 7

“A-ayokong matulog sa tabi mo,” lakas-loob kong sagot, kahit halos hindi ko marinig ang sariling boses sa kaba.

Hindi siya sumagot. Parang walang pakialam—nakahiga lang, nakaunan ang mga braso sa ulo, tahimik at kalmado.

Ayokong matulog sa tabi niya, bulong ko sa isip. Mamaya kung ano pang mangyari… mahirap na.

Ramdam ko ang panginginig ng tuhod ko habang pinagmamasdan ko siyang parang walang inaalala, samantalang ako, hindi mapakali sa kaba at hiya.

Ang virginity ko ay para lang kay Bebeloves *ko—kay Xavier,* bulong ko sa isip, halos marinig ko ang tibok ng sarili kong puso.

Hindi ko alam kung ilang minuto na akong nakatayo sa harap ng pinto ng banyo, hindi makagalaw sa kaba at pag-aalinlangan.

Nang sumilip ako sa mukha ni Alessandro, para siyang natutulog na—mahina ang paghinga, kalmado ang itsura, tila walang iniisip.

Maingat akong naglakad patungo sa pinto, halos pigil ang hininga ko. Balak kong matulog kahit saan—basta lang huwag sa tabi niya, makalabas lang Ako sa kwartong ‘to kahit sa Sala ay okay na ako..

Pinihit ko ang seradura, pero ayaw bumukas. Napakamot ako sa ulo, napapahinga nang malalim sa inis at kaba.

Pagharap ko, ganon pa rin siya—nakahiga, parang mahimbing na natutulog. Dahan-dahan akong lumapit, pinilit kong hindi gumawa ng kahit anong ingay.

Sa maliit na lamesita sa gilid niya, may napansin akong susi. Ayon! Napalunok ako, saka marahang humakbang papalapit, umaasang ‘yun ang susi ng pinto.

Halos hindi humihinga sa kaba. Dahan-dahan kong iniabot ang kamay ko para kunin ang susi sa lamesita. Ilang pulgada na lang sana—

Pero bigla itong dumilat.

“A—!” napasigaw ako sa gulat, hindi ko na napigilan. Mabilis ang naging kilos niya—bago pa ako makatakbo makaatras, hinila niya ako at niyakap, dahilan para bumagsak ako sa mismong dibdib niya!

“B-bitawan mo ako!” halos pasigaw kong sabi, nag-papanic na ako habang pilit na kumakawala. Ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko, pati init ng pisngi ko sa sobrang hiya.

Natataranta ako… lalo na nang ipagpalit niya Ang position namin.. nasa ilalim na niya ako — masyadong malapit, masyadong nakakailang.
Napasinghap ako, nang magsalita siya..

“Relax,” aniya, malamig ang boses. “wala akong gagawin, matutulog Lang Tayo....”paos niyang bulong sakin.

Saka inayos Ako Ng higa..

Wala naman siyang ginawang masama… pero nakakailang pa rin.
Nakasiksik lang siya sa leeg ko, mainit ang hininga niya sa balat ko, at ramdam ko ang bigat ng braso niyang nakayakap sa bewang ko.
Kanina, nakadagan pa siya sa'kin, pero ngayon, parang ayaw na niya akong pakawalan.
Isiniksik niya pa ako lalo sa dibdib niya, parang gusto niyang siguraduhin na hindi ako makakawala.

Narinig ko ang mahinang paghinga niya, pagkatapos ay marahang inamoy-amoy ang leeg ko.

"Ano ba—" mahina kong protesta, pero naputol iyon nang magsalita siya, paos at mababa.

"Don't move…" bulong niya, halos kasabay ng tibok ng puso ko.
"Let's sleep," dagdag pa niya, at kahit sinabi niyang matulog na, hindi naman siya lumayo.

Napapikit ako, pilit na pinapakalma ang sarili ko.
Ang init ng katawan niya, ramdam ko sa likod ko—lalo tuloy akong naiilang.
Gusto kong itulak siya, pero sa bawat galaw ko, mas lalo lang niyang hinihigpitan ang yakap niya.
" Alessandro, nakakainis ka talaga," bulong ko sa isip ko, pero hindi ko na rin magawang magsalita nang malakas.
Parang mabigat ang hangin sa pagitan naming dalawa, parang may kung anong kakaibang kiliting gumagapang sa balat ko.
Napakagat ako sa labi at marahang pumikit.
Bebeloves, sorry ha… sorry talaga…
Paulit-ulit kong dasal sa isip ko habang nakapulupot pa rin ang mga braso ni Alessandro sa akin.
Hindi ko alam kung mas matatakot ba ako, maiinis, o mahihiya—
ang alam ko lang, sana magising na ako bukas at panaginip lang lahat 'to.

Lumipas ang ilang minuto bago ko naramdaman na bumigat na ang hininga ni Alessandro — tulog na siya.
Dahan-dahan akong gumalaw, umaasang makakalayo kahit kaunti.
Nang hindi ko na maramdaman ang dibdib niya sa likod ko, nakahinga ako nang maluwag.

Pero bago ko pa man tuluyang makalayo, bigla niya akong hinila pabalik.
Mariin, parang ayaw niya akong pakawalan.
Napasinghap ako sa gulat, nanigas, at halos hindi makahinga.

Ramdam ko siya Doon!! Tumatama sa pang upo ko!! At alam kong di biro Ang laki nun!!

"A-ano 'yun…?" kabado kong bulong, halos hindi na lumalabas ang boses ko.
Naramdaman kong nanlamig ang kamay ko habang dahan-dahan namang humigpit ang yakap niya.

Parang mas dinidiin niya ako doon
Hindi ako gumalaw.
Ayokong magising siya. Ayokong malaman kung gising ba talaga siya o nananaginip lang.

pag napikon 'to, baka di na ako makalakad bukas!
Kinagat ko ang labi ko, pigil ang tawa at takot nang sabay.
Ang laki kasi ng katawan niya—parang mababalian ako kung sakaling gumalaw siya bigla!
Kaya ang ginawa ko, nanatili akong nakapirme, parang estatwa,
umaasang makakatulog ako nang hindi na gumagalaw.

pumikit at umasa…
na sana, hanggang doon lang.
Na sana, bukas paggising ko, malayo na ako sa kanya—at tapos na ‘tong nakakailang na sitwasyon.

Bebeloves, sorry talaga… bulong ko sa isip habang pinipilit kong huwag gumalaw.

Hindi ko na alam kung anong oras ako nakatulog… o kung paano ako nakatulog.
Basta pagdilat ng mga mata ko, wala na siyang katabi.

Tahimik sa loob ng kwarto.
Marahan akong bumangon at napansin ko ang maayos na nakapatong sa gilid ng kama—isang itim na bestidang simple pero elegante,
may kasamang malinis na underwear.

Napalunok ako. Para bang alam na niyang magigising ako rito.

Dahan-dahan akong tumayo at naglakad papunta sa banyo.
Pagbukas ko ng pinto, napahinto ako—may mga gamit na pangbabae: shampoo, sabon, toothbrush… lahat bago, lahat nakahanay.

Anong… plano niya? tanong ko sa isip habang pilit na pinapakalma ang sarili.
Agad na akong kumilos at naligo, umaasang pagkatapos nito, makakaalis na ako sa bahay na ‘to.

Pagkalabas ko ng banyo, agad kong isinuot ang damit na iniwan niya. Simple lang, pero sakto ang sukat — parang alam talaga niya ang size ko.
Habang naglalakad ako palabas ng kwarto, ramdam ko ang kakaibang kaba sa dibdib ko. Tahimik ang buong mansion, tanging tunog lang ng mga hakbang ko sa marmol na sahig ang maririnig.

Pagdating ko sa dining area, bumungad agad si Alessandro.
Nakahiga pa rin ang tikas nito kahit nakaupo lang, suot ang puting polo na bahagyang bukas sa dibdib.

Nilingon niya ako sandali, saka muling bumaling sa hawak na tasa ng kape.

“Good morning,” aniya, kalmado ang boses, parang walang nangyari kagabi.

“G-good morning…” mahina kong sagot, halos hindi makatingin.

“Sit,” utos niya habang tinuturo ang upuang kaharap niya.
Wala akong nagawa kundi sumunod.

Pagkaupo ko, napansin kong nakahain na ang pagkain — itlog, tinapay, bacon… at isang baso ng gatas.
Tahimik lang akong kumakain, pero ramdam kong nakatingin siya sa akin paminsan-minsan.

Hindi ko tuloy alam kung mahihiya ako… o matatakot.

Chapter 8

Mabilis na lumapit si chloe Kay Xavier..

“Master Xavier, please, makinig ka muna!” halos pakiusap ni Chloe dito, pilit niyang hinahawakan ang braso nito pero mabilis lang nitong iniiwas.

“W-walang nangyari sa’min… maniwala ka, please…” halos pabulong pero nanginginig ang boses ni Chloe.
Namumuo na ang luha sa mga mata niya, pilit na hinahanap ang tingin ni Xavier —
ngunit hindi ito tumitingin sa kanya.

matalim ang titig kay Alessandro.
Pero ang kakambal niya—napangisi lang.
Huminga ito nang malalim, sabay tawa ng mahina, ‘yung parang alam mong may masamang biro na kasunod

“Baby,” malamig na tawag ni Alessandro, habang nakatingin nang direkta kay Chloe,
nakangising parang walang pakialam..
“Tell him…”
Bahagya siyang tumawa, mababa, may halong pang-aasar.
“Tell him how you were begging me not to stop last night.”

Tumigil ang mundo ni Chloe.
Parang nanigas ang buong katawan niya, namula sa hiya,
habang si Xavier ay biglang nanlaki ang mga mata —
galit at pagkadismaya ang sabay na kumulo sa mukha nito.

“Alessandro!” halos mapasigaw si Chloe,
habang umiiyak na, nanginginig sa harap nila.

Ngumisi lang si Alessandro,
parang tuwang-tuwa sa gulong ginawa niya.
“Relax, baby. He deserves to know how loud you were calling my name.”

Tumigil ang mundo ni Chloe.
Parang nanigas ang buong katawan niya,
“We had one hell of a night… didn’t we?”

Namula si Chloe, hindi sa hiya lang, kundi sa galit.
Mabilis siyang lumapit kay Alessandro at marahas na itinulak ito sa dibdib.

"A-ano kaba...!" Lumuluha na si Chloe sa sobrang pambabastos nito..

“Anong klaseng laro ‘to, Alessandro?” mariin tanong ni xavier, mababa pero nanginginig sa pagpipigil.
Napangisi lang ang kakambal niya, nakapamulsa, parang aliw na aliw sa gulong nilikha niya.

“Relax, brother,” sagot ni Alessandro.

“Bakit parang ikaw lang ang pwedeng lapitan ni Chloe?”

"Ano kaba niya..?"

“pwede ba tumigil kana!” sigaw ni chloe halos umiiyak na. “Wala akong ginagawang masama! Hindi totoo ‘yung sinasabi niya!” sabay baling Kay xavier

Tahimik si Xavier sandali, pero ang mga mata niya—hindi mawala ang
Punô ng duda, at galit.
“kung hindi totoo,” mahinang sabi ni Xavier, halos pabulong pero mabigat sa pandinig.
“Kaya mo bang patunayan na hindi talaga nangyari?”
Tumitig siya nang diretso kay Chloe, walang kurap, parang hinuhukay ang totoo sa loob niya.

Si Chloe, halos hindi na makahinga sa kaba.
"O-oo… kaya ko,” mabilis niyang sagot.
Nakikita niya ang pagbabago sa mukha ni Xavier — mula sa galit, bigla itong ngumiti.
Ngiting hindi niya maintindihan kung may saya, sakit, o panunuya.

Unti-unti itong lumapit, mahigpit na hinawakan ni Xavier ang kamay niya.
Napapitlag si Chloe, pero hindi niya binawi — ayaw niyang lalong magmukhang may tinatago.

Sa kabilang banda, agad dumilim ang mukha ni Alessandro.
Ang kaninang mapanuyang ngiti ay napalitan ng malamig na titig.
Ramdam ni Chloe ang biglang pag-iba ng hangin — mabigat, nakakasakal.

Mahigpit pa rin ang hawak ni Xavier sa kamay ni Chloe, halos ayaw nang bitiwan.
“let's go,” malamig niyang sabi, ngunit may apoy sa tono.

Bago pa man makasagot si Chloe, biglang hinawakan naman ni Alessandro ang kabilang kamay niya — mahigpit, mariin, parang ayaw rin itong ipaubaya.

“Let her go,” mariing sabi ni Xavier, at hinila pa lalo si Chloe palapit sa kanya.

Ngunit hindi nagpatalo si Alessandro. Hinigpitan din niya ang kapit, mas madiin pa Sabay hila Kay Chloe palapit Naman sa kanya, dahilan para mapasinghap si Chloe sa sakit.

“Tama na, please!” naiiyak na sigaw ni Chloe, nanginginig ang boses.
Pero tila bingi ang dalawa — parehong bulag sa galit.

Hinila siya ni Xavier, mahigpit ang kapit,
pero bago pa siya makawala, hinablot naman siya ni Alessandro pabalik.

Para silang naglalaro ng tug of war —
at siya, ang lubid na unti-unting napupunit.

“Ano ba...!” halos pasigaw na si Chloe,
pero sa bawat paghila ng dalawa, lalo lang siyang nadadala sa gitna ng gulo,
hanggang sa napahinga siya nang malalim,
at napasigaw, “Bitawan niyo nga ako!!!”

Nagtagpo ang matatalim na tingin ng magkapatid — galit laban sa galit.
Hanggang sa mabasag ang katahimikan sa binitawang salita ni Alessandro.

Hindi mo na kailangan ng patunay…”

bahagyang ngumisi ito, malamig at mapanukso.
“I’ve already had a taste of her.”
Lumapit pa siya nang kaunti, halos magdikit na ang mga mukha nila ni Xavier.
“I’ve already fucked her.”

Nanlaki ang mga mata ni Chloe — napaatras, nanginginig, habang nagngangalit si Xavier, handang sumabog.

“GAGO KA HA?!” sigaw ni Xavier, sabay tulak kay Alessandro.
Malakas ang kalabog ng katawan nito na napaatras.

“Anong sinabi mo!?” galit na galit siya, halos nanginginig sa poot.
Ang mga tauhan sa paligid ay napahinto, walang makagalaw.

“Xavier!” umiiyak na sabi ni Chloe, pilit na humaharang,
pero mabilis siyang hinawi ni Xavier, puno ng galit ang mga mata.

“Touch her again and I’ll kill you,” mariin niyang sabi,
ang bawat salita ay mabigat na parang bala.

Pero si Alessandro, imbes na umatras, ngumisi lang.

Mas lalong napikon ni Xavier.
Isang mabilis na suntok ang tumama sa panga ni Alessandro —
malakas, parang matagal nang pinipigilang galit.

Napasigaw si Chloe,
Sumuntok din si Alessandro, at sa isang iglap, nagsalpukan ang magkapatid.

Nabasag ang vase sa gilid,
at si Chloe, umiiyak sa gilid nila,
hindi alam kung sino ang dapat niyang pigilan.

Saktong lumabas si Ma'am Anya,

“Tama na, Alessandro!!” sigaw ni Madam Anya, halos pasigaw habang niyayakap si Xavier mula sa harap.
Halos mapaiyak siya sa takot at gulat nang maabutan silang nagsusuntukan sa front door ng mansion.

Napahinto si Alessandro, hingal na hingal, duguan din ang labi.
Nilingon niya ang ina — ang ina na kahit kelan Hindi niya naramdaman na yumakap sa kanya..
Pero ngayon, nakayakap ito kay Xavier, pinoprotektahan…

gaya ng palagi nitong ginagawa.

Dahan-dahan siyang napangisi.
Isang ngising puno ng pait.

“hindi pa Tayo tapos…” mahina niyang bulong,
sabay bitaw sa kwelyo ng kapatid.
Humakbang siya palayo, habang pinupunasan ang dugo sa gilid ng labi.

Kung dati, marahil masasaktan siya sa nakitang iyon —
ang ina na handang isugal ang lahat para kay Xavier.
Pero ngayon? Parang wala na siyang nararamdaman.

Nasanay na siya.

Tahimik siyang tumalikod, naglakad papasok sa mansion,
hanggang sa tuluyang umakyat sa hagdanan.

Si Chloe, tulala lang.
Si Xavier, yakap pa rin ng ina, galit na galit pero walang masabi.
At si Madam Anya, nakatingin lang sa direksyong pinuntahan ni Alessandro —
habang unti-unting bumibigat ang hangin sa paligid nila.

Si Xavier kumalas sa yakap ng ina...dumiretcho sa kotse niya

Bumigat ang katahimikan sa paligid.
Narinig ni Chloe ang malakas na pagsara ng pinto ng kotse bago ito umalis —.
Lumipas ang ilang Segundo..

Dahan-dahang lumapit si Madam Anya.
Matigas ang tingin nito, at bago pa makapagsalita si Chloe,
isang malakas na sampal! ang tumama sa pisngi niya.

Napasapo si Chloe, gulat na gulat, hindi makatingin.

“Dahil sa’yo!” sigaw ni Anya, nanginginig ang boses.
“Dahil sa’yo nag-aaway ang mga anak ko!”

Tumingala si Chloe, luhaan na. “M-Ma’am… h-hindi ko naman po sinasadya…”
Pero bago pa siya matapos,
“Magsinungaling ka pa!” putol ni Anya, nanginginig sa galit.
“Wala ka bang hiya? Alam mong magkapatid sila, Chloe!”

“Wala po talagang nangyari sa amin ni Master Alessandro,” nanginginig niyang sagot, halos pabulong.
“Wala po, maniwala po kayo…”

Huminga nang malalim si Anya, pero halata pa rin ang poot sa mukha.
“Kung talagang wala, sana hindi mo hinayaang magkagulo silang dalawa!”
Lumayo ito, umiiling, halatang puno ng pighati.

“Ayokong makita na lumalapit ka kina, Alessandro at Xavier,”
mahina pero mabigat ang tono.
“Ayokong isang kagaya mo lang… ikaw lang ang magiging dahilan para masira ang pamilya ko.”

Hindi na nakasagot si Chloe —
tahimik lang siyang napahagulhol,
habang si Madam Anya ay tumalikod na,
luhaang pumanhik sa hagdan, iniwan siyang mag-isa sa gitna ng malawak na labas ng mansion.

Chapter 9

Kasalukuyang nasa loob ng kotse si Alessandro, tahimik na pinagmamasdan ang kalsada habang si Mark, ang kanyang driver, ang nagmamaneho.

“Mark,” tawag niya sa driver.

“Y-yes, boss?” sagot ni Mark, bahagyang kinakabahan.

“Hindi ko kasi alam… sa tingin mo, saan gustong mamasyal ng isang babae?” tanong ni Alessandro, malalim ang tono pero halata ang bahagyang curiosity.

Napangiti si Mark,

“Boss, base sa experience ko… mahilig silang pumunta sa mga amusement park, sumakay sa mga rides… ganun po.”

Napatango si Alessandro, tahimik. Hindi niya talaga alam—wala pa siyang nililigawan, at wala pa ring nagiging girlfriend.

Dahil karamihan sa mga babaeng nakikilala niya, mas gusto nila ang mga lugar kung saan sila lang dalawa—mas gusto ang naglalaro sa apoy, nag-eeksperimento sa limitasyon.

“Hmm…” mahinang bulong ni Alessandro, tila may iniisip..

“Idaan mo sa mansion ng Vinzenzi… may dadaanan lang tayo,” utos niya kay Mark,

“Opo, boss,” sagot ni Mark, agad na in-adjust ang direksyon ng kotse, alam na walang palya sa utos ng kanyang amo.

VINZENZI MANSION

“Chloe, kumain ka na…” mahinang sabi ni Nerry, habang inilalapag ang tray sa gilid ng kama.

Tahimik lang si Chloe, nakayuko, walang imik.
Simula noong araw na ‘yon, parang wala nang araw na hindi siya napapagalitan ni Ma’am Anya.
Kung ano-anong inuutos—kahit mga trabahong hindi naman talaga sa kanya.
Pero kapag naroon ang asawa nitong si Master javier, bigla namang bumabait,
parang walang nangyayari.

Ngayon, siya lang ang pinaglinis ng malaking bodega sa likod ng mansion.
Mag-isa.
Kaya hindi na rin siya nakapasok sa school.

"May kasamaan din ang ugali si Ma’am Anya, noh…” bulong ni Nerry,
pero agad din siyang tumahimik nang makita ang tingin ni Chloe.

Hindi sumagot si Chloe.
Humiga lang siya, pinilit ipikit ang mga mata kahit ramdam pa rin ang kirot ng katawan at bigat ng dibdib.
Pagod. Sobrang pagod.

Simula ng mag away ang kambal dahil sa kanya, bihira na siyang papasukin sa loob ng mansion.
Lagi siyang nasa labas, laging nakahiwalay.
Parang bawal na siyang tumapak man Lang Doon..

Apat na araw na ang lumipas mula nang mangyari ‘yon.

Kapag si Alessandro ang nasa paligid, agad siyang nagtatago.
Kapag si Xavier naman ang dumadating, tumatalon ang dibdib niya sa kaba, saya — takot at hiya na magkasabay.

Isang beses, habang naglilinis siya sa may bodega, narinig niya ang boses ni Master Xavier mula sa labas.
Mahina pero buo.

“Where’s Chloe? I haven’t seen her for days.”

Narinig niya rin ang sagot ni Ma’am Anya, kalmado pero matigas.

“Umalis siya, anak. Baka nasa school pa.”

Napakagat sa labi si Chloe, pilit pinipigilang maiyak.
Alam niyang nagsisinungaling si Ma’am anya.
Pakiramdam niya parang itinago na siya nito.

Hawak-hawak pa ni Chloe ang mga panlinis nang hindi inaasahang masalubong si Alessandro sa likod
Ng mansion, mukhang siya talaga ang pakay.
Parang biglang nanigas ang katawan niya — hindi niya alam kung saan titingin.
Agad siyang umiwas at aatras pa sana, pero magsalita ito sa mababang boses.

“Sabi nung Nerry… nasaktan ka raw ni Mommy, totoo ba?” mahinang tanong ni Alessandro, habang pinagmamasdan ang mukha ni Chloe.

Napatigil siya.
Dahan-dahan siyang yumuko —ngunit
Nakita niyang napakuyom ito ng kamao
Huminga ito nang malalim, mabigat, bago muling nagsalita.

“Sumama ka sa’kin.”

Umiling si Chloe,

“B-bawal po... marami pa akong ginag—”

Pero hindi na niya natapos ang sasabihin.
Mabilis siyang hinila ni Alessandro, walang pasabi, mahigpit ang pagkakahawak.
Nabitiwan niya ang hawak na basahan, bumagsak iyon sa sahig habang ang puso niya ay kumakabog nang mabilis.

“Bitiwan mo ‘ko!” pagpupumiglas ni Chloe habang halos kaladkarin siya ni Alessandro palabas.
Pero masyado itong malakas — ni hindi man lang siya makawala.
Hanggang sa ibinukas nito ang pinto ng kotse at halos ibato siya sa upuan.

“Sumakay ka,” malamig nitong sabi.

“Ayoko!” halos pasigaw na sagot ni Chloe, nanginginig na ang kamay sa galit at takot.
“Alessandro, please naman! Ayoko nang maipit sa away n’yong magkapatid! Ako palagi ‘yung pinapagalitan—hindi naman kayo!”

Pagkasakay ni Chloe, agad siyang tinabihan ni Alessandro sa loob ng kotse,

“Umalis na tayo,” utos niya sa driver, sabay ngiting maangas na tumagos sa dibdib ni Chloe.

“Saan mo ako dadalhin?!”

“Magda-date tayo,” sagot ni Alessandro, malamig at may halong pagmamalabis sa boses, parang hindi niya papayagang tumutol ang sinuman.

“A-anong date…?! Ayoko! Ibaba mo ako!” sigaw ni Chloe, nanginginig, pilit na tinutulak ang pinto Ng kotse sa kabilang side umaasa na magbubukas ito halos ma-overwhelm sa lakas at maangas na aura ng lalaki.

Ngunit nanahimik nalang siya Nang Hindi talaga Siya nito pinayagang bumaba..

Tahimik lang silang dalawa sa loob ng kotse.
— walang imik, walang ekspresyon.
Si Chloe naman, nakasandal pero nakatingin sa labas, pilit iniiwasan ang repleksiyon nilang dalawa sa salamin.

Sa bawat liko ng sasakyan, nararamdaman niya ang bigat ng presensiya nito.
‘Yung amoy ng pabango nito, ‘yung paraan ng pagtitig— lahat nakakailang..

“S-saan Tayo pupunta?” mahinahon ng tanong ni Chloe, halos pabulong.

“Somewhere,” sagot ni Alessandro.

“ibalik mo ako Doon, alessandro,” sabi ni Chloe, pilit pinapakalma ang sarili.

"Sorry but I can't..."

Napapikit si Chloe, kasabay ng pagbitaw ng masakit na salita para kay Alessandro.
“Ayoko sa’yo! Di kita gusto!”

Napatigil si Alessandro, bahagyang kumunot ang noo habang nakatingin sa kanya.

“Alam mo kung sino ang gusto ko?” patuloy ni Chloe, nanginginig ang boses pero pilit pinatatag.
“Si Master Xavier—siya ang gusto ko! Kaya wala kang mapapala sa’kin!” inis na Sabi ni Chloe, umaasa na titigilan na siya ni Alessandro pag tinapat na niya agad..

Tahimik.
Ngunit mas nakakatakot ang katahimikan ni Alessandro kaysa sa kahit anong sigaw.

Tinitigan lang siya nito, malamig, pero sa ilalim ng mga mata nito, may bahagyang kumikislap na inis—o galit, hindi niya na sigurado.

Pagkatapos ng ilang segundo, mahina itong natawa—mababa, mapanlinlang.
“Ahh…so that's it.. siya na naman ang pinili,” bulong ni Alessandro, may halong pait at tawa sa tinig.
“Napakaswerte talaga ng gagong ‘yon.”

Hindi agad ito sumagot.
Maya-maya, narinig niya itong napabuntong-hininga, saka marahang nagsalita — mabagal, parang may laman ang bawat salita:

“Mas lalo ko tuloy gustong basagin ang mukha ng gagong yun...”seryosong Sabi ni Alessandro..

‘Yung boses niya — mababa, halos bulong, gigil — pero ramdam ni Chloe ang sakit sa likod ng mga salitang ‘yon.

Hindi siya nakasagot.
At sa pagitan ng katahimikan, tanging ugong ng makina at tibok ng puso niya ang naglalaban sa loob ng sasakyan.

Napatingin si Chloe sa driver ni Alessandro, si Mark, na kanina pa nasasamid, mukhang kabado..

Ang mga mata ni Chloe ay naglalaro sa pagitan ng takot at pagka-curious, sabay ang mabilis niyang buntong-hininga, habang nararamdaman ang presensya ni Alessandro sa kanyang tabi—

Huminto ang kotse sa isang amusement park sa Pasay, puno ng sigla at ingay—mga rides na umiikot, sumisigaw, at naglalaro ng ilaw.

Napatingin si Chloe, at agad na kumapit sa kanyang upuan. Halatang nanginginig siya, ang puso niya ay mabilis na tumitibok. Takot siya at halos hindi makahinga—para siyang hihimatayin sa tuwing titingin sa mga matataas na rides na umiikot at bumabagsak nang mabilis.

“Halika, sumama ka,” utos ni Alessandro, maangas at may halong yabang, habang mahigpit niyang hinila ang kamay ni Chloe.
“Hindi… hindi Dito nalang ako…antayin ko nalang kayo..” bulong si Chloe, halos malunod sa kaba, ngunit ramdam niya ang di-matatag na lakas ng loob na pinipilit niyang ipakita.

Kahit halatang nanginginig at nangingilid ang mga luha ni Chloe, hindi siya pinakawalan ni Alessandro.

Mahigpit pa rin niyang hinila si Chloe, iniisip sa sarili na baka nahihiya lang ito..

“Relax ka lang,” bulong ni Alessandro, malamig at maangas, pero may bahagyang tono ng pang-unawa sa boses. “Kasama mo ako… hindi kita pababayaan.”

Si Chloe, habang pilit na humihinga nang malalim, ay ramdam ang halong kaba at hindi mapigilang tensyon sa Mga rides, sa presensya ng lalaki sa may hawak sa kanya.

Chapter 10

Sa harap ng isang nakakalulang ride, napalunok si Chloe at napatingin sa itaas ang paikot-ikot na bakal na tila hindi matatapos ang pag-ikot sa ere.

"let's go.." aya ni Alessandro..

Hindi makasagot si chloe, nanginginig ang katawan, halos ma-overwhelm sa takot at kaba habang tinitingnan ang mabilis na pag-ikot ng ride.

Ngunit si Alessandro Hindi siya nito pinakawalan-hinihila pa rin siya papasok, iniisip na baka nahihiya lang si Chloe o kinakabahan sa bagong karanasan

Matapos ang ilang minutong pag sakay..

Pagkababa nila sa Roller coaster, halos hindi makapagsalita si Chloe. Ang katawan niya ay nanginginig, ang mga mata ay nanlalabo sa pagkahilo, at ramdam ang matinding pagsusuka sa loob niya.

"Chloe... ?" tanong ni Alessandro habang mahigpit pa rin niyang hawak ang kamay niya.

"H-hilong...hilo na ako.. hindi ko na kaya..." hikbi ni Chloe, umiiyak at pilit humahawak sa kanyang tiyan. "Ayoko na... gusto ko nang umuwi..."

Dahil sa sobrang hilo at takot ni chloe, napilitan silang umalis nalang. Habang palabas, si Chloe umiiyak parin, halos ma-overwhelm, habang si Alessandro ay naglalakad sa tabi niya, hawak parin ang kamay niya..

Si Mark, ang driver, ay tahimik na nasa gilid bitbit ang mga biniling pagkain para sa babae.

Ngunit hindi ito nakaligtas sa matalim na titig ni Alessandro. Masama, mabagsik ang kanyang titig kay Mark. Sa isang iglap, mabilis niyang kinuwelyuhan ito, pagkalapit nila sa kotse..

"Sabi mo... gusto ng babae ang amusement park!!" galit niyang bulong dito.

Si Chloe, na umiiyak pa rin at nanginginig sa gilid na parang na trauma, ay napatingin sa direksyon ni Alessandro, halatang natatakot sa biglaang pagbabago ng aura nito-mula sa maangas at tuwang-tuwa, ngayon ay malamig at marahas.

"A-Alessandro..." pigil ni Chloe sa kamay ni Alessandro na halos sakalin na si mark..

Napalingon sa kanya ang binata. Sa isang iglap, inayos nalang ni alessandro ang kwelyo ng driver na para bang walang nangyari, at bahagyang ngumiti Kay chloe, tila sinasabing "wala yun."

"Gusto ko... nang umuwi..." mahina at medyo nanginginig ang boses ni Chloe, ramdam ang kaba sa dibdib niya.

"Sige... let's eat first.," sagot ni Alessandro, kalmado na..

"S-sige..." bumaba ang tingin ni Chloe, tinatago ang galit at kaba sa Loob niya, .

Matapos ang tahimik na pagkain, naglakad palabas si Chloe at Alessandro, dala ang maraming regalo ni

Alessandro Dito kay Chloe...

Inihatid na siya ni Alessandro pauwi. Bitbit niya ang iba't ibang regalo mula sa kanya papasok sa kwarto nila ni Nerry.

"Ang dami naman niyan..." wika ni Nerry, humanga habang tinulungan siyang makapasok ng pinto.

"Galing kanino 'yan?" tanong niya, tinitingnan ang mga pakete.

"Kay Alessandro..." mahina at medyo nahihiya ang sagot ni Chloe.

"Patay ka na naman niyan kay Ma'am Anya..."

tugon ni Nerry, halatang nagaalala para sa Kaibigan..

Maya-maya, ngumiti si Nerry. "Chloe, diba birthday mo na next week? Eighteen ka na!"

Ngumiti siya kay Nerry.

"Oo nga eh..." mahina niyang sagot, halatang may halong excitement at kaunting kaba sa isip niya.

Si Nerry ay ngumiti rin, halatang tuwang-tuwa para sa kaibigan.

Sana pumayag si Ma'am Anya na mag-restday ako ng dalawang araw, noh..." mayamayang wika ni Chloe, may halong pag-asa sa tinig.

"Kay Sir Javier ka magpaalam," sagot ni Nerry, kalmado pero may konting pang-unawa sa nais ni Chloe.

Si Chloe ay bahagyang napatingin sa sahig, iniisip kung tatanggapin ba ni Sir Javier ang hiling niya. "O-okay... susubukan ko," mahina niyang sagot, halatang medyo kinakabahan.

Lumipas ang ilang araw...

Dumating na ang araw ng kaarawan niya.

"Happy birthday, Anya!!" bati ni Nerry, sabay abot ng maliit na regalo.

"Thank you..." ngumiti si Chloe, may halong saya at kaba.

Ano, nakapagpaalam ka na?" tanong ni Nerry, may konting pang-udyok.

"Hindi pa ehhh... lagi kasing wala si Master Javier," sagot ni Chloe, medyo nanghihinayang.

"Andyan siya ngayon sa office, nakita ko kanina," dagdag ni Nerry, sabay titig kay Chloe.

"Talaga??" gulat na tanong ni Chloe, halos tumalon sa excitement.

"Oo... puntahan mo na," panghihikayat ni Nerry, halatang sabik makita ang reaksyon ni Chloe.

Lumabas siya ng kwarto, at akmang papasok sa loob nang sitahin siya ni Ma'am Anya.

"Chloe!! Pakilinis mo nga ang garden," utos ni Ma'am Anya .

"Po? Ma'am, restday ko po kasi ngayon..." medyo napahinto si Chloe, halatang nagulat at nag-aalangan.

"pasuyo muna, okay Lang ba?" sagot ni Ma'am Anya, may bahagyang ngiti pero malinaw na kailangan niyang sumunod.

"S-sige po..."

Sumunod siya at naglinis ng malaking garden ng Vinzenzi, mag-isa.

Lumipas ang oras halos Hindi na siya nananghalian matapos niya lang ang trabaho ..hanggang sa mag-aalasingko na hapon.

Paglabas niya ng garden, nasalubong niya si Master Javier. Napayuko siya at bumati, halatang nahihiya.

"M-master Javier magandang hapon po-"

Kumunot ang noo ni Master Javier. "Diba restday mo ngayon?" tanong nito, halatang nagulat at medyo nagtaka.

"O-opo... kaso may iniutos po sa akin si Ma'am Anya," mahina niyang sagot,

Si Javier ay napahilot sa sentido, halatang na-stress sa sitwasyon.

Sige na, umalis ka na. Pasensya na ha... mag-restday ka ng dalawang araw. Diba kaarawan mo ngayon?" nakangiting sabi ni Master Javier.

Tumango si Chloe, bahagyang napapalingon sa kanya.

"Heto oh..." abot niya ng pera kay Chloe. "happy birthday-libre mo sarili mo, lumabas ka ha." Nakangiti nitong sabi

"S-salamat po..." sagot ni Chloe, nakangiti, halatang sabik at medyo naiilang sa kabaitan ni Master Javier.

Samantala...

Kumatok si Anya sa pinto ng kwarto ni Alessandro.

Mula sa Loob sumagot ang binata

"Come in," mahinang sabi ni Alessandro.

"Anak... simula nang dumating ka, di pa tayo nakakapag-usap. Kumusta kan-"

"Okay lang po ako, Mom," putol ni Alessandro, hindi na ipinagpatuloy ang sasabihin ng ina.

Napansin ni Anya na bihis na bihis Ito..
"May lakad ka ata ngayon," dahan-dahang tanong niya.

Tumango lang si Alessandro, tahimik, at hindi na sinagot ang ina.

May ilang sandali na katahimikan bago muling nagsalita si Anya.

"Alessandro, tungkol sa maid... kung pwede, maghanap ka na lang ng mas disente at mas maayos, kesa mag-aaway kayo ni Xavier."

Natigilan si Alessandro at napasulyap sa ina.

Ngumiti si Anya, puno ng init at pang-unawa.

Ngunit hindi sumagot si Alessandro. Tahimik niyang iniwan ang ina sa kwarto at dahan-dahang lumabas ng pinto, tila walang pakealam sa komento ng ina..

Chapter 11

“Javier, paalisin mo na lang si Chloe. Nag-aaway sina Xavier at Alessandro dahil sa kanya—”

Tumitig sa kanya si Javier saka napabugtong hininga..

Simula nang ipanganak ni Anya ang kambal, unti-unti niyang napansin ang pagbabago.
Hindi na ito ‘yung Anya na nakilala niya noon — ‘yung babaeng palangiti, kontento sa simpleng buhay, at marunong tumawa kahit sa maliliit na bagay.

Namimiss ni Javier ‘yung Anya niya noon.

“Not now, Anya… I’m tired.”

“Tired?!”

“Please, Anya…”

Huminga nang malalim si Anya bago niya tuluyang talikuran ang asawa. Ramdam niya ang bigat ng hangin sa pagitan nila — mga salitang hindi nasabi, at mga damdaming matagal nang kinikimkim.

Pagbukas niya ng pinto, nakita niya si phoebe
“Hi, Dad…”

Napatigil siya. Si Phoebe, nakatayo sa may hagdanan, may dalang bag. Halatang galing sa pamamasyal, pero bakas sa mga mata nito ang pag-aalala.

Napalingon si Javier,

“Phoebe…"

Ngumiti si Phoebe. At yumakap sa ama,

Lumabas sila ni Phoebe sa bahay. Tahimik ang paligid, tanging hampas ng malamig na hangin at kaluskos ng mga dahon ang maririnig.

“Dad,” mahinang sabi ni Phoebe habang naglalakad sila sa daan, “may problema po ba?”

Ngumiti si Javier, pero hindi sumagot. Isa iyong ngiting pilit — ‘yung uri ng ngiti na ginagamit para takpan ang pagod.

Napayuko si Phoebe, halatang nag-aalangan.

“Si Mommy po ba?”

Napatigil si Javier saglit, saka tumingin sa malayo.

“Love mo naman si Mommy, ‘di ba, Dad?”

Huminga siya nang malalim bago tumingin sa anak.

“Yeah… I really love your mom...,” mahina niyang sabi, sabay ngiti — tila may binabalikang alaala Ng nakaraan..

Sandaling katahimikan muli. Si Phoebe, ngumiti rin, pero bakas sa mga mata niya ang pag-aalala.

“I just... got tired,”
mahinang sagot ni Javier, sabay tingin sa anak. May lungkot sa mga mata niya, parang may mga salitang gustong lumabas pero pinipigilan.

“Where’s Xavier?” tanong niya pagkatapos ng ilang sandali.

“Baka po kasama na naman ‘yung barkada niya, Dad…” sagot ni Phoebe, bahagyang nagkibit-balikat.

Tumango lang si Javier. Tahimik. Binuksan niya ang kahon ng sigarilyo sa bulsa, kumuha ng isa, at sinindihan. Ilang usok ang kumawala sa kanyang bibig, sumasayaw sa malamig na hangin ng hapon.

Tahimik lang si Phoebe, pinagmamasdan ang ama. Sa bawat pagbuga nito ng usok, parang unti-unting lumalayo sa kanila Ang ama — hindi sa pisikal na paraan, kundi sa kung ano man ang nararamdaman nito sa loob.

“I love you, Dad…”
mahina pero buo ang boses ni Phoebe habang nakatingin sa kanya, may ngiti sa labi pero bakas sa mga mata ang pag-aalala.

“I love you too, my beautiful daughter…”
sagot ni Javier, sabay hinaplos ang buhok ni Phoebe.

“Smile ka na, Dad, ha?”
nakangiting sabi ni Phoebe, pilit tinatanggal ang lungkot sa pagitan nila.

Napangiti si Javier—maliit lang, pero totoo.

THIRD POV...

Papasok na nang mansion si Phoebe Ng Makita si Chloe na nag lalakad mula sa likod Ng Mansion..

“Chloe, aalis ka?”
tanong ni Phoebe habang hinihintay siya nitong makalapit..

“Oo, ma’am Phoebe,” mahina niyang sagot.

“paGabi na, ah. Saan ka pupunta?”

“Ahm… magce-celebrate lang po,” iwas tingin ni Chloe, pilit na ngumiti.

Nanlaki ang mata ni Phoebe.
“Birthday mo?”

Marahan lang na tumango si Chloe, nahihiyang napangiti.

“Gusto mo ng kasama?”

“Naku, ma’am, okay na po akong mag-isa—”

“Ano ka ba! Phoebe na lang,” mabilis na putol ni Phoebe, sabay tawa. “Hindi naman nagkakalayo edad natin, ‘no.”

Napakamot si Chloe sa ulo, halatang nahihiya pero natutuwa.

“Tara na!”
nakangiting sabi ni Phoebe sabay hatak sa kanya papunta sa kotse.

Walang nagawa si Chloe kundi sumunod..

Sumakay na sina Phoebe at Chloe sa kotse.
Tahimik sa loob, tanging malamig na ihip ng hangin at mahina ang tunog ng radyo ang maririnig.

“Saan tayo pupunta?” tanong ni Phoebe habang binubuksan ang makina.

“Kahit saan po…,” sagot ni Chloe sabay ngiti, halatang nag-aalangan pa rin.

Napangiti si Phoebe, saka siya tumingin sa kalsada.

“Hmm, may alam akong place. Masaya ‘to, promise.”

Maya-maya, narinig ni Chloe ang pag-ring ng kanyang phone.
Napatingin siya sa screen, at napakunot noo.

“Sila, kuya ba ‘yan?”
nangingiting tanong ni Phoebe mula sa upuan ng kotse.

Napilitang ngumiti si Chloe, maliit lang ang ngiti, pilit na ipinapakita ang kalmadong mukha.

“Wag mo muna silang sagutin… hayaan mo lang,”
natatawang sabi ni Phoebe, parang alam na alam ang iniisip ni Chloe.

Ngumiti lang si Chloe at hinayaan ang phone na mag-ring.
Tahimik siyang nakatingin sa bintana, iniisip ang tamang gawin.

Maya-maya,

“Pasensiya ka na kay Mommy, ahh…”

Tumango lang si Chloe, marahang ngumiti.

“Mabait naman ‘yun si Mommy…”

Tahimik muli, pero ramdam ang liwanag ng simpleng pag-unawa sa puso niya.

“Alam mo, may nangyari kasi kay Mommy noon… pero matagal na ‘yun,”
sabi ni Phoebe, dahan-dahan at maingat ang tono. Ramdam ang pag-iingat niya sa pakiramdam ni Chloe.

Tahimik si Chloe, iniisip ang sinabi.

“O-okay lang…”
nakangiti niyang sagot, pilit pinapakita na hindi na siya naapektuhan.

“Alam mo, ang kuya alessandro ko naman ay mabait. Pero laging pinapagalitan ng Mommy ko noon…”
dagdag ni Phoebe, na parang sinusubukang ipaliwanag ang ilang dynamics ng pamilya.

Muling ngumiti si Chloe, may halo ng lungkot at pang-unawa.
Tahimik lang silang dalawa sa kotse, pero ramdam ang maliit na pagkakaintindihan sa pagitan nila.

Habang nagmamaneho si Phoebe, napangiti siya at napailing-iling sa ilang alaala.

“Si kuya Alessandro, mabait naman ‘yun…”
sabi niya, halatang seryoso pero may konting ngiti.

Ngunit nang maisip niya si Xavier, napatawa siya.

“Si kuya Xavier, naku… babaero ‘yun!”
natatawang sabi ni Phoebe habang patuloy ang pagmamaneho, sabay tawa na nagbigay ng liwanag sa loob ng kotse.

Napangiti si Chloe, nakangiti ngunit pilit iniiwas ang mata.
Tahimik lang siya sa ilang sandali, pinagmamasdan ang nakakaaliw na pag-uusap ni Phoebe.

Sa kabila ng nakaraan at bigat ng pakiramdam, sa loob ng kotse, naramdaman ni Chloe ang kaunting saya at kaginhawaan.

Tumigil sandali si Chloe sa pagbibigay ng sagot, halatang seryoso pero may halong hiya.

“Ang totoo, Phoebe… wala pa naman akong balak sa mga ganyan… hanggang crush lang ako,” sabi niya, halatang tapat.

“Gusto kong makatapos,” dagdag pa niya, marahang ngumiti, ngunit may determination sa tinig.

“Gusto kong ipakita sa Mama at Papa ko… na kahit may sarili na silang pamilya, kaya kong makatapos,” sabi niya, marahang ngunit buong tapang.

Napangiti si Phoebe sa kanya, at tumango.

“Ayos lang ‘yan… Kaya mo ‘yan, Chloe,” sabi niya, puno ng encouragement.

Tahimik na sandali ang sumunod, pero ramdam sa loob ng kotse ang kaunting init at suporta. Para bang sa simpleng pag-uusap na iyon, mas lumalim ang koneksyon nila — parang bigla siyang nagkaroon Ng bagong kaibigan, Isang taong may malasakit..

Chapter 12

THIRD POV

Ang elevator doors ay bumukas, at sabay na lumabas sina Phoebe at Chloe.
Sumalubong agad sa kanila ang malamig na hangin at ang tanawin—ang buong siyudad ay naliligo sa gintong liwanag ng papalubog na araw. Sa bawat sulok ng rooftop café ay nakasabit ang mga fairy lights na marahang kumikislap, habang ang mga kandila sa mesa ay sumasayaw sa dampi ng hangin

Tahimik si Chloe. Halata ang pagod sa kaniyang mga mata, dahil sa mahapon na trabaho, ngunit mas nangingibabaw ang lungkot—isang uri ng kalungkutang pilit niyang itinatago sa bawat ngiti. Samantalang si Phoebe, bitbit ang ngiti at misteryosong sigla, ay tila may binabalak.

Maya Maya may Lumapit na isang lalaki na tingin niya ay bodyguard ni Phoebe..
May inabot Ito ky Phoebe..

"Ma'am, eto na po Yung pinabibili niyo.."

"Thank you.." sagot ni Phoebe Dito at umalis na ang lalaki..

“Happy birthday, Chloe,” sabi ni Phoebe, sabay abot ng maliit na kahon na binalutan ng kulay pilak na ribbon.

Nagulat si Chloe.

"T-thank you, Phoebe..."

Nakangiti si phoebe habang nakatingin sa kaniya. “Come on, open it.”

Dahan-dahan niyang binuksan ang kahon.
Sa loob, isang simpleng silver bracelet na may maliit na charm na hugis buwan. Napalunok si Chloe, saka ngumiti—yung tipong pilit niyang pinipigilan ang luhang gustong kumawala.

“Ang ganda nito…” bulong niya, halos pabulong lang. “Salamat talaga, Phoebe…

Tumawa si Phoebe at iniabot sa kaniya ang baso ng iced coffee.
“Hoy, bakit ka umiiyak? Ganda-ganda mo pa naman sa ilaw ng sunset. Come on, cheers tayo, birthday girl.”

Nag-click ang kanilang mga baso, at sandaling nanahimik ang paligid. Tanging mahinang tugtog ng jazz music at hampas ng hangin ang maririnig. Sa likod nila, ang araw ay unti-unting lumulubog, pinipinta ang langit ng lila at kahel.

Tahimik si Phoebe habang pinagmamasdan si Chloe—ang babaeng pinag aagawan ng Mga Kuya niya..

Ngumiti si Phoebe, dumating ang food nila.. “kain na tayo...”

Sabay silang ngumiti, at nagsimula ng kumain..

Matapos kumain tumambay Lang sila Ng konti at lumabas na .

Hawak ni Chloe ang maliit na box ng bracelet na bigay ni Phoebe. Tahimik lang siya habang naglalakad sila papunta sa kotse, may bahagyang ngiti sa labi.

Ngunit bago pa man sila makasakay, biglang nag-ring ang cellphone ni Chloe.
Napahinto siya, tiningnan ang screen—“Master Xavier”.
Bahagya siyang napatigil, napangiti..

“Sino ‘yan?”
“S-si Master Xavier,” sagot ni Chloe, medyo kinakabahan.
Biglang kumislap ang mga mata ni Phoebe,

“Akina, ako na sasagot!” sabi niya sabay abot ng phone, halatang tuwang-tuwa.

binigay na ni Chloe ang cellphone.
“Hi, Kuya!” masiglang bati ni Phoebe sa kabilang linya.
Sandaling katahimikan.
Tapos—isang malamig, mariing boses ang sumagot.

“What the fuck… bakit nasa’yo ang phone ni Chloe?”

Napatigil si Phoebe, pero agad ding ngumiti, pilit na kalmado.

“Pauwi na kami, Kuya. Sinamahan ko lang siyang mag-celebrate ng birthday niya.”

Ilang segundo ng katahimikan sa linya. Tila mabigat ang hininga ni Xavier.
Pagkatapos ay malamig nitong sabi,

“Maya na kayo umuwi. Punta kayo dito sa bar.”

Nagkatinginan sina Chloe at Phoebe.
Si Chloe, halatang nag-aalangan.
Si Phoebe naman, bahagyang napangiti..
“Sige, Kuya… punta na kami.”

Pagkababa ng tawag, ibinalik ni Phoebe ang phone kay Chloe.
“Mukhang kailangan nating maghanda, birthday girl,” sabi nito sabay pilit na tawa.
Ngunit sa loob ng sasakyan, habang binabaybay nila ang daan papunta sa bar,

Maya-maya, inabot ni Phoebe ang maliit niyang bag kay Chloe.

“O, ayan.”

Napalingon si Chloe, bahagyang naguguluhan.
“A-ano ‘to, Phoebe?” tanong niya, habang hawak ang bag.

Ngumiti lang si Phoebe, ‘yung pilyang ngiting alam mong may pinaplano.
“Mag-make up ka naman, girl. Ang plain mo kasi.”

“Sige na,” pilit ni Phoebe, “kunin mo diyan sa bag, tapos ayusin mo yung buhok mo. Hindi puwedeng ganyan pag humarap ka kay kuya Xavier.”

Napahinto si Chloe, napatingin kay Phoebe na nakangiti pa rin habang nagmamaneho.

“H-hindi naman ako mag-aayos para sa kaniya,” mabilis na tanggi niya, pero namula ang pisngi.

“Oh really?”
Tumaas ang kilay ni Phoebe. “Eh bakit bigla kang namula, hmm?”

“Phoebe!” sabay tawa ni Chloe, pero halata sa tono ang hiya at kaba.

ALESSANDRO MANSION .,.

Pagdating ni Alessandro sa mansion, halata sa bawat hakbang ang bigat ng inis niya. Malalim ang hinga, matalim ang mga mata, at mahigpit ang pagkakasara ng kamao. Hindi sinasagot ni Chloe ang tawag niya buong araw—at para sa kanya, iyon ay sapat na dahilan para kumulo ang dugo niya.

Sa loob ng mansion, abala ang mga tauhan—ang ilan naglilinis, ang iba naman ay tahimik na nagmamasid, ramdam ang tensyon sa hangin.

Pagpasok niya, agad siyang sinalubong ni Marco.
“Boss—”

Ngunit hindi pa man natatapos, agad na napayuko si Marco nang makita ang mabigat na ekspresyon ng amo niya.

Tahimik lang si Alessandro, nakamasid sa paligid. Sa loob-loob niya, sawa na muna akong magpakabait…Matagal na niyang pinipigilan ang sarili, pero ngayong gabi—para bang namimiss niyang maramdaman ang apoy, ang takot, ang kontrol.

Tinitigan niya nang mariin si Marco.
“Asan ang magaling kong kakambal?” malamig niyang tanong, halos hindi na kailangang ulitin.

“Na-nasa bar po, sir… kasama ‘yung—”

Hindi pa natatapos si Marco nang mapangisi si Alessandro, mabagal pero mapanganib. Ang ngising iyon—alam ng lahat, may mangyayaring masama.

“That bar…” dahan-dahang sabi niya, sabay balik ng tingin sa kanyang mga tauhan.
“Burn it. Now.”

Napatigil si Marco, halos hindi makagalaw.

“I want that place reduced to ashes,” dugtong ni Alessandro, mababa ang boses, puno ng galit at pananakot.
“Naiintindihan mo ba?”

Tahimik ang buong bulwagan. Wala nang naglakas-loob sumagot—maliban kay Marco na bahagyang tumango, habang naririnig ang bigat ng utos na posibleng magpasiklab ng isa na namang gabi ng dugo.

“Copy, boss…” mabilis na sagot ni Marco bago agad na umalis, halos nagmamadaling lumabas ng bulwagan.

Tahimik na naglakad si Alessandro papasok sa loob ng mansion, mabigat ang bawat hakbang. Inis na inis pa rin siya—lalo na't hindi pa rin sinasagot ni Chloe ang mga tawag at mensahe niya. Ramdam ang tensyon sa bawat galaw niya habang umaakyat sa second floor, ang mga tauhan ay halos hindi makatingin sa kanya.

Pagdating sa kwarto, marahas niyang binuksan ang pinto. Tahimik. Malamig ang hangin sa loob. Sa gilid ng silid, may isa pang pinto bukod sa banyo. Doon siya dumiretso.

Ang loob niyon ay parang lihim na studio Ito ang lihim niyang mundo—amoy pintura at alak. Marahang hinubad ni Alessandro ang kanyang pang-itaas, tanging pantalon na lang ang natira. Kita sa mga galaw niya ang inip, galit, at bigat ng loob.

Kinuha niya ang bote ng alak sa lamesa, uminom ng diretso, saka lumapit sa malaking portrait na nakatayo sa gitna ng silid. Sa isang kamay ay hawak niya ang paintbrush, at sa kabila naman ang baso ng alak.

Nagsimula siyang magpinta—mabagal, malalim, puno ng emosyon. Paminsan-minsan ay umiinom siya habang hindi inaalis ang tingin sa canvas.

Unti-unting lumilitaw ang imahe ng isang babae. Ang mga mata, ang labi, ang buhok… pamilyar.

Si Chloe.

Bahagyang lumambot ang titig ni Alessandro, ngunit agad din iyong napalitan ng lamig at inis. Uminom siyang muli, saka mahina pero mabigat na bumulong,
"Damn you, Chloe… you're driving me insane."

Makalipas ang halos isang oras, tumunog ang cellphone ni Alessandro sa bulsa niya.

Napatigil siya saglit, tila bumasag sa katahimikan ng buong kwarto ang tunog na iyon. Dahan-dahan niyang ibinaba ang paintbrush, habang nananatili ang titig niya sa ginagawang painting—ang kalahating mukhang larawan ni Chloe.

Hinugot niya ang cellphone sa bulsa at sinagot iyon nang hindi inaalis ang tingin sa painting.

Ilang segundong katahimikan, bago marinig ang boses sa kabilang linya.

Unti-unting sumilay ang ngiti sa labi ni Alessandro—isang ngiting nakakaloko at puno ng panganib.

"Good," he murmured, his tone low and filled with quiet menace. "You did well."

As the line went dead, he took another sip of his drink and let out a short, humorless laugh—half amusement, half madness.

The flames might've been miles away, but in his mind, he could already see them dancing—turning that bar, and everything inside it, into ashes.

Chapter 13

"Boss, andiyan po ang uncle niyo sa labas."

Ibinaling ni Alessandro ang tingin mula pintuan Ng mansion.
Dahan-dahan niyang ibinaba ang hawak na sigarilyo sa ashtray, sabay lingon sa tauhan niyang nakatayo sa pintuan.

"Papasukin mo."

Mahinang utos, malamig ang tono.

Tumango ang tauhan, lumabas, at ilang sandali lang ay bumukas muli ang pinto.
Pumasok si Leandro, ang kanyang tiyuhin-matikas, bihis na bihis, ngunit may mga matang sanay sa dugo at delikadong laro ng kapangyarihan.

"Alessandro," bati nito, kasabay ng marahang ngiti.
"Kumusta? Nakapaghiganti ka na ba sa stepfather mong si Javier?"

Tahimik lang si Alessandro. Pinagmasdan niya ang tiyuhin habang marahang sinisindihan muli ang bagong sigarilyo na kinuha. Ilang sandali ang lumipas bago siya sumagot.

Dahan-dahan siyang ngumiti-'yung ngiting malamig, mapanganib, at puno ng lihim.

"Hindi siya ang target ko, Uncle."

Tumigil ang oras sa pagitan nila.
Nakatitig lang si Leandro, bahagyang kumunot ang noo.
"Then who is?"

Hinipan ni Alessandro ang usok, sabay lingon..

Ngumiti siya nang mapanganib.
"Ang karibal ko."

Tumigil ang hangin sa pagitan nila .

"Alam mo, Alessandro," bungad ng tiyuhin, may galit sa boses, "ang stepfather mo ang dahilan ng pagkamatay ng ama mong si Lorenzo. Si Lorenzo at ang nanay mo, dati silang magkasintahan... pinatay ni Javier si Lorenzo para maangkin ang nanay mo. Kaya dapat patayin mo rin ang pumatay sa ama mo."

Nagliyab ang mga mata ni Alessandro nang marinig iyon, pero hindi iyon ang eksaktong reaksyon na inaasahan ng sinuman. Tahimik lang siyang tumitig kay Leandro, malamig at walang bahid ng pagngiti na parang may nakatagong plano.

Nagpatuloy si Leandro, ang bawat salita ay parang batong idinampot mula sa pugon ng galit. "Kaya dapat-" ngunit itinutok lang ni Alessandro ang tingin sa kanya.

Ang totoo - hindi alam ni Alessandro ang kabuuan ng ginawa ng ama niyang si Lorenzo. Wala siyang ideya tungkol sa mga usaping ito panggagahasa sa ina niya...Hindi niya alam Yun..

Ang alam lang niya, mula pa noong magkaisip siya, ang pagtingin sa kanya Ng ina niya ay puno ng pag-ayaw at takot dahil sinasabing kriminal daw ang kanyang ama. Iyon ang tatak na binitbit niya buong buhay-

Tahimik niyang hinigop ang usok ng sigarilyo, ang apoy sa dulo nito nagliwanag at unti-unting nawala sa dilim ng opisina. Lumabas ang isang maliit na ngiti sa labi niya-parang ngiting hindi mapagkakatiwalaan.

"Hindi siya ang target ko," muling sabi ni Alessandro, mababa at mapanganib. "At hindi rin ang mga anino ng nakaraan ang magpapasya kung sino ako."

Tumango si Leandro nang konti, halatang may kaunting pagdududa. Sa ilalim ng tingin ni Alessandro, parang kumikirot ang lahat ng lumang sugat, pero may bago ring apoy na unti-unting sumisiklab - isang apoy na hindi lamang paghihiganti, kundi paghahanap ng katotohanan..

Sa loob ng dibdib ni Alessandro, may lumitaw na malamlam na pagnanais

Pagnanais malaman Kung ano ba talaga ang ama niya dati...

Para malaman kung bakit Hindi man Lang Siya nagawang mahalin ng kanyang ina..

Pinikit niya ang kanyang mga mata..

"Hayaan mo. Gagawin ko ang kailangan kong gawin. Pero may paraan ako-hindi basta sunugin ang mga alaala. Hahanapin ko ang buong katotohanan."

Lumabas si Leandro na parang may bahagyang pag-aalinlangan, habang umuupo si Alessandro sa kanyang upuan, nakatingin sa pader na parang naghihintay ng anino ng susunod na hakbang.

Tahimik ang buong mansion

Ilang minuto na ang lumipas mula nang umalis si Leandro. Tahimik lang siya, parang walang iniisip, hanggang binuksan niya ang malaking television.

Mula sa unang pindot, agad sumalubong ang boses ng isang news anchor.

"Breaking news: Isang malawakang sunog ang sumiklab sa isang bar sa Pasay. Ayon sa mga otoridad, nagmula umano ang apoy sa kusina ng establisyemento. Isa sa mga kilalang personalidad na naroroon ay si Xavier Vinzenzi, ngunit ayon sa ulat, ligtas itong nakalabas sa tulong ng kanyang mga kasamang babae..."

Napahinto si Alessandro. Bahagyang kumunot ang noo niya.

Nag-zoom in ang kamera sa TV-at doon, sa harap ng mga flashing lights ng media, nakita niya si Xavier, buhay.
Kasama nitong inalalayan ang dalawang babae palabas ng lugar-
si Phoebe Vinzenzi, at... Chloe.

Napatigil si Alessandro. Ang ngiti kanina sa labi niya-unti-unting nawala.

Tumigil siya sa harap ng malaking monitor, pinanood muli ang replay ng footage:
si Xavier, si Phoebe, si Chloe... magkasama, buhay, nakaligtas.

Napahawak siya sa ulo, saka marahang natawa-isang halakhak na puno ng inis at pagkadismaya.

"Marco!!" sigaw ni Alessandro, nag-echo ang boses niya sa buong sala.

"Boss?" napayuko ang tagasunod, nanginginig ang boses habang lumalapit. Halata ang kaba sa bawat hakbang niya.

Tinitigan ni Alessandro si Marco ng matalim..

"Bakit hindi mo sinabi na kasama ni Xavier si Chloe at Phoebe sa bar?!" bungad niya..

Halos hindi makapagsalita si Marco. "Boss-sasabihin ko na po sana... kaso-" nagsimula siyang magpaliwanag, nanginginig.

Hindi na naghintay si Alessandro, kinuha ang baril sa lamesa at sa isang iglap, binaril niya ang paa ni Marco isang putok. sumigaw ng malakas ang tauhan niya..

"Arrrayy-bosss!!" sigaw ni Marco, Umiiyak, nanginginig..

Ngumisi si Alessandro-malamig, walang awa. "Putangina ka! Paano kung nasunog ang dalawang babae?!" gigil niyang Sabi at muli niyang pinaputok ang baril sa paa ni Marco, hindi na siya nag-aalangan.

"Ihanda ang kotse... ngayon na!" sigaw ni Alessandro. Alas-onse na ng gabi. nagmamadali ang mga tauhan. Doon muna siya mananatili sa tahanan ng kanyang ina—

Samantala, nakauwi na sa mansyon sina Phoebe, Xavier, at Chloe.

Sa sala ng malawak na mansyon, naroon ang mag-asawang Javier at Anya.
Pagkakita ni Anya sa dalawa, agad niyang niyakap sina Xavier at Phoebe—halatang labis ang kanyang pag-aalala.

Tumingin si Xavier sa ama.

“Pinaiimbestigahan ko na, Dad. May nahuli na sila— Pinapaamin kung sino ang mastermind.”

Napatingin si Anya kay Phoebe, halatang pinipigilan ang inis.

“Bakit kasi, Phoebe? Anong oras na, nasa labas ka pa!”
May halong galit at pag-aalala ang kanyang tinig.

Hindi sumagot si Phoebe. Tahimik lang siya.
Napatingin naman si Anya kay Chloe, na nakayuko sa gilid.

“Ikaw na naman, noh? Kasalanan mo na naman ito!”

Akmang sasampalin ni Anya si Chloe—
pero mabilis na nasalo ni Xavier ang kamay ng ina.

“Mom! Tama na!” pigil ni Xavier.

Gulat na gulat si Chloe, nanlalamig sa takot.

Eksaktong sa ganung tensyonadong sandali... Nakatayo si Alessandro sa pinto.

Chapter 14

"Alessandro..." mahina ngunit may halong gulat na tawag ni Anya nang pumasok ang anak sa malaking pintuan ng mansion. Saglit siyang natigilan, at kahit pilit na pinipigilan, halata sa kanyang mukha ang pag-aalangan. "Anak... buti naisipan mong umuwi ngayon," aniya, pilit na ngumiti habang sinusundan ng tingin ang papalapit na binata.

Sa likuran, napansin ni Alessandro si Chloe, bahagyang umatras, takot na takot, parang gusto nang magtago. Naramdaman niya ang bigat ng hangin sa paligid..

Nakita niya ang paghawak ni Xavier sa bewang ni chloe
Dahilan ng biglaang pandidilim ng mga mata ni alessandro. Mabilis siyang naglakad, halos ayaw pigilan ang sarili, lalo na nang mapansin niyang inilagay ni Xavier ang kamay nito sa bewang at ang paghagod nito sa likod ni Chloe na kinapitlag Ng dalaga.

Ngunit bago pa siya makalapit, agad siyang hinarang ni Anya.
"Kumain ka na ba, anak?" malumanay nitong sabi, bagama't halatang takot sa kung anong maaaring gawin ni Alessandro Kay xavier.

Saglit siyang tumigil. Tumikhim.
"Yes, Mom. Tapos na po," malamig niyang sagot - pero habang sinasabi iyon, hindi man lang siya tumitingin sa ina.

Ang mga mata niya ay nakatutok lamang kay Chloe- matalim, mapanganib, at puno ng mga tanong na hindi pa niya sinasabi.

Sa gitna ng tahimik na gabi, tanging ang marahang pagtibok ng mga puso nila ang pumapailanlang, habang unti-unting naglalapit ang unos.

Ngunit si Alessandro Hindi na napigil ang matinding selos..

Pagkalagpas ni Alessandro, bigla na lang napahawak sa noo si Anya. Namutla ito, at halos mawalan ng balanse sa kinatatayuan.

"A-Anya!" mabilis na sigaw ni Javier habang nasalo niya ang asawa bago pa ito tuluyang bumagsak. Hawak-hawak niya ito sa balikat, halata ang pagkabigla at pag-aalala.

Napalingon si Alessandro sa eksena - at sa kabila ng tigas ng kanyang ekspresyon, bahagyang lumamlam ang mga mata niya.
"Mom.." tawag niya, agad na lumapit, kasabay ng pagmamadali nina Xavier at Phoebe papalapit sa ina.

"Mom, are you okay?" tanong ni Phoebe, hawak-hawak ang kamay ng kanilang ina na nanginginig.
"Call the doctor!" utos ni Xavier kay isang maid na agad namang kumaripas palabas.

Tahimik lang si Alessandro, nakatayo sa tabi ni Javier. Kita sa mga mata niya ang halong pag aalala, guilt, at pagkalito - parang gusto niyang kumilos, pero hindi alam kung paano.

Sa di kalayuan, si Chloe, na kanina pa nakamasid, ay natigilan sa gulat. Agad siyang lumapit ng bahagya ngunit umatras muli nang makitang tumingin si Alessandro sa kanya -

Nang makita niyang maraming tao na ang nagkakagulo sa paligid, pinili niyang umatras.

Tahimik siyang umikot, halos walang ingay ang bawat hakbang, bago tuluyang bumalik sa kanyang kwarto - doon na lang siya lumuha nang palihim, habang sa ibaba, patuloy ang kaguluhan sa pagitan ng pamilya Vinzenzi.

Sa sandaling iyon, Si Alessandro - tahimik, malamig ang titig - pinagmamasdan ang direksyong pinuntahan ni Chloe, bago muling ibinalik ang paningin sa inang nakahawak pa rin kay Javier.

THIRD POV

"The cornea's starting to fail, Mrs. Vinzenzi. After 25 years, the cells are dying... you're losing your vision again."

"So... mabubulag.. ulit ako? Naiiyak na tanong ni Anya..napahawak ng mahigpit sa kamay ni Javier..

"Doc Martin, possible ba 'yon?"
Tanong ni Javier habang hawak pa rin ang kamay ng asawa, halatang nag-aalala.

Bumaling si Doc Martin kay Anya.
"Ilang beses mo nang naramdaman na nanlabo ang paningin mo?" tanong niya, kalmado pero mabigat ang tinig.

Hindi agad nakasagot si Anya.
Ramdam ni Javier ang panginginig ng mga daliri nito. Ilang segundo ng katahimikan ang lumipas bago siya napabuntong-hininga.

"Matagal na po..." halos pabulong niyang sabi.
"Mga ilang buwan na rin, pero akala ko dahil lang sa pagod."

Napayuko siya, pinilit pigilan ang pagbagsak ng luha.
Hindi niya sinabi sa pamilya.
Ayaw niyang maramdaman ulit na mahina siya.
Ayaw niyang makita ni javier na bumabalik ang dilim na minsang kinalaban niya.

Tahimik si Doc Martin, saka marahang inilapag ang resulta ng MRI sa mesa.
"Mrs. Vinzenzi..." mahinahong sabi niya, "there's something else we found."

Napatigil si Javier, napatingin sa doktor.
"What do you mean... something else?"

Tumikhim si Doc Martin, halatang nahihirapan.
"There's a growth- a tumor pressing behind the optic nerve. It's spreading toward the brain."

Natigilan si Javier.
Samantalang si Anya, tila hindi gumagalaw.
Parang huminto ang mundo.

Is... is it cancer?" mahina niyang tanong.

Tahimik ang doktor bago tumango.
"It's malignant. We can try radiation, but..." huminga ito nang malalim. "It's already advanced."

Napatulo ang luha ni Anya.

Ang kamay niyang kanina pa nanginginig ay dahan-dahang pinisil ni Javier.
Ngunit kahit anong yakap ng asawa, hindi nito mapigil ang takot na biglang sumiklab sa dibdib niya.

Sa labas ng pintuan, napatigil si Alessandro.
Narinig niya ang bawat salita - tumor, malignant, advanced.
Ramdam niyang nanikip ang dibdib niya.

Hindi siya makagalaw.
At sa unang pagkakataon matapos ang mahabang panahon,
ngayon lang niya naramdaman ulit ang takot na mawala ang ina niya.

"M-mommy..."
Mahinang tawag ni Phoebe, halos pabulong pero basag ang boses.
Namumuo na ang luha sa mga mata niya habang marahang lumapit.

Si xavier, napayuko. Hindi niya alam kung saan huhugot ng lakas.
Ang mga kamay niyang sanay sa kontrol ay ngayon nanginginig...

Si Anya, halos walang boses, nakasandal lang sa dibdib ng asawa, ramdam ang bigat ng bawat paghinga.

Tahimik ang buong silid.
Tanging ang tunog lang ng pag-iyak ni Phoebe at ang marahas na tibok ng puso ni Javier ang maririnig.

Sa labas ng pinto-
Nakatayo si Alessandro, hindi makagalaw.

Ilang beses siyang napalunok, pilit nilulunok ang buhol sa lalamunan.
Parang may mabigat na nakadagan sa dibdib niya.
Hindi niya alam kung galit, takot, o panghihinayang ang nararamdaman.
Pero bawat patak ng luha na naririnig niya mula sa loob, parang suntok sa dibdib niya.

Mahigpit niyang sinapo ang dibdib,
at sa isip niya ay paulit-ulit lang ang tanong na hindi niya kayang sagutin-

Pumasok Siya..

"Mommy..."
Basag ang boses ni Alessandro habang marahang lumapit.
Nanginginig ang mga kamay niya, pilit niyang pinipigil ang luha.

"Sa France, mommy..." pinilit niyang ngumiti, pilit na inaabot ang pag-asang siya na lang ang kapit.
"Maraming magagaling na doctor doon. Pupunta tayo, ipapa-check kita. Gagaling ka, mommy...."

Ngunit umiling si Anya.
Unti-unting pumatak ang luha sa mga mata niya habang tinitingnan ang anak.
"A-Alessandro..."

Mahina, halos pabulong, parang bawat salita'y may kasamang sakit na hindi lang pisikal.

Ngumiti siya sa gitna ng luha, saka iniabot ang kamay-
ang parehong kamay na minsang itinulak ang anak palayo.

Sa unang pagkakataon, hinawakan niya ang mukha ni Alessandro.
Mainit. Totoo. Buhay.

"Patawarin mo ako, anak..."

Gumuho ang boses niya.
"Patawarin mo ako sa mga salitang binitiwan ko noon... sa mga araw na pinaniwala kitang kasalanan mo kung bakit ako nasasaktan."

Hindi na nakapagsalita si Alessandro.
Lumuhod siya sa tabi ng kama, yakap ang kamay ng ina,
at doon na siya tuluyang napaiyak.

"Please don't say that..."
hinigpitan niya ang hawak, parang takot siyang mawala ito anumang oras.
"You're gonna be okay... please..

"don't leave me again."

Chapter 15

Tahimik na nakaupo si Anya sa veranda ng kanyang silid, tanaw ang malawak na paligid. Isang mapait na ngiti ang sumilay sa kanyang labi. .

Tinanggihan niya ang alok ng anak na si Alessandro.

Sa kabila ng lahat, hanggang ngayon, labis ang kanyang pasasalamat dahil ni katiting na sama ng loob ay hindi nito itinanim sa kanya.

Sa abot ng kanyang makakaya, pinilit niyang ituon ang pansin sa kabutihang taglay ng binata, kahit pa ang kanyang itsura ay halos kawangis ng lalaking si Lorenzo—ang hayop na sumira sa kanyang buhay.

Si Alessandro ay bunga ng isang mapait na pangyayari, isang pananamantala na kahit kailan ay hindi niya makakalimutan. Ang sakit, ang galit, ang pangamba—sariwa pa rin sa kanyang puso.

Maya-maya pa’y pumasok si Chloe, isa sa mga kasambahay na labis na kinaiinisan ni Anya.

Napalingon siya rito, malamig ang mga mata.
Sa bawat tingin niya kay Chloe, nakikita niya na pwedeng isa sa mga posibleng dahilan ng unti-unting pagkasira ulit ng kanyang mga anak... Na si Xavier at Alessandro ay itong si chloe

"M-ma’am Anya, heto na po ang juice ninyo," maingat na sabi ni Chloe.

Inilapag niya ang baso sa mesa sa veranda at akmang tatalikod na, ngunit pinigilan siya ni Anya.

"Umupo ka muna," malamig na utos nito, sabay turo sa upuang katapat niya.

Tahimik na sumunod si Chloe.
Ilang sandali silang nagtitigan—matagal, mabigat, walang salita.

Paglaon, bahagyang ngumiti si Anya, ngunit hindi umabot sa kanyang mga mata.

"Hindi ko alam,"aniya, mababa ang tinig, "kung anong espesyal sa’yo... at pati mga anak ko, nagkakagulo dahil lang sa presensiya mo.".

Nanahimik si Chloe, hindi makatingin nang diretso kay Anya.
Naramdaman niya ang lamig ng hangin, pero mas malamig ang titig ng ginang sa kanya.

"W-wala po akong ginagawang masama, Ma’am..." halos pabulong niyang sagot, sabay yuko.

Hindi sumagot si Anya. Sa halip, pinagmamasdan lang niya si Chloe — bawat galaw, bawat hingang pilit nitong pinipigil.

"Magkano?"

Napatigil si Chloe, hindi agad nakasagot.
"Po?" gulat niyang tanong, halos hindi makatingin.

Bahagyang ngumiti si Anya, pero malamig.
"Magkano ang kailangan mo para umalis ka na rito?"

Napalunok si Chloe, saka dahan-dahang napayuko.
Hindi niya alam kung sasagot o tatayo na lang at lalayo.

Tahimik lang si Anya, pinagmasdan siya mula ulo hanggang paa — parang sinusukat kung gaano siya kadaling bilhin.

Paglaon, marahan niyang binitiwan ang basong hawak.
"Alam mo, Chloe... dumaan din ako sa edad mo."
Huminga siya nang malalim, at sa bawat salita'y may bahid ng mapait na karanasan.

Nanatiling nakayuko si Chloe, nanginginig ang mga kamay.
Sa bawat salitang binitiwan ni Anya, parang may pader na lalong tumitibay sa pagitan nila — pader ng galit, inggit, at lihim na alam nilang pareho.

"Nabulag ako sa isang aksidente... kasama ang ama ko," nagsimulang ikuwento ni Anya, mababa at kalmado ang tinig.
"Walong taong gulang pa lang ako noon."

Napatingin siya sa kawalan, parang binabalikan ang madilim na alaala.
"Hanggang sa dumating si Javier..." Napangiti siya, bahagya lang, may halong pait.
"Si Javier ang dahilan kung bakit muling nagkaroon ng liwanag ang mundo ko. Siya ang nagbigay ng paningin, ng pagmamahal, ng tahanan... ng pamilya."

Sandaling katahimikan.
Pagkatapos, bumigat ang tono ng boses ni Anya.

"Pero hindi lahat ng liwanag ay nagtatagal, Chloe."
Huminga siya nang malalim, pinipigilang manginig ang tinig.
"May isang araw nagbago ang lahat. Isang sandaling pagkakataon lang... kinitil ang kapayapaan ko."

Mabilis na lumingon si Chloe, gulat at di makapaniwala.

"At ang bunga ng panggahasang iyon... ay si Alessandro."

Tahimik.
Walang maririnig kundi ang mahina at hindi pantay na paghinga ni Anya, habang si Chloe naman ay nanatiling nakatulala — hindi alam kung ano ang dapat sabihin, o kung paano haharapin ang bigat ng katotohanang iyon.

"Hanggang ngayon..." mahina ang tinig ni Anya habang nakatitig sa kawalan.
"Iniisip ko pa rin kung karapat-dapat pa ba talaga ako sa asawa ko... o isa na lang akong malaking mantya sa pagkatao niya."

Huminga siya nang malalim, pilit pinipigilan ang panginginig ng boses.

"Ginawa niya ang lahat para sa akin — binigyan ako ng paningin, ng pangalan, ng buhay... pero sa bawat umaga, sa tuwing nakikita ko si Alessandro o ang sarili ko sa salamin, pakiramdam ko... hindi na ako 'yung babaeng minahal niya noon."

Napapikit siya, marahang napailing.
"At ang mas masakit, Chloe... ako mismo, hindi ko na alam kung sino ako."

Tahimik lang si Chloe, hindi makagalaw, habang si Anya naman ay nanatiling nakatingin sa kawalan. Parang bawat salitang lumabas sa kanyang bibig ay muling bumubukas sa mga sugat na matagal na niyang tinakpan.

Sa loob-loob ni Anya, ramdam pa rin niya ang bigat ng nakaraan — ang hiya, ang galit, at ang pakiramdam ng pagkawasak na hindi kailanman tuluyang nawala...dahil sa pagsilang Ng isang bata..

“Si Alessandro…”
Napakurap siya, saka napangiti nang mapait.
“Ang batang itinakwil ko, dahil sa bawat pagtingin ko sa kanya… naaalala ko rin ang bangungot na ayaw ko nang balik-balikan.”

Mahigpit niyang hinawakan ang baso sa harap,

“hindi ako naging mabuting ina. "Hindi KO man Lang siya sinubukan mahalin…dahil minsan, Chloe, may mga sugat na hindi tinatablan ng dasal o ng paglimot.”

Nanginginig ang tinig niya. Ngunit agad din niyang pinahid ang luhang tumulo, saka bumalik ang malamig na anyo ng isang ginang na sanay magtago ng damdamin.

Tahimik pa rin si Chloe, halos hindi makahinga sa bigat ng mga sinabi ni Anya.
Hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman — awa, takot, o paggalang.

Nang magsalita muli ang ginang, malumanay na ang tinig nito, malayo sa kaninang talim.

“Chloe…”
Napatingin ang dalaga, marahang itinaas ang mukha.

"may maipapayo ako—lumayo ka muna sa gulo namin. Alagaan mo ang sarili mo. Huwag kang papasok sa apoy na hindi mo kayang sakupin.”

Napatango si Chloe, bagaman nanginginig pa rin ang boses nang sumagot.
“O-opo, Ma’am… pasensya na po kung naging dahilan ako ng problema.”

Umiling si Anya, bahagyang napangiti, ngiting totoo na tila napagod na rin sa lahat ng bigat, sa Lahat ng pagkukunwari.

Tumayo siya at humarap sa hardin, pinagmamasdan ang mga dahong hinahampas ng hangin.

“lumayo ka muna. Kalimutan mo muna ang tungkol sa mga anak ko, Kay Xavier… lalo na kay Alessandro..

Tumango si Chloe, halos mapaluha, at tahimik na tumango.
Sa unang pagkakataon, naramdaman niyang hindi lang galit ang laman ng mga mata ni Anya — kundi isang uri ng kirot na parang matagal nang nakapiit sa dibdib nito.

Inilapag ni Anya ang isang tseke sa ibabaw ng mesa.
Tahimik. Walang ingay..

Pagkatapos ay dahan-dahan siyang humarap kay Chloe, may ngiting hindi mawari kung mabait o mapanganib.

“heto..,” aniya kalmado, halos pabulong.
“Sapat na siguro para makapagsimula ka sa ibang lugar.”

Natigilan si Chloe, napatingin sa tseke, saka kay Anya. Hindi niya alam kung tututol o tatanggapin. Pero bago pa siya makapagsalita, nagsalita muli ang ginang — mas mahinahon, ngunit matalim pa rin ang titig.

“Huwag mo na sanang hintayin pang mas lumala pa ang away ng magkapatid, hija. Minsan, ang pag-alis… iyon ang pinakamagandang kabaitan na magagawa mo para sa sarili mo.”

Chapter 16

Hinawakan ni Chloe ang tseke. May punto naman talaga si Ma'am Anya. Tama siya.

"Pagkakataon ko na 'to," bulong niya sa sarili.

Sampung milyong piso 'yon. Napakalaking halaga.

Kinuha niya ito at binitbit. Nakita niyang ngumiti si Ma'am Anya sa kanya, isang ngiting hindi niya mawari kung may pag-aalala o may ibang kahulugan.

Pero bago pa siya tuluyang makatalikod, nagsalita muli ito. "Kung mahanap ka man nila... gusto kong wala kang pipiliin sa kanila. Maliwanag ba, Chloe?"

Marahan siyang tumango, hindi na lumingon pa. Ang tanging nasa isip niya ay ang layo na mararating ng perang 'yon. *Pero bakit ganun? Bakit parang may bumabagabag pa rin sa kanya?*

Lumabas siya ng kwarto ni Anya at dumiretso sa kwarto nila ni Nerry. Doon, hinubad niya ang kanyang uniporme habang unti-unting nag-iimpake.

Kakaunting damit lang ang kanyang dinala at agad na siyang lumabas.

Chloe pov..

“Magte-text nalang ako kay Ma’am Phoebe… at kay Master Xavier,” bulong ko sa sarili habang palabas ng mansion.
Bibili ako ng bahay. Mag-aaral ako. Yun ang magandang simula—

“Chloe.”

Napalingon ako agad sa boses na iyon.
Ang plano kong tahimik na pag-alis, mukhang mapupurnada pa ata.

“M-Master Xavier! Magandang hapon po…”
Pilit kong pinangiti ang sarili, pero ramdam kong nanginginig ang boses ko.

“Saan ang punta mo?” tanong niya, malamig ang tono habang nakatitig sa Medyo may kalakihang Kong bag na mahigpit kong hawak.

“Ah… ahm, n-nagpaalam po ako kay Ma’am Anya. Uuwi po muna ako sa amin.”
pilit na kalmado, kahit ang puso ko’y kumakabog sa kaba.

Kumunot ang noo niya. “Hatid na kita.”

“Naku, Master Xavier, wag na po!” mabilis kong pigil.
Napatingin siya sa akin, bahagyang nag-angat ng kilay — parang nagtataka kung bakit ako biglang nagmadali.
Ang bigat ng titig niya, parang hinuhulaan ang totoo kong balak.

“Ahmm… sige na nga po.”
Mabilis ko nalang na pagpayag kay Master Xavier, kahit gusto kong tumanggi. Agad akong sumakay sa

sasakyan.

“Sa terminal po ng bus, sa Cubao.”

Tumango lang siya, walang imik, at nagmaneho na.

Tahimik ang buong biyahe.
Tanging ugong ng makina at mahina niyang paghinga ang naririnig ko.
Minsan, nararamdaman kong tumitingin siya sa akin sa gilid ng salamin, pero agad siyang bumabalik sa kalsada — parang may gusto siyang sabihin, pero pinipigilan.

Pagkaraan ng ilang minuto, huminto kami sa tapat ng isang kilalang restaurant.
Napatitig ako sa labas, naguguluhan.

“M-Master, akala ko po sa terminal—”

“Let’s eat first.”
Mahinahon ang boses na Sabi niya.
Bumaba siya ng sasakyan, binuksan ang pinto ko, at nauna nang pumasok sa loob.

Nanatili akong nakaupo sandali, napakapit sa bag na parang iyon na lang ang kakampi ko.

At sumunod na sa kanya sa Loob..

Tahimik akong umupo sa tapat niya.
Inabot ng waiter ang menu, pero halatang hindi ako makapag focus..

“Anong gusto mo?” tanong niya..

“Ah… kahit ano na lang po, Master,” mahinang sagot ko, halos pabulong.

Tumango siya, saka siya na mismo ang um-order. Ang boses niya, kalmado pero may bigat—parang may gustong ipahiwatig sa bawat salita.

Pagkaalis ng waiter, saglit siyang tumahimik bago tumingin sa akin.
“Bakit parang nagmamadali kang umalis kanina?”
Ramdam ko ang pagbigat ng dibdib ko.

“Ha? Hindi naman po… m-may kailangan lang po akong asikasuhin sa amin.”
Pilit kong ngiti, pero alam kong hindi iyon umabot sa mga mata ko.

Sandaling tinitigan lang niya ako, tila binabasa ang bawat galaw ko.
“Hindi mo kailangang magpaliwanag… pero sana, sabihin mo kung may problema.”
Mahina, halos pabulong iyon—ngunit sapat para maramdaman ko ang lambing at pag-aalala.

Hindi ako nakasagot.
Kinuha ko ang baso ng tubig at dahan-dahang uminom, umaasang matatago roon ang kaba ko.
Sa ilalim ng mesa, mahigpit kong hinawakan ang bag ko.

“S-salamat po.”
Mahina kong sabi habang iniiwas ang tingin.

Ngumiti si Master Xavier — ‘yung ngiti niyang laging may halong awtoridad at lambing.
“Ihahatid na kita sa pupuntahan mo.”

Agad akong umiling. “Naku, Master, wag na po!”
Mariin ang tono ko, halos pakiusap na.

Ngunit tumitig lang siya sa akin, seryoso na ngayon ang mukha.
“Ihahatid kita.”
Diretso, matatag — parang desisyon na hindi ko na puwedeng kontrahin.

Wala akong nagawa kundi ngumiti ng pilit, pero sa loob-loob ko, nag-iisip na ako ng paraan.
Kahit gaano ko siya kagusto, kailangan kong iwasan si Master Xavier. Kapag nalaman niya ang totoo, baka lalo lang akong mahirapan.

Kumain Kami Nang tahimik..at Nang matapos agad akong nag paalam.

Bahala na Kung mag mukhang eat and run tong gagawin ko..

“Master, banyo lang po ako saglit,” paalam ko, pilit pinapakalma ang boses.

Tumango siya, pero napakunot ang noo nang mapansing bitbit ko pa rin ang Medyo may kalakihang kong bag..

“Iwan mo na ‘yan, mahihirapan ka pa.”

Ngumiti ako nang bahagya. “Hindi, Master… okay lang po.”
Bahagya akong yumuko bago tuluyang tumalikod.
Ramdam ko ang mga mata niyang nakasunod sa bawat hakbang ko.

Pagkapasok ko sa hallway papunta sa restroom, humigpit ang hawak ko sa strap ng bag.
Ito na ‘yung pagkakataon ko… kung makakalabas lang ako sa likod, baka makasakay pa ako ng bus bago niya malaman..

Pero bago pa ako makalayo, may malamig na boses na tumawag mula sa likod—
“Chloe…"

Kilala ko ang boses na ‘yun…
at ang mas nakakagulat — bakit andito rin siya!!!?

Napapikit ako nang mariin, ramdam ko ang panginginig ng mga kamay ko.
Wala na akong inaksayang sandali Hindi ako lumingon Dito — tumakbo ako palabas ng restaurant,

Kaso ang nakakainis Lang hinabol ako..at agad na naabutan..

Mahigpit ang hawak ko sa aking bag na punô ng damit… at ng sampung milyong halaga ng tseke na pilit kong itinatago sa lahat.

“Chloe!”

Mabilis niya akong hinablot sa braso. Napahinto ako, napalingon—
“Alessandro?!”
Halos napalakas ang boses ko sa gulat.

“Anong ginagawa mo—”
Hindi ko na natapos dahil napansin kong bumukas ang pinto ng restaurant.
Si Master Xavier.
Mabilis siyang lumabas, abala ang mga mata na parang may hinahanap.

Agad kong hinila si Alessandro at nagkubli kami sa gilid ng isang kotse, halos hindi humihinga.
Ramdam ko ang kabog ng dibdib ko habang dahan-dahang lumalapit si Xavier sa parking area, hawak pa ang cellphone niya.

Si Alessandro sa tabi ko ay ngiting-ngiti, parang nag-eenjoy pa sa sitwasyon.
Nakatitig lang siya sa akin, na para bang wala siyang pakialam kahit nasa alanganin kami.

Sinimangutan ko siya, pilit pinipigil ang kaba.
“Ano bang ngiti ‘yan?!!” pabulong kong saway.

Ngunit lalo lang siyang ngumiti, mas lalong nang-asar.
“Relax, Chloe. Hindi niya tayo makikita dito.”
Mababa ang boses niya, kalmado — ‘yung tipong parang sanay sa ganitong sitwasyon.

Pero ako, halos hindi makahinga.
Si Master Xavier ay nasa ilang metro lang, patuloy na lumilinga-linga sa paligid.
Bawat yapak niya sa sementong sahig ay parang kumakalabog sa dibdib ko.

“Alessandro,” bulong ko ulit, “wag Kang mai—”

Bigla siyang yumuko nang bahagya, halos magdikit ang mukha namin.
“Shhh... he’s looking this way,” mahinang sabi niya, pero hindi inaalis ang tingin sa mga mata ko.
Sandaling nagtagpo ang aming mga paningin — at sa gitna ng kaba, may kung anong kakaibang kilig na dumaloy sa akin.

Chapter 17

Bitbit ang medyo may kalakihan kong bag, naglakad ako sa kahabaan ng EDSA.
Madilim na, at ang hangin ay mabigat sa usok at ilaw ng mga sasakyan.
Pero hindi ko na inalintana —

Buti na lang, nakatakas ako kay Master Xavier.
Pero hindi pa ako tuluyang nakahinga nang maluwag… dahil may isa pang problema.

Nasa likod ko pa rin si Alessandro.
Tahimik lang siyang nakasunod, parang aninong hindi ko matakasan.

Napabuntong-hininga ako, bahagyang napalingon. “Bakit mo pa ako sinusundan?”
Hindi siya sumagot agad, at nang magsalita, seryoso na ang tono.

“Sabi nang ihahatid na lang kita eh. Saan ka ba pupunta, Chloe?”
May halong inis at pag-aalala ang boses niya — parang hindi niya rin maintindihan kung bakit niya ginagawa ‘to.

Hindi ako sumagot. Binilisan ko lang ang lakad, pero naramdaman kong binilisan din niya.

“Akina ‘yang bag mo, mabigat ‘yan.”
Inaabot niya ang strap, pero agad ko itong iniwas

Hindi na kailangan. Kaya ko ‘to.”
Diretso lang ang tingin ko sa kalsada, pilit na pinapakalma ang loob ko kahit gusto ko na siyang bulyawan..

Tahimik ulit.
Tanging tunog ng mga dumadaang bus at sigaw ng mga barker ang bumabalot sa pagitan naming dalawa.

Pilit akong nag-iisip ng paraan kung paano ko siya matatakasan.
Nakakainis — kahit anong liko ko, kahit anong bilis ng lakad, naririnig ko pa rin ang mga yabag niya sa likod ko.

Napapikit ako, pinigilan ang sarili na sumigaw. Pero sa sobrang inis, bigla akong humarap sa kanya.

Ngumiti agad si Alessandro, ‘yung tipong walang pakialam kahit halatang galit na ako.
“Wag mo akong sundan!” singhal ko, halos pasigaw.

“Alis!”

Napatigil siya sandali, bahagyang nagtaas ng kilay, pero imbes na mainis — ngumiti pa lalo.
“Ihahatid kita kung saan ka pupunta. Mahirap na, gabi na, at maraming masasamang tao sa daan.”

“Masasamang tao?” napataas ang boses ko. “Kaya kong protektahan ang sarili ko!”
Nakita kong napakamot siya sa ulo, parang sumusuko.

“Hindi naman kita minamaliit, Chloe. Concern lang ako.”
Napairap ako, sabay talikod.

Pero habang naglalakad ako ulit, naririnig ko pa rin ang hakbang niya.
Hindi siya sumasabay — pero hindi rin umaalis.

“Nakakainis naman!”
Hindi ko namalayang nasabi ko nang malakas.

“Ako ba ‘yun o yung sitwasyon?” narinig kong tanong niya, may kasamang tawa sa boses.

Napalingon ako saglit — at nakita ko pa rin siyang nakangiti, ‘yung ngiting parang kahit ilang beses ko siyang itaboy, hindi pa rin siya susuko.

Biglang may bumangga sa akin.
Nagulat ako, at dali-dali nitong hinablot ang bag ko at mabilis na tumakbo palayo.

Napatili ako, halos mawalan ng ulirat.
Si Alessandro ay nakatitig lang sa tumangay sa bag ko, tahimik, parang walang pakialam.

“Habolin mo yun! Dali, Alessandro!” sigaw ko, halos maglupasay ang boses ko.
Ngunit nagkibit-balikat lang siya at mahina ang sabi, “Mga damit lang ‘yun. Hayaan mo na.”

“Hindi!!!” naiiyak kong sigaw, hawak nang mahigpit ang bag. “MAY PERA AKO DOON!”

Halos mapunit ang lalamunan ko sa sobrang panic at desperasyon, habang si Alessandro ay nanatiling kalmado, nakatingin sa akin na parang sinusubukang unawain kung ano ba talaga ang nangyayari.

Yung sampung milyon ko… tinangay lang ng gano’n.

Wala akong nagawa kundi umiyak, umiyak nang todo.
Halos hindi ko na alam kung saan ilalabas ang galit at panic ko.

Lumapit si Alessandro sa akin, mahinahong tinapik-tapik ang likod ko,

“Babayaran ko na lang… magkano ba?!” tanong niya sakin, kalmado pero seryoso, habang tinitingnan ang reaksyon ko.

Huminto ako sandali,

Tumitig ako sa kanya, ngunit nag-aalangan akong sabihin ang buong halaga — baka hindi siya maniwala, o magtaka kung bakit ganoon karami ang pera ko.
Pinunasan ko ang luha ko at dahan-dahang tumingin pabalik.
“May... isang daang libo ako dun sa bag,” mahina kong sabi, may halong hiya.

Napakunot ang noo niya. Sandaling tumigil ang hangin sa pagitan namin.
“Isang daang libo lang pala?” sabi niya, bahagyang nagulat. “Sige, babayaran ko — akala ko kasi sampung milyon o higit pa.”

Napalunok ako, ramdam ang kaba sa lalamunan ko, at nagtanong,
“Kung sampung milyon ba ang laman nun… mababayaran mo?”
Nanunubok Kong tanong..

Ngumisi si Alessandro —
“Ano ka ba, Chloe… I'm fucking rich.”

Mayabang na Sabi nito..

Dahil doon, kinapalan ko na lang ang mukha ko.
“Sige nga… pengeng pera.”
Seryoso kong sabi, kahit sa loob-loob ko, gusto kong matunaw sa hiya.

Ngumisi lang si Alessandro — ‘yung tipo ng ngisi ng taong sanay na may gusto, at alam niyang makukuha niya rin.

“Okay.”
Tumango siya at may tinawagan sa cellphone. Hindi ko marinig masyado, pero halata sa tono na may inuutusan siya.

Pagkababa niya ng tawag, humarap siya sa akin.
“Sumama ka muna sa’kin.”

Napakunot ang noo ko.
“At saan naman?” tanong ko, halata sa boses ko ang pag-aalinlangan.

Ngumiti lang siya — ‘"kakain Lang tayo.”

Napaisip ako.

“Sabagay… kanina pa kami naglalakad, at gutom na rin ako,”

Marahan akong tumango kay Alessandro.
Ngumiti siya, at maya-maya ay may humintong kotse sa gilid namin.

“Boss!” bati ng driver,

Binuksan niya ang pinto ng kotse para makasakay ako.
Nag-aalangan man ako, wala na akong nagawa kundi umupo.

Sa loob-loob ko, naramdaman kong may konting tiwala na — kahit pa napakabilis ng sitwasyon, may pakiramdam akong hindi niya ako sasaktan.

Hindi ito yung klase ng taong mapagsamantala o gagamitin ka lang para sa sariling kapakanan.
Ang ngiti at galaw niya — simple lang pero may halong proteksyon at respeto — sapat na para mabawasan ang kaba ko...

Dinala niya ako sa isang restaurant, at doon kami kumain.
Tahimik lang kami,

Pagkatapos naming kumain, tumigil siya at tumitig sa akin.
Nakahinga ako nang malalim, hinihintay na bigyan niya ako ng pera… pero hindi iyon nangyari.

Ngumiti siya nang bahagya.
“Bukas ko na ibibigay,” mahinang sabi niya.
“… gabi na, kaya sa mansion ko muna ikaw magpalipas ng gabi.” dagdag niya,

Napahinto ako,

Hindi na ako umangal.
Pumayag na lang ako — sa loob-loob ko, last Naman na ito.

Nang matapos naming kumain, nagpunta na kami sa bahay niya.
Pagpasok namin, ganun pa rin — maraming tauhan na abala sa kani-kanilang gawain, nakakalat sa paligid ng malaking mansion.

Tahimik akong naglakad sa tabi niya, pinipilit kontrolin ang kaba.
Si Alessandro, kalmado lang, tila sanay sa ganitong kapaligiran.
Ang bawat hakbang niya, bawat galaw, may tiwala at awtoridad ..

Nararamdaman ko ang tensyon sa paligid, pero sa kabila nito, may kakaibang kapanatagan na dala ang presensya niya sa tabi ko.

chapter 18

“Boss, nasa basement na po yung kumuha,” bulong ni Marco, na kinatango ni Alessandro.

Nakatingin si Alessandro kay Chloe, nakangiti ng bahagya.
“Magpahinga ka na,” sabi niya, sabay senyas sa isang maid sa gilid. “Pakihatid siya sa guestroom.”

Matapos maihatid si Chloe sa guest room, seryosong bumalik si Alessandro sa basement ng mansion.

Doon niya natagpuan ang lalaking kumuha kanina Ng bag ni Chloe—duguan ang mukha nito, nakaluhod at umiiyak.

“Anong dahilan mo?” seryosong tanong ni Alessandro.

“A-ano po kai-----” simula pa lang ng paliwanag ng lalaki.

Bigla na siyang sinuntok ni Alessandro,

Isang malakas na suntok sa sikmura ang ibinigay ni Alessandro, kaya yumuko ang lalaki sa sakit.

“Ano ‘yun? Hindi ko marinig!” tanong niya ulit, galit na galit.. pero nakangiti..

“k- Kailangan ko lang po ng pamba—” pilit na sagot ng lalaki, nanginginig.

Muli, isang malakas na suntok ulit sa sikmura mula Kay Alessandro. Napadapa pa lalo ang lalaki sa sakit.

“Saan!?!” tanong ni Alessandro, sabay hila sa damit Ng lalaki, at kinuha ang baril, tinutukan ito ng mariin sa noo.

Umiiyak na ang lalaki, mabilis na nagsalita:
“Y-yung nanay ko po kasi… nasa ospital po siya!”

Kumunot ang noo ni Alessandro, halatang nag-iisip.

Dahan-dahan niyang binitiwan ang lalaki at ipinatong ang baril sa lamesa.

“Marco!” utos niya.

Si Marco naman, pasimpleng nagsuot Ng mouthpiece at lumapit kay Alessandro..

“Totoo ba ang sinasabi nito?” tanong ni Alessandro kay Marco Ng makalapit..

Si Marco, halatang nahihirapang magsalita, at halos hindi maayos ang pagpapaliwanag.

Lalong nainis si Alessandro. Hindi niya kinaya ang kakulangan ng sagot—isang malakas na suntok sa sikmura ang ibinigay niya kay Marco. At bago pa napayuko si marco, isang pangalawang suntok ang dumating, pinapaalala ang seryosong galit ni Alessandro.

“May sakit naman pala ang ina niya, Marco!!” gigil na sigaw ni Alessandro.

“Bakit mo hinuli ‘to?!”

Sa isip ni Marco, halatang nababaliw na ulit ang amo niya.

“Kalagan niyo!!” utos ni Alessandro.

Agad na kumilos ang mga tauhan niya at kinalagan ang lalaki.

Nilapitan ni Alessandro ang lalaki, inayos ang damit niya at pinagpagan. Pagkatapos, inabutan niya ng isang bundle ng pera—tig-1000 bawat isa.

“Sapat na ba ‘yan?” tanong ni Alessandro, seryoso..

Nanlaki ang mga mata ng lalaki sa laki ng bundle ng pera at mabilis na nagpasalamat.

“Sige na, alis na,” utos ni Alessandro, matigas pero kontrolado ang boses.

Maya-maya, nang makaalis na ang lalaki, nilapitan ni Alessandro ang bag ni Chloe.

Dinala sa sala ng mansion
Walang kaabog-abog, kinalkal niya ang laman nito, binuhos sa sahig ng sala..

At doon, napakunot ang noo niya nang mahagip ng kanyang paningin ang bagay na iyon…

“Tseke… nagkakahalaga ng sampung milyon?” napaisip si Alessandro,

Maya-maya, lumapit si Marco.

“Boss, andiyan na po yung dalawang babae,” sabi niya.

Binitawan niya ang tseke at ipinatong sa sofa, bago umakyat sa kwarto kung saan naroon ang dalawang bayarang babae na magpapainit sa gabi niya.

Chloe pov..

“Ano ba ‘yan… wala akong charger,” bulong ko sa sarili, habang naiirita at nagagalit sa sarili ko.

Cellphone ko lang ang nakaligtas, dahil nakalagay ito sa bulsa ko

“Gising pa siguro si Alessandro… hihiram nalang ako ng charger,” bulong ko, kasabay ng kaunting kaba na bumabalot sa dibdib ko.

Agad akong lumabas ng kwarto, bawat hakbang may halong kaba at excitement, para puntahan siya. Alam ko naman kung saan ang kwarto niya, dahil minsan na akong natulog doon, pero hindi ko maiwasang mapansin ang bigat ng dibdib ko habang lumalapit.

Kumatok ako, pero walang sumagot.
Dahan-dahan kong pinihit ang door knob… kaso sana hindi ko na lang ginawa.

Si Alessandro, hubad litaw ang makisig nitong katawan… nakikipagtalik, at ang masaklap—dalawang babae pa yun!
Kinikilabutan ako sa nasaksihan, halos hindi makapaniwala sa aking Nakikita..

At Yung parteng Yun Doon ako Napatitig.. parang ang laki Naman Ata nun!!

Ramdam ko ang bawat hibla ng kilabot at pagkabagabag na dumaraan sa katawan ko.

Napatakip ako sa bibig ko..

Marahan kong isinara ang pinto at agad na bumalik sa kwarto, nangingilabot pa rin sa nasaksihan.

Bukas na lang ako manghihiram ng charger… bulong ko sa isip habang pinipilit ang sarili na makatulog.

Kinabukasan.

“Ma’am, pinapatawag na po kayo ni Sir sa ibaba,” sabi ng maid ni Alessandro. Katatapos ko lang maligo at maisuot ang pinadalang damit niya kanina.

“Ahm… sige, wait lang,” kabado kong tugon bago marahang lumabas ng kwarto.

Hayaan mo na lang, Chloe. Kunwari wala kang nakita kagabi… normal lang ‘yon sa binatang walang jowa na gaya ni Alessandro.

Paglapit ko sa dining table, umupo ako sa gilid—halos hindi makatingin sa kanya, lalo na tuwing naaalala ko ang tagpong nasaksihan ko kagabi at Yung malaking ano niya...

“Okay ka lang?”

Narinig ko ang baritonong boses ni Alessandro, kalmado pero may halong pagsusuri sa tono.

Mabilis akong napatingin pero agad ding umiwas ng tingin. “O-oo… okay lang ako!!” agad Kong sagot, pilit ang ngiti..

Tahimik siyang tumitig, para bang binabasa kung nagsisinungaling ako. Sandali siyang tumikhim bago nagsalita ulit.

“May problema ba?”

“A-ako may problema!? Wala! Wala akong problema! Mukhang lang merun pero wala talaga, wala!!,” kabadong tugon ko, sabay inom ng tubig para lang may magawa.

Ngunit sa bawat segundong lumilipas, mas lalo kong nararamdaman ang kabog ng dibdib ko—hindi dahil sa kaba lang, kundi dahil naaalala ko pa rin Yung eksena na nasaksihan ng dalawang mata ko kagabi, nakakainis bakit Kasi Hindi nag lolock Ng pinto Ito...naaalala ko nang malinaw ang ginagawa ng dalawang babaeng kasama niya kagabi... at ang mga ungol na ayaw ko mang marinig, nakatatak na sa isipan ko..

Nakakakilabot!!!

Haist!!! Hindi ko na kaya ‘to!

Tumitig ako sa mga mata niya—matatalim, parang nag-aalab sa tanong.

“Next time,” mariin kong sabi, halos pasigaw, “pag makikipag bembangan ka, mag-lock ka naman ng pinto!!”

Biglang kumunot ang noo ni Alessandro. “Bembangan?” ulit niya, halatang gulat at di makapaniwala sa narinig.

Napahawak ako sa sentido ko, napapikit sa inis. *Ano ba ‘to, Chloe? Ba’t mo pa sinabi!?*

“Chloe?” tawag niya, halatang naguguluhan.

“M-manghihiram lang sana ako ng charger kagabi… tapos aksidente kong nakita yung… alam mo na!”

Nanlaki ang mga mata niya saglit, pero ilang segundo lang ay napangisi na siya—’yung ngiting nakakainis, nakakapanlambot, at nakakaasar lahat sa iisang tingin.

“Ah, ‘yun ba…wala Yun...” aniya, natatawa pa, sabay iling.

Napapikit ako, halos gusto kong lumubog sa kinauupuan ko.

Gosh, buti na lang hindi ganun si Xavier… grabe, ang lala ng kakambal niya!!!

Chapter 19

Matapos naming kumain, kinapalan ko na ang mukha ko at inilahad ang kamay ko.

“P-pengeng pera… diba, sabi mo—”

Hindi ko pa natapos ang sasabihin ko nang may inilagay siya sa kamay ko. Nanlaki ang mga mata ko sa gulat.

“Yung tseke ko!! Paan—”

“Napulot ko lang ‘yan,” seryosong sabi ni Alessandro sakin.

“Hehehe, ganun ba…” sagot ko na sinakyan na lang ang sinabi niya.

Napacross arms siya at tumingin sa akin.

“I don’t know why my mom gave you that kind of money, but whatever it is she wants you to do—”

Sabay titig sakin si Alessandro at tipid na ngumiti. "Do your best to hide, Chloe,”
ang tinig niya’y mababa, may halong banta..pero nakangiti parin.

“Because if I find you…”

Ngumiti siya nang bahagya..

“You’ll be mine.”

Kinabahan ako kahit paano…
Alam ko kung kailan siya seryoso, at kung kailan hindi…

Nagtataka ako, hindi ko maunawaan kung paano niya nalaman ang tungkol sa mga plano ni Ma’am Anya na palayuin ako.

Sobrang talino naman niya Kong ganon… sobrang delikado.

Sa bawat salita niya, ramdam ko ang bigat ng intensyon.

Tumingin siya nang diretso sa akin,
at sa tingin na iyon, halata ang panganib at kaba na sabay na dumadaloy sa hangin.
Hindi ko alam kung paano ko haharapin iyon…

“you may go now.” sabi niya habang umiinom ng kape.

Tumalikod ako at akmang lalabas nang tawagin niya ulit ako at ituro ang bag ko sa sofa. Agad ko naman itong kinuha at dali-daling lumabas na nang mansion niya.

Mayamaya...

Pagkaalis ni Chloe, agad na sinenyasan ni Alessandro ang isang tauhan sa gilid at nagbigay ng utos.

“Sundan niyo… yung babae,” nakangisi at tuso niyang utos.

Samantala...

Matapos maasikaso ang pera sa banko, nagpasya si Chloe na manirahan sa isang malayong lugar.

Sa Quezon..

Malayo sa mata ng kambal, para makapagumpisa ng bagong buhay—malaya at tahimik.

nakatayo sa harap ng maliit ngunit maayos na bahay sa isang tahimik na subdivision. May simpleng hardin sa harap at bakod na puti.

“Ah, okay na rin ‘to,” bulong niya sa sarili habang iniikot ang tingin. Ramdam niya ang konting kaba at excitement.

Lumapit ang ahente ng real estate, may hawak na clipboard.
“Ma’am, dalawang kwarto po ito, isang banyo, at may maliit na sala at kusina,” paliwanag ng ahente.

Pumasok si Chloe sa loob at napansin ang simpleng layout. Malinis at maaliwalas, sapat na para sa kanya.
“Gusto ko rin makita ang kwarto,” sabi niya habang sinusuri ang interior.

Pagpasok niya sa master bedroom, napangiti siya sa maliit na balcony na tanaw ang kalye at kapwa bahay sa Fatima subdivision na Napili niya.
“Simple, pero okay na. Sakto sa budget ko,” bulong niya.

“Kung gusto ninyo, puwede na po nating simulan ang proseso para sa papeles,” sabi ng ahente.

Huminga si Chloe nang malalim at ngumiti. “Sige, simulan natin,” sagot niya, determinado ngunit relaxed.

Lumipas ang ilang buwan.

“Sakto na siguro ito,” bulong ko sa sarili habang naggrocery ng mga pang-stock sa bahay.
Akmang papunta na ng counter area ng may tumawag sa pangalan ko..

“Chloe?”

Bigla akong napapikit.

Bakit ba parang ang liit-liit ng mundo ko?!

Nakakainis!!

Nakangiti akong bumaling kay Master Xavier.

Kunot noo siya. “Master, anong ginagawa mo po dito?”

Pinasadahan niya ako ng tingin..

Galing ako sa isa sa mga kaibigan ko na nakatira lang din malapit dito,” ngiti niyang sagot.

Namula ako, dahil naalala ko ang huling araw na nakasama ko ito at tinaguan—

"Saan ka na nakatira ngayon, Chloe?" tanong niya, habang nakatingin nang diretso sa mga mata ko.

"Malapit lang dito, master… hehe," sagot ko, sabay ngiti kahit kabado. Sa loob-loob ko, nagdadasal akong huwag siyang magyaya sa bahay.

"Talaga ba? Hatid na kita," sabi niya sabay kamot sa batok.

"Naku! ‘Wag na po, mast—"

"Xavier nalang," putol niya, may bahid ng ngiti. "‘Di ka naman iba sa’kin."

Wag na po, X-Xavier!!!" sigaw ko, sabay higpit ng pagkakahawak sa bag ko.

Kumunot ang noo niya, pero lalong tumindi ang determinasyon sa kanyang mga mata.

"Chloe…" panimula niya, mabagal at mabigat ang boses, "

Bumugtong hininga ako, at hinayaan na lang.

"S-sige na nga…" mahina kong sambit, halatang naiipit sa sarili kong pagtanggi.

Napangiti siya, at talagang nagulat ako nang siya pa ang nagbayad sa lahat ng pinamili ko—kahit sinabi kong may pera naman ako.

Agad namang natapos ang pamimili.

Hindi nagtagal, hinatid na niya ako sa bahay ko.

Tahimik lang kami sa loob ng sasakyan, pero ramdam ko ang presensya niya—malapit, maingat, at parang may bahagyang ngiti sa bawat sulyap niya sa akin.

"Salamat po," mahinang sabi ko, medyo naiilang.

Tumango lang siya sa akin.

Bilang pambawi, inaya ko siya sa loob ng bahay para makapag-miryenda. Agad naman siyang pumayag..

"A-ahmm… bahay ito ng ate ko," paliwanag ko, bahagyang naiilang. "Pinapatira lang niya ako…"

Pinilit kong ipaliwanag, baka magtaka siya Kung sasabihin Kong sarili Kong bahay ito.

Umupo siya sa sofa, tahimik at relaxed, habang gumagala ang tingin sa kabuuan ng bahay.

Napansin ko kung paano niya ini-examine bawat sulok

"Buti nalang talaga naglinis ako kanina bago mag-grocery…" naiiling kong sabi sa sarili, medyo naiilang sa presensya niya.

"Ahmm… Xavier… miryenda ka," nakangiti kong sabi, sabay abot ng juice at sandwich na gawa ko.

Tinignan ko siya at bahagyang napangiti.
Ang laki talaga ng pagkakaiba nila ni Alessandro.

Si Xavier, napakabait…
Si Alessandr—
Naputol ako sa pag-iisip, nang may maalala ulit.

Hindi rin naman nagtagal, umalis din si Xavier.

Lumipas ang mahigit isang oras nang may kumatok sa pintuan.

Nagulat ako—wala naman akong inaasahang bisita.

Sa pag-aakalang si Xavier iyon at baka may nakalimutan lang, agad kong binuksan ang pinto.

Ngunit nang makita ko kung sino iyon, biglang huminto ang mundo ko sa isang saglit.
Hindi ko mawari ang nararamdaman ko—halo-halo ang pagkabigla, takot, at isang kakaibang panghihinayang.

“Alessandro!!!”
“Anong ginawa mo dito…!!”

Hinarangan ko ang pinto para hindi siya makapasok, nanginginig ang mga kamay ko sa kaba at takot.

Lalo na Nang maalala ang huling sinabi nito.

Kaso, marahan niya akong tinabig, at sa isang iglap, naramdaman ko ang malamig na presensya niya sa harap ko.
Parang huminto ang hangin sa paligid namin—ang bawat pintig ng puso ko ay naririnig ko sa katahimikan.

“Paano ba yan Chloe, nahanap Kita..,” mahina ngunit malamig niyang boses, Sabayan pa ng maliit niyang pagngisi..

Chapter 20

Napalunok ako at tumingin sa kanya.

“A?ano naman kung nahanap mo ako…?”
Pilit kong pinatatag ang boses ko.

“Labas na… gabi na. Bawal ang lalaki sa bahay ko kapag gabi,” sabi ko, may halong kaba at inis.

Pero para bang wala siyang narinig—naglakad siya sa buong bahay ko na parang sarili niyang teritoryo.

Bago siya kampante na umupo sa sofa, saka niya ako tiningnan, may kakaibang ngiti sa labi.

“Hindi mo rin ba ako aalukin ng merienda…?”

Dahil dun, napakunot ang noo ko, halo ng inis at pagtataka.

"Nagugutom na ako, Chloe..." halos pabulong niyang sabi habang nakatitig sa akin nang may kakaibang kislap sa mga mata.

"Ano naman kung gutom ka?" naiilang kong sagot, pilit na tinatago ang kaba sa aking dibdib.

"Alis na," dagdag ko pa..

"Pakainin mo muna ako..." .

Tumaas ang kilay ko, nagtataka sa kanyang inaasal. "Ang yaman-yaman mo, pwede ka namang kumain sa labas, ah?"

"Gusto ko ikaw, Chloe..." mariin niyang sabi, na nagpatigil sa aking paghinga.

Ha? Nailang ako bigla at agad na itinuro ang pinto,

"Layas."

Tumingin lang siya sa pinto, tapos bumaling ulit sa akin.

Pero nanlaki ang mga mata ko nang humiga pa siya sa sofa.

“Alessandro!!”

Hindi siya kumibo. Ang puso ko’y pumintig ng mabilis sa kaba at inis.

Wala na akong nagawa kundi pumunta sa kusina at ipaghanda ito ng pagkain, ramdam ang bigat sa dibdib ko.

Lumipas lang ng ilang minuto…

Dala-dala ko ang niluto kong ulam at kanin, at mabilis ko itong inilapag sa mesa, pilit na pinipigil ang galit at inis.

“Kain na…” malamig kong sabi sa kanya.

Agad naman siyang tumayo at kumain ng tahimik, tahimik na para bang nagtatampo..

Matapos niyang kumain,

Iniligpit ko agad Yun..

“Alis na,” utos ko, medyo kabado ang boses.

Tumingin siya sa akin, at bahagyang ngumiti bago tinapik ang gilid ng sofa.

“Umupo ka muna dito,” aniya, may halong kapilyuhan sa ngiti.

“A-ayoko nga… Baka mamaya…” wika ko, halatang naiilang.

“baka Mamaya ano, Chloe?” malamig niyang tanong, sinusubukang kontrolin ang boses.

“W-wala…” sagot ko,

habang Siya nakatitig lang sa akin, parang iniisip Kung ano ang nasa isip ko..

“Hindi ako katulad ng iniisip mo, Chloe…” seryoso niyang sabi, may halong pagpipigil at paninindigan

Napaismid ako, hindi ko napigilan.

“Kaya pala…” pang-aasar ko, kahit ako mismo nagtataka kung bakit ako nang-aangil.

Napabuntong-hininga siya. “Yung nakita mo… normal lang ’yon,” paliwanag niya.

“Normal lang?!” halos tumili ako, nanlalaki ang mga mata. “Alessandro, hindi normal yung ganun dalawang babae!!”

Ramdam ko ang init ng inis na hindi ko dapat nararamdaman—wala naman akong karapatan. Wala dapat.
Pero andoon pa rin… kumakapit sa dibdib ko.

Tumitig lang siya—matagal, tahimik, parang may gusto siyang sabihin pero pinipili niyang lunukin na lang. Pagkatapos ay dahan-dahan siyang umiling.

Maya-maya, napansin kong bahagyang lumuwag ang panga niya… tapos bigla siyang ngumiti. Hindi basta ngiti—yung tipong may alam siya, yung nakakaasar.

“Nag–seselos ka na?” tanong niya, halatang tuwang-tuwa sa reaksyon ko kanina.

Napataas ang kilay ko. Agad akong nag-cross arms, pilit tinatago ang init na umakyat sa mukha ko.

“Bakit naman ako magseselos?”
Pinanliitan ko siya ng mata.
“Asa ka, Alessandro!!”

Nagkibit balikat Lang Ito .
Mayamaya tumayo..

“Aalis na ako,” paalam niya .

Hindi ko alam kung bakit pero parang biglang lumamig ang paligid nang tumalikod siya.

pero imbes na tuluyang lumabas ay bigla siyang huminto sa may pintuan.

“Halika,” mahina niyang sabi, hindi na ako tinignan pero alam kong ako ang tinutukoy.

“A-anong halika?” tanong ko, pero naramdaman kong lumalambot ang tuhod ko nang tumingin siya saglit—yung tipo ng tingin na hindi ko matanggihan.

“May ipapakita ako.”

Napanganga ako..

"Tara na?"

“Ayoko, Alessandro. Hindi ako sasama,” mariin kong sabi habang umaatras, pilit na iniiwas ang tingin niya.

Tahimik siya ng ilang segundo.
Mas tahimik kaysa kanina.
Yung uri ng katahimikan na mas nakakatindig-balahibo..

“Chloe…” mababa at mariin ang boses niya,

“Saglit Lang Tayo dun.”nakangiti na niyang Sabi na parang may pinaghahandaan Ng tupiin nito ang long sleeve niyang polo hanggang siko

Napalunok ako. “A-Alessandro—”

Humakbang siya palapit.

At bago pa ako makatakbo, mabilis niyang nahawakan ang bewang ko—matatag, hindi marahas, pero walang puwang para sa pagtanggi.

“Bitawan mo ko!” pagpupumiglas ko, pero lalo lang humigpit ang paghawak niya.
Ramdam ko ang tibok ng puso niya sa dibdib ko—mabilis, tensyonado, parang takot siyang mawala ako.

“huwag Ka Ng pumalag...” bulong niya sa tainga ko. “May ipapakita Lang ako.”

At sa isang iglap, binuhat niya ako..

“Alessandro!! Ibaba mo ako!!” sigaw ko, nakapulupot ang kamay ko sa balikat niya habang pilit kong pinapadyak ang paa ko.

“Sandali Lang Tayo,” diretso niyang sagot..

Dinala niya ako palabas, hindi alintana ang pagsipa ko o pagpilit na kumawala.
Pagdating sa sasakyan, binuksan niya ang pinto gamit ang isang kamay, habang ako’y nakasampa pa rin sa mga bisig niya.

Walang Sabing ipinasok ako sa Loob..

Umupo siya sa tabi ko..

“Sandali Lang Naman Tayo....”
Pagkatapos ay ngumiti nang bahagya—masyadong mapanganib para tawaging mabait, masyadong malambing para tawaging malupit.

“Siguraduhin mong magugustuhan ko Yang ipapakita mo!!.”lakas Loob Kong Sabi..

Ngumiti Lang Ito..saka bumaling sa driver niya..

“Let’s go, Marco,” sabi niya sa driver—
pero halata ang pagkataranta nung marco habang nagmamadaling pinaandar ang sasakyan.

At tumakbo ang sasakyan, diretso sa lugar na gusto niyang pagdalhan sa akin:
ang mundo niya—ang mansion, at ang ipapakita niya daw!!

Dinala niya ako sa mahabang pasilyo ng mansion—yung parte na hindi ko pa nakikita. Tahimik siya, pero ramdam ko ang tensyon sa bawat hakbang.
Hanggang sa huminto kami sa harap ng isang pinto malapit sa dulo Ng pasilyo..

Binuksan niya iyon.

Simpleng lugar Lang ang bumungad pero Hindi pa pala Yun..

Dahil sa gilid may isang pang pinto..

May itinulak Siya.. saka bumukas iyon..

At para akong napahinto sa paghinga.

Isang malawak na silid ang bumungad—mga canvass na nakasabit at nakapatong sa dingding, halo-halong kulay ng pintura sa sahig, mga sketches na nagkalat… pero lahat may parehong tema..

“Welcome sa mundo ko,” bulong niya.

Hindi ko agad malinaw kung bakit nanginginig ang boses ko.

“Marunong kang mag p-paint!.”

Ngumiti siya ng bahagya—

“hindi ko ‘to pinapakita kahit kanino.”

Lumapit siya sa isang malaking painting na nakatakip ng tela. “Sa’yo… palang.”

Dahan-dahan niya itong hinila.
At halos mapaatras ako.

Ako ang nasa painting.
Napakaperpekto, at tapos na..

A-Alessandro… Ang galing mo—”namamangha Kong Sabi..

Ngumiti Ito Ng tipid sa akin..

“I can’t forget what you looked like the first day I saw you,” he said, his tone serious—almost reverent.

“Chloe… this is my favorite world.
And now… you’re part of it.”

Chapter 21

“Tara,” sabi niya, sabay kuha ng isang maliit na apron. “Magpinta tayo.”

Napataas ang kilay ko. “Ako? Hindi ako marunong.”

Ngumiti si Alessandro—

“Hindi mo kailangan maging magaling. Kailangan mo lang… ienjoy..”

Inilagay niya ang apron sa akin.
Yung imbes na iabot lang, siya mismo ang nagsuot saakin—iniayos ang tali sa likod, itinali niya ang buhok ko, pataas..

Habang ginagawa niya Yun Ramdam ko ang mainit niyang hininga sa batok.

Nang matapos Ito..

Kinuha niya ang kamay ko, inilagay sa Mga daliri ko ang brush, at marahan niyang hinawakan ng sarili niyang kamay.

Parang nagkaroon ng sariling mundo ang paligid namin.

“Ganito,” sabi niya.

Dahan-dahan niyang inilapat ang brush sa canvas, pero ang titig niya… nasa mukha ni ko, hindi sa mismong canvass.

"A-Alessandro… hindi mo naman tinitingnan yung ginagawa mo.”

“Hindi ko kailangan tingnan,” sagot niya, bahagyang nakayuko at nakatitig parin sakin. “Mas gusto kong panoorin kung paano ka nagiging cute pag kinakabahan.”

Namula ako.
“Ano ka ba—”

Pumuwesto siya sa likuran ko—
sobrang lapit na ramdam ko ang init ng hininga niya sa batok ko.

Hindi pa ako nakakabawi sa kaba nang hinawakan niya ang kamay ko, ang kamay na may hawak na paintbrush.
Malaki at mainit ang palad niya, at nang magsimula siyang gumalaw…
parang kusa na ring sumunod ang buong katawan ko.

“Relax lang,” mahina niyang sabi, halos bulong na sumayad sa tenga ko.
“I’ll guide you.”

Dahan-dahan niyang iniangat ang kamay ko, sabay inilapat ang brush sa canvas.
Kasabay ng paggalaw ng brush ay ang marahang pagdikit ng dibdib niya sa likod ko—hindi sadya, pero sapat para manghina ang tuhod ko.

“Ganyan,” bulong niya, nakadikit na halos sa likod ko.
“Let the brush follow your hand… and just breathe.”

Pero paano ako hihinga kung ganito siya kalapit?

“S-sobrang lapit mo,” bulong ko, hindi ko mapigilan.
Parang kumakapit ang tingin ko sa canvas, pero ang utak ko—
nakasentro lang sa kanya.

“Of course,” sagot niya, nakangiting naramdaman
ko kahit hindi ko nakikita.
“Painting is much better when we do it together.”

Lalong humigpit ang hawak niya sa kamay ko, hindi para pigilan, kundi para i-stabilize.
Para bang siya ang balanse ko.

At habang ginagabayan niya ang brush, bumaba ang boses niya—malalim, nakakaakit.

“Chloe…”
Napapikit ako nang sandali..

“Do you feel that?”

“Ha?” mahina kong sagot.

“Your heartbeat,” sabi niya, halos nakadikit ang labi niya sa tainga ko.

“Ang bilis.”

Napasinghap ako, hindi ko malaman kung mahihiya ba ako o tatakbo.
Pero hindi ako makagalaw—
hindi ko alam kung dahil hawak niya ang kamay ko…
o dahil hawak niya din ang sarili kong paghinga.

Nanindig ang balahibo ko nang maramdaman ko ang mainit niyang hininga sa leeg ko, dumadampi ang maliliit na halik sa Una..

Hanggang sa ang maliliit na halik ay mas lalo pang kumalat, mas lalong mas mainit..

Hindi ko mapigilan ang sarili—ipinilig ko ang leeg ko para sa kanya, para hayaan siyang gawin iyon, kahit ko alam kong dapat ko siyang pigilan..

Marahang humaplos sa bewang ko ang isa niyang kamay.

Dahan-dahan, parang gumagapang, paitaas—umaabot sa loob ng suot kong blouse.

Bawat galaw niya ay mabagal, pinag-iisipan, pero ramdam mo ang intensyon—ang bawat haplos ay parang may sariling buhay, dahan-dahang binubuo ang tensyon sa paligid namin.

Napatigil ako sandali, hindi ko alam kung anong dapat kong gawin.
Nararamdaman ko ang init niya sa balat ko, at kahit gusto kong umatras, may parte sa akin na hindi makagalaw—parang naka-hypnotize, nakadikit sa bawat galaw niya, nakakadala

Bigla akong napabalik sa sarili nang maramdaman ang kamay niyang humahaplos na sa dibdib ko. Pumisil mismo sa dibdib ko, Dahil Doon mabilis akong kumalas..

bumilis ang tibok ng puso ko.

“A-Alessandro… uuwi na ako,” mariin kong sabi, pilit na sinusubukan kontrolin ang boses ko.

“Dito ka muna mag-stay sa guest room. Bukas ka na lang uuwi—gabi na din,” sagot niya, nakatitig sa akin ng matindi, hindi umaalis ang tingin niya.

Napaatras ako, ramdam ko ang halo ng takot at inis sa sarili.
Bakit ba hindi ako nakinig kay Ma’am Anya?
Bakit napalapit pa ako sa kanya… rapist ang ama niya!!

Baka... Baka katulad din siya ng ama niya!!

Umatras ulit ako, halos madapa sa kaba.
“U-uuwi na ako, Alessandro!!” galit kong sigaw, napakunot ang noo niya sa aking pagtutol.

“Bu—”

“Ngayon na!!” inis kong sabi, halos nanginginig sa galit at pagkabigla sa sarili.

“Hindi, Chloe… bukas ka na lang uuwi,” nakangiti niyang sabi, pero may kakaibang tingin—

Dahan-dahan siyang lumapit sa akin.
Hahawakan sana niya ang kamay ko, pero agad kong itinago ito sa likod ko, pilit na nagtatangkang itago ang kaba at galit na nararamdaman ko.

Kumunot ang noo niya.
“Chloe, bakit?” tanong niya, halatang nagtataka sa reaksyon ko.

Napalunok ako, tinangka kong magsalita…
pero wala.
Wala akong maibulalas.

Ngayon na, Alessandro,” seryoso kong sabi, hindi ko na pinipigilan ang sarili.

Dahil dito, wala na siyang nagawa kundi yumuko nang bahagya at ngumiti.
“Fine… let’s go,” sagot niya, at saka siya nagpatiuna, dahan-dahang lumapit at inabot ang kamay ko..

Ngunit hindi ko Yun hinawakan..

Pinilit kong panatilihin ang distansya, kahit ramdam ko ang init ng palad niya.

Napayuko siya, halatang may halong inis at galit sa sarili.

“Sorry, Chloe…” mahina niyang bulong, halos hindi marinig, pero ramdam ko ang sincerity sa bawat salita.

Para bang bigla siyang lumungkot , may lungkot sa Mga Mata niya—isang bahagi na ngayon ko lang nakita.

Third pov

Pinahatid ni Alessandro si Chloe sa mga tao niya, hindi niya maiwasang titigan ang sinasakyan ni Chloe—habang papalayo..

"Marco.." malamig na Tawag ni Alessandro..

“Kuha mo ako ng apat na tao… yung malalaki ang atraso,” utos niya, habang naninigarilyo, malamig at seryoso, walang bakas ng alinlangan sa boses.

“O-opo, boss,” sagot ni Marco, halatang nanginginig, tumitig sa mukha ni Alessandro.
Ramdam niya ang malungkot pero galit na aura ng boss niya—yung klase ng galit na hindi biro.

Ganito ang boss niyang si Alessandro.
Hindi niya basta ibinubuhos ang galit sa mga inosente—kundi sa mga taong katulad niya, sa mga kriminal din at mga mapagsamantalang taong katulad din niya.

Apat na tao lang…
Pero sapat na iyon para ipakita: ang galit ng boss niya.

Chapter 22

Tahimik na humithit ng sigarilyo si Alessandro.
Kanina pa umalis si Chloe, pero ang isip niya... nasa babae pa rin, parang hindi makaalis sa alaala.

Hindi niya alam kung bakit ganoon siya tinitigan ni Chloe kanina-parang takot na takot, parang ramdam niya ang bigat ng kasalanan sa bawat titig.

Yung takot sa mga mata ni Chloe, hindi niya malimutan.
Parang naka-ukit sa alaala niya-isang mata na puno ng kaba, galit, at pagkaalala, sabay ang hindi niya maipaliwanag na kirot sa dibdib.

"Marco," tawag niya, mababa at malinaw.

"Yes, boss?" sagot ng driver, halatang nag-iingat sa bawat galaw.

Tahimik siya sandali, bago muling magsalita.
"Alamin niyo nga kung nasaan ngayon si Xavier vinzenzi."

"S-sige po, boss," sagot ni Marco, nanginginig.

Humithit ulit siya Ng sigarilyo..saka muling nag salita..

"Baka kung sakaling mawala yung kakambal ko... ako na ang gugustuhin ni Chloe," bulong niya, sabay baling tingin kay Marco.

Napapalunok ang driver-ramdam niya agad ang bigat at peligro sa boses ng boss niya.

Alam niyang badtrip na ang boss niya, mukhang na-basted ito.

May lumapit na tauhan sandali.

"Boss, yung apat po na request niyong criminal... nasa basement na po," sabi ng tauhan, umiwas sa tingin.

Kumukuha sila Ng criminal sa kulungan kapalit Ng malaking halaga..

Ngumiti si Alessandro-ang ngiti, malamig at mapanganib.
Tumayo siya, tahimik, at iniabot sa kanya ni Marco ang baril... ngunit tinitigan lang niya iyon, walang galaw.

Pagkatapos, tumitig siya kay Marco.
"Ayoko munang gumamit niyan ngayon, Marco," nakangisi niyang sabi, sabay abot ng matalim na kutsilyo sa gilid ng lamesa.

"Mas trip ko ito ngayon," dagdag niya, patuloy ang nakakasindak na ngiti.

Napapalunok si Marco, ramdam ang takot at tensyon.. lumayo Siya Ng konti takot na baka biglang mandilim ang paningin Ng boss at sa kanya itarak Yun..

Parang nadedemonyo na naman Kasi ang boss niya.

.
Naglakad si Alessandro pababa ng mansion, diretso sa basement.
Habang naninigarilyo, maangas ang bawat hakbang niya, at bitbit ang matalim na patalim sa kamay.

Pagdating sa ibaba, hinubad niya ang pang-itaas na damit, topless na siya at dahan-dahan siyang lumapit sa apat na lalaking nakaluhod sa sahig.
Una niyang tinanong ang nasa unahan.

"Anong kasalanan mo?" malamig ang boses niya, walang bakas ng emosyon-maliban sa mapanganib na tensyon.

Naramdaman agad ng lalaki ang takot.
Suot pa niya ang orange na uniform sa kulungan, nanginginig habang tinitingala si Alessandro.

Lumapit ang isa sa tauhan ni Alessandro, may hawak na folder.
"Boss... nakapatay siya ng buntis. Limang saksak, boss... ang ginawa niya sa buntis," mabilis niyang sabi, halatang nag-aalangan habang tinitingnan ang reaksyon ng boss.

Napapikit si Alessandro sandali, parang iniisip ang bigat ng balita.
Pagkatapos, dahan-dahang bumukas ang mata niya, malamig at walang awa.

Hindi nagtagal- sampung saksak sa leeg at dibdib ng lalaki ay sunod-sunod niyang ginawa.

Bumagsak ang lalaki, hindi na humihinga, patay na.

Tahimik ang paligid..

Ganun din ang ginawa niya sa dalawang sumunod-sunod-sunod na saksak, eksakto sa ginawa nila sa biktima.
Ang galit at hatol niya ay malinaw-walang awa, walang pag-uurong.

Pagdating sa panghuli, tumigil siya sandali at tinanong ang lalaki.
"Ilang saksak?" malamig at direkta ang boses niya.

Nanginginig, halos mawalan ng malay, sumagot ang lalaki, "Isang putok lang 'yon, boss..."

Kumunot ang noo ni Alessandro, at biglang umikot ang ulo niya sa pag-aakalang pinatay ng lalaki ang biktima gamit ang baril.
Agad siyang humingi kay Marco ng baril, handa na sanang barilin ito.

Ngunit sumabat ang lalaki, halatang natatakot.
"Boss... hindi ko po binaril," bungad niya, nanginginig ang mga kamay.

"Ano?" malamig na tanong ni Alessandro, tumitig nang direkta, halos walang imik sa paligid.

Hindi na sumagot ang lalaki.
Kaya lumingon ang tauhan ni Alessandro, yung may hawak na folder, at nagbigay ng impormasyon.
"Boss... nang-rape siya," mahina pero malinaw, halos mahulog ang folder sa sahig sa bigat ng balita.

Tahimik ang lahat sa basement.
Ang tensyon ay parang kumakapit sa bawat sulok-ang galit ni Alessandro ay parang nagiging malamig na demonyo, handang ipakita ang hustisya sa sarili niyang paraan.

"Marco..." tawag ni Alessandro, mababa ang boses, puno ng malamig na banta.

"B?boss...?" sagot ni Marco, halatang kabado, parang hindi sigurado kung gusto niyang marinig ang susunod.

"Hubaran mo."

Napakurap si Marco.
Napaatras pa.
Hindi kinaya ng utak niya ang narinig.

"B?boss... suntukin niyo na lang ako... saksakin niyo ako, barilin-kahit ano-pero 'yung... 'yung-"

Nasalubong ang kilay ni Alessandro.

"Tang ina mo! Ang baboy mo!"
Galit na sigaw ni Alessandro, sabay batok nang malakas kay Marco.

"ANO BA iniisip mo!?" singhal niya habang agad niyang sinakal si Marco.
Mabilis, madiin, puno ng poot na hindi mapakali.

Nanginginig si Marco, halos hindi makahinga.
"A?akala ko po... boss... ipapa-ipapatira niyo po sa'kin..."

Lalong nagdilim ang mukha ni Alessandro.

"Gago ka?!"
Itinulak niya si Marco palayo.
"Ano tingin mo sa akin? MAS masahol pa sa kanya?"

Tahimik ang buong basement.
Ang apat na tauhan sa gilid ay napayuko.
Si Alessandro ay huminga nang malalim-pero ang mga kamao niya ay nanginginig sa galit.

"Hubaran mo na.." ulit niya, mas mababa, mas mapanganib.
"Para mamatay siyang walang pagtakip sa kahayupan niya."

Hindi na nagtanong si Marco.
Hindi na nagreklamo.
Tahimik na siyang sumunod-habang ramdam niyang mas mainit ang galit ni Alessandro kaysa sa anumang parusa na kaya niyang isipin..

Hinubaran na nga ang lalaki, nanginginig, habang titig na titig si Alessandro.

Nang mahubaran..

Biglang tumawa si Alessandro-hindi masaya.
Kundi galit. Mapait. Mapanlait.

"Ang lakas mong mang?rape," sabi niyang malamig,
"pero yang Ari mo.. Kasing laki Lang Ng thumb nitong si marco."

Nanigas ang lalaki.
Umiyak-hindi dahil sa hiya, kundi dahil sa alam niyang oras na niya.

"Marco. Hawakan mo..," utos ni Alessandro.

"B?boss naman..."
Nag iba ang mukha ni Marco-kabadong kabado, hindi dahil sa utos, kundi dahil alam niyang mas delikado tumanggi.

Tinapunan siya ni Alessandro ng tingin na sapat para tumigil ang tibok ng puso niya.
Kaya napilitan siyang lumapit, nanginginig ang kamay habang mahigpit na hinawakan ang Ari ng lalaki.

Habang umiiyak ang kriminal, tumingin si Alessandro pababa sa kanya-
Hindi na siya tao sa paningin niya.
Isa na siyang hayop na dapat pagbayaran ang ginawa.

'"Wag kang umiyak," malamig na sabi ni Alessandro.
"Kahit ilang luha ilabas mo... wala nang mababago."

At humakbang siya palapit, hawak ang patalim-
hindi nagmamadali, hindi nag-aalangan na putulin ang pag kalalaki ng rapist..

sumigaw Ito sa sakit..ilang minuto din..

Bago itinarak ni Alessandro ang patalim sa ulo nito..

Chapter 23

Nang matapos si Alessandro, inabutan siya ng tauhan niya ng towel.
Pinunasan niya sandali ang mga dugo na tumalsik SA dibdib at balikat niya, pagkatapos ay naglakad palabas ng basement.

Maya-maya, may sumabay na isa sa kanyang mga tauhan at nag-ulat:
"Boss, andiyan na po sa sala ang babae..."

Hindi sumagot si Alessandro.
Ngunit habang naglalakad siya at nadaanan ang dalawang babae na nakaupo sa sala, tumigil siya sandali at tumingin.

May maikling damit, lantad ang ilang parte ng katawan, nakangiting nakatingin kay Alessandro.
Pero nanatili siyang malamig-walang bakas ng pagpapalambot sa kanyang mata.

Bumaling siya kay Marco.
"Wala ako sa mood ngayon," malamig niyang sabi,
"Marco, balato ko na sayo."

Bumakas ang inis at gulat sa mga mata ng mga babae, habang si Marco ay halatang nag-aalangan.

"B-boss... may girlfriend kasi ako... hindi kaya ng konsensya ko," sabi ni Marco, nanginginig ang boses.

Napahinto si Alessandro at napayuko si Marco.
Saka niya sinabi, mas malamig ngunit may konting papuri:
"Sige... okay lang. Good job, Marco."
Tuwang-tuwa si Marco, bahagyang napangiti sa puri ng boss niya.

Bumaling si Alessandro sa mga babae at pinauwi ang mga ito, tahimik ngunit may mapanuring tingin.

Ngunit napikon siya nang marinig ang biro ni Marco habang naglalakad ang mga babae palabas..
"Boss... sure ba kayo, wala ba kayong lagnat... first time niyo pong tumang-"

Huminto si Marco nang bigla siyang matutukan ng baril ni Alessandro.
"Ano yun, Marco? Hindi ko narinig," malamig, habang inaaktong nilalapit ang tenga niya sa tauhang si marco.

"W-wala po..." napapalunok na sagot ni Marco, halatang nanginginig sa takot at tensyon.

"Anong balita kay Xavier?" tanong ni Alessandro, mababa ang boses nang Alisin na ang nakatutok na baril dito, pero may bigat na parang naghahamon.

"B-boss..."
Napatigil si Marco, biglang namutla.

Kumunot ang noo ni Alessandro.
"ANO!?" iritableng putol niya, mas lalo pang bumigat ang boses.

Nataranta si Marco at halos mapaatras, sabay tulak sa tauhang inutusan Kanina
"Mike! Ikaw na magsabi!"

At mabilis siyang lumayo nang konti, para bang naghanap ng ligtas na distansya mula sa galit ng boss.

Dahan-dahang bumaling ang malamig na mata ni Alessandro kay Mike.
Isang tingin pa lang-para kang hahatulan.

Yumuko si Mike, halos hindi makatingin.
"B-boss..." nilunok niya ang kaba,
"si Xavier po... nasa bahay ni Chloe ngayon."

Napatigil si Alessandro.
At sa isang iglap-

dumilim ang mga mata niya.

Hindi kumurap.
Hindi gumalaw.
Pero ang presensya niya ay biglang naging delikado-
parang isang bagyong naghihintay lang ng maliit na spark para sumabog.

Ang hininga niya ay mabagal pero mabigat.

At sa ilalim ng boses niya,

"Si Xavier..."

Nakadikit ang ngipin, galit na galit.

Malakas niyang sinipa ang babasaging lamesa, at kumalat ang tunog ng nabasag na salamin sa buong sala.
Sumabog ang katahimikan-
at siya mismo ang mukhang sasabog kasunod nito.

Kung ano-ano na ang pumapasok sa isip niya.
Mga eksenang ayaw niyang makita.
Mga posibilidad na naglalagablab sa utak niya.

Si Xavier.
Si Chloe.
Magkasama.
Sa iisang bahay.
Sa ganitong oras.

Ramdam niya ang biglang pag-ikot ng sikmura niya.
Parang may kung anong humigpit sa dibdib niya;
parang sinusunog ng selos ang bawat paghinga niya.

Hindi niya alam kung galit ba ang nangingibabaw-
o yung takot na baka may makita siyang ayaw niyang malaman.

Ang kamay niya, nanginginig sa poot.
Ang panga niya, nakakuyom.

Kinakain siya ng matinding selos.
Unti-unti.
Malalim.
Masakit.

At hindi na niya alam kung anong kaya niyang gawin kapag tuluyan siyang nilamon nito.

Kinuha niya agad ang phone niya-halos mabasag ang screen sa higpit ng pagkakahawak niya.
Diretso niyang tinawagan si Chloe.

Ring...
Walang sagot.

Pinindot niyang muli.
Mas madiin.
Mas mabilis.
Mas desperado.

Ring... ring...
Wala pa rin.

Pangatlo.
Pang-apat.
Panglima.

Habang tumatagal, mas kumukulo ang dugo niya.
Mas humihigpit ang dibdib.
Mas lumalakas ang kaba at inis na hindi niya maintindihan.

"Chloe... sagutin mo 'to..."
mariin niyang bulong, pero hindi niya alam kung para kay Chloe o para pigilan ang sarili niyang mabaliw.

Ring...

At nang muling hindi sinagot,
sobrang lakas niyang inihagis ang phone sa sala-
sumalpok ito sa pader at tumilapon pabagsak sa sahig, pira-piraso ang tungog ng basag na plastic at bakal.

Napahawak siya sa ulo nila, malalim ang hininga.
Halos hindi makapaniwala sa bigat ng pakiramdam.

Boses niya'y mababa, nanginginig sa selos at galit:

"Ano bang ginagawa mo... at bakit hindi mo ko sinasagot...?"

"B-boss...?"
Mahinang tawag ni Marco, lumapit siya sa nakayukong si Alessandro na tila hindi makatayo-hindi dahil sa pagod, kundi dahil sa bigat ng nararamdaman.

May pag-aalala sa boses niya, kahit pa araw-araw siyang napapagalitan nito.

May malasakit parin siya dito..

"P-puntahan natin, boss?" tanong ni Marco, halos pabulong..

Walang sagot.

Dahan-dahang tumayo si Alessandro, pero hindi tumingin sa kanya.
Tahimik lang itong naglakad paakyat ng hagdan, mabibigat ang hakbang, para bang bawat yapak ay may kasamang sugat...

Napatigil si Marco.
Napayuko.
At doon niya muling naramdaman... naawa siya. Sobra.

Grabe... parang ang lupit ng pag-ibig sa boss niya.

Wala itong nagiging girlfriend.
Hindi marunong manligaw.
Hindi bagay sa itsura nito ang pagiging torpe, pero eto-hindi makuha ang babaeng gusto niya... at ang mas masakit pa? Ang kakambal pa niya ang karibal niya.

Hinabol ni Marco ng tingin ang papalayong likod nito.
Tahimik.
Mag-isa.

Alam niya ang pinagdaanan ni Alessandro-kung paano nito ginawang pader ang sarili, kung paano ito natutong manahimik kaysa masaktan...

At ngayong nakikita niyang halos gumuho ang boss niya dahil sa selos at sakit...
Mas lalo lang lumalim ang respeto niya dito.

"Boss... sana naman, kahit minsan, ikaw naman ang piliin."
Ngunit isip lang niya ang nakarinig niyon.

Sa taas, marahan na nagsara ang pintuan ng kwarto ni Alessandro.
Isang tunog na parang sumara rin ang maliit na pag-asang hawak niya buong araw.

Sa loob ng banyo...

Tahimik.
Pero sa loob ni Alessandro, parang may bagyong hindi makawala.

Nakatitig siya sa sarili sa salamin - pero ang nakikita niya ay hindi ang mukha niya.
Kundi ang takot sa mata ni Chloe kanina.

Tumingin siya sa sarili... pero ang bumabalik sa kanya ay ang tanong:

Bakit parang may mali akong nagawa?
Bakit parang kasalanan ko lahat?
Bakit siya takot sa akin...?

Tumawa siya nang mahina, pero walang saya.

Para bang kinukutya ang sariling nararamdaman.

Humigpit ang hawak niya sa gilid ng lababo.
Pumikit siya sandali, pilit kinakalma ang demonyo sa Loob niya..

Pero napuno na.

Isang iglap-

Sinuntok niya ang salamin.

Mabagsik.
Diretso.
Sapat para pumutok ang gitna nito at magkalat ang bubog sa sahig.

Huminga siya nang malalim ngunit hindi humupa ang apoy sa dibdib niya.
Duguan ang kamao niya - pero ni hindi niya tiningnan.

Tinitigan niya Lang ang sariling repleksiyon-basag, pira-piraso.
Katulad ng pakiramdam niya ngayon.

Selos.
Takot.
Sakit.

Lahat iyon nakahalo sa isang nakakabaliw na tanong:

Bakit nasa bahay ni Chloe ang kakambal ko?

Bakit hindi siya sumagot?

Bakit takot siya sa akin?

Unti-unti siyang napayuko, pero lalo ring humigpit ang hawak niya sa lababo.

"Putang ina..." mahina pero puno ng poot na bulong niya.

Dahan-dahan siyang tumingala sa sirang salamin - sa pira-pirasong imahe ng sarili niya.

Hindi niya alam kung ang galit ba ay para kay Xavier...
o para sa sarili niya...

o sa sitwasyong hindi niya makontrol.

At doon niya naramdaman:
Hindi na siya kalmado.
Hindi na siya rational.
At hindi siya papayag.

Sa gitna ng dugo at bubog, nabuong muli ang isang bagay sa loob niya:

"Kung hindi ka para sa'kin, Chloe..."

Humigpit ang panga niya, nanginginig ang dibdib sa selos at takot na ayaw niyang aminin.

"...mas lalong hindi ka para sa kanya."

Chapter 24

Third pov..

Nakahiga si Chloe sa kama, ang mga mata ay nakatitig sa kisame, ngunit hindi maiwasang bumalik sa isip niya ang nangyari kanina sa mansion ni Alessandro. Naiinis siya sa sarili-bakit niya nga ba hinayaan na mahalikan siya nito sa leeg?

Huminga siya ng malalim, ramdam ang mabilis na tibok ng puso, parang bawat pintig ay nagpapabilis ng init sa dibdib niya. Hindi niya maintindihan kung bakit ganito ang pakiramdam niya tuwing naiisip si Alessandro, bakit tila may apoy na lumiliyab sa loob niya sa tuwing naaalala niya yun.

Umiling siya sa sarili, pilit binabalewala ang damdaming kumakawala. "Hindi dapat ako nagpapaapekto," bulong niya,

Kailangan lang niya itong itulog... bukas, mawawala rin ito. Paulit-ulit niya iyong sinasabi sa sarili, pilit na kinukumbinsi ang pusong ayaw magpaawat. Pero kahit anong pilit niyang ipikit ang mga mata, bumabalik pa rin sa isip niya ang nangyari kanina-

ang paraan ng paghaplos nito sa kanya, ang mainit na halik ni Alessandro sa leeg niya na parang nagmarka sa balat.

Namula ang mukha niya habang nakahiga, ramdam ang biglang pagsirit ng init sa katawan. Ngunit sa ilalim ng lahat ng iyon-nandoon ang isang pamilyar na takot, isang hindi niya matakasan, isang takot na lalo lang lumalalim tuwing naiisip niya kung gaano kabilis siya nitong nadadala.

Letche ka, Alessandro, naisip niya, mariin ang pagkakapit sa kumot na para bang kaya nitong pigilan ang pagbalik ng alaala.

Kahit ayaw niya... ramdam niya pa rin.

Maya-maya, biglang tumunog ang doorbell. Kunot noo siyang Tumayo at humarap sa orasan-alas onse na ng gabi.

Sino kaya 'yun?
Marahan siyang sumilip sa bintana, at halos huminto ang puso niya nang makita niya Xavier sa baba.

Hindi niya alam kung dapat ba niyang buksan at hayaang pumasok siya, o kung mas mabuti pang magpanggap na natutulog. Ang isip niya ay nag-aalangan, bawat segundo ay tila lumulutang sa pagitan ng curiosity at takot.

Kaso, biglang nag-ring ang phone niya.

Si Xavier.

Huminga siya ng malalim bago sagutin, pinipilit kontrolin ang boses. Nagpasya siyang gumamit ng tono na parang bagong gising-baka Sakaling makatulong para makaramdam ni Xavier ang kahit kaunting hiya.

"An-"

Pero bago pa man niya matapos ang sasabihin, narinig niya ang malamig at mariing utos sa kabilang linya:

"Open the door, Chloe."

Tinitigan niya ang cellphone, Nang putulin agad ni xavier ang tawag Pagkatapos siyang utusan.

"Ayos ah... bahay mo ba ito para utusan mo ako?" Mahina niyang bulong sa isip, ramdam ang init sa mukha.

Ngunit nang marinig niya ulit ang doorbell, napipilitan na siyang bumaba.

Binuksan niya ang pinto..

"G-good evening... anong meron?" tanong niya, halatang kabado. Nakatayo siya sa tapat ng pinto, nagtatangkang maging harang sa pinto, Ayaw niyang papasukin si Xavier-kahit na may halong paghanga o crush Siya dito-

dahil sobra itong delikado at komplikado Ng sitwasyon lalo pa at mukhang nakainom pa ito.

Tumitig lang si Xavier sa kanya- Bago pa man siya makapagsalita, umabante ito, diretso papasok.

"Teka lan-"
Hindi na natuloy ang sasabihin niya. Mabilis na nakalampas si Xavier sa kanya, parang wala na siyang pagkakataong pigilan pa.

Napilitan siyang isara ang pinto at tumingin dito, hindi sigurado kung kaba ba o inis ang nangingibabaw sa dibdib niya.

Naupo si Xavier sa sofa, nakahilig nang bahagya, pero ang mga mata nito-malalim, mariin-ay nakatutok lang sa kanya.

"X... Xavier, bakit?" tanong niya, halos hindi lumalabas ang boses niya. Para siyang kinukulong ng titig nito.

Sumandal si Xavier, ngunit hindi kumukurap na tumitig sa kanya. "Kung liligawan ba kita..." Bumaba ang tono niya, seryoso, mabigat. "...may pag-asa ba ako?"

May kakaibang init sa mga mata nito-hindi agresibo, pero sapat para maramdaman niya ang bigat sa dibdib, na para bang unti-unti siyang hinihila papalapit kahit pilit siyang lumalayo.

At doon siya natigilan. Hindi dahil sa tanong... kundi dahil sa kung paano ito nagtanong-parang ang sagot niya ang magdidikta ng susunod na mangyayari sa pagitan nila.

Alam niyang dapat siyang matuwa...

crush niya si Xavier, matagal na. Pero imbes na kilig, biglang nag-iba ang ihip ng hangin.

May kung anong lamig na gumapang sa batok niya, lalo na kapag naaalala niya ang bilin ni Alessandro.

Napakamot siya sa ulo, pilit na iniwawaksi ang kaba.

"Naku, X... Xavier... nakainom ka lang," mahina niyang sabi, sinusubukang gawing normal ang sitwasyon. "Sige, payag na akong matulog ka dito... doon ka sa kabilang kwarto."

Pero bago pa man siya makahinga Ng maluwag, biglang tumayo si Xavier.

Lumapit ito-isang hakbang, dalawa-at kusa siyang napaatras..

"Bakit? Ano 'yun?" tanong niya, mahina, Kabado ang boses.

Tumigil si Xavier sa mismong harap niya. Tumingin ito nang malalim, saka marahang hinaplos ang pisngi niya. Hindi marahas, pero sapat para hindi siya makagalaw sa gulat. Unti-unting yumuko ang mukha nito, papalapit sa kanya.

Nanlaki ang mga mata niya.

Parang...

Parang hahalikan niya ako.

Mabilis siyang kumilos.
Mabilis siyang umiwas at naitulak si Xavier, halos kasabay ng pagtalon ng puso niya na parang lalabas na sa dibdib.

Hindi galit ang makikita sa mukha ni Chloe-pero malinaw na takot, malinaw ang hangganang hindi dapat tawirin.

At doon napahinto si Xavier.
Para bang doon niya lang tunay na naramdaman kung gaano siya kalapit-at kung gaano kalakas ang naging dating nito sa kanya.

Nagulat si Chloe, hindi lang sa ginawa niya, kundi sa sarili niyang reaksyon.
Mabilis na pumasok sa isip niya ang isang tanong na mas lalo lang nagpagulo sa dibdib niya..

"Ano na lang ang sasabihin ni Alessandro kung... Malalaman niya ito?"

Kasabay noon ang biglang paghigpit ng dibdib niya, ang hindi mapigil na pagsirit ng kaba. Pilit niyang kinokontrol ang sarili-pero ramdam niya ang tuluy-tuloy na pagbilis ng tibok ng puso, parang may nag-uunahang emosyon na ayaw niyang pangalanan.

Takot.

Gulat.

Pagkalito.

At kung ano pa man 'yong naramdaman niyang hindi niya dapat nararamdaman sa ganitong sitwasyon.

Hindi niya alam kung alin doon ang dapat niyang paniwalaan.
At hindi rin niya alam kung alin doon ang mas delikado.

Pero bago pa man siya makalayo, muling lumapit si Xavier-mabilis,

Hinawakan nito ang magkabilaan niyang pisngi, hindi marahas, pero mariing-mariin, sapat para ipadamang wala itong balak na bitiwan siya..

Narinig ni Chloe ang bahagyang pagsinghap nito, ramdam niya ang init ng palad na nakahawak sa kanya... at bago pa siya makapag-isip, bago pa niya ito maitulak o masabi ang pangalan nito

-hinalikan na siya ni Xavier.

Hindi magaan. Hindi rin marahas.
Isang halik na puno ng pagpipigil na unti-unti nang nalulusaw.

Isang halik na Hindi na napigilan.

Chapter 25

Hinalikan siya ni Xavier.

Hindi iyon marahas—pero mahaba.
mariin, parang may sinusubukang abutin sa kailaliman ng katahimikan nilang dalawa.

Sa bawat paglayo ng mga labi ni Chloe, may banayad na paghahabol si Xavier—hindi desperado, pero may halong pakiusap, may halong takot na baka iyon na ang huling sandaling papayagan niya itong mahalikan siya.

At sa bawat balik ng halik nito, mas nagtatagal, mas lumalalim, mas hindi niya alam kung ano ang dapat maramdaman.

Ilang segundo ba iyon?
O mas mahaba pa?
Hindi na niya alam.
Hindi na niya mabilang.

Ang hindi niya maintindihan ay ang sarili niya.

Ang nanginginig niyang kamay.
Ang dibdib niyang kumakabog—hindi sa takot, kundi Kay Alessandro..naiisip niya Ito kahit si Xavier ang Nandito..

At ang luha… ang luhang hindi niya napansin agad, unti-unting umaagos sa pisngi niya, hanggang maramdaman iyon ni Xavier.

Doon bahagyang napatigil ang hininga nito.
Doon humina ang pagkakahawak sa kanyang pisngi—hindi dahil bumitaw, kundi dahil para bang nagulat.
Para bang saka lang niya nakita ang mga luha ni Chloe..

At sa sandaling iyon, kumislap ang pagkalito sa mga mata ni Xavier…
parang bigla niyang tinanong ang sarili niya kung nasaktan ba niya si Chloe—

Idinikit ni Xavier ang noo niya sa noo ni Chloe, halos hindi humihinga, parang natatakot na kaunting galaw lang ay tuluyan itong mawawala sa kanya.

Marahan niyang pinunasan ang luhang dumaloy sa gilid ng mata nito—dahan-dahan, halos nanginginig ang daliri, na parang hindi niya alam kung paano hahawakan ang isang bagay na maaaring mabasag.

At doon biglang nagising si Chloe.

Parang sumabog ang lahat ng pinipigil niyang emosyon sa loob.

Mabilis niya itong naitulak—hindi malakas, pero sapat para mabasag ang sandali—at agad siyang tumakbo papasok sa kwarto.

Marahas ang paghinga niya, parang kailangan niyang magtago mula sa mundo… mula kay Xavier… at pinakamasakit, mula sa sarili niyang nararamdaman..

Nalilito Siya...

Pagkapasok niya, sinara niya ang pinto at doon na napaupo, halos nanghihina ang tuhod.
Humigpit ang yakap niya sa sarili habang sinusubukang pigilan ang mga luhang ayaw tumigil.

Nagkulong siya roon, hindi alam kung gaano katagal.
ILang minuto? Lima? Sampu?

Wala siyang ibang naririnig kundi ang tibok ng dibdib niya—mabilis, magulo, natatakot.

At sa gitna ng katahimikan, tinitigan niya ang pinto… hinihintay kung—

susunod ba si Xavier?
Magtatangkang pumasok?
Kakatok? Tatawagin siya?

Ngunit wala.

At doon, nakahinga siya ng maluwag—

Nang sa wakas ay naglakas-loob siyang buksan nang kaunti ang pinto, sumilip siya sa sala.

Nandoon si Xavier.

Nakahiga sa sofa—hindi gumagalaw, nakapikit, parang tulog na.

At sa halip na gumaan ang pakiramdam ni Chloe, lalo lang tumindi ang bigat sa dibdib niya—
hindi dahil sa takot…
kundi Kung paano niya Ito haharapin bukas..

Dahan-dahan niyang isinara ang pinto,

Bukas na bukas… hahanap ako ng bagong bahay, bulong niya, pinupunasan ang luha sa pisngi bago pa muling tumulo.

Humiga siya sa kama, pinilit kalmahin ang isip..

Pilit niyang tinatabunan ang bawat alaala, bawat init, bawat piraso ng gabing iyon na hindi niya dapat na naaalala.

Ayaw niyang magpang-abot ang kambal dahil sa kanya.
Ayaw niyang maging dahilan ng kahit ano mang tensyon sa pagitan nila—hindi pagkatapos ng lahat ng pinagdaanan ng Bawat isa sa kanila..

Kaya siya ang dapat umiwas.
Siya ang dapat umalis.
Siya ang dapat magbawas ng presensya bago pa siya maging problema na hindi niya kayang ayusin.

Mas madali kung siya na ang kusang lalayo…

At sa huli, bumigay rin ang pagod—

Doon siya nakatulog, mabigat ang dibdib, magulo ang damdamin..

Kinabukasan..

Nagising siya nang may kaba sa dibdib—
Ayaw pa sana niyang lumabas ng kwarto. Mas gusto niyang manatiling nakatago, kahit ilang minuto pa...

Pero kailangan niyang lumabas….

Kaya dahan-dahan niyang binuksan ang pinto.

At doon siya napahinto.

Si Alessandro.

Nakadekuwatro.
Kalmado.
Tahimik.

Pero ang presensiya niya—matigas, matalim, at sapat para lamigin ang buong bahay.

Nakaupo Ito sa harap mismo ni Xavier..

At si Xavier…

Nakaligo na.
Maayos ang buhok, nakabutones ang polo, parang naghahanda na talagang umalis—

kung hindi lang dumating ang kakambal niya at maupo roon na parang siya ang may ari ng bahay..

Hindi nagsasalita si Alessandro.
Hindi rin gumagalaw si Xavier.

Parang nahuli sila Chloe sa eksenang hindi niya dapat nasaksihan, at ang tanging gumalaw ay ang mga mata ni Alessandro…
dahan-dahang dumako sa kanya.

At sa iglap na iyon, pakiramdam niya ay na-expose ang lahat ng nangyari kagabi.

“Good morning, Chloe.”

Bati ni Alessandro—mahinahon ang tono, ngunit malamig.
Ang ngiti niya… hindi umabot sa mga mata.
Sa ilalim ng magalang na ngiting iyon, may nakatagong pagsusuri, may panghuhusga, at may bahagyang galit na hindi niya tinatago.

Parang isang tanong na hindi pa niya sinasabi, pero ramdam na ramdam na.

Bumilis ang tibok ng puso ni Chloe.

“Alessandro… bakit nandito ka?”
mahina niyang tanong, pilit pinapakalma ang boses na nanginginig.

Hindi agad sumagot si Alessandro.

Tiningnan niya si Chloe sa paraang hindi niya matukoy—
hindi galit, hindi rin lambing…

Saka pa lang siya tumingin kay Xavier, na hindi pa rin gumagalaw.

At ang sinabi ni Alessandro, nang bumalik ang tingin sa kanya, ay simple…
pero nakakakaba..

“Come here.”

Hindi malakas ang boses ni Alessandro.
Hindi rin galit.
Pero seryoso..

Napatitig siya dito.

At doon niya nakita ang mukha nitong walang bakas ng biro—matigas ang panga, malamig ang mga mata, at may kung anong bagay sa timpla nito na hindi niya maipaliwanag.

Hindi niya maintindihan kung bakit… pero parang bahagya siyang nahatak,
parang may nag-uutos sa katawan niyang gumalaw.

Parang na-hypnotize siya.

Dahan-dahan, halos ingat na ingat, lumapit siya dito—
at bago pa niya maproseso kung tama ba ang ginagawa niya—
nakaupo na siya sa tabi ni Alessandro.

Masyadong malapit.
Masyadong nakakatakot.
Masyadong ramdam niya ang awtoridad nito.

Tahimik lang si Alessandro, nakatingin Kay xavier,
habang si Xavier naman malamig ang mga matang nakatuon Kay Chloe..

At doon lamang napagtanto ni Chloe na nasa gitna siya ng dalawang presensiyang kayang guluhin ang buong mundo niya—
at hindi siya sigurado kung alin sa kanila ang mas delikado.

Ngumisi si Alessandro.

Hindi malaki ang ngisi—pero sapat para kumislot ang panga ni Xavier.

Si Xavier naman ay tiim-bagang, halatang pinipigilang sumabog.

At ramdam ni Chloe kung gaano kabigat ang tensyon na nag-uugat sa pagitan ng kambal.

Tahimik ang sala.
Pero hindi iyon mapayapang katahimikan.

At doon, kitang-kita ni Chloe ang hindi nila sinasabi.

Alessandro wasn’t just visiting.
Hindi siya basta dumaan lang.
Hindi siya nandito para mangumusta, mangulit o manghila na Naman..

May alam siya.
May napansin siya.
May nakita siya kagabi..

At ang ngiti niyang iyon…
hindi iyon tuwa.
Hindi rin pang-aasar lang.

Ito ang ngiti ng isang taong nagbabanta..

"Namiss lang kita, Chloe… bigla ka na lang kasing umalis pagkatapos ng nangyari sa atin," sabay titig niya sa akin na may kakaibang intensity.

Napansin kong natigilan si Xavier, napakuyom ng mga kamao niya..

Si Alessandro, sa kabilang banda, ngumiti lang—halata ang aliw sa mukha niya—at bahagyang hinawakan ang leeg ko, parang gusto ulit markahan.

Hindi ko maiwasang mapatitig dahil sa biglang lapit niya.

Biglang tumayo si Xavier, halatang galit.
"Tumigil ka, Alessandro!" Inis na sigaw niya..

"Why?" sagot ni Alessandro, na parang walang pakialam sa galit ni Xavier.
"I already kissed it… and licked that part… right? So it's mine… isn’t it, Chloe?"

Chapter 26

Hindi na nakapagpigil si Xavier.

Bigla niyang kinuwelyuhan si Alessandro, ramdam ang galit sa bawat galaw ng katawan niya.

"GAGO KA HA!!"
gigil na gigil ang sigaw ni Xavier.

Ngunit si Alessandro... ngumisi lang.
Walang pakialam.

Lalo pang napikon si Xavier.
Malakas at mabilis ang suntok niya kay Alessandro-suntok na halos sumabog sa katahimikan ng sala.

Agad itong kinatili ni Chloe..

Lumapit siya kay Alessandro, para sana daluhan ito-
ngunit bago pa niya magawa, muling sumugod si Xavier.

Itinulak siya ni alessandro para hindi madamay.

Si Chloe, napaatras..

Sa pag-sugod ni Xavier para suntukin muli si Alessandro, nakailag ito ng mabilis.

May ilang sandali, tumayo siya, pinunasan ang dugo sa labi, at nangingisi

"Sorry, Xavier... pero akin na siya!" pang-aasar ni Alessandro, nanlalaki ang mga mata, halos nilalaro ang galit ni Xavier.

Biglang sumeryoso si Xavier, SA isip nito katulad Lang din ni Alessandro ang ama nito.

Sa isip niya siguradong pinilit lang nito si Chloe...

"Manang-mana ka nga sa ama mo..." Natatawang pang aasar ni Xavier.

Kumunot ang noo ni Alessandro-walang ideya kung saan galing ang bigat ng mga salita.

"Siguro... ginahasa mo rin si Chloe, katulad ng ginawa ng ama mo sa mommy mo!"

Ang mga salitang iyon ay parang palaso, at sa kabila ng panlilibak ni Alessandro, ramdam ng lahat ang bigat ng acusation na iyon.

"What the fuck did you say, huh!?" Biglang sumeryoso si Alessandro, nanginginig sa galit at pagtataka.

Ngunit unti-unti niyang natutuklasan ang katotohanan-mga bagay na noon ay hindi niya alam, ngayo'y malinaw sa harap niya.

"Ni rape ng ama mo si mommy, Alessandro!!" sigaw ni Xavier, puno ng galit at poot...

"Kaya Ka andito ngayon na Hindi Naman dapat!!"

Saglit na natulala si Alessandro. Hindi makapaniwala sa narinig niya-parang bumagal ang mundo sa paligid niya.

Sa pagkakataong iyon, hindi na nagdalawang-isip si Xavier. Isang malakas na suntok ang sumunod, direktang tumama kay Alessandro, na nagbagsak sa sahig nang malakas.

"Anak ka ng rapist...!" sigaw ni Xavier, at doon napatid si Alessandro. Pinagsuntok niya ito nang walang patid, habang gumugulo ang lahat sa sala ni Chloe.

Si Alessandro, ramdam ang bigat ng suntok at paghahabol ni Xavier, tila ba na-trigger na sa sigaw.

Hindi rin nagpaawat si Xavier-mahigpit ang hawak sa kwelyo ni Alessandro, bawat suntok niya ramdam ang galit na hindi mapigil.

Si Chloe, nakatayo sa gilid, takot na takot, hindi alam kung sino ang hahawakan o pipigilan.

Akmang lalabas siya nang biglang tumalsik si Xavier sa pinto-parehong duguan, parehong galit, at walang gustong magpaawat.

Parang mas lalo pang na-trigger si Alessandro sa sigaw ni Xavier, at walang sinuman ang handang sumuko.

Napatigil si Chloe nang may makita siyang patalim sa kamay ni Xavier, diretso sa braso ni Alessandro. Naitulak ito ni Alessandro, ngunit agad namang bumawi si Xavier, pilit muling lumapit, ramdam ng bawat galaw ang panganib.

"Tama na!!" sigaw ni Chloe, nanginginig at puno ng takot.

Sa isang mabilis na reflex ni Alessandro, nailigtas niya ang sarili, iniipit ang braso niya sa leeg ni Xavier at sinakal sa isang headlock, ramdam ang galit at pangamba.

"Alessandro, hindi na Siya makahinga!!" sigaw ni Chloe, habang pinipilit pigilan ang kambal.

Ngunit mas lalo pang diniinan ni Alessandro ang kanyang galit, habang sumisigaw

"MAMATAY KA NA!!"

mas lalo pang pini-pressure ni Alessandro si Xavier sa laban-magkahalong galit at desperasyon.

Si Xavier, hindi rin nagpatalo, siniko ng siniko sa tagiliran ni Alessandro hanggang makawala ito, at itinarak muli ang hawak na patalim sa tagiliran ni Alessandro. Parehong nagtitigan ang dalawa, dugo at galit ang bumabalot sa bawat kilos, parang walang makakapigil sa poot nila.

Napahawak si Alessandro sa kanyang tagiliran, na puno na ng dugo. Akmang sasaksakin ulit siya ni Xavier nang biglang niyakap siya ni Chloe mula sa likod.

"Tama na!" sigaw ni Chloe, umiiyak. Ngunit ang tingin niya ay kay Alessandro-halata ang takot at pag-aalala sa tama nitong natamo sa tagiliran.

Pinalayo siya ni Xavier, saka muling binalingan si Alessandro na pilit na tumatayo.

Nang sumugod si Xavier, nakailag si Alessandro. Gamit ang isang kamay at braso na walang saksak, binuhos niya ang buong lakas at marahas na binalibag si Xavier sa lamesa ng sala..

Ngunit sa kabila ng kanyang lakas, agad din siyang natumba mismo sa sofa, ramdam ang bigat ng laban at ang pagod ng katawan.

Sumandal siya sa sofa, nakatitig kay Xavier na pilit pa ding tumatayo, ang katawan puno na din ng dugo.

Dahil sa Mga bubog na tumusok Dito..

Si Chloe, natulala sa gilid, hindi alam kung sino ang lalapitan. Nanlalaki ang kanyang mga mata nang may dukutin si Alessandro sa likod nito...

Baril.

At sa mismong sandali ng pagtayo ni Xavier, walang pag-aalinlangan, binaril ito ni Alessandro

Napatakbo si Chloe kay Xavier, ngunit bumagsak ito, duguan sa bandang tiyan.

"X-Xavier!!!" sigaw ni Chloe, pilit itong ginigising, nanginginig ang katawan sa takot at pangamba.

Marahang tumayo si Alessandro,

his eyes bloodshot, completely indifferent to the chaos around him..

Tinutukan niya ng baril si Xavier, balak muling barilin. Agad namang ihinarang ni Chloe ang katawan niya kay Xavier.

"Tama na!!" sigaw niya, umiiyak, habang ipinipilit pigilan ang galit at karahasan sa harap niya.

Kumunot ang noo ni Alessandro.

"Umalis ka na!" sigaw ni Chloe kay Alessandro, nanginginig sa galit.

Hindi sumagot si Alessandro.

"Alis na! ALIS NA!" mariing sigaw ni Chloe, galit na galit, habang mahigpit niyang niyayakap si Xavier.

Napapikit si Alessandro..*Alis na!!!*

Alis na... Mga salitang ayaw na niyang marinig. Bumabalik sa kanya ang alaala kung paano siya pinagtabuyan ng ina dati-at ngayon, ganito rin ang sinasabi ng babaeng minamahal niya. Masakit, parang isang matalim na kutsilyo sa dibdib.

Napatingin si Alessandro kay Chloe-nakikita niya kung sino ang tunay na pinili nito. Masakit sa puso, ngunit hindi niya maiwasan ang katotohanang iyon.

Yakap ni Chloe ang duguang kakambal niyang si xavier.

Napayuko si Alessandro, para bang ang lupit ng mundo para sa kanya. Nabitiwan niya ang baril, tumalikod, at akmang lalakad palayo... ngunit napahinto siya.

Tumingin siya kay Chloe-pilit ginigising si Xavier.

Umiling siya, walang sinasabi, at pinilit lumakad nang mabilis,

Hindi ininda ang Tama sa tagiliran..

Hinila ang babaeng kinababaliwan niya.

Chapter 27

Pumalag si Chloe... pero wala siyang magawa laban sa lakas ni Alessandro.

Kahit may tama ito, hindi Ito naging dahilan para mapigilan Ito sa gustong gawin..

Nang makalabas sila, nagulat si Marco nang makita ang duguang boss.

"B-Boss!" sambit niya, halatang nag-aalala.

"O-okay lang ako, Marco. Daplis lang ito," paliwanag ni Alessandro, nang mapansin ang pag-aalala sa mukha ng kanyang driver.

Mahigpit pa rin niyang hinahawakan si Chloe, na patuloy umiiyak.

Pinabuksan niya ang pinto ng kotse kay Marco, at agad na isinakay si Chloe.

Bago pa siya sumakay, tiningnan niya si Marco, na halatang natetense sa gilid.

"Maiwan ka dito? Tumawag ka ng tao," mariing utos niya, sabay lingon sa bahay kung nasaan si Xavier.

"Si Xavier... dalhin mo siya sa ospital." seryosong utos niya, bago siya sumakay sa kotse.

Nagmamaneho si Alessandro kahit sugatan.

Masakit ang sugat niya..

Pero wala Lang Ito sa pinadaanan niyang
hirap ng mga pagsubok sa training Ng Tito Leandro niya,

ang talagang makirot ay ang dibdib niya… mas matindi kaysa sa lahat.

Masakit.

Masakit lalo nang makita niyang tahimik na umiiyak si Chloe sa tabi niya.

“Stop crying,” utos niya, boses na nanginginig sa galit at kirot.

Hindi kumibo si Chloe.

“I said, stop crying!” Inihampas niya ang palad sa manibela, pilit pinipigil ang sarili.

“Damn it!” Napasigaw siya nang maramdaman ang matinding sakit sa tagiliran.

Natigil si Chloe at tinitigan siya, mata ay puno ng takot at pangamba.

“S-sa ospital tayo, Alessandro… May tama ka rin,” mahinang sabi ni Chloe,

Umiling si Alessandro, seryosong gustong dalhin si Chloe sa mansion niya.

“Alessandro!” sigaw ni Chloe, tinig na puno ng pagkabahala.

“I’m f-fine!” sagot niya, kahit ramdam na ramdam niya ang sakit sa bawat paghinga.

Ngunit maya-maya, Hindi na nito nakayanan ang sakit at iginilid ni Alessandro ang sasakyan saka sumandal sa upuan.

Sapo-sapo ang sugat sa tagiliran niya; humahalo na ang amoy ng dugo sa loob ng kotse.

Nilapitan siya ni Chloe, may matang nag-aalalang hindi maitatago.

Hindi siya kumibo, nakatingin lang Kay Chloe..

Hinawakan niya ang mukha ni Chloe, kahit puro dugo na ang bumabalot sa kanyang mga kamay.

“M-mahal kita, Chloe…” bungad niya, boses na mabigat sa sakit at damdamin.

Hindi nakasagot si Chloe. Umiling lang siya, parang natigilan.

Umiling siya Hindi dahil Hindi niya Ito Mahal, umiling siya dahil hanggang ngayon gulong Gulo parin siya..

Mapait na ngumiti si Alessandro, at pumikit.

Nanlaki ang mga mata ni Chloe, sa takot.

“Alessandro!!!?? Hoy!!!” sigaw niya, kaba at desperasyon halo halo na.

Maya-maya, nilapitan niya si Alessandro, pilit ginigising, pero sarado na ang mga mata nito.

Nag-ring ang telepono ni Alessandro.

Agad itong sinagot ni Chloe.

“H-hello?”

Isang Baritonong boses ng lalaki ang umalingawngaw sa kabilang linya..
“Anong lagay ng pamangkin ko!?”

Nabuhayan si Chloe ng loob at hindi na nag-atubiling sabihin ang lahat, at Kung nasaan na sila .

Sandali lang, sagot ng lalaki, malinaw at mabilis
“Okay. Pupuntahan namin kayo kaagad.”

Hindi nagtagal, dumating ang dalawang itim na van. Agad na inilipat si Alessandro sa isa sa mga van.

Hindi na pinayagan si Chloe na sumama. Hinarangan na siya mismo Ng Tito ni Alessandro.

Sa halip, sa kotse nito sinakay si Chloe.

At nagmaneho na..

Habang nasa byahe..

Napatingin si Leandro kay Chloe, napapangisi ito, parang may binabalak

“Ano ka ng pamangkin ko?” tanong nito boses ay mabigat at matalim.

“W-wala po…” sagot ni Chloe, nanginginig, halatang natatakot.

Iba talaga ang presensya ni Leandro—nakakatakot, parang anumang ikilos nito ay wala magandang kahihinatnan.

Napaluha si Chloe sa takot, at napalunok nang pilit..

“Ah…mm, puwede na po ako dito sa tabi…bababa na po ako...” aniya
Hindi siya pinansin ni Leandro.

Mabilis itong dumukot sa bulsa.

“Marina, may ipapadala ako sayo. Diyan—pwede itong magamit..sa casa,” malamig nitong sabi..

Bigla siyang lumingon kay Chloe.

“Si Alessandro… pamangkin ko,” ani Leandro, panimula nitong sabi
“Marami na akong sinakripisyo para maging maayos siya. Para maging matatag. Para mawala lahat ng kahinaan niya..hindi ako papayag ng dahil Lang sayo...humihina siya..”

"P-po...,!?" Kabadong tanong ni Chloe..

“Sa ngayon Kasi nakikita kong…”
Tumaas ang sulok ng labi ni Leandro, isang ngising tuso.
“Ikaw ang kahinaan niya.”

Bahagya niyang tinaas ang kamay na may hawak na baril..

Nanlaki ang mga mata ni Chloe nang makita ang baril sa kamay nito—at bago pa siya makareact, biglang inihampas Ito sa batok niya.

Bumagsak si Chloe, nawalan ng malay, habang nanatili si Leandro sa kanyang tabi, malamig at tahimik, habang nagmamaneho.

Samantala, dinala agad si Xavier sa ospital ni Marco, at agad din iniwan doon para maalagaan.

Hindi nagtagal, pinaalam rin sa pamilya ni Xavier ang nangyari. Kaagad siyang pinuntahan nang mommy niyang si Anya, daddy niyang si Javier, at kapatid niyang si Phoebe.

Sa kabutihang palad, naging maayos naman ang lahat pagkatapos ng operasyon. Unti-unti, nagkaroon ng ginhawa sa kanilang lahat, kahit pa ang takot at kaba ay nanatili sa puso nila.

Wala silang ideya kung ano ang nangyari kay Xavier.

Ayon sa report, may naghatid lamang sa kanya sa ospital at agad na umalis. Walang detalye kung sino o paano nangyari.

Sa kasalukuyan, wala pa rin siyang malay, at ang kawalan ng sagot ay nagdudulot ng pangamba sa bawat isa.

Samantala..

Si Alessandro naman ay dinala sa ibang ospital.

Nang unti-unti siyang dumilat. Napatingin siya sa paligid, puting kisame at pader ang bumungad sa kanya..

“A-asan ako!?” bulong niya, Hilo pa at nangangapa sa isip kung anong nangyari..

Walang tao sa paligid—mag-isa lamang siya sa kwartong iyon, malamig at tahimik. Ang katahimikan ay para bang pinapadama sa kanya ang kanyang pagiging mahina, at kawalan ng nagmamalasakit..

Pilit siyang bumangon, pero naramdaman niyang may pumasok sa kwarto. Napalingon siya sa pinto..

“Ah, buti naman at gising ka na...isang linggo ka ding tulog” sabi ng tinig.

Napangiti si Alessandro nang makilala si Elion. Nakapulsa si Elion, nakatitig lamang sa kanya, at sa bawat titig nito, ramdam ni Alessandro na kahit blangko Lang ang tingin nito andito Ito para dalawin at damayan siya..

Umupo si Elion sa gilid, napapangisi..

“Andun ka na, di mo pa tinuluyan…” mahina ngunit malinaw ang boses na sabi ni elion, Naiiling...

"Mahina ka talaga,” dagdag pa nito, may halong pang-aasar at pagsusukat sa lakas ni Alessandro.

Napangiti si Alessandro, pero hindi na sumagot. Ang kanyang isip ay unti-unting bumabalik sa iniwang alaala—si Chloe.

“Si… Chloe?” bulong niya kay Elion, tinig puno ng pag-aalala at pagkalito.

Bumaling si Elion, titig na titig kay Alessandro..

“Who’s Chloe?”

Chapter 28

Bumaling si Elion, titig kay Alessandro
“Who’s Chloe?” tanong nito may halo ng pagka-curious.

Sasagot pa sana si Alessandro nang biglang pumasok ang Tito niyang si Leandro sa kwarto.

Tumango lang si Leandro kay Elion, saka tumitig kay Alessandro, matalas at malamig ang mata.

“Muntik ka na,” panimula niya, boses niya ay mabigat at puno ng inis, “kung ‘di pa kami dumating, patay ka na—naubusan ka na ng du—”

“Where’s Chloe!?” bigla niyang putol sa sasabihin pa ni Leandro..

Tumitig si Leandro, matagal, bago biglang nagtanong

“Who’s Chloe?”

Umupo siya sa gilid ng kama ni Alessandro, tahimik ngunit dominanteng kilos. Kinuha ang isang apple, pinunas sa damit, at dahan-dahang kumagat habang pinapanood ang reaksiyon ni Alessandro.

Huminga nang malalim si Alessandro at napahawak sa sentido, ramdam ang bawat tibok ng puso niya.

Marahas niyang inalis ang mga karayom na nakakabit sa braso at kamay, bawat galaw puno ng sakit at pagod.

“Lalabas na ako,” malamig niyang sabi,

“Kaya mo na ba?” tanong ng Tito niya, Leandro,

Tumango lang si Alessandro, tahimik, at tumitig kay Elion na nakaupo sa tabi, hindi kumikibo..

THIRD POV..

Isang malakas na sampal ang tumama sa mukha ni Chloe mula kay Marina.

“Anong ba ang hindi mo maintindihan, ha?! Gagawin mo lang ang gusto ng customer, Chloe!” sigaw nito, boses malamig at puno ng galit.

“H-hindi ko po talaga kaya, Ma’am! Pakiusap… gusto ko nang umuwi…” nanginginig na bulong ni Chloe, halatang takot at naguguluhan.

“Hawakan niyo ‘yan!” utos ni Marina sa mga tao niya, mabilis at walang awang tono.

Agad niyang sinindihan ang sigarilyo, hinihit, buga, hinihit, buga—habang masama ang tingin kay Chloe, parang pinapadama na bawat hithit ay may kasamang banta at galit.

Nangatog si Chloe sa takot, ramdam niyang muli siyang papasuin ng sigarilyo ni Marina.

Ngunit bago pa man siya makagalaw, itinaas ng isa sa mga tauhan ni Marina ang palda niya.

Sa mismong hita niya, pinatay ang sigarilyo—at kasabay ng apoy, kinasigaw ni Chloe, ang boses na punô ng sakit at takot.

Ang paligid ay tahimik, ngunit bawat tingin kay Chloe ay puno ng pagbabanta, at ramdam niya ang kabuuang kawalan ng pag asa sa sitwasyon.

“Ibalik niyo na siya sa kwarto niya,” utos ni Marina,

“At huwag siyang pakainin hanggang bukas. Tignan natin kung di ka pa magtanda!”

Mabilis na kinaladkad si Chloe papunta sa kanyang kwarto, halos magpasa ang balat niya sa higpit ng pagkakahawak. Wala siyang nagawa nang ihagis siya sa loob—sumalpok siya sa sahig, napasinghap sa sakit.

Agad siyang gumapang paatras, sumiksik sa pinakadulong sulok ng silid na para bang kaya siyang iligtas ng pader. Nanginginig ang mga kamay niya, halos hindi makahinga.

Isang linggo na siyang nakakulong dito.
Isang linggo ng puro takot, ng bawat araw ay pakiramdam niya’y huling gabi na niya sa mundong ito.

Dito, ang mga babae ay ibinibenta—parang gamit na puwedeng pagpilian, pagnasaan.

Tatlong beses na siyang muntik magalaw ng mga parokyanong hayok.
Tatlong beses siyang muntik mawala.

At kahit nakakaligtas siya sa tuwing lumalaban siya hanggang huling paghinga—alam niyang unti-unti nang lumiliit ang tsansa niya.

Hindi niya alam kung ano ang mangyayari bukas.
Hindi niya alam kung may bukas pa nga ba para sa kanya.

Samantala...

“B-boss…!!”
Halos mabasag ang boses ni Marco sa takot habang nakikita niyang walang tigil ang pagputok ng baril ni Alessandro..

Walang awa, walang pagdadalawang-isip—
Isa-isa, binaril ni Alessandro ang mga tauhan ng Kanyang Tito Leandro na sangkot sa pagkuha sa kanya nung wala siyang Malay...

Alam niyang kasama niya si Chloe noong araw na iyon..

Pero ginigiit ng Mga Ito na wala talagang babae sa kotse niya..

Ang bawat putok, parang pagputok ng galit na matagal nang kumukulo sa loob niya.

Nakaluhod ang mga natitirang buhay, nanginginig, pero kahit nakatutok na ang baril ni Alessandro sa kanilang sentido… wala pa ring umaamin.

“Nasaan Yung Babaeng kasama ko?”
Mababa ang boses niya, nanginginig sa galit.

Pero iisa ang sinasabi ng mga ito—
Isinuksok niya ang telepono sa bulsa, inayos ang kuwelyo ng kanyang coat, at mabagal na lumakad palabas ng kwarto—tila sobrang sarap ng lihim na alam niyang hawak niya.

Samantala…

Nagising si Chloe sa loob ng kanyang kwarto, sobrang Sama ng pakiramdam, para Siyang nilalagnat.

hubad, parang pag katapos siyang kunin Doon ibinalik nalang siya basta basta dito Pagkatapos gamitin ..

Hirap siyang gumalaw, pero ramdam pa rin ang bigat ng karanasan sa kanyang katawan—isang halo ng pagod, kaba, at hindi maipaliwanag na damdamin.

“Alessandro…” may luhang, bulong niya sa sarili.
Hindi galit, hindi rin takot—parang may kakaibang pag-unawa sa nangyari..

Napangiti siya, kahit na halos hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman.
Ramdam niya pa rin ang mga haplos ng lalaki sa katawan niya..

Dahan-dahang tumayo si Chloe at humarap sa salamin.
Hinawakan niya ang leeg at dibdib niya—pulang-pula, ramdam ang init, at parang sinusuri ang sarili.

Para bang sinusubukan niyang unawain ang sarili niyang damdamin, at ang epekto ng presensya ni Alessandro sa kanya.

ALESSANDRO MANSION..

Pagkarating sa kanyang mansyon, agad nagtanong si Alessandro sa mga tauhan niyang inutusan niyang hanapin si Chloe.

“Boss… p-pasensya na po… wala pa pong lead…”
Takot ang tingin nila kay Alessandro, halatang nanginginig sa kaba.

Sumama ang tingin ni Alessandro—malamig, mabigat, at tila sinusukat ang bawat pagkilos ng tauhan.
Hindi nagtagal, tinawag niya si Marco.

Takot na takot si Marco ayaw lumalapit.

“Bakit ayaw mong lumapit?!”
Nanlalaki ang mata ni Alessandro, galit ang tingin.

“Ehh… kasi bos—”
Hindi na niya natapos ang sasabihin.
Hinila siya ni Alessandro palapit, at sa isang mahinang bulong, nag-utos:

“Manmanan mo ang Tito ko, pati yung Marina. Kumuha ka ng bagong tauhan. I-monitor mo lahat.”

Parang wala nang tiwala si Alessandro sa mga tauhan niya ngayon.
May kutob siya, isang matinding hinala

si Chloe ay itinatago lamang sa kanya.
Ang bawat hakbang, bawat galaw ng mga tauhan niya, ay tila may kasamang lihim.

Agad Naman nakuha ni Marco ang nais ng amo... Mayamaya may isa pang tauhan ang lumapit..

“Boss, si Sir Elion po nasa labas…” sabi nito, halatang nag-aalala, habang tinitingnan si Alessandro na tila langoo na naman.

Bago pa nakapagsalita si Alessandro, pumasok si Elion sa mansion.
Napatingin siya kay Alessandro, at sa lamesa nitong may droga at alak .

mata sa mata.

Sa isang iglap, tumalikod siya, kumuha ng upuan—hindi para umupo—kundi para ihampas ito sa babasaging lamesa ng sofa ni Alessandro.

Malakas itong inihampas ni elion, nabali pa ang paa ng upuan..

Sa lakas ng pagkakahampas..

Tumayo si Alessandro napamura..

“WHAT THE FU—”

Hindi na niya natapos ang sasabihin—bigla siyang sinuntok ng malakas si Elion sa panga..

Natumba si Alessandro sa sahig.

Habang susugod sana ang mga tauhan niya, sumenyas si Alessandro at pinahinto sila.

Tahimik lang ang buong sala, puno ng tensyon, bawat isa ay nakatingin, nag-aalangan.

Hindi nagpatinag si Elion.
Kinuwelyuhan niya ang kaibigang si Alessandro at itinayo at isinandal sa pader.

“Ayusin mo ang sarili mo, Alessandro!”

Malakas at mariin ang boses, puno ng galit at autoridad, na halos bumangga sa bawat sulok ng kwarto.

Chapter 35

Galit na galit si Elion, ang bawat salita niya parang hampas sa paligid.

Napakurap si Alessandro, alam niya agad kung ano ang tinutukoy.
Ang galit ni Elion ay nakatuon sa paggamit niya ng droga—isang bagay na alam niyang mali, ngunit nagawa niya pa rin sa kabila ng babala.

“Huwag mong sabihin na gagayahin mo din ang ama mo!”
Malakas at mariin ang boses ni Elion, puno ng babala at galit.

“Tigilan mo na, Alessandro!"

Halos pumunit ang salita, tumatama sa bawat pandinig ni Alessandro.
Nakaramdam siya ng sa galit sa sarili—

Si Alessandro, bagaman nagulat, nanatiling nakatitig—ang mata niya ay halo ang pagkabigla, at kaunting pagkatakot.

Sa loob, alam niya: kailangan niyang magbago, o baka tuluyan siyang mawala..

Ngumisi si Alessandro, ngunit kaagad siyang sinuntok ni Elion.
Isa, dalawa, tatlo—maraming beses.

Walang nagpatigil o umawat; puro galit at disiplina ang bawat suntok ni Elion.
Hindi lumaban si Alessandro. Tinanggap niya ang bawat suntok, hindi dahil mahina siya, kundi dahil gusto niyang magising—gusto niyang maramdaman ang bigat ng katotohanan at pangangailangan ng pagbabago.

Sa bawat suntok, naramdaman niya ang init, sakit, at galit—lahat naghalo sa kanyang dibdib.
Parang sinasabi ng katawan niya sa isip: Oras na para magising. Oras na para kumilos. Oras na para humarap sa sarili mo.

At kahit na halos bumagsak siya sa pagod at sakit, may apoy sa mga mata niya—

Matapos ang huling suntok, huminga si Alessandro nang malalim, bahagyang nauupo sa gilid ng sofa.
Nanatili si Elion sa harap niya, ang katawan puno ng galit, ngunit halata rin ang pag-aalala at disiplina.

“Alessandro, ayokong ng kaibigan na adik....kaya umayos kana..” mahinang wika ni Elion, Habang nag lalabas ng sigarilyo at nanigarilyo sa harap ni alessandro,

Tumango si Alessandro, halos hindi makapagsalita. Ramdam niya ang init ng galit at pag-aalala sa boses ng kaibigan.

“Kailangan mong tigilan ang droga. Hindi ito laro. Hindi ito simpleng bisyo na puwede mong balewalain. Kung magpapatuloy ka… mawawala ka sa sarili mo. At mawawala ang respeto sa’yo—hindi lang sa ako, kundi sa lahat sa paligid mo.”

Huminga si Alessandro, ramdam ang bigat ng bawat salita.
Hindi na niya sinabi ang anumang paliwanag o dahilan—sa loob niya, alam niya ang katotohanan.

“kapag Hindi mo Inayos ang sarili mo, ako mismo papatay sayo....Alessandro."

Tumayo si Elion, tahimik ngunit malakas ang presensya.
Ang bawat galaw niya ay paalala na ang galit ay may hangganan, ngunit ang pagmamalasakit ay mas matindi pa.

Katahimikan ang lumipas

“Patingin ako ng larawan ni Chloe… baka makatulong ako sa paghahanap,”mayamayang wika ni Elion, malinaw ang intensyon at halatang nais makatulong..

Tumango si Alessandro, tumayo, at maingat na naglakad.
Sinundan siya ni Elion, tahimik at nakatutok sa bawat galaw ng kaibigan.

Dinala siya ni Alessandro sa kwarto, saka sa isa pang kwarto..

Pagdating sa isa pang kwarto, napangisi si Elion nang mapansin ang malaking larawan na nakapaskil sa pader.

Ito ay isang painting ni Chloe na obra ni Alessandro—detalyado, buhay na buhay, at puno ng damdamin.

Huminto si Elion at tumitig sa painting, ramdam ang paghanga sa galing Ng kaibigan.

Sa isang iglap, naintindihan niya kung bakit ganito ang dedikasyon ni Alessandro—lahat ng talento, emosyon, at oras ay nakatuon sa mga bagay na mahal niya, at marahil, sa babaeng iyon.

“Mukhang seryoso ka talaga siya sa kanya…” kumento ni Elion, napangisi..

Kinabukasan, dumating sa mansion ni Alessandro ang inutusan ni Marina.
Magpanggap itong babae na diumano’y kasama sa selebrasyon ng kaarawan ni Alessandro—isang pagpapanggap na malinaw ang layunin.

Nakatitig si Alessandro sa babae.
Kilala niya ang aura, ang kilos, at ang presensya—pero sa bawat galaw, ramdam niya sa sarili

“Hindi siya ’yun…”

—malinaw na peke ang buong palabas.
Tahimik siyang tumalikod at sumenyas sa tauhan na kasama niya, na may dalang ilang bugkos ng pera bilang kabayaran.

Ang babae, bagaman maayos ang pagganap...

Napangiwing tinanggap ang Pera..umaasa pa kasi Ito na mas may higit pang mangyayari...

Lumipas ang apat na buwan...

Si Chloe ay nanatiling nasa poder ni Marina, at malinaw na sobrang husay ni Leandro sa pagtatago.
Kahit anong gawin ni Alessandro, tila palaging may limitasyon—

Sa kasalukuyan, abala si Chloe sa paglalaba. Masakit na ang kanyang mga kamay at balakang sa

patuloy na pag kukusot at nagugutom na rin.
Habang nakayuko siya sa mga basang damit, lumapit sa kanya ang tatlong buwan ng tauhan ni Marina.

Si Kuya Leo.

May iniabot ito kay Chloe.
“Dalawang pirasong saging… Kumain ka muna,” nakangiting sabi niya, tahimik ngunit may halong kabaitan.

Nag-alangan si Chloe, pero ramdam ang sinseridad sa mga mata ni Leo.
Dahan-dahan niyang tinanggap ang pagkain, at agad itong kinain—kahit simple, ramdam niya ang kaunting ginhawa sa gutom at pagod.

Napatingin si Leo kay Chloe.
Halos ramdam niya ang lungkot at hirap na dinadala nito—ang pagod, gutom, at ang bahagyang umbok ng tiyan ni Chloe.

Buntis Ito...

Walang nakakaalam tungkol sa sitwasyon—maliban sa kanila...

Kahit ang boss nilang si Leandro ay walang ideya.

Malinaw na may kababayan si Marina sa pag-aalaga sa mga alaga niya,

Kung malalaman ni Leandro ang nangyari, malilintikan s marina—lalo na’t lahat ng alaga ni Marina ay umiinom ng pills na iniinom bilang bahagi ng kontrol na nakalimutan niyang ipainum Kay Chloe nung araw na Yun..

Muntik na ngang ipalaglag ni Marina ang sanggol, ngunit sa awa ni Leo dahil sa walang humpay na pag iyak ni Chloe at pakikiusap na Huwag ipalaglag ang anak sa sinapupunan ay naawa siya..

Ginamit niya ang pagkahumaling ni marina sa kanya para matulungan ang babaeng si Chloe napakiusapan niya ang kanyang amo, kapalit ang pakikipag relasyon Dito..

Hindi lang din dahil sa kabutihan—may kapatid din kasi siyang babae na ka edad ni Chloe,
Naaawa siya kahit hindi Naman dapat..

Sa mata ni Leo, si Chloe ay hindi lang isang tauhan ni Marina—isang buhay na nangangailangan ng proteksyon, at kahit simpleng kabaitan ang kanyang maibigay, gagawin niya.

Dumating ang gabi.
Katatapos lang ni Chloe sa kanyang gawain, pagod at gutom, at ramdam na rin niya ang bigat ng kanyang katawan.
Buntis siya, at bawat hakbang ay mas mahirap kaysa dati—pero kailangan niyang magpatuloy.

Dahil sa sipag at kakayahan niya, unti-unti nang ginawang katulong sa casa ni Marina—isang paraan para maging kapaki-pakinabang, ngunit puno rin ng panganib.

Tuwing dumadalaw si Leandro, palaging may tensyon.

Agad siyang itinatago sa bodega—ang maliit at madilim na silid na naging pansamantalang taguan niya.

Dito, may kaunting kalayaan siyang huminga, kahit panandalian lang, ngunit ramdam niya ang bigat ng bawat araw—ang panganib para sa kanya at sa sanggol, at ang pangangailangan na maging maingat sa bawat galaw.

Hinawakan niya ang tiyan niya at napatingin sa bintana, ramdam ang maliit na kilos ng sanggol sa loob. Parang may paunang babala at pangako—isang munting paalala na kailangan niyang maging matatag, hindi lang para sa sarili niya kundi para sa bagong buhay na dala niya.

Sa bodega, tahimik siya, iniisip ang susunod na hakbang: paano manatiling ligtas, paano maprotektahan ang sarili at ang sanggol, at paano maghahanap ng pag-asa sa kabila ng panganib at lihim na sitwasyon niya.

Chapter 36

Si Marina kabadong kausap sa cellphone ang among si Master Leandro, nakakaramdam ng takot dahil sa nagawang kapabayaan na takot mabisto ng amo...

“Asan na ang babaeng si Chloe?” tanong ni leandro..

“Matagal na siyang patay....nagkasakit po... master leandro.”diretchong pagsisinungaling ni marina..

Napangisi si Leandro.

Si Marina na pilit pinagtatakpan ang kapalpakan, ang kapalpakan na hindi napainom si Chloe ng pills ng araw na yun—ang pagkukulang niya na nagbunga...

"Good.." Yun Lang ang sinabi ni Leandro at pinatay ang tawag..

Sa isipan ni Leandro, isang lihim na ngiti ang sumilay. Kahit anong gawin ng kanyang pamangkin, hindi na mahanap si Chloe. Matagal na palang inuuod ang babae ng pamangkin niya…

Ibinulsa ni Leandro ang kanyang cellphone at tumitig sa hagdan, sa direksyon ng pamangkin niyang pababa ng hagdan.

“Anong sinadya mo dito?” malamig ang tinig ni Alessandro..

“Gusto kitang yayain, Alessandro. Tara, labas tayo.”

Ngunit blangko ang Mata ni Alessandro..

“Next time na lang. Busy pa ako,” sagot niya, nanatiling nakatitig kay leandro.

“Fine,” sagot ni Leandro sa loob ng loob, habang tumatango. “Sige, aalis na ako. Basta pag kailangan mo ng kainuman, andito lang ang Tito mong si Leandro.”

Sa loob ni Alessandro, isang kakaibang galit ang kumikilos—gigil at init na hindi kayang itago.

Pag-alis ni Leandro, tinawag niya ang kanyang tapat na driver slash Kanang kamay si Marco.

“Marco…”

“Boss?” sagot nito, nakatingin sa kanya nang may paghihintay.

Napipikon si Alessandro. Maliwanag sa kanyang mga mata ang galit na matagal nang nakabaon.

“Leandro’s bar in Quezon City… make sure it doesn’t exist by morning.” Utos niya kay Marco, habang ang tingin niya ay malamig at masama,

“Set it on fire. I want nothing left but ashes.”

nakatuon sa labas ng mansion kung saan lumabas ang tito niya, walang kamalay-malay sa kapalaran na nakatadhana sa isang negosyo nito..

Nagliyab ang mga mata ni Alessandro, Sa galit..

Ang bawat paghinga niya ay mabigat, puno ng hinahawakang poot na handa nang kumawala.

Sa loob ng kanyang isipan, parang bagyong nagwawala ang mga plano—mapanira, mapanganib, at tiyak.

“*Kung mapatunayan ko lang na may kinalaman ka sa pagkawala ni Chloe…”* bulong niya, halos garalgal sa galit.

“…humanda ka, Leandro.”

Kumislot ang panga niya halatang nag pipigil..

“Sisiguraduhin kong mararamdaman mo ang sakit na paulit-ulit kong nararanasan.”

Hindi na ito boses ng pamangkin—kundi ng isang lalaking handang itapon ang lahat para sa katotohanan.

Naglakad siya, mabagal, ngunit puno ng determinasyon...

“Susunugin ko lahat ng mahalaga sa’yo…”
Nagdidilim ang ekspresyon niya—walang awa, walang alinlangan.

“…isa-isa. Hanggang wala nang matira sayo.”

At sa likod ng kanyang tinig, may umuusbong na ngisi.

Isang ngisi ng taong hindi na takot gumawa ng masama.

“Ito ang simula, Tito Leandro…”

“…ng pagbagsak mo.”

Samantala…

Naiiyak na napaupo si Chloe sa gilid ng kama, halos wala na siyang lakas.
Gutom na gutom na siya—ramdam niya ang pagkirot ng sikmura, ang paghapdi ng walang laman na tiyan. Ilang oras na siyang hindi kumakain… at wala nang natira kahit isang pirasong pagkain sa maliit na

kusina ng casa.

Dahan-dahan niyang hinaplos ang tiyan niya, na mas lumaki na kaysa dati.
Doon siya humugot ng lakas.
Doon siya kumakapit.

Ang anak nila ni Alessandro..

“*Kaya pa natin… konti nalang…”* bulong ni Chloe, kahit nanginginig ang boses.

Ngunit bago pa niya maidikit muli ang likod sa headboard, may mahina siyang narinig mula sa labas—mga yabag. Mabilis, tiyak, papalapit.

Napatayo siya kahit nanlalambot.
Hinawakan ang gilid ng kama para hindi matumba.

Si Marina.

Pagkapasok ng babae, tumigil ito sandali, saka dahan-dahang tiningnan si Chloe mula ulo hanggang paa.
May ngising unti-unting sumilay sa kanyang labi—ngiting hindi mabuti.

Lumapit siya nang mabagal, tila tinatamasa ang bawat hakbang patungo sa isang taong hindi makalaban.

“Alam ko na,” bulong ni Marina, at bumaba ang tingin nito sa tiyan ni Chloe.
“Kung ano ang gagawin ko sa sanggol mo, pagkasilang.”

Napasinghap si Chloe, napahawak nang mahigpit sa sariling tiyan.

“Ibebenta ko na lang pala.”
Lalong lumawak ang ngiti ni Marina, malamig at walang anumang bakas ng konsensya.
“Magkakapera pa ako.”

Parang biglang nawala ang hangin sa dibdib ni Chloe.
Parang tinanggalan siya ng mundo, ng pag-asa.

“Hindi… hindi mo puwedeng—”

Isang malakas na sampal ang dumapo sa pisngi ni Chloe—

hindi lang malakas, kundi may buong pwersang may halong galit at paghamak.
Napasubsob siya sa kama, at kasunod noon ay ang pagtilamsik ng dugo mula sa kanyang nguso.
Sumasakit ang ilalim ng panga niya, nanginginig ang buong katawan.

Hindi pa siya nakakabawi nang sunggaban agad ni Marina ang buhok niya.

“’Wag kang mag-inarte!” sigaw nito, sabunot na halos punitin ang anit niya.

Napapikit si Chloe, pero imbes na hawakan ang kamay ni Marina para maalis ang sabunot,
sa tiyan niya napunta ang dalawang kamay niya—
mahigpit, desperado, nanginginig.

Pinoprotektahan ang sanggol.
Pinoprotektahan ang nag-iisa niyang pag-asa.

“Please… aaah… tama na…” hikbi niya, ngunit ang luha niya ay tuloy-tuloy, parang hindi na mauubos.

Habang hinihila siya ni Marina, parang mababali ang likod niya sa sakit.
Napupuno ng luha ang kanyang mukha, nilalasap ang takot at panghihina nang—

Biglang bumukas ang pinto.

“honey itigil mo nga yan!”

Si Kuya Leo ang dumating.
Matangkad, malaki ang katawan, at halatang galing sa labas.
Agad niyang nilapitan si Marina at niyakap ito mula sa likod, iniiwas kay Chloe.

“Ano na naman ba ’yan, hon?” bulong ni Leo, tila pilit na iniiwas Siya Kay Chloe.

Hinaplos niya ang braso ni Marina, saka siya dinampiang halik sa pisngi, parang pag-aalo sa isang batang nagtatampo.

“Halika na sa kwarto…” dagdag niya, mahina ang tono.

Hindi dahil gusto niyang bitbitin si Marina palayo para ipagtanggol ito—
kundi dahil ayaw na niyang tumuloy pa ang pananakit kay Chloe.
Naaawa siya.
Nakikita niyang sobra na.

Napakunot ang noo ni Marina, pero malinaw na lumambot ang balikat nito nang maramdaman ang yakap ni Leo.

Dahan-dahan niya itong sinunod, binitiwan ang sabunot at umatras.

Tumayo si Chloe, nanginginig, Sapo sapo pa rin ang tiyan, hingal na parang nilamon ng bagyo.

Habang papalabas sina Leo at Marina, tumingin si Leo kay Chloe—
isang mabilis, tahimik, at mahinahong tingin na may halong pag-aalala.

Parang gusto niyang sabihin: “Pasensya na… hindi ko puwedeng ipakita, pero hindi ko gusto ang ginagawa niya sa’yo.”

At saka niya isinara ang pinto.

Iniwan si Chloe na nanginginig sa gitna ng kwarto, mahigpit pa ring nakayakap sa tiyan niya…

At sa wakas, nang sila na lang ang natira sa katahimikan, pagod siyang Napasandal, gutom at nanghihina..

Lumipas ang tatlumpung minuto.

Tahimik ang buong kwarto, tanging mahinang paghikbi ni Chloe at ang mabilis niyang paghinga ang naririnig. Nakaupo siya sa gilid ng kama, yakap ang tiyan, pilit pinapakalma ang sarili matapos ang sakit at takot na pinagdaanan.

Konting lakas pa… para sa anak ko…
Yun lang ang paulit-ulit sa isip niya.

Hanggang sa biglang—

Bumukas ang pinto.

Napatigil si Chloe. Napalingon siya, agad na naghigpit ang pagkakayakap niya sa tiyan—handa sa kung ano man ang susunod.

Si Kuya Leo ang lumitaw.

Topless siya, halatang galing sa lambingan; namumula pa ang balat sa dibdib, at may bahid ng pagod sa mga mata. Ngunit hindi siya mukhang galit.

Tahimik siyang lumapit, mabagal, bitbit ang isang malaking balot na plastik.

Huminto si Leo sa tapat niya.
Hindi siya tumingin sa mata ni Chloe nang matagal—sandaling sulyap lang, sapat para ipakita ang bagay na hindi niya kayang sabihin nang malakas.

Inabot niya ang plastik.

“Gamitin mo.”

Isang simpleng utos na hindi niya alam kung tulong ba iyon, awa, o paraan ni Leo para mabawasan ang konsensya niya.

Bago pa siya makapagsalita, tumalikod si Leo at lumabas ng kwarto, marahang isinara ang pinto—

Pagkakasara ng pinto, tumingin si Chloe sa plastik na nasa kamay niya.

Mabigat iyon…

Marahan niyang binuksan ang balot..

napasinghap siya.

Halos mas lalo siyang napaiyak nang makita ang laman.
Puro daster.
Malalambot, malilinis, at iisang tingin pa lang ay halatang para talaga sa isang buntis—maluwang, komportable, hindi masikip sa tiyan. Hindi katulad ng suot niya Ngayong sobrang sikip

Sa gilid ng plastik, may ilang balot ng biscuit,
isang supot ng tinapay,
at dalawang kahon ng gatas—hindi mamahalin, pero sapat para punan ang kumakalam niyang tiyan.

Napatakip siya sa bibig, pigil ang paghikbi.
Hindi niya alam kung kailan huling may nag-abot sa kanya ng kahit ano nang walang galit, walang pananakot, walang kapalit.

Dahan-dahan niyang hinaplos ang daster, parang kumakapit sa munting kabutihang dumating sa gitna ng impiyernong kinalalagyan niya.

Napangiti siya—isang maliit, mahina, ngunit totoo at galing sa puso.

At mahina, halos bulong lang, umusal siya:

“Salamat po… kuya Leo…”

Parang dasal, parang piraso ng pag-asa.
At sa unang pagkakataon matapos ang napakaraming takot,
may init na bumalik sa dibdib niya—
hindi galing sa sakit, kundi sa pag-asang hindi pala siya lubusang nag-iisa.

Chapter 37

Nakahiga si Chloe sa gilid ng kama, hawak ang tiyan niya, Masakit ang likod niya, makirot dahil hanggang ngayon sa kanya parin nakatoka ang paglalaba.

Hindi niya alam kung ilang buwan na ang lumipas, pero ramdam niya na ang pag laki na nang tiyan niya at mabigat na, ang balakang niya ngalay na ngalay na—tila ba may mabigat na mundo na nakadagdag sa kanyang katawan.

Biglang bumukas ang pinto, at pumasok si Marina.

“Ano? Pahiga-higa ka lang? Kumilos ka!” utos nito, malamig, walang pakundangan.

Si Chloe, nanginginig, pilit na bumangon.
Bawat hakbang ay may kasamang kirot, bawat galaw ay pahirap sa kanya.

Ngunit kailangan niyang sumunod—para sa sanggol sa loob niya, at para hindi mas lalong magalit si Marina.

Hirap na hirap siyang tumayo, ang kamay sa likod, dahan-dahang umunat para maibalanse ang mabigat na tiyan.
Pilit na iniayos ang sarili sa kama, habang ang luha ay tahimik na dumadaloy sa pisngi niya—takot, sakit, at panghihina sa halong determinasyon na protektahan ang anak.

Si Marina ay nakatitig sa kanya, mata malamig ngunit may bahid ng kayabangan—isang paalala na wala siyang pagpipilian sa sitwasyong ito.

Si Chloe huminga nang malalim, pinipilit kalmahin ang sarili.
Kaya ko ito… para sa anak ko… kahit gaano kasakit… kahit gaano kalupit si Marina…

Si Leo ay nakatayo sa tabi ni Marina, hawak pa ang braso nito na para bang sinusuyo.
May lambing sa boses niya, pero ang mga mata niya ay nakatitig sa buntis na si Chloe—puno ng pag-aalala.

“Hon…” sabi ni Leo, marahang hinihimas ang balikat ni Marina,
“’di ba balak mo pang ibenta ang anak n’yan? Hindi ba dapat… magaan ang pinapagawa mo?”

Tumingin si Marina, nakakunot ang noo, hindi agad nakasagot.
Nagpatuloy si Leo, dumudulas ang boses sa pagitan ng paglalambing at pangangatwiran

“Katulad ng paghuhugas ng plato…
hindi ‘yung paglalaba, o pagbubuhat…
Baka kasi… makunan.”
Medyo tumigil siya, tinitingnan si Chloe na hirap na hirap tumayo.
“Sayang naman ang baby, ‘di ba?”

Kahit lambing ang tono ni Leo, ramdam ni Chloe ang tahimik na pagprotekta.
Para bang bawat salitang malumanay ay may nakatagong mensaheng iligtas siya.

Napaisip si Marina.
Tumingin sa tiyan ni Chloe,
May halong inis at pagdududa ang mukha niya.

“Kapag hindi healthy ang baby,” dagdag pa ni Leo, mababa ang boses, “baka walang bumili.”

Doon tunay na napahinto si Marina.
Para bang doon lang tumama ang lohika sa utak niya.
Ubusan ng pera ang nangyari sa kanila nitong mga araw… at kung may chance kumita, hindi siya papayag na mawala iyon.

Napatikhim si Chloe, pilit nananatiling tahimik, pero ramdam niya ang bigat ng sitwasyon.
At si Leo… nananatiling nakatingin sa kanya, isang tingin na nagsasabing:

Magtiis ka muna. May niluluto akong plano.

Sa loob-loob ni Leo, tumitibok ang isang desisyong lihim:
patatakasin si Chloe Pagkatapos niya manganak, Hindi pwede Ngayon..
Baka Hindi kayanin..

Dahil ngayon pa lang, hirap na hirap na itong maglakad…

Paano pa kaya kung tatakbo?

Kailangan niyang gawin ang plano sa tamang oras, bago pa man maging huli ang lahat.

LEANDRO'S MANSION'S

Inis na inis si Leandro agad na Ibinato ang baso ng alak sa sahig.
Nagkalat ang bubog, tumalsik ang likidong pulang-pula—parang dugo na kumalat sa marmol.

Napasandal siya sa swivel chair niya, malalim ang paghinga, halos nanginginig ang panga sa sobrang galit.

Apat na araw.
Apat na araw nang sunod-sunod na nauubos ang mga negosyo niya—
mga bar, mga casa, isa sa mga lihim niyang pinagkukunan ng pera at impluwensya.

Apat na araw nang may nasusunog…
Apat na araw nang walang makapagturo kung sino ang may gawa.

“Putang ina naman!” sigaw niya, sinuntok ang lamesa niya.
Halos matuklap ang balat ng kamao niya, pero hindi iyon ang iniinda niya.

Kada bagong araw, may tumatawag.
Kada tawag, may isa na namang establisyemento niyang tinutupok ng apoy.
At ang mas ikinababaliw niya—

walang CCTV.
Walang saksi.
Walang bakas.

Walang kahit anong kaluluwa na makapagturo kung sino ang umatake.

“Hindi ito aksidente…” bulong niya, mas mahina pero mas mapanganib.
“Hindi rin ito simple lang na kaaway…”

Sumandal siya ulit, pilit pinapakalma ang sarili, pero lalong tumitindi ang kaba sa loob niya.

May isang tao lamang na gumagalaw nang ganito

Hindi kaya… ang dati kong alaga ay dragon na ngayon?”

Pabulong lang ang sabi ni Leandro, pero ang bawat titik ay parang lason na gumapang sa hangin.

Binalibag niya ang bagong basong sinalinan niya ng alak; nagkalat ang bubog sa sahig, kasabay ng malalim niyang buntong?hiningang puno ng poot at pag?aalab ng hinala.

Alessandro.

Napahiga siya sa swivel chair, pinagmamasdan ang kisame habang umiikot sa ulo niya ang galit na hindi na niya mapigilan.

“Alessandro…”
Napangisi siya, pero malamig. Mapanganib.

“Ganyan ba ang natutunan mo matapos kitang alagaan? Ganyan ang kapalit? Wala ka talagang utang na loob.”

Tumaas ang isang sulok ng labi niya—hindi ngiti, kundi banta.
Hindi niya alam kung mas naiinis siya dahil sa pag-atake…

o dahil nagawa ni Alessandro na banggain ang imperyo niya na para bang wala itong takot.

SAMANTALA

Si Alessandro ay kasalukuyang nasa hideout ni Elijah—isang lugar na sobrang tago, sobrang lihim, na para bang tinanggal na sa mismong mapa.

A fortress carved out of shadows and silence.

Isang lugar na walang makakahanap… maliban na lang kung gugustuhin iyon ni Elijah.

Concrete walls thick enough to swallow sound.
Metal doors sealed with codes only Elijah and Elion knew.

Cameras in every corner, but the lights were dim—intentionally.

Here, secrets didn’t escape.

People didn’t escape.

Alessandro sat on the leather couch, elbows on his knees, eyes burning with quiet fury.

Inihagis ni Elijah ang isang bottled water at tamad na ngumisi.

“Walang makakatrace sa’yo rito,” sabi niya. “Hindi si Leandro. Hindi mga tao niya. Hindi kahit mga bubwit na binabayaran niya.”

Si Elion, tahimik pa rin sa sulok, bahagyang tumingin.
Isang tango—kumpirmasyon na kahit sino sa labas, wala silang ideya kung nasaan ang halimaw na pinakakatakutan nila.

Mas lumalim ang ngisi ni Elijah.

“Perpektong lugar para sunugin ang buong imperyo ng isang tao, hindi ba?”

Tumayo si Alessandro mula sa leather couch, dahan-dahan pero may aura ng galit na hindi kayang itago.
Pinagmamasdan niya ang mga mapa at litrato ng mga negosyo ni Leandro na nakakalat sa mesa.

Ang mga mata niya ay nagliliyab, malamig, parang apoy na handang lamunin ang lahat ng nakaharang sa kanya.

“Yeah..,” wika niya, mababa at malamig, halos bulong, “But I’m not just burning his bars and brothels…”

Tumigil siya sandali, nilingon sina Elijah at Elion.
“I’m going to take everything he values. One by one. Until there’s nothing left for him to stand on.”

“That’s what I wanted to hear,” elijah said, lifting his glass lazily.

“Now that’s the monster Leandro never saw coming.”

Si Elion, tahimik, tumango lang, alam niyang ang plano ay malinis, epektibo, at walang puwang para sa pagkakamali.

Alessandro was no longer the young man Leandro thought he could control.
He wasn’t a pawn, nor a nephew to be underestimated.

“Alessandro… what’s the next one you want burned?” tanong ni Elijah, nakasandal sa dingding, hawak ang isang basong alak sa kamay ng isang mamamatay-tao.

Sa gitna ng kwarto, nakaupo si Alessandro, nakadungaw lang sa mapa ng mga negosyo ni Leandro na nakakalat sa mesa. Isa-isa niyang tinutukan ng marker ang mga lokasyon na gusto niyang mawala sa mundo.

“’Yung una..” biglang sabat ni Elijah

“halos pumalpak dahil sa katangahan nung Marco. Ilang segundo na lang, mabubuking na.”

Napailing si Alessandro, bahagyang ngumisi.
Isang ngiti na walang init—puros bangis.

“Buti na lang,” dugtong ni Elijah sabay baling Kay elion, “madaling naitawid ni elion ang gulo. Kung

hindi… baka kalaban mo narin pati pulis.”

Umupo si Elijah sa harap ng mesa,
Sumimsim siya ng alak… at doon lumitaw ang tunay na ngisi—matalim, mapanganib, nakakaasar sa sinumang pagtitripan nila.

“So…”

He leaned closer..

“…which one of these do you want reduced to ashes tonight?”

Chapter 38

CHLOE POV...

Nagulat ako nang maramdaman ko ang bahagyang tapik sa braso ko.
Paglingon ko, si Kuya Leo-may iniabot na nakatiklop na pera, pasimpleng itinulak sa palad ko na para bang bawal makita ng kahit sino.

"P-para saan po 'to, Kuya Leo?" tanong ko, mahina ang boses.
Takot. Pagkalito. Pero may halong pag-asa.

Tumango lang siya, seryoso ang tingin, pero may pag aalalang makikita
.
"Itabi mo. Kakailanganin mo 'yan."
Sabay ngiti. Yung ngiting tipid pero totoo

"Sa-salamat po..." halos pabulong ko, nanginginig pa ang kamay ko sa pagtanggap ng pera.

Sandali siyang tumingin sa tiyan ko, tapos sa mukha ko.
"Kumain ka na ba?" tanong niya. "Alam ko, ang buntis... gutumin daw 'yan."

Napangiti ako nang bigla siyang may hinugot mula sa bulsa.
Isang bar ng tsokolate.
Nakabalot pa nang maayos.

"Galing 'yan sa kapatid ko," sabi niya, medyo proud. "Kaka-uwi lang galing Saudi. Sabi niya ipamigay ko raw sa mababait."

Matatawa sana ako, may sasabihin pa sana,

"Sala-"

Pero napatigil ako nang mapansin ko ang matulis, masamang tingin ni Marina habang palapit siyang naglalakad.

Parang nanlamig ang buong katawan ko.

Agad kong tinago ang tsokolate sa likod, halos mabilaukan sa kaba.
Alam kong hindi maganda ang mangyayari kapag nakita niya iyon.

Napansin iyon ni Kuya Leo.
Sa bilis ng reaksyon niya, agad siyang humarap kay Marina-
parang tinakpan niya ang hangin sa pagitan namin.

"Babe, kanina pa kita hinahanap. Miss na kita agad."
May ngiti sa labi, may lambing sa boses-pero ramdam kong scripted, ginawa para mailayo ang atensyon kay Marina.

"May pasalubong ako sa'yo..." dagdag niya, habang inaabot ang maliit na supot na nakahanda pala talaga sa bulsa.

Si Marina, na kanina ay nakasimangot at mukhang mananakit na Naman
ay biglang nag-iba ang aura-
naging mapang-akit ang ngiti,
nagbago ang tono ng boses,
at lumambot ang mukha.

Parang mantikang natunaw sa init ng lambing ni Leo.

"Aww, babe..." malambing nitong sabi, hawak agad ang braso ni Leo.

At habang abala siya sa pagkikiss kay Leo,
ako naman ay tahimik na huminga nang malalim,
pinipigil ang luha.

Hindi dahil sa takot-kundi dahil may isang tao palang handang iligtas ako sa gitna ng impyerno.

THIRD POV..

"Alessandro!!"

Dagundong ang boses ni Leandro pagkapasok sa mansion, sinabayan ng yabag ng mga tauhang kasama niya. Parang umalingawngaw sa buong bulwagan ang galit nito.

Agad niyang sinunggaban ang kwelyo ng isa sa mga tauhan ni Alessandro sa gilid, halos iangat ito sa sahig.
"Asan ang magaling kong paman-"

Hindi na niya natapos ang sasabihin.

Mula sa itaas ng hagdan, marahang bumaba si Alessandro-kalmado at may ngising nakakainis sa sinumang hindi sanay.

"Tito Leandro," aniya, hindi nawawala ang mapanuksong kurba ng labi.
"Andito ako. May problema ba?"

Huminto ang lahat.
Tahimik ang tauhan.
Pero ramdam ang tensyong parang apoy na sasabog anumang segundo.

Nag-angat ng tingin si Leandro,
Naglakad itong mabigat papalapit kay Alessandro, halos manginig ang panga sa inis.

"Huwag mo 'kong subukan, Alessandro," mariin nitong sabi, halos pabulong pero nakakatakot.

At doon lalo pang lumapad ang ngiti ni Alessandro, tila ba natutuwa sa banta.

"Tito..."
Isinuksok niya ang kamay sa bulsa, bahagyang yumuko saka tumitig sa Tito niya..

"Ano na Naman bang ginawa ko...?"

Umakyat ang ugat sa sentido ni Leandro habang nakatitig Kay alessandro..

"Huwag mo 'kong ginagago, Alessandro."
Matigas ang boses nito-

"Pito na sa mga bar ko ang nasunog. At kahapon lang, pati ang casa ko tinupok."
Umusad pa ito, halos dumikit sa mukha ni Alessandro.

"Are you doing something behind my back, Alessandro?"

Tumigil ang buong mansion.

Halos mapigil ang hininga ng lahat.

Pero nanatili si Alessandro-kalmado, relaks, at may ngisi.

"Tito Leandro," aniya sa malamig na tono,

"Kung gusto ko kayong sunugin, hindi negosyo ang tatargetin ko."

Diretso ang tingin, parang hinahamon ang tiyuhin na humanap pa ng mas matinong dahilan.

Kumikirot ang panga ni Leandro.
"Tumigil ka. Alam kong may galit ka sakin-"

"Galit?"
Kumunot ang noo ni Alessandro, malumanay pero may bantang nakatago.

"Bakit Naman ako magagalit sa inyo? Busy ako sa sarili kong imperyo para pag-aksayahan ng oras ang bar at casa n'yo."

Lumapit pa si Alessandro, para mapantayan ang mata ng tiyuhin.

"At kung naghahanap kayo ng may kasalanan..."

Pinisil niya ang balikat ni Leandro, para bang nanunukso.

"...try looking closer to home. Hindi lahat ng kaalyado mo loyal."

Nagliyab ang tingin ni Leandro.

"Tumanggi ka pa. Huwag kang mag-alala, Alessandro-kapag nakakuha ako ng ebidensya, ikaw ang unang masusunog."

Muling sumilay ang ngiti niya-mas mapanganib, mas maraming tinatago,dahil Doon..

Napikon si Leandro..

"YOU SON OF A BITCH!"

"Relax!!" Nalalaki ang Matang Sabi niya

Bahagyang yumuko si Alessandro, ang ngisi'y lumalim habang nagliliyab ang mga mata ni Leandro sa inis.

"Hindi ko talaga maintindihan, Tito...bakit parang pinag bibintangan niyo ako, nagtatampo na tuloy ako niyan..."

Bumaba ang boses niya, pa-sarkastiko, parang nagbubulong ng insulto na sinasadyang marinig ng lahat.

"Ganitong pag-iisip ba ang dapat katakutan?"dagdag niya pa..

"Huwag mo akong tinatarantado, Alessandro. Papunta ka pa lang-pabalik na ako! Ako ang nagturo sa'yo ng lahat."

Nakangisi parin si Alessandro, walang bakas ng takot-parang lalo pa siyang natuwa.

At saka niya sinagot ang Tito niya sa maangas na pananalita-

"Hindi na ako bata, Tito."

Tinatapik niya pa ang dibdib niya, parang nanunukso.

"Kaya ko na ngang gumawa ng bata..."
Kumislot ang labi niya.

"...ikaw, kaya mo pa ba?"

Parang binuhusan ng gasolina ang galit ni Leandro.

Nagpanting ang tenga nito, sa kabastusan ni Alessandro.

Namula ang mukha.
Nanginig ang panga.

"ALESSANDRO-!"

Nagsimula nang magtaasan ang baril ng mga tauhan ni Leandro.

Pero mas mabilis ang mga tauhan ni Alessandro-mas marami ang bilang nila, at nakatutok na rin ang baril, sabay-sabay, walang isang segundo ang pagitan.

Muling nagtama ang mga mata ng dalawa.

Isang ngiti.
Isang galit.

Isang bangungot na pwedeng sumabog.

Pero bago pa maituloy, umatras ito bigla, tinaas ang kamay sa hangin, sobrang pigil na pigil.

"Hindi ako mag-aaksaya ng oras sa bastos na ganyan."

Galit na galit, pero halatang tinamaan sa ego.

"malalaman ko din, Alessandro."

At walang sabi-sabing nag-walkout si Leandro, galit na galit, sumunod dito ang mga tauhan..

Naiwang nakangisi si Alessandro, isang ngiting may bahid ng panganib.

"Good, Leandro..." bulong niya.

"Magalit ka pa."

Chapter 39

ALIYA CASA ..

“Nasunog na naman daw ang isa sa mga casa at bar ni boss kahapon… nakakatakot. Baka dito na ang susunod…” ani Fey, isa sa mga alaga ni Marina.
Napapikit siya sa kaba, habang ako nama’y tahimik lang na nakikinig.

Tiningnan ko sila—mga babaeng sanay na, parang wala lang sa kanila ang magpagamit kapalit ng pera. Mga babaeng may halaga kay Marina… kabaligtaran ko.

Binitbit ko ang plato ko—kakapiranggot na kanin at kalahating tuyo. Ganyan palagi. Ganito ang nakalaan sa ’kin.

Hindi ako pinagkakakitaan, kaya hindi ako mahalaga.

Pagtapos na sila. Doon Lang ako pwedeng kumain Kung ano lang ang tira, kung ano lang ang hindi nila kayang ubusin… ’yon ang para sa akin.

Ang tanging konsolasyon ko lang ay ang munting kwarto ko sa gilid ng bodega. Masikip, maalikabok, pero sarado at akin. Doon ako nakakahinga. Doon ako nakakaramdam na tao pa rin ako kahit papaano.

Dala ang plato at isang basong tubig, marahan akong pumasok. Nang maisara ang pinto, doon lang lumuwag ang dibdib at saka mabilis na kumain.

Gutom na gutom.

At mas nararamdaman ko iyon dahil… dalawa kami.

Hinaplos ko ang malaki ko nang tiyan, mainit at mabigat.
At sa mismong sandaling iyon, may marahan, munting sipa na tumama laban sa palad ko.

Napangiti ako, kahit may luha sa gilid ng mata.

“Anak… salamat at lumalaban ka,” bulong ko.

“Para sa’yo, lalaban din si Mama.”

Inilagay ko ang Plato sa maliit na lamesa at umupo sa papag kong higaan..

“*Ano kaya ang ginagawa ng ama mo ngayon…”* mahina kong bulong habang marahang hinahaplos ang nakaumbok kong tiyan.

Mainit ang palad ko, malamig ang hangin sa loob ng maliit kong kwarto, pero ang puso ko—gustong-gustong kumawala.

Napakagat ako sa labi..

Hindi ko alam kung galit ba siya, naghahanap ba siya, o kung nakalimutan na niya ako.

Pero ayaw kong iparamdam ’yon sa anak ko.

Kaya dahan-dahan akong ngumiti at inayos ang pagkakaupo, kahit masakit na ang likod ko.

“Pag nakalabas tayo dito…” bulong ko ulit, halos pabulong na parang lihim naming dalawa.

Pinasadahan ko ng haplos ang bawat paggalaw sa loob ng tiyan ko.

“…pupunta tayo sa papa mo.”

Napangiti ako—malamlam, pagod, pero puno ng pag-asa.

“*Makikilala ka niya. Hindi ka niya pababayaan… hindi niya tayo iiwan.”*

Pero habang sinasabi ko iyon, kusa nang tumulo ang luha sa pisngi ko.

Hindi dahil nagdududa ako sa ama ng anak ko.

Kundi dahil hindi ko alam… kung aabutin ko pa ba ang araw na ’yon.

Kapag nakita niya ako..

Alam kong pananagutan niya ako… alam kong tatanggapin niya kami.
Pinilit kong paniwalain ang sarili ko habang hawak-hawak ang tiyan ko, pilit na hinihigpitan ang dibdib na kanina pa masakit.

“Alam ko… iba siya sa ama niya. Yung nangyari sa amin—hindi niya ’yun kagustuhan.”

Para akong kumakapit sa manipis na pag-asa, pilit na binubura sa isip ko ang bigat ng gabing iyon… kahit paulit-ulit iyong bumabalik.

“Tatanggapin niya ’ko. Tatanggapin niya Tayo anak…”
bulong ko, kahit mas malakas na ang takot kaysa sa tiwalang pinipilit kong buuin.

Napapikit ako habang nakahawak sa tiyan ko, ramdam ang marahang paggalaw sa loob.
Humugot ako ng hangin, pero parang may nakadagan sa dibdib ko.

“*Alessandro*…” mahina, halos mapigtal ang boses ko sa pangungulila.

Asan ka na ba?

Tuloy tuloy na tumulo ang luha ko bago ko pa man matapos ang susunod na salita.

Madalas niyang itanong sa sarili kung naaalala pa ba siya nito.

“*A-akala ko ba… mahal mo ako?”*
Mabilis kong pinunasan ang pisngi ko pero tuloy-tuloy ang luha.

“Bakit wala ka pa rin… bakit parang hindi mo na ako hinahanap?”

Napahawak ako nang mahigpit sa tiyan ko, para bang doon ko lang nakukuha ang lakas.

“*Hindi mo ba alam… kailangan ka namin?”*

Bumaba ang boses ko sa isang bulong na halos hindi ko na marinig.

“*Kailangan kita…alessandro.”*

At sa loob ng maliit na kwarto, tanging hikbi ko lang ang maririnig

SAMANTALA

Marahang tinapik-tapik ni Alessandro ang dibdib niya, parang may kakaibang kirot na hindi niya mapangalanan.

bakit parang may mabigat na humihila sa loob niya?

Lumapit si Marco, halatang nag-aalala.

“Boss… kailangan niyo ba ng doktor?”

Dahan-dahang tumingin si Alessandro sa kaniya—mabigat, malamig, mapanganib.
Isang titig na parang hindi na siya si Alessandro… kundi ang halimaw na ayaw niya sanang ilabas.

“Lumayo ka muna, Marco.”
Mababa ang boses, may pagbabanta, parang kahit isang maling salita ay puputok na siya.

Nagkibit-balikat si Marco pero hindi pa rin maikubli ang kaba.

“A-akala ko kasi boss… inaatake na kasing—”

Hindi na nito natapos ang sasabihin. Nang Inangat ni Alessandro ang baril, diretsong nakatutok sa noo ni Marco.

“GAG—!”

“Alessandro.”
Isang boses ang biglang pumunit sa tensyon.

Lumingon si Alessandro nang mariin.
Nakatayo si Elion sa bungad ng malaking pinto ng mansion, malamig ang tingin,

Walang naglakas-loob na pumigil dito—kilala siya ng lahat bilang kaibigan Ng boss nila at taong pinahihintulutan ni Alessandro.

Pagpasok ni Elion, bahagyang ibinaba ni Alessandro ang baril… pero hindi nawala ang dilim sa mga mata niya.

Umupo si Elion sa tapat ni Alessandro, diretsong tumingin sa kanya.
Hindi ito nag-aksaya ng oras.

“Yung Chloe mo…”

Mababa ang boses..

“Tingin ko… nasa casa lang ni Leandro.”

Yun nga lang sa dami ng casa ni leandro, nasaan si Chloe doon .

Napahigpit ang hawak ni Alessandro sa baril—
Nangangalit ang panga niya, nanginginig ang mga litid sa leeg.

Huminga nang malalim si Elion.

“Alessandro… si Elijah din ganun ang sinabi. Hindi lumalabas sa kahit anong intel si Chloe. Hindi rin siya lumalabas sa black market logs, hospital list, o kahit sa mga informant sa kalsada.”

Nagtagilid ang ulo ni Alessandro, bahagyang nagdidilim ang paningin.

“Madali lang sana,” dagdag ni Elion,
“Kung may cellphone siyang dala… madali lang sanang madedetect kung nasaan siya.”

Napasipa si Alessandro sa sahig—isang malakas na kalabog ng nabasag na Naman na lamesita ng sofa.

Tumingin Lang si Elion Doon, Hindi nag react..saka muling nagsalita..

“wala siyang cellphone marahil—sapilitan siyang kinuha.”

“Sapilitan. At kung may kukunin si Leandro… saan niya ilalagay? Dagdag pa nito..

Nagtagal ang tingin niya kay Alessandro.
“Hindi ba’t lagi niyang ikinukulong ang Mga babaeng pinapakidnap niya sa… casa?”

Nanginginig ang kamay ni Alessandro.
Hindi sa takot.
Hindi sa duda.

Sa sobrang galit.

Parang may kumikirot sa dibdib niya—parang sumisigaw ang dugo niya.

“Kung si Chloe nasa casa…”

Huminga siya nang mabigat, halos pabulong.

Saglit na katahimikan..

Walong buwan na siyang nawawala.

Walong buwan…
Walong buwang bawat araw ay parang isang taon para kay Alessandro.

Walong buwan mula nang huli niyang makita ang babaeng mahal niya.
Walong buwan na hindi siya nakatulog nang buo.
Walong buwan na ang lahat ay kulay abo, puno ng galit, paghahanap, at pagdududa.

At ngayong alam niyang posibleng buhay si Chloe…
na posibleng nasa kamay nga Ito ni Leandro,
parang biglang nabasag ang buong mundo niya.

Nanikip ang dibdib niya.
Hindi dahil sa takot—hindi iyon kay Alessandro.

Kung hindi dahil sa isang katotohanan na halos ayaw niyang harapin…

“walong buwan…” bulong niya, halos pabulong.
“…at sigurado siya umiiyak palagi si chloe doon...”

Walong buwan…
at nasa impiyerno pala ang babaeng mahal niya.

Tiyak niyang… may dugo na aagos, sa kanilang mag Tito..

Kung hindi sa kanya kay Leandro..

Muli nagsalita si Elion, dahan-dahan:

“Alessandro… may posibleng mas masama.”
Humigpit ang panga nito.

“Hindi siya pinakawalan ni Leandro hindi dahil galit ito.”

Tumagilid ang tingin ni Alessandro, nanlilisik.

“Baka ibinebenta na siya sa casa…matagal na...”
Mahina ang boses ni Elion.

At doon, tuluyang nabasag ang kontrol ni Alessandro.

Tumayo siya.
Mabilis.
Marahas.

“MARCO!!!” sigaw niya na umalingawngaw sa buong mansion.

“Magtipon ka ng mga tao. Sugurin n’yo lahat ng casa ni Leandro. Hanapin n’yo si Chloe—NGAYON NA!”

Galit na utos ni Alessandro, malalim at mabigat ang bawat paghinga.

Ngunit bago pa makagalaw ang mga tauhan, mabilis na pumasok ang isa sa kanila.

“Boss… nasa labas po si Xavier Vinzenzi.”

Kumunot ang noo ni Alessandro,

“What the hell is he doing in my house?” he muttered, anger twisting into confusion.

Chapter 40

Umupo si Alessandro sa tapat ni Elion sa sofa..

Ramdam niya ang kirot ng dibdib—at ang basag-basag na salamin sa sahig, kalat mula sa pagwawala niya kanina.

Ang babasaging mesa ng sala, nagiba dahil sa isang malakas niyang pag sipa.

“Papasukin niyo…” malamig na utos niya sa tauhan habang sinisindihan ang sigarilyo.

Kailangan niya ng kahit anong pampakalma, dahil pakiramdam niya sasabog na siya kahit anong oras.

Nanginginig ang mga kamay niya—dahil sa matinding galit na hindi niya mailabas..

Ang isip niya, iisa lang ang umiikot

Ang babaeng mahal niya…
Walong buwang pag-aalala, paghahanap, at pananahimik.

At ngayon, sa sinabi ni elion sa kanya…

Ibinebenta. Ipinapasa-pasa.
Para bang wala itong halaga.

Para bang hindi ito ang tanging babaeng nagpatibok ng puso niya.

Napapikit si Alessandro. Kumislot ang panga. Halos mabali ang sigarilyong hawak niya.

Tumayo si Marco sa gilid, bakas ang takot at pag aalala..

Hindi na nag-angat ng tingin si Alessandro nang magsalita

“Marco… kumuha ka ng tao. Marami.”

Humigop siya ng malalim, nanginginig ang ilaw ng sigarilyo.

“Kunin niyo si Leandro. Kahit sa ano mang paraan—basta iharap niyo sa’kin. Nang buhay.”

Puno ng banta ang boses niya. Puno ng pangakong kapag nakuha na niya si Leandro… ibang usapan na, kahit uncle niya pa Ito..mapapatay niya Ito..

Sinasabi niya Yun habang nakatingin sa lalaking papasok—

at agad nag-iba ang ihip ng hangin sa loob ng mansion.

Si Xavier.

Ang kakambal niya. Ang taong gusto niyang mawala para masolo si Chloe hindi niya akalaing tatapak sa teritoryo niya.

Tumingin si Alessandro. Mabigat. Walang emosyon.

Anong sadya ng kakambal ko?”
Nakangising tanong ni Alessandro, ngunit hindi abot sa mga mata ang ngiti—puro pang-uuyam, puro yabang.

Sabay niyang binalingan si Elion na nakaupo sa gilid, matalim ang tingin Kay xavier.

Ramdam ni Alessandro ang pagputok ng litid nito—hinding-hindi pa rin matanggap ni Elion na minsan, nagka-crush ang asawa niyang si Annika kay Xavier.

At oo, ramdam na Ramdam din ni Alessandro ang pagseselos nito kaya lalo siyang napapangisi.

Si Xavier, malamig at diretso ang tingin, hindi nagpaapekto sa tingin ng dalawang baliw sa harap Niya..

“Hindi ako naparito para makipagpatayan ulit sa’yo… Alessandro,” ani Xavier, mababa ang tono..

Bahagyang tumawa si Alessandro, isang pilit at mapanganib na tawa.
“Talaga lang? Sayang gusto ko pa naman ulit basagin Yang mukha mo..”

Ngumiti si Xavier hindi nagpatinag.
Umupo din Ito sa sofa pero may pagitan bahagyang nakalingon kay Alessandro hindi nawawala ang tingin sa kakambal.

“Si Chloe…” bulong nito, mabigat at malinaw.

“Asan siya?”

Tumahimik ang buong sala.

Hindi sumagot si Alessandro.
Dahan-dahan siyang napahawak sa batok, parang lalong napipikon at para bang isang demonyong nakatago ang anyo, malamig, nanggigigil sa isiping Ito ang gusto ni Chloe..

Si Xavier sa nakikita niya hindi na niya kailangan magsalita.

Alam ni Xavier ang sagot—wala rin Dito si Chloe. At desperado na rin siya Kaya siya pumunta sa

mansion ng kakambal.

Si Xavier ang unang bumasag sa katahimikan.

“Inuutusan ko na lahat ng tao ko. Lahat ng lugar na posibleng pinagtataguan niya… sinuyod na.”

Nag-angat ito ng tingin, at ang lamig ng titig niya ay halos umabot kay Alessandro.

“Alam kong hindi ka din titigil. Ganon din ako.”

Napapikit sandali si Alessandro, pinipigil ang sarili.
Walong buwan.
Walong buwang nasa impyerno ang babaeng Mahal niya.

Pagmulat niya, diretso ang tingin sa kakambal.

“Kapag nauna akong nakakita sa kanya…”
Bahagya siyang tumagilid, nakipagtitigan Kay Xavier...

“…sisiguraduhin kong Hindi na siya makakawala sakin.”

Pero ang boses niya, parang pira-pirasong salamin—galit, takot, at pag aalala.

Si Xavier, hindi umiwas.

“Ganoon din ako, Alessandro.”

Nagtagpo ang titig nila—galit sa isa’t isa,

ngunit parehong sugatan.

At sa ilalim ng tensyon…

Pareho nilang alam na ang tanging bagay na pinoprotektahan nila ngayon ay iisa.

Si Chloe..

Maya-maya’y tumunog ang cellphone ni Alessandro.

Kasabay ni Xavier, parehong napakunot ang noo. Ang bigat ng tensyon sa silid, parang puputok anumang sandali.

Si Alessandro ang unang sumagot—ang kapatid niyang si Phoebe ang tumatawag.

Hindi nagtagal, tumunog din ang cellphone ni Xavier—Si Javier, ang ama niya ang tumatawag.

Pareho nilang sinagot ang tawag, at sa parehong sandali, napalingon silang magkatabi.

Hindi na nila kailangan ng mga salita—ramdam nila ang bigat ng boses sa kabilang linya.

“Pumunta kayo sa hospital… Ang mommy Anya, critical.”

Huminto ang mundo sa paligid nila.
Parang huminto ang oras, humina ang ilaw, at ang sahig ay parang lumambot sa ilalim ng kanilang mga paa.

Si Alessandro, Natulala..

Si Xavier, tumayo, malamig ang mga mata, puno ng tensyon ngunit may bahid ng takot.

Pareho silang nakatingin sa isa’t isa sandali lang—alam nilang pareho ang bigat ng sitwasyon:

oras na para ilagay ang galit at inggit sa gilid, at harapin ang pinakamahalagang tao Kung bakit sila nabubuhay ngayon....

Sabay silang lumabas, bawat galaw puno ng determinasyon.
Kasabay ng pag-ikot ng susi at pag-apak sa accelerator, ramdam ang bigat ng bawat paghinga, ang tensyon sa pagitan nila halos humihinga rin sa paligid.

Nakasunod lang si Elion, mabilis ang motor, handang damayan ang kaibigan papunta sa ospital Kung asan ang ina nito..

Habang sina Alessandro at Xavier, nakasakay sa kani-kanilang kotse, mata sa kalsada, parehong nag aalala...

Sa bawat segundo, ramdam nila ang pag-ikot ng mundo, ang bawat segundo’y humahaba..

Ang utos niya sa tauhan para kay Chloe—hanapin, iligtas, at ihatid sa kanya nang ligtas—ay nakapending pa rin, nakabitin sa hangin.

Walang kumikilos.. nakatitig Lang sa boss Nilang papalayo..

Pati ang pagkuha Kay Leandro, nakabitin sa hangin.

Hindi makagalaw ang kanyang mga tauhan—lahat ay paralysed sa biglaang pag-alis ng boss nila.

Ang utos ni Alessandro para kay Chloe, para sa paghahanap sa kanya, sa pagsugod sa casa ni Leandro…
lahat nakabitin, walang katiyakan.

Sa loob ng mansion, nanginginig ang bawat sandali.

Ang mga mata ng tauhan ni Leandro ay nagtatagisan sa kawalan ng direksyon—wala silang puwang na gumawa ng sariling desisyon.

Ang tensyon ay bumabalot sa bawat kanto ng mansion, sa bawat hininga,, sa bawat mata—lahat nakasabit sa utos ng boss na biglang umalis mula sa kanilang paningin.

Chapter 41

Huminto ang magkasunod na kotse nina Alessandro at Xavier sa harap ng ospital.

Naunang bumaba si Xavier, halos tumakbo papasok, dala ang desperasyon sa bawat hakbang.

Si Alessandro, naiwan sa loob ng kotse, nanginginig ang kamay sa hawak ng manibela.
Hindi niya alam kung bababa ba siya, o mananatili lamang sa loob, nakatago sa sariling emosyon.

Ngunit huminga siya ng malalim.
Parang sinusubok ng bawat hininga ang lakas ng loob niya.
At sa wakas… pinilit niyang bumaba.

Si Alessandro—ang unwanted son ni Anya—ngayon ay nakakaramdam ng takot.
Takot na mawalan ng isa sa mga iilang mahal niya sa mundo: ang ina.

Ang ina na hindi man lang nagmahal sa kanya noong bata pa siya.

Pumasok si Alessandro sa ospital.
Ang ilaw sa loob ay malamlam, naglalarawan ng bigat ng bawat hakbang niya.
Bagamat hindi siya kailanman nakaramdam ng pagmamahal mula sa ina, ngayon—sa bawat pintig ng puso niya—pakiramdam niya'y guguho ang dibdib niya.

Pilít niyang hinahawakan ang sarili, pinipigilan ang emosyon.
Ang galit, lungkot, at takot ay nagtatagisan sa loob niya, bawat isa'y gustong sumabog.

Ngunit nananatili siyang matatag sa harap ng kahinaan:

hindi siya pwedeng magpakita ng luha, hindi siya pwedeng bumigay.

Ang bawat hakbang papalapit sa silid ng ICU ay parang daang puno ng tinik.
Ang bawat pintuan na lumalapit ay parang pinto sa sariling bangungot—

Sa loob ng ICU, abala ang mga doktor, mabilis at sistematiko ang kilos—bawat galaw nila'y may bigat, bawat segundo'y may kasamang tensyon.

Sa gilid ng silid, nakatayo ang stepdad ni Alessandro, si Javier, tahimik ngunit matalim ang tingin sa asawa sa loob ng ICU.
Alam ni Alessandro—malamig at kontrolado ang aura ni Javier, bawat kilos at ekspresyon ay pinipigilan ang sariling emosyon, nagtatago ng takot at pangamba sa likod ng seryosong mukha.

Si Xavier, nakatayo rin sa kabilang dulo, pareho ang anyo: tense, cold, pero bawat mata'y nagtataglay ng desperasyon.
Hindi nila kayang ipakita sa labas ang emosyon, dahil Baka lalong panghinaan si anya ang babaeng mahal nila—pero ramdam ng bawat isa ang bigat ng sitwasyon.

Si Phoebe, tanging umiiyak.
Tahimik, ngunit bawat luha'y parang sumisigaw ng kawalan ng kontrol at takot.

Sumandal si Alessandro sa pader ng ICU,

Nakatitig sa inang pinagkakaguluhan ng doctor sa Loob..

Ang paligid ay puno ng tension—ang malamig na ilaw, ang mabilis na kilos ng mga doktor, ang tahimik pero matalim na titig ni Xavier sa kabilang dulo, at ang malamig na presensya ng stepdad niya.

Lumabas ang doktor mula sa ICU, mabilis ang hakbang patungo kay Javier.

“Mr. Vinzenzi, okay na po si Ma’am.”
Mabigat ngunit malinaw ang boses ng doktor.

Iyon lang ang gustong marinig ni Alessandro.

Iyon lang.

Yung buhay ang ina niya… buhay pa.

Sa sandaling iyon, parang may bahagyang ginhawa ang dibdib niya.
Kahit paano, kahit sandali, nabubuo siya mula sa takot at pangamba.
Ngumiti siya ng tipid, halos hindi mapigilan, at tumalikod na para umalis, dalang-dala ang kaunting ginhawa sa puso.

Ngunit biglang may tinig na tumawag sa pangalan niya ang stepdad niya ..

“Alessandro…”

Tumigil siya sa paglakad, Hindi Lumingon..

"Son..."

Doon na siya napalingon.

Seryosong ang mukha Ng tumingin siya dito

Tipid itong ngumiti..

Let's talk .."Sabi ni Javier at nagpatiuna itong naglakad. .

Sumunod lang si Alessandro sa step dad niya, tahimik, mabigat ang mga hakbang.

Pagkarating nila sa rooftop, malamig ang simoy ng hangin—parang iyon ang kauna-unahang pagkakataon na nakahinga nang maluwag si Alessandro mula kanina, pag-aalala, at pagbitbit ng sakit na matagal niyang tinatago.

Tumayo ng tuwid ang stepdad, saka naglabas ng kaha ng sigarilyo.
Inabot ito kay Alessandro.

Kumuha siya ng isa, sinindihan, saka marahang humithit.

Pumikit si Alessandro.

Para bang sa bawat usok na lumalabas sa bibig niya, unti-unting humuhupa ang pag-ikot ng mundo.

Ilang segundo ang lumipas—parehong nakatayo, parehong nakatingin sa malawak na tanawin ng lungsod sa ibaba.
Parehong humihithit ng sigarilyo na parang doon lang sila nakakakuha ng lakas huminga.

Walang nagsasalita.

Tanging tunog ng hangin at usok na humahati sa pagitan nila.

Nakapamulsa siya, huminga ng malalim—parang sinusubukang ibalik sa ayos ang sarili.

Tahimik ang stepdad niya.

Tahimik rin siya.

Pero pareho nilang alam…

May sasabog na usapang hindi basta-basta.
May sasabog na emosyon na matagal nang iniiwasan.

At sa mga sandaling iyon—
habang nasa pagitan sila ng katahimikan, usok, at malamig na hangin—

ramdam ni Alessandro na ito ang simula.

Simula ng isang usapang matagal niyang tinakasan.

Mayamaya Sabi Ng stepdad niya..

“Kanina… akala ko mawawala na siya.”
Mahinang sabi nito, halos pabulong.

Hindi tumingin si Alessandro.
Tinitigan lang niya ang lungsod sa ibaba, parang mas madaling pagmasdan iyon kaysa ang emosyong pilit na binubuksan sa harap niya.

“Ako rin,” sagot niya, paos.
“Pero… she’s okay. ’Yun lang ang kailangan ko marinig.”

Tumango ang stepdad niya.
Humithit din ng usok, saka marahang nagpakawala ng buntong-hininga.

“Alam kong nasasaktan Ka parin Ngayon Alessandro.”
Napahinto ito.

“At alam ko ring hindi ko mapupunan ’yung mga pagkukulang niya.”

Doon napalingon si Alessandro—bahagya lang—pero sapat para makita ang lungkot sa mga mata niya.

“Pero anak pa rin kita.”
Diretso, walang pag-aalinlangan ang tono ng lalaki.

Napakislot ang panga ni Alessandro.

May gumuhit na kirot sa dibdib niya.
'Yung kirot na hindi niya pwedeng ilabas.
'Yung sakit na buong buhay niya ay siya lang ang may alam—ang lumaking walang maternal na yakap, walang pampering, walang "I love you" galing sa babaeng dapat pinakamalapit sa puso niya.

Pero ngayon…

Ngayong muntik nang mawala ang ina niya…

Parang biglang may nabasag sa loob niya.

"Ayos ka lang ba?" tanong ni Javier, mahinahon pero mabigat.

Saglit na natawa si Alessandro—mahina, mapakla.

"Hindi ko alam," sagot niya.

"Sanay akong malakas. Sanay akong walang inaasahan…"

Napatingala siya, kinontrol ang panginginig ng dibdib.

"Pero iba pala 'pag… muntik mo na siyang mawala."

Doon tuluyang bumigat ang katahimikan sa rooftop.

Ilang sandali pa bago muling nagsalita ang stepdad niya:

"Ang ama mo… si Lorenzo."
Mahina pero matalim ang boses ni Javier habang nakatanaw sa malayo, parang doon niya kinukuha ang lakas.

"Ang Kalaban ko sa lahat."

Dahan-dahan niyang ibinuga ang usok.

"Natatalo ko siya. Sa negosyo. Sa impluwensya. Sa galaw."

Tumingin siya kay Alessandro—diretso, walang paligoy.

"Pero ang ina mo… ang ginantihan niya."

Biglang nagliyab ang Mga mata ni Alessandro sa galit.
Napakuyom ang kamao niyang nanginginig.

"Ginahasa niya si Anya," bulong ni Javier—hindi dahil mahina, kundi dahil masakit muling bigkasin.

"Nung sandaling iniwan ko lang siya. Saglit lang… sapat na para gawin niya 'yon."

Parang may dumagundong sa tenga ni Alessandro.

Paulit-ulit.

Mas lalong tumalim ang mga mata niya—galit, sakit, pagkalito.

Pero tahimik lang siya.

Tahimik… dahil kung magsasalita siya, baka sumabog lahat.

“At ikaw… ang naging bunga, Alessandro.”

Dahan-dahan na ibinaling ni Javier ang tingin sa kanya.
Hindi galit ang mukha nito—mas delikado. Isang uri ng ngiti na parang nakakita ng multo.

“Alam mo bang…”
umikot ang sigarilyo sa pagitan ng daliri nito,

“kamukhang-kamukha mo ang ama mo?”

Bahagya itong napangisi—hindi masaya, hindi tuwa.
Para bang sa sandaling iyon, nabuhay muli sa paningin niya ang lalaking kinasusuklaman niya.

“Para kitang tinititigan nang dalawang beses,” dagdag pa ni Javier.

“Yung ama mong demonyo… at ikaw na anak niyang iniwan niya sa isang babaeng durog at mag-isa.”

“Pero kahit ganun…”
malalim ang hinga ni Javier habang nakatingin kay Alessandro,

“itinuring kitang anak, Alessandro.”

Tumigil ito, saka tumingin sa sahig na para bang sinusukat ang bawat salita.

“Wala kang kasalanan.”

Maingat, mabigat.

“Hindi mo pinili ‘yan.”

Tumaas ang tingin ni Javier, at doon—unang beses—may lambot sa mga mata nito.

“Ang gusto ko lang, Alessandro…”
umayos ito ng tayo, parang isang amang pinipilit tumatag,

“’wag kang tutulad sa kanya.”

Bawat salita, mabigat pero totoo:

“’Wag mong gagayahin ang hayop mong ama.”

At doon, unti-unting—ngiti. Hindi mapait. Hindi pilit.
Isang ngiting matagal nang hindi ipinapakita sa kanya.

“Anak kita, Alessandro…”
tinapik ni Javier ang balikat niya, hindi marahas—may pag-aalaga.

“Yan ang tatandaan mo...isa kang Vinzenzi, anak Ka ni Javier vinzenzi.”

Isang saglit bago nito ibinulong, mas malambot kaysa sa kahit anong narinig niya mula rito:

“Ang panganay kong anak.”

Si Alessandro kasi ang unang lumabas, pero Segundo Lang nang sumunod si Xavier..

Si Alessandro Huminga siya nang malalim, halatang nilulunok ang lahat ng emosyon na bigla niyang hindi alam paano hahawakan.

Tumingin siya kay Javier.

Sa unang pagkakataon, walang yabang, walang depensa, walang panghahamon sa mata niya.

iniabot ang kamay.

Matatag.

Nagulat si Javier—isang mabilis na kisapmata—bago nito mahigpit na tinanggap ang kamay ni Alessandro.

Nang magtagpo ang kanilang Mga palad mahigpit na pagkakahawak,
parang may biglang nabuo sa pagitan nilang dalawa
na matagal nang pinunit ng nakaraan.

Bahagyang tumango si Alessandro.

“Sure, Dad.”

Simple.
Maiksi.
Pero sapat para parang gumuho ang pader sa dibdib ni Javier.

At iyon ang muling beses na tinawag siya nitong Dad…

hindi dahil kailangan,
kundi dahil sa wakas,

may bahagi Kay Alessandro na handang amining may pamilya siya.

Chapter 42

ALESSANDRO'S MANSION...

“Marco…” mabagal, halos nakamamatay ang bawat bigkas ni Alessandro. “Yung inutos ko… ginawa niyo ba?”

Nalaglag ang tingin ni Marco sa sahig. “A-Alin po doon, boss?”

Hindi sumagot si Alessandro. Napapikit siya sandali, pero hindi iyon pagod—
pigil iyon ng galit.
Pagmulat niya, nanlilisik ang mga mata, parang kaya kang patayin kahit hindi gumagalaw.

Dahan-dahan siyang lumakad, pero ramdam ang bigat ng presensiya niya kaya kusa nang umatras si Marco.

“Boss… y-yung tiyo n’yo po…” nanginginig ang boses ni Marco. “H-hindi na talaga mahagilap—”

Hindi pa siya tapos magsalita nang mabilis siyang hakawan ni Alessandro sa batok, parang aso lang na hinila mula sa pagkakatayo. Walang babala—isang malakas, madiing suntok sa sikmura ang pinakawalan ni Alessandro. Tumiklop si Marco, halos mawalan ng hangin.

“This is what happens,” malamig na bulong ni Alessandro sa tainga niya, “kapag hindi mo kayang tapusin ang trabahong dapat matagal mo nang ginawa!!”

Binitiwan niya si Marco.

Sa harap, nakatayo si Alessandro—
tahimik, hindi humihinga nang malalim, galit na Ito galit na galit ...
Mas nakakatakot.

Mayamaya, naitungkod ni Alessandro ang kamay sa mesa, ...

“Fuck…” napamura si Alessandro habang napahawak sa dibdib—hindi dahil sa sakit, kundi sa biglaang pagbugso ng adrenaline. Bakit parang kinakabahan siya? Bakit ngayon?

Bigla siyang humarap Kay marco.
“Tipunin mo ang lahat ng tao. NGAYON NA!!!” sigaw niya, malakas at walang pasensya.
“Puntahan lahat ng casa ni Leandro—lahat. NGAYON NA!!!”

Nagmadaling nagsitakbuhan ang mga tauhan. Samantala, dinukot ni Alessandro ang cellphone niya, mahigpit ang pagkakahawak. Pagkasagot ni Elion, hindi na niya ito pinatapos magsalita.

Nakapikit si Alessandro habang nagsasalita, pero hindi iyon pagod—
galit, determinasyon, at pagnanais na Makita ang Babaeng minamahal.

“Elion…” mariin, mababa, puno ng poot.
“L-limang casa ni Leandro… gusto kong masusunog ngayong gabi.”

Tahimik sa kabilang linya.
Pero nagpatuloy si Alessandro, mas malamig pa sa yelo:

“Siguradong lalabas sa lungga si Leandro.
Ngayong gabi…
sisimulan natin ang pag-atake.”

Hindi na niya hinintay ang sagot. Pinatay niya ang tawag, nakapikit pa rin, pero ang panga'y nakakuyom.
Ngayong gabi, madugo.
At si Alessandro ang magsisimula.

Kinuha ni Alessandro ang baril mula sa lamesa—mabilis, hindi nag-aatubili. Kinasa niya ito bago pa man tuluyang makatayo, at ang tunog ay parang hudyat ng kamatayan.

Naglakad siya palabas, mabigat ang bawat hakbang. Pagkalabas ng pintuan, naghihintay na ang sasakyan at ang mga tauhan niya—nakahilera, tahimik, at takot na mapatingin sa kanya nang diretso.

Sumakay siya sa kotse, pailalim ang tingin Pagkasara ng pinto, tumingin siya sa mga tauhan sa harap...Kay marco

“Simulan na natin,” malamig niyang sabi.

Umugong ang makina. Sa dilim ng gabi, umarangkada ang convoy.

Iisa-isa niyang pupuntiryahin ang mga casa ni Leandro ngayong gabi.
Hindi sila magsisimula sa isa lang—
lahat, sunod-sunod, hanggang wala nang matirang taguan o buhay na magtatanggol kay Leandro.

Ngayong gabi, hindi lang apoy ang sisiklab—
kundi ang digmaan na siya mismo ang nagpasiklab.

SA unang casang pinuntahan nila Alessandro..

Isang tango lang.

sabay-sabay na putok ng basag na bintana, sigaw ng mga taong hindi handa, at ang mabilis na pagpasok ng grupo niya.

Mayamaya..

“Boss!” sigaw ng isang tauhan. “Wala yung babaeng si Chloe!”

Biglang tumigas ang panga ni Alessandro.

Pinikit ni Alessandro ang mata, saglit lang—
pero sapat iyon para maramdaman ng lahat ang pagtaas ng tensyon.

“Tsk.”

“Wala siya rito,” malamig niyang sabi.

Tumango ang mga tauhan, naghihintay ng susunod niyang utos.

Mabagal siyang huminga, binaba ang baril, at tumingin sa isa pang direksiyon.

“Sunugin niyo ang lugar. Walang matitira.”

utos siya na parang hindi tao ang mga nasa loob — parang wala silang halaga.

Habang nagsisimula nang lumamon ng apoy ang gusali, tumingin si Alessandro sa malayo.

“Puntahan ang pangalawang casa.”
Tumalikod si Alessandro, hindi lumingon kahit may sumisigaw sa loob habang nahuhulog ang nasusunog na kawayan.

“Walang hihinto hangga’t hindi ko siya nakikita..”

Maya-maya, nag-vibrate ang cellphone ni Marco. Napatigil siya, tiningnan ang screen, at biglang nanlamig ang mukha.
Dahan-dahan siyang lumapit kay Alessandro, parang may pasan na mabigat na kaparusahan.

“Boss…” mahina niyang tawag.

Unti-unting lumingon si Alessandro, mabagal, Kinuha niya ang cellphone mula kay Marco, pero hindi na niya kailangan pang basahin—kitang-kita na sa takot ng tauhan niya ang laman nito.

“Sabihin mo,” malamig niyang utos.

Napalunok si Marco, nanginginig halos ang boses.
“B-Boss… anim po sa mga pinuntahan casa na pinuntahan ng mga tao natin…”
Napayuko siya, halos hindi makatingin.
“W-wala po si Chloe..”

Tahimik.

Napakatahimik.

Tanging huni ng apoy mula sa nasusunog na bahay ang maririnig… at ang mabagal, delikadong paghinga ni Alessandro.

Pinisil niya nang napakahigpit ang hawak niyang baril..

“Anim,” ulit ni Alessandro, halos pabulong pero malinaw ang banta.

“Anim na lugar… wala.”

Tumawa siya, pero hindi iyon tawa ng tuwa —
iyon ang tawa ng isang lalaking sobrang galit na galit na..

“Saan mo ba siya Tinatago, Leandro?” gigil na bulong niya, habang Kinakamot ang baril sa sentido..inis na inis

Nilingon niya si Marco, nanlilisik ang mata.

“Marco,” mababa at malamig, “ipatawag mo lahat ng koneksyon natin. Lahat ng taong may bahid ng

pangalan ni Leandro.”

Bahagya siyang ngumisi — ngising walang awa.

“Kung hindi ko mahanap si Chloe…”
Tumingin siya sa nasusunog na gusali, parang nag-e-enjoy sa apoy.

“…paparamihin ko ang lugar na walang matataguan si leandro.. hanggang sa kusa Siyang lumabas.”

Samantala…

Napabalikwas si Chloe, napahawak sa tiyan niya — hindi lang sakit, kundi matinding kirot, mas malakas, mas mabilis, parang humihiwa mula sa loob.

“Ah—!” halos mapasigaw siya, nanginginig na.

Kasabay ng pagputok ng sakit, biglang may kaguluhan sa labas — sigawan, yabag, at ang malagkit na amoy ng usok na papalapit.

Biglang bumukas ang pinto.

Si Kuya Leo — habol-hininga, mukha niya puno ng abo, at may desperasyon sa mata.

“Chloe!” sigaw niya. “Tumayo ka — may sunog!”

Tinulungan niya agad si Chloe, pero nang maalalayan niya ito, biglang napahinto si Leo.

“Chloe…” Nanlaki ang mata niya nang makita ang mabigat na paghinga at pag-ikot ng katawan nito sa sakit.

“Manganganak ka na.”

“K-kuya Leo…” hingal ni Chloe, halos maiyak. “Masakit… masyadong masakit… hindi ko kaya—”

“Shhh, huwag kang huminga nang mabilis.” Tinulungan niya itong tumayo, pero nanginginig ang mga kamay niya. “Kakayanin mo ‘to. Kailangan nating lumabas—ngayon na.
Kung hindi… masusunog tayo....”

Isa pang pagsabog ang narinig sa labas, mas malakas, dahilan para mapakapit si Chloe sa balikat niya at mapasigaw...

Chapter 43

Habang nagmamatyag si Elion sa gilid ng kalsada, pinapanood ang nagbabagang gusali, may narinig siyang boses mula sa isa sa mga tauhan ni Leandro-pawis, taranta, at halatang desperado.

"Ilabas niyo din si Chloe!" sigaw ng Babaeng makapal ang kolorete sa mukha.

"Sayang ang baby-mabebenta 'yon!"

Biglang kumunot ang noo ni Elion.

Chloe?

Mabilis siyang lumingon sa gusali.
Hindi na nag-isip.

Binilisan niya ang lakad - tapos tumakbo. Diretso papasok sa makapal na usok at apoy.

Sa loob ng gusali

Mainit, maingay, at halos hindi na makahinga sa kapal ng usok. Ngunit kahit halos wala nang makitang malinaw si Elion, may naaninag siyang dalawang pigura.

Isang lalaki, halos kaladkarin ang babae, at mukhang mawawalan na ng malay.

Paglapit niya..

Ang babae...

Ang mukha nito-

Ito ang eksaktong mukha sa painting na pinakita ni Alessandro.

Ang babaeng minahal ni Alessandro.

Si Chloe.

Pinindot niya agad ang earpiece sa tainga.

"Elijah, tawagan mo si Alessandro."
Mababa ang boses niya..

Huminga nang malalim si Elion, saka nagsalita nang mas direkta - walang pagdadalawang-isip.

"Nakita ko na si Chloe."

Nagulat ang lalaki, halos mahulog si Chloe sa sahig, pero inabot agad ni Elion ang babae, inalalayan na...

Hinawakan niya sa kabilang braso si Chloe, narinig niya ang nanghihina nitong daing-

M-manganganak na 'ko...tu..lungan mo a-ako"

Lalong lumalim ang tensyon sa mukha ni Elion.

"Tangina..." bulong niya, habang hinahawakan nang mas mahigpit si Chloe.

Mabilis ang paghinga ni Chloe sa braso niya, halos mapasigaw sa sakit.

"A-ang ...sakit" ungol niya, napahawak sa tiyan.

Mas hinigpitan ni Elion at leo ang hawak, minadali ang paglalakad.

Mas lumakas ang apoy. Mas lumakas din ang pag-iyak ni Chloe.

"A-ang anak ko..." umiiyak na sabi ni Chloe, nanginginig, "a-ang sakit... lalabas na..."

Napaigting ang panga ni Elion.

"Hold on, Chloe."
Mababa pero determinadong tono.

Samantala...

Nasa loob ng sasakyan si Alessandro, naninigarilyo..

Tahimik siya, igting ang panga..

hanggang biglang nag-ring ang earpiece niya.

"Alessandro," boses ni Elijah, "Nakita na ni Elion si Chloe sa Aliya casa."

Bumagsak ang sigarilyo mula sa daliri ni Alessandro.

Kinabahan...

Tumigil ang paghinga niya.

Haggang sa nagmamaniobra na ang sasakyan. Hindi na niya hinintay si Marco na driver niya - tuluy-tuloy siyang nagmaneho papunta sa nagliliyab na Aliya Casa.

Sa labas ng nagbabagang Aliya Casa...

Nakalabas sila Elion bago pa may muling sumabog sa loob, Akay akay si Chloe na nanghihina at humihiyaw sa sakit ng labor. Nanginginig si Chloe sa sakit, pawis at abo ang katawan, pero hindi siya binitawan ni elion at leo kahit isang segundo.

Paglapag nila sa kalsada, agad niyang sinalubong ang malamig na hangin-at ang kaguluhan ng mga tauhan ni Leandro.

"Diyos ko..." bulong ng isa. "Buhay pa sila?"

Hinila ni Elion si Chloe palapit sa kotse niya, hawak sa baywang, habang si Chloe ay halos hindi makapagsalita sa sobrang sakit.

Paglagay niya sa backseat

biglang may humarang.

"HOY!!!" sigaw ni marina.
"Saan mo dadalhin 'yan?! ILABAS MO!"

Napatingin si Elion, nakilala ang babae na nagsabi kanina na Ibebenta ang Anak ni Chloe..

Nanlamig ang dugo ni Elion.

Tumigil siya.
Mabagal.
Dahan-dahan.

Tumingin siya sa babae-
at doon biglang nagbago ang buong aura ni Elion.

Ang kaninang presensiyang tahimik at kalmado...
naging isang halimaw na walang pakialam kung may nakakakita.

"P-Please," hingal ni Chloe, nakahawak sa braso niya. "W-wag mo kong iiwan..."

Hindi siya sumagot.
Pero hinaplos niya saglit ang likod ni Chloe - isang garantiya.
Tapos... isinandal niya sandali si Chloe sa upuan ng kotse.

Pagharap niya-

Galit ang nasa mata ni Elion.
Pero hindi ordinaryong galit.
Ito 'yung galit na pumapatay.

Lumapit ang babaeng sumisigaw.

"Ilabas mo 'yan!! Narinig mo?! Hindi-"

Isang mabilis na saksak sa tagiliran.

Napatigil ang lahat.
Pati ang hangin parang huminto.

Napasinghap ang mga nakakita.
Pero hindi pa tapos.

Ikalawang saksak - sa tapat ng ribs.

Uupo sana si marina, ngunit mahigpit niya pa itong hinawakan.

tumingin si Elion sa babae, walang emosyon.

THIRD STAB.
Diretso sa tiyan.

Hindi huminga ang paligid.
May tumili, may umurong, may natulala.

Pero si Elion -
hindi pa rin tapos.

Dahan-dahan niya pang inangat ang patalim, kasabay ng pag-angat din ng katawan ni marina.
Pataaas ang hiwa, hanggang sumirit ang dugo.

Binitiwan niya ito.
Bumagsak ang katawan sa lupa-wala nang buhay.

Nilingon ni Elion ang mga nakapaligid:

"Sinong gusto na..
sumunod sa kanya."

Tahimik ang lahat.

Narinig niyang
Mangiyak-ngiyak, hirap huminga si Chloe.
"... s-sobrang sakit na..."

Pagbalik ni Elion sa pinto, may tumunog na parang pagtilamsik sa sahig ng kotse.

Napalingon siya.

Tumulo ang tubig sa hita ni Chloe.
Marami.
Mainit.

Kumunot ang noo niya, sumikip ang panga.

"...Chloe?"

iisara na niya ang pinto pero hinawakan siya ni Chloe, mariin, nanginginig ang mga daliri.

"W-wag... Hindi ko na Kaya..."
Umiiyak na pabulong, halos malunod sa sakit.

"Lalabas na talaga... lalabas na..."

Nanlaki ang mata ni Elion.

"Shit..."

Umayos na si Chloe sa backseat kung saan niya ito pinaupo kanina-

pero ngayon, bumukaka na ito sa harap ni elion, at napapaangat ang sarili sa bawat kirot ng contraction.

"Fuck..."
bulong ni Elion, hindi dahil sa inis-
kundi dahil sa panic na ngayon niya lang naramdaman.

Nanginginig ang kamay ni Chloe habang hinahawakan ang upuan.

"... please... tulungan mo ko... Ayy- Aray ko!!"

Umuga ang katawan niya sa sobrang sakit.

Mabilis na hinubad ni Elion ang jacket niya Hindi niya din alam Kung bakit...

Humawak siya sa gilid ng upuan, pinipilit maging kalmado kahit bumibilis ang tibok ng puso niya.

"Chloe... shhh...I can't do this!!" sabi ni Elion habang sinusubukan kontrolin ang paghinga.

Ngunit napatingin niya sa pagitan ng hita Mga nito-

may nakita na siya.

Pumikit siya saglit.

"Fuck."

Nagmulat si Chloe, nanginginig.
"... hindi ko na kaya... AHHHH-!"

Hinawakan niya ang hita ni Chloe para hindi ito mapasara.

Sa gitna ng sigaw ni Chloe at pagmamadali ni Elion...

May malakas na preno ng sasakyan sa likuran.

Sabay pagbukas ng pinto.

ALESSANDRO.

Halos sumabog ang ugat sa leeg niya sa bilis ng takbo papunta kay Chloe.

"CHLOE!!!"

Nag-angat ng tingin si Elion, .

Nang makita ni Alessandro ang eksena agad itong binigyan daan ni elion-

Si Alessandro
nagulantang.
Literal na natigilan.

"What the hell..." bulong niya, pero agad napalitan ng panic.

"Manganganak na Siya , Di na aabot sa ospital.." seryosong Sabi ni Elion..

Si Chloe, pawis na pawis, umiiyak, humihingal, nakabukaka sa backseat, at kitang-kita na ang buhok ng bata na lumalabas.

"Alessandro..."
mangiyak-ngiyak na tawag ni Chloe, humahabol ng hininga.
"M-masakit... lalabas na... A-Alessandro... tulungan mo ko..."

Halos malaglag ang panga ni Alessandro sa pagkabigla.

Chapter 44

Hindi siya makahinga.

Hindi siya handa.

"Chloe..."
Napahawak siya sa ulo niya, hindi alam kung lalapit ba o tatakbo pabalik ng kotse.

Umusog si Elion, mabilis na nagsalita.

"Palabas Na Ang Bata-ngayon Na!!"

Pero hindi siya tiningnan ni Alessandro.

Tinitigan lang niya si Chloe.

At doon niya naramdaman yung takot..

"Chloe..."
Lumapit siya, nanginginig ang kamay, parang siya ang manganganak.

Hinawakan niya ang mukha nito, pabiling-biling ang hininga niya.

" I'm here. I'm right here."

Umiyak si Chloe, humawak sa damit niya, halos mapunit ito.

"A-alessandro... l-lalabas na... please..."

Tumango si Alessandro, pero makikita ang takot sa mata.

Pagdating ng isa pang contraction-

"AHHHHHHHHH!!!!!"malakas na umiri si chloe

Napahawak si Alessandro sa upuan, halatang natataranta.

"Shit-Chloe-"

"ALESSANDRO!" sigaw ni Elion, halos Hindi makatingin..

"Saluhin mo. LALABAS NA!"

At nang tumingin si Alessandro sa pagitan ng hita ni Chloe-

KITANG-KITA NA ANG ULO NG BATA.

Nanlaki ang mata niya.

"N-No... no no no no-Chloe, FUCK!!, breathe-Hinga-hinga ng malalim-SHIT-Elion, ano gagawin ko?!"

"ALESSANDRO, SALUHIN MO-
HAWAKAN MO ANG BATA PAG LUMABAS!"

Tumingin si Alessandro kay Chloe-
at halos masira ang puso niya sa nakitang sakit sa mukha nito.

"A-alessandro..."
mahina pero desperado.

At doon siya tuluyang bumigay.

Humawak siya sa hita ni Chloe, nanginginig, nilalabanan ang sariling takot.

Hindi niya alam ang gagawin.
Hindi niya alam ang pakiramdam.
Hindi niya alam... na sa mga kamay niya,
anak niya pala ang ilalabas.

"Chloe... huminga ka..."
Basag ang boses niya, halos pabulong na nagmamakaawa.

Pero si Chloe -
pawis na pawis, namumutla, nangangatog sa sakit.

"A-Alessandro... ma...sakit... a...yoko na... please..."
umiyak siya, pinipigilan ang sigaw.

Napapikit si Alessandro

Pero sumigaw si Chloe sa panibagong contraction.

"AHHHHHHHHHHH!!!!!"

At doon niya nakita-

ang buong ulo ng sanggol ay lumabas na.

Napasinghap si Alessandro.

Boses niyang nanginginig:

"E-Elion... ano gagawin ko?!
SHIT!!! ang liit-"

" HAWAKAN MO!"
sagot ni Elion, buo ang utos. Pero Hindi tumatagal ang tingin.

Sumunod si Alessandro kahit nanginginig ang mga kamay.

Hinubad ang polo..pang salo

Inalalayan niya ang ulo ng baby , maingat na maingat, parang isang bagay na mas mahal pa sa buhay niya.

"Chloe... one more.
Isa pa... please... please..."

Humawak si Chloe sa upuan, hagulgol.

"A-Ayoko na... h-indi ko na kaya..."

Tumaas ang boses ni Alessandro, halos mabaliw.

"CHLOE!
Please-"

Hindi niya natapos.

Dahil sa huling contraction-

BUMAGSAK ANG BUONG KATAWAN NI CHLOE,
sumigaw, at isang tulak-

Dumulas ang katawan ng sanggol papalabas-

At sinalo iyon ni Alessandro.

ISANG BAGONG SILANG NA SANGGOL.

Umiiyak.
Humihinga.
Nababalot ng dugo at amniotic fluid.

Napahinto si Alessandro.
Parang nawala ang mundo sa paligid niya.

Tumingin siya sa sanggol-kalong niya umiiyak..

at tumigil ang puso niya, Nang maliit itong dumilat..

"..B-bakit pareho Kami ng kulay ng Mata..."
pabulong niyang sabi, halos hindi makapaniwala.

Mukhang-mukha niya.

Halos mabitawan niya sa pagkagulat.

"Elion..." bulong niya, nanginginig.
"E-Elion... teka... teka... bakit-bakit kamukha ko 'to?..."

Napatingin si Elion.

Saglit siyang hindi kumibo.

Si Alessandro dahan-dahan niyang ilalapit sana ang sanggol kay Chloe, pero biglang tumigil.

Parang tumahimik si Chloe.
Parang hindi na gumagalaw.

Sa sandaling iyon, tumigil ang mundo ni Alessandro.

"Chloe..." mahina niyang sabi, halatang nanginginig, hawak pa rin ang binti niya. "Chloe..." kumunot ang noo ni Alessandro..

"CHLOE!!!"
Sigaw ni Alessandro, halos mabasag ang boses.

Agad na pumasok si Elion sa kotse..

"SAKAY!! NGAYON NA!"

Napamura si Alessandro, mabilis na pinaandar ni elion nag kotse..

Sa backseat..natataranta si Alessandro

"Tangina-Chloe, open your eyes! DAMMIT!"

Pero hindi na sumagot si Chloe.
Lupaypay na ang katawan niya.

.

Hawak parin niya ang baby na umiiyak parin..

Mas lalo pang binilisan ang kotse..

Pagkarating nila sa ospital, halos hindi pa humihinto ang sasakyan nang bumukas ang pinto.
Bumuhos ang ilaw ng ER, malamig, puti, nakakasilaw -

"Urgent case! Pregnant patient, post-delivery, unresponsive!" sigaw ng nurse na unang nakakita kay Elion na may hawak sa baby at kay Alessandro na buhat si Chloe.

Agad na dumating ang dalawang doktor at tatlong nurse na may dalang stretcher.

"Sir, ilapag niyo na po dito!"
Pero hindi agad bumitaw si Alessandro, halos ayaw ipasa si Chloe.

"Dok... hindi siya gumagalaw. Hindi siya-"

"Move! Move! Pulse check!" sigaw ng doktor, sabay ng tensyon.

Ibinaba nila si Chloe sa stretcher; mabilis silang pinalibutan ng medical team.

"BP falling!"
"Oxygen saturation 72!"
"She's losing blood!"
"We need Type O, negative! NOW!"

Nagkatinginan ang mga nurse - halatang naghahabol ng oras.

Tumawag ang isa:
"Code Red! OB Trauma Room, prepare for hemorrhage protocol!"

Parang nabingi si Alessandro.
Parang lumiliit ang mundo niya.

Hindi alam kung saan titingin - kay Chloe, sa baby, o sa doktor na umiiling.

May isang doktor na lumapit sa kanya, seryoso ang mukha.

"Sir... kailangan niyo pong umatras. We need space."
Hindi gumalaw si Alessandro.

"Sir, 50/50 ang kondisyon niya. Kung hindi tayo mabilis, mawawala siya."

Doon siya napaangat ng tingin-parang binuhusan ng yelo.

"Hindi... hindi siya mawawala," halos pabulong pero puno ng sakit ang boses niya.

Tinulak na ang stretcher papasok.
Habang naglalakad ang team, patuloy ang sigawan:

"BP 60/40!"
"Prep for emergency transfusion!"
"Clamp the bleeding-NOW!"

Hanggang sa sumara ang pinto ng operating room.

At naiwan si Alessandro sa corridor...

Tulala..

Habang sinasara ang pinto ng OR kay Chloe, bahagyang natigilan si Elion.
Mahigpit pa rin ang hawak niya sa sanggol-

Lumapit ang isang pediatric nurse,

"Sir... the baby," mahinahong sabi nito.
"Kailangan po namin siyang i-check.

Tumango si Elion, iniabot ang sanggol

Sinundan niya ito ng tingin,

Dinala ng nurse ang baby sa Neonatal Check Area, at pagdating doon, siniguro niyang maririnig ni Elion ang report:

"Baby boy... breathing shallow. Start suction. Check oxygen. Prepare warm blankets."

Sa gilid, lumakad si Alessandro.
Namumula ang mata, nanginginig ang kamay.

May Lumapit na doctor Kay Alessandro at Elion..

"Sir... kailangan po natin i-secure ang baby. Mahina po ang paghinga niya."

At doon, parang sabay na bumagsak ang dalawang lalaki sa realidad:

Chloe, nasa 50/50.

Ang baby, hindi rin sigurado ang lagay.

Si Elion sa gilid, napapasinghap sa nangyayari.

Alessandro naman-hindi makakilos, parang pinipigilan ang sarili hindi madurog.

Habang naka-oxygen ang sanggol at patuloy na sinusuri ng pediatric team, pumasok ang pediatric doctor-.sanay sa emergency, pero halatang nagmamadali.

"Stabilize his breathing. Warm blankets. Monitor heart rate every minute," utos niya sa mga nurse.

Pagkatapos, humarap siya kina Elion at Alessandro na pareho nang tensyonado, magkasabay na nakatingin sa baby.

"Sir..." sabi ng doctor, hawak ang clipboard.
"Kailangan ko pong malaman - sino po ang ama ng bata?"

Natigilan ang dalawa.

Si Elion ang unang tumingin kay Alessandro.
Si Alessandro... napakurap, napalunok, naguguluhan.

Hindi siya umimik.

"Para ma-brief ko po siya tungkol sa kondisyon ng sanggol," dagdag ng doctor.
"Kailangan ko ring makuha ang medical history ng father. Importante po ito."

Pagkasabi ng doctor, biglang umusad si Alessandro.

Mabilis.

Kinuwelyuhan niya agad ang doctor.
madiin, parang hindi humihinga ang hangin sa paligid nila.

Napamulagat ang mga nurse.
Si Elion-nakatitig Lang..

"Makinig ka," mababang-mababa ang boses ni Alessandro.

"Siguraduhin mong-" humigpit ang kapit niya, halos dumikit ang doctor sa pader,

"buhay ang mag-ina. Kung hindi... ibabaon kita ng buhay."

Nanlaki ang mata ng doctor, hindi makagalaw..

Ang paligid, tahimik.

Pero si Elion...
Siya lang ang nakakita ng totoong nasa likod ng galit ni Alessandro.

Sa malapitan -
sa ningning ng mata ni Alessandro na nanginginig-
hindi iyon galit..

Takot iyon.
Takot na baka mawala si Chloe.
Takot na baka mawala ang bata.
Takot na baka huli na ang lahat.

"Alessandro...," marahang sabi ni Elion, hindi para pigilan, kundi para kakalmahin siya.

"Bitawan mo muna."

Doon lang kumurap si Alessandro.
Parang may biglang pumasok na hangin sa baga niya.
Dahan-dahan niyang inalis ang kamay niya sa kuwelyo ng doctor, pero hindi niya tinanggal ang titig.

"Gawin mo trabaho mo," mariin niyang sabi.
"Kung may mangyaring masama sa kanila... sisiguraduhin ko din na may mangyayari sa'yo."

Tumango ang doctor, nanginginig, pero agad bumalik sa trabaho -

At habang nilalayo siya ni Elion, hindi nakatakas sa kaibigan ang nakita niya:

Ang mga mata ni Alessandro... puno ng takot na hindi niya kayang sabihin.

Chapter 45

Two Days Later – ICU Recovery Room

Mahina ang tunog ng makina sa paligid.
Tahimik ang silid.

Dahan-dahang dumilat si Chloe, masakit ang ulo, mabigat ang katawan… at ang unang nakita niya ay ang isang lalaking nakasubsob sa gilid ng kama.

Si Alessandro.

Nakatulog ito doon sa mismong braso niya..

Mahina siyang bumigkas:

“A-Alessandro…”

Agad itong nag-angat ng ulo.
Namumula ang mata, halatang walang maayos na tulog..

“Chloe…”
Isang salitang punong-puno ng ginhawa at takot.

Pumikit si Chloe sandali, saka humugot ng malalim na hininga.

“A-ang… a-anak ko…?”
Mahina, halos pabulong, nanginginig.

Matagal bago nakasagot si Alessandro.
Umiling muna — hindi dahil wala siyang sagot, kundi dahil ayaw niyang masaktan siya.

“Aless—”
Hindi pa siya tapos nang putol ni Alessandro, boses niya mababa pero matatag:

“Nasa ICU siya.”

Parang huminto ang mundo ni Chloe.
Umiling, umiiyak agad nang walang pigil.

“Chloe…”

“Dalhin mo ko sa kanya… Alessandro, please… please…”

Hindi siya tumanggi.
Hindi kaya.

Dahan-dahan niyang inalalayan si Chloe, marahang iniangat mula sa kama kahit nanginginig pa ang mga tuhod nito.

Inilagay niya sa wheelchair, inayos ang kumot, sinigurong hindi masasaktan.

Tahimik silang dalawa habang tinutulak niya palabas.

Tahimik pero mabigat.

ICU – Infant Care Unit

Pagdating nila sa harap ng glass panel ng neonatal ICU, huminto si Alessandro.

Si Chloe, nanginginig ang kamay, dahan-dahang tumayo...

Dahang dahan inabot ang salamin…

Inilapat ang kamay Doon..

At doon niya nakita ang maliit, pinong katawan ng sanggol —
nakakabit sa tubo, naka-oxygen, napapaligiran ng makina.

Parang nabasag ang puso niya.

“B-baby k-ko…”
Iyak niya, hagulhol, halos dumikit ang mukha sa salamin.

Hindi nakatingin si Alessandro sa bata.
Nakatingin siya kay Chloe.

At doon, sa gitna ng paghikbi ni Chloe,

Tumingin Siya kay Alessandro na nasa gilid Lang,

hinawakan niya ang kamay ni Alessandro —

mahigpit..

desperado...

Luhaan..

At doon, sa wakas, sinabi niya ang dapat nitong malaman..

“A- alessandro…”

Umiyak siya nang todo.

“A-ang anak natin.”

"Anak... mo.... siya, Alessandro..."

Parang tinamaan si Alessandro sa dibdib.
Para siyang nanigas.

Napalunok siya,

hindi makapagsalita.

Lahat ng tanong,

lahat ng sakit,

lahat ng kinatatakutan niya…

nag-collapse sa iisang katotohanan.

Napalingon siya sa sanggol..

Anak niya ang nasa ICU.

Anak nila.

Hawak pa rin ni Chloe ang kamay ni Alessandro, nanginginig, parang ayaw bitawan.

Mahina pero tuloy-tuloy ang boses niya,
para bang takot siyang maputol pa bago niya masabi lahat.

“Ikaw ang— ikaw ang ama niya, Aless—”

Natigilan si Alessandro.

Parang nag-echo ang salita sa utak niya.

Ama.

Siya.

Mas lalong lumalim ang titig niya kay Chloe nang dinugtungan nito ang bawat salita—mabagal, durog, tuloy-tuloy na parang nahihilo:

“A-ako…”

huminga siya nang mabilis,

umiiyak pero pilit matapang,

“Ako ’yung… babae…”

Napakurap si Alessandro.

Mahigpit ang kapit niya sa kamay ni Chloe,

“’Yung sa kama…”

Nanginginig si Chloe, halos hindi makapagsalita sa sakit at hiya.

“’Yung… naka-tali…”

Nag-iba ang mukha ni Alessandro.
Parang huminto ang puso.

“’Yung naka… mask…”

At doon.

Parang may granadang sumabog sa loob ni Alessandro.

Nanigas ang katawan niya.
Hindi makatayo.
Hindi makagalaw.

Para siyang walang naririnig sa ilang segundo—
tahimik ang mundo…
nawala ang tunog ng ICU machines…
nawala ang pag-iyak ng sanggol…

Ang nanatili lang ay ang boses ni Chloe,
malamlam at puno ng trauma...

“Ako ’yon, Alessandro… ako ’yung babae na—”

Pero bago pa makumpleto,
dahan-dahang umatras si Alessandro…
isang hakbang… dalawa…
parang nawalan ng lakas ang tuhod niya.

“Hindi…” bulong niya, halos walang lumabas na boses.

“Hindi… Chloe…”

Napahawak sa sariling ulo, parang hindi makahinga,
habang sa unang pagkakataon,
napaluha siya sa harap ni Chloe.

Siya ang ama.

At siya ang lalaki sa gabi na iyon.

At si Chloe… ang babaeng ginapos. tinakpan, at kinuha ni Leandro.

Napaupo si Chloe, sa wheelchair, halos hindi makahinga sa paghikbi.

“Hindi ko alam… hindi ko alam na ikaw ’yon…”sagot ni Alessandro takot na kasuklaman siya ni Chloe, nanginginig na paliwanag nito, nadudurog ang dibdib.

“Wala akong magawa… wala… wala…” humihikbi, hingal, halos mahimatay si Chloe na nagsasalita..

“Pero totoo… ikaw ang ama…”

tumalikod siya saglit,

pero hindi nito mapigilan—

nanginginig ang kamay niya.

Hindi dahil sa galit.

Hindi dahil sa hiya.

Kundi dahil sa takot…

at sa lalim ng konsensya na halos lamunin siya.

Nakatayo pa rin si Alessandro,
hawak ang ulo,
nanginginig ang kamay,
parang binuhusan ng libong alaala noong Gabi na Yun..

Lango siya nun, siguro kong hindi siya gumamit non, hindi niya magagawa yun...

Ang alaala nung gabi na yun, Kung paano niya Ito ginalaw ng walang ingat..

Napatitig Siya Kay Chloe..

Si Chloe, nakayuko sa wheelchair,
humahagulgol nang walang preno—
hindi na niya kayang pigilan.

Trauma, paghihirap, at ngayon… takot para sa anak nila.

“Yung anak natin, Alessandro!!!”
sigaw niyang durog ang boses..

nalulunod sa luha.

“Ang anak natin nando’n—naghihingalo—hindi ko alam kung—hindi ko—”

Hindi na nakatiis si Alessandro.

Lumuhod siya sa harapan ni Chloe,
diretso sa sahig ng ICU hallway,

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ni Chloe—
hindi marahas,
hindi malamig,
kundi parang hawak niya ang isang bagay na mas mahalaga pa sa buhay.

“Chloe…”
mahina pero basag ang boses niya.

At bago pa makaiwas si Chloe,
niyakap siya ni Alessandro.

Hindi biro.
Hindi pwersado.
Hindi yung tipong tago ang emosyon.

Isang yakap na desperado.
Mahigpit.
Parang nakadepende ang mundo niya sa tao sa bisig niya.

“Chloe… Chloe please… tama na… nandito ako…"
bulong niya, pero paulit-ulit.

“Hindi ko kayo pababayaan. Hindi. Hindi ko kayo iiwan.”

Pero si Chloe sumisigaw,
umiiyak nang basag na basag ang puso:

“Yung anak natin! Alessandro! Yung anak natin… baka mamatay siya…”
Iyak niyang parang mawawala ang hininga.

“Takot na takot ako… ayoko… ayoko siyang mawala…”

Napapikit si Alessandro,

Naluluha siya Hindi mapigilan..

“Kaya natin ‘to…”
pigil ang emosyon pero pilit matatag.

“Magiging maayos siya…
Chloe, hindi mawawala ang anak natin.
Hindi. Hindi ko hahayaang mangyari ‘yon.” Sabi niya dito...

Hinawakan ni Chloe ang dibdib ni Alessandro,
mahigpit, parang dun lang siya kumukuha ng lakas.

At doon…
sa gitna ng umiilaw na ICU monitors at malamig na sahig—

dalawang taong durog, takot, at sugatan
ay magkayakap na parang sila lang ang natitirang buo sa mundo.

Pagkatapos ng yakapan nila,
dahan-dahang umatras si Alessandro,
pero hindi makatingin kay Chloe.

Naninigas ang panga niya.
Nanginginig ang kamay.
At unti-unting bumagsak ang tingin na parang bigla siyang Hiyang Hiya Kay Chloe..

“Chloe…”
basag ang boses niya—hindi malamig, hindi boss, hindi siga.
Isa lang siyang taong nabigatan sa ginawa niya.

“Ako ‘yung… ako ‘yung gumawa non sa’yo.”
halos hindi lumalabas ang boses niya.
“S-sorry Chloe, Hindi ko alam, wala ako sa sarili nun.

Katulad na rin ako ng ama ko…
Wala na kaming pagkakaiba…"

Napakuyon ng kamay si Alessandro,
saka umiling, paulit-ulit, parang hindi matanggap:

“Ginawa ko ‘yon sayo—kahit hindi ko alam kung sino ka."

Napabagsak ang balikat niya.
Parang nawala ang buong tapang ng isang mafia boss.

At bago pa tuluyang masakal ang konsensya niya—

hinawakan ni Chloe ang pisngi niya.

Mabagal.
Malambot.
Hindi nanginginig.

“Alessandro…”
mahina pero matatag ang tono niya,
parang siya pa ang mas kayang tumayo kaysa sa kanya.

“Wag mong isipin na…
pinagsamantalahan mo ako.”

Napatingin si Alessandro.

Halos hindi makahinga.

At dahan-dahan lumambot ang mukha ni Chloe,
umaagos pa rin ang luha,
pero malinaw ang bawat salitang binitawan:

“Kung alam mo lang…”
nilapit niya ang kamay sa pisngi nito,

“…kung gaano ko gustong kumawala noon.”

Huminga siya nang malalim,
isang luha ang dumaloy.

“Hindi para tumakbo.”

Kunot ang noo ni Alessandro..

“Kung alam mo lang kung gaano ko gustong kumawala…

para lang yakapin ka.”

Natigil ang paghinga ni Alessandro.

Hindi siya nakaimik.
Hindi siya nakagalaw.
Hindi niya inasahan kahit kailan ang mga salitang ‘yon Kay chloe.

At sobrang dahan-dahan,
hinawakan ni Chloe ang kamay niyang nanginginig.

“Hindi mo ako sinaktan, Alessandro.”
bulong niya.

“Hindi mo ako ginahasa.”

Kumibot ang panga ni Alessandro,
pero ang mga mata niya—
punô ng sakit at pag-asa.

“M-mahal din kita… Alessandro…”

Para bang natigil ang mundo niya sa sinabi ni Chloe.

Nanlaki ang mga mata ni Alessandro—

Hindi siya agad nakapagsalita,

Hindi makapaniwala..

hindi makagalaw..

at halata sa mukha niya ang pagkabigla…

at ang sakit na tila gumaan bigla sa dibdib.

Chapter 46

Dahil Doon, Niyakap siya ni alessandro..

Naramdaman ni Chloe na nanginginig ang bisig ni Alessandro habang yakap siya nito— Hindi makapaniwala sa mga salitang binitiwan niya.

Para siyang lalaking nabunutan ng tinik.

At habang nakayakap siya kay Chloe,
para siyang humahabol ng hininga na parang ngayon lang ulit nabuhay.

“Chloe…”
pabulong niyang sabi,
malalim, garalgal, puno ng emosyon na ni minsan hindi niya pinakita kahit kanino.

Tumingin si Chloe sa kanya,
mga matang pulang-pula,
puno ng pakiusap at pagmamahal na ayaw pa sanang lumabas sa bigat ng sitwasyon.

At bago pa niya mapigilan…

Hinalikan niya si chloe.

Hindi iyon marahas.
Hindi iyon pag-angkin.

Ito ay halik ng isang lalaking natatakot—
sa pagkawala,
sa pagkakamali,
sa pagmamahal na ngayon may tumanggap na mula sa kanya.

Marahan, pero desperado.
Mabagal, pero puno ng pangako.

Naghiwalay ang kanilang mga labi, saglit na nagkatitigan..

Hinaplos ni Alessandro ang buhok niya,
hinila siya palapit,
at hinalikan muli na para bang
si Chloe lang ang mundo niyang natira.

At si Chloe—
kahit nanginginig,
kahit puno ng luha—
ay gumanti ng halik na parang
bumabalik ang lakas niya.

Muli silang nag hiwalay halos magkadikit pa ang noo, parehas hingal.

“Alessandro…”
pabulong ni Chloe,

“Chloe… hindi mo alam kung gaano ko kailangan marinig ‘yan ngayon.”

Pinisil niya ang kamay nito.

“Hindi kita iiwan.
Hindi ko iiwan ang anak natin.”

At doon, kahit sandali lang—
naging tahimik ang mundo nila
habang ang anak nila ay lumalaban sa bawat paghinga.

THIRD POV

GABI — SA LABAS NG ISANG COMPOUND

Mabilis ang tibok ng dibdib ni Leandro habang patakbo siyang lumalabas sa likod na pintuan ng safehouse. May dala siyang tatlong tauhan, lahat armado, pero kita sa mukha niya ang takot.

“Bilisan n’yo! Putangina, kailangan nating makaalis—”

Hindi na niya natapos.

Isang bala ang tumama sa paa ng tauhan niya —

“Boss!!” sigaw ng lalaki bago bumagsak.

Napalingon si Leandro.

Doon niya nasilayan ang dalawang pigura.

Parehong brutal,

sanay sa karahasan,

walang pag-aalinlangan sa kanilang mga mata.

Papalapit sila, taglay ang nakakakilabot na katahimikan.

Magkaparehong malamig ang lakad.
Magkaparehong walang emosyon.
Magkaparehong may hawak, ang isa ay patalim ang isa naman ay baril..

“Leandro.”
Boses ni Elion — tahimik pero nakakatakot..

“Hindi ka aalis ngayong gabi.”nanlalaki ang mata na sabi ni elion..pero nakangiti

Agad nagpaputok ang mga tauhan ni Leandro, ngunit—

WALANG ISA MAN ANG TUMAMA.

Mabilis ang kilos nina Elion at Elijah.
Mga Sanay.
Mga bihasa.
Pumatay

Si Elion, nakalapit sa isang tauhan, sinaksak ito dalawang beses sa tiyan bago tinulak palayo.

Si ellijah binaril niya ang pangalawang tauhan — isang bala lang sentro ng noo.

Si Elion naman ay nilapitan pa ang kaninang may tama sa paa, na Ngayon ay takot na takot, at ibinaon ang talim ng patalim niya sa ilalim ng panga nito.

Walang awa. Walang pagdadalawang isip.

Tatlo.
Tatlong katawan ang bumagsak.

Si Leandro nalang ang natira, nanginginig, halos maihi sa pantalon.

Napasiksik sa gilid...

“Hindi… hindi pwede ‘to…”

Lumayo si Elijah, lumabas ..

Naiwan si Elion, titig na titig Kay Leandro..

Sinubukan niyang tumakbo—pero pag labas natigilan siya..

Si Elijah, nakasandal na pala sa pinto ng kotse, parang hinihintay talaga siya.

“There's nowhere left for you to run,” sabi ni Elijah, sabay ngisi..,

“The other one is absolutely furious.” Sabi pa ni Elijah, inutukoy si Alessandro...

Si Elion na kalalabas Lang papunta sa likod niya at marahas na sinakal gamit ang braso, pinaluhod sa lupa.

Nakatitig si Elijah, natutuwa sa takot ni Leandro..

“Maswerte ka,” bulong ni Elion sa tainga niya.

“Hindi kami ang papatay sa’yo.”

Nanlaki ang mata ni Leandro.
“H-huwag n’yo akong ibigay kay Alessandro… please… hindi ko sinasadya—”

“Sayang....pero kasi...” malamig na putol ni Elijah habang naka cross arms...

“ireregalo ka namin sa kanya.
Mahilig ka naman magregalo, ‘di ba?”

Hinawakan sa batok ni Elion si Leandro at pinasakay ng kotse..

Ibinuhol ang kamay ni Leandro, gamit ang alambre, mahigpit at tinakpan ang bibig, itinali ang paa.
Halos hindi makahinga sa takot ang lalaki.

Habang nagsasara ang pinto ng van, tumingin si Elijah kay Elion.

“Matutuwa niyan si Alessandro.”

“Yeah,” sagot ni Elion.

“Para sa nangyari sa babae niya.”

Sabay silang tumingin sa nakatali at nanginginig na si Leandro.

“prepare yourself,” ani Elijah, at ngumiti ng malamig.

“A perfect gift,” dagdag ni Elion,
“for a very… emotional Alessandro.”

HOSPITAL

Hawak pa rin ni Alessandro ang kamay ni Chloe sa tabi ng incubator. Nakaupo siya sa gilid ng kama niya, nakasandal ang ulo ni Chloe sa braso niya, at tahimik nitong hinihimas ang likod ng kamay niya habang iniiyak pa rin ang kondisyon ng kanilang anak.

Sa gitna ng katahimikan ng NICU—
nag-vibrate ang cellphone ni Alessandro.

Napatingin si Chloe.
“Alessandro…?”

Hinaplos niya ang pisngi nito saglit.
“Sandali lang… tingnan ko lang.”

Pagtingin ni Alessandro sa screen,
ELION.

Nag-iba ang tingin ni Alessandro.
Naging malamig.
Naging mapanganib.

Pero hindi niya binitiwan ang kamay ni Chloe habang sinisagot ang tawag.

“Yeah,” mahinang sagot niya.

Sa kabilang linya, boses ni Elion —
malalim, kampante,

“Hey.”

Tahimik si Alessandro, hinihintay ang kasunod.

At doon nagsalita si Elion:

“We have a gift for you.”

Bahagyang napakurap si Alessandro.
“Not now, Elion.”

“Trust me,” sagot ni Elion, may bahid ng ngisi.
“Magugustuhan mo ’to.”

Tumingin si Alessandro kay Chloe at mas hinigpitan ang kapit sa kamay nito.
“Hindi ako pwedeng umalis ngayon dito,” malamig niyang sagot.

“Hindi ko iiwan si Chloe at ang anak namin.”

Sa kabilang linya, rinig niyang tumawa si Elijah, mahina..

“Wow… an instant family. You really should celebrate that.”

“Shut up, Elijah.”

Pero bago pa makapagsalita si Elion ulit—

Narinig ni Alessandro sa phone ang kalampag.
Sigaw.
Isang tinig na umiiyak, nagmamakaawa.

At nakilala niya kaagad.

Si Leandro.

“Aless…!!!
Alessandro, hindi ko sinasadya!
Huwag—huwag mo ’kong ipapatay!
Please! PLEASE!”

Nanigas ang buong katawan ni Alessandro.
Dahan-dahan siyang tumayo.

Nag-iba ang aura niya.
Mula sa ama…

pabalik sa halimaw na pinalaki ni Leandro..

Napatitig si Chloe sa kanya, kinakabahan.
“Alessandro? Ano ‘yun…?”

Hindi siya sumagot.

Sa kabilang linya, boses ni Elion —
mas mababa, mas malamig, mas seryoso.

“He’s alive… for now.
Nasa bodega na kami ni dad.
Just say the word.”

Tahimik si Alessandro.

Tumingin siya kay Chloe—
sa babaeng mahal niya,
sa ina ng anak niya na nasa bingit ng kamatayan.

At ang dahan-dahang pagkislot ng panga ni Alessandro ay parang pagsindi ng papuntang impyerno.

“Sasamahan ko muna ang pamilya ko…”
bulong niya, halos pabulong lang,

“pero pagkatapos nito—”

Humigpit ang hawak niya sa telepono.

“No one touches him until I arrive.”

Ngumisi Naman si Elion sa kabilang linya

“Thought you’d say that.”

Naputol ang tawag.

At doon
nakatayo si Alessandro sa gitna ng NICU,
hawak ang dalawang mundo..

ang mahal niyang babae…

at ang lalaking kailangan niyang durugin.

Chapter 47

tumingin si Chloe Kay

Alessandro ...pareho silang nag aalala at sugatan para sa anak na ngayon ay nakikipag Laban parin para mabuhay ..

Tatlong araw.
Tatlong gabing hindi sila nakatulog.
Tatlong gabing hindi umalis si Alessandro sa tabi ni Chloe.
Tatlong araw nang si baby Cali ay nakikipagsapalaran sa loob ng ICU, napapalibutan ng tubo at makina.

Alessandro…” mahinang bulong ni Chloe..

Hinawakan siya ni Alessandro, marahan, parang natatakot siyang masaktan siya.

“Tuloy pa rin siyang lumalaban,” mahina niyang sabi, pilit inuuna ang lakas.

“M-malakas ang anak natin…Diba??”

Napapikit si Alessandro, pinipigilan ang panginginig ng dibdib niya.

"O-oo...Chloe.."sagot niya..

Sa likod ng salamin ng ICU, kumikilos ang maliit na dibdib ng kanilang anak—mahina pero nandun pa rin.

Magkahawak silang dalawa Ng kamay.
Sugatan, pagod, pero hindi sumusuko.

Para sa anak nilang patuloy na lumalaban na mabuhay...

Mayamaya Lumapit ang doktor bago, may dalang isang folder na kanina pa niya kinakabahan na buksan.

“Mr. Vinzenzi… Miss Chloe… kailangan ko po kayong kausapin tungkol sa kondisyon ng bata.”

Parang biglang nanlamig ang katawan ni Chloe. Napalunok siya, umaasang mabuti ang maririnig.

“D-doctor,” mahina niyang bulong, “K-kumusta ang anak namin?”

Huminga nang malalim ang doctor bago tumingin sa kanilang dalawa.

"kritikal parin ang lagay niya..pero lumalaban ang bata...”

Napahawak siya sa dibdib at napapikit, habang si Alessandro ay dahan-dahang tumigas ang panga—

“Malnourished ang sanggol,” patuloy ng doktor.
“Masyado siyang mababa sa timbang. Hindi siya nabigyan ng sapat na nutrisyon sa loob ng sinapupunan… at mukhang matagal nang hindi maganda ang kondisyon ng ina bago pa man manganak.”

Naluha si Chloe.
Tahimik lang, pero masakit. Yung kirot na hindi niya kayang saluhin mag-isa.

“H-hindi ko kasalanan…” nanginginig niyang sabi.
“Hindi nila ako hinayaang kumain nang tama… Alessandro..." Sumbong niya Kay alessandro...

"hindi ko… hindi ko ginustong—”

Napatigil siya, tuluyan nang bumigay ang luha.

Ang doctor ay lumapit, mahinahong boses, “Miss Chloe, wala kayong kasalanan. May mga senyales na… may nagpahirap sa inyo habang nagbubuntis.”

At doon, dahan-dahang bumagsak ang pader ng kontrol ni Alessandro.

Hindi siya sumigaw.
Hindi siya gumawa ng ingay, pero gigil na siya..

Lumapit siya kay Chloe. Dahan-dahang hinawakan ang pisngi nito, parang pilit niyang sinisinghot ang natitirang lakas para hindi mabaliw sa galit.

Nakatitig si Chloe sa kanya, pulang-pula ang mata sa pag-iyak.

“Aless…”

“Huwag Kang mag alala...,” bulong niya.
“Akong bahala.”

Tumalikod siya.
Kinuha ang cellphone.
Lumabas ng kwarto at dahan-dahang sinara ang pinto—

Pagkasara ng pinto, agad niyang tinawagan si elion.

Isang ring pa lang ay sinagot na ito.

“Hey.”

Madilim ang boses ni Alessandro.
Mabigat.
Nangangalit ang panga..

Mahigpit na pumikit si Alessandro.

“Elion....” malamig na sagot.

Hindi agad nag salita..

Mukhang nakuha Naman ni Elion ang galit Ng kaibigan Kaya Ito na ang nagtanong..

“Anong gusto mong gawin namin?”

Saglit tumingin si Alessandro sa pintong pinaglabasan niya, lumakad siya Ng konte at Doon nakita niya sa pagitan ng salamin na pader—sa loob niyon, naroon si Chloe, umiiyak… at ang anak niya, nakikipaglaban para mabuhay.

Nagsalita siya, mababa, puno ng galit na hindi kayang itago ng sinuman.

“Gusto ko…”

Huminga siya nang malalim.
Isang segundo lang.
Isang sandali bago tuluyang bumagsak ang demonyong matagal niyang kinukulong sa loob.

“…pahirapan mo muna siya, Elion.huwag papatayin....”aniya..

Hindi pa Kasi Niya maiwan si Chloe.. ayaw niya itong iwanan hangga't hindi pa nagiging okay ang anak nila...

Napatahimik ang kabilang linya.

“Gawin mo yung hihilingin na sana pinatay na lang siya sa unang segundo pa lang.”

“Understood.”
Malamig. Walang tanong. Walang awa.

"I really like torture…" Elion added, "…it looks like I'm really going to enjoy this."

Isinara ni Alessandro ang mata niya, may bigat ng isang lalaking handang wasakin ang mundo.

“Good.”

Tinapos niya ang tawag, at pagdilat niya ng mata—

Hindi na siya si Alessandro na kanina lang nakahawak sa kamay ni Chloe.

Siya na ang demonyong pinalaki ng kasinungalingan, dugo, at paghihiganti.

BODEGA — TORTURE SCENE

Tahimik ang buong bodega.

Walang kaluskos.
Walang ibang tunog maliban sa mabigat na paghinga ng lalaking nakatali sa upuan—si Leandro—na ngayon ay duguan, nanginginig, at halos hindi na makilala..matapos bugbugin ni Elijah..

Nagkatinginan ang magkapatid saka tinapik ni Elijah si Elion..

"Ikaw Naman..." Aniya na parang pinapasa Lang si leandro na parang laruan..at naglakad na palabas ng bodega..

Katahimikan ang sumunod..

Madilim ang paligid.

si Elion.

Nakasuot ng itim na gloves.
Walang ekspresyon.
At may hawak na maliit na kutsilyong umiikot-ikot sa daliri niya—parang laruan.

Ngumiti si Elion.
Hindi masaya.
Hindi mabait.
Kundi yung ngiting parang tuwang tuwa sa ideya ng pagwasak ng tao.

“Good evening, Leandro.”

Hindi nakaimik si Leandro; nanginginig lang ang baba niya.

Lumapit si Elion, yumuko, at sinipat ang mukha niya na parang tinitingnan kung may parte pang hindi nasisira.

“Alam mo ba,” mahinahon niyang sabi, halos bulong, “matagal ko nang hindi nagagawa ito...ngayon nalang ulit.”

Nilapit niya ang labi sa tenga ni Leandro.

“At gustong gusto ko ito...”

Mayamaya..

Biglang sinipa ni Elion ang upuan.
Tumagilid ito, pero hindi natumba dahil nakabig ang tali sa likod.

Napairi si Leandro sa sakit.

Tumayo si Elion, umiikot sa kanya.

Mayamaya may Kumalansing ng mga gamit.

Hinila ni Elion ang isang rusty na ice pick at marahang tumapik sa balikat ni Leandro gamit iyon.

Tumigil siya.
At saktong dahan-dahang idiniin ang dulo ng ice pick sa hita ni Leandro.

Napasinghap si Leandro.
Nagpumiglas.
Pero mahigpit ang tali.

“huwag Kang makulit..,” sabi ni Elion, halos pabulong.

Diretso.
Mabagal.
Sadistang mabagal.

Sumigaw si Leandro, napairi, nanginginig ang buong katawan.

Pero hindi pa tapos.

Hinila ni Elion ang ice pick—may kasamang dugo—

“pinagmasdan yun...”
Ngumiti siyang parang batang natuwa.

“Alam mo bang mas masarap kapag sumisigaw ang tao?”

Napalunok si Leandro, nagmakaawa.

“Please… please tama na—”

Hindi pa tapos magsalita—

sinuntok siya ni Elion sa sikmura, saka hinila ang buhok para mapatingala.

Marahan siyang yumuko.
Tingin na malamig, walang awa.

“Gusto mong tumigil ako?”

Tumango si Leandro, nanginginig.

“Ayoko nga,” sabi ni Elion, sabay ngisi.

Lumayo saglit..

Kinuha niya ang pliers mula sa mesa.

Kumislap ang mata ni Elion.
Saka nagsalita.

“Kailangan ka pa ni alessandro.”

Hinawakan niya ang kamay ni Leandro.
Paharap.

Isang daliri ang hinawakan niya.

“kaya… maglalaro muna tayo.”

At biglang..

Pinutol ang unang daliri.

Sumigaw si Leandro, halos mawalan ng boses.

Si Elion?
Tumawa.

Mahina, pero nakakatindig ng balahibo.

At habang umiiyak ang biktima, dahan-dahan siyang yumuko at bumulong

“Tiisin mo…”
Ngumisi siyang parang demonyo.

Huminto si Elion.

Tumingin sa duguang si Leandro, at nagsalubong ang mga kilay niya—hindi dahil naaawa…

kundi dahil nababagalan siya.

“Tsk. Hindi ako satisfied.”
Aniya sabay sumimangot at inikot-ikot niya ang pliers sa kamay.

“Hindi kita makita nang maayos habang nakaupo ka.”

Lumakad siya papunta sa gilid ng bodega at hinila ang isang chain pulley na parang matagal nang naghihintay na magamit muli.

Kinawit niya ang malaking bakal na hook.
Malamig.
Madumi.
May lumang bakas ng kalawang at dugo ng ibang hindi na nakauwi.

Lumapit siya kay Leandro.

“Tumayo ka—ay teka…”
Natawa siya.

“Hindi ka nga pala makakatayo.”

Sinipa niya nang malakas ang upuan—at sa isang iglap, bumagsak si Leandro sa sahig, umuungol, nilulunok ang sarili niyang dugo.

Hinila ni Elion ang katawan niya.
At doon, sinimulan niyang itali ang bukung-bukong ni Leandro, mahigpit, gamit ang leather straps.

“Alam mo ba,” sabi ni Elion habang ginagawa yun, “favorite talaga namin ito ng ama ko....”
Ngumisi siya.

“Mas kita ang mukha ng tao. Mas kita kung paano sila bumibigay.”

Siniguradong mahigpit ang tali, pagkatapos ay isinabit niya ito sa hook.

Umangat ang katawan ni Leandro.
Mabagal.
Paikot.
Nakabaligtad.

Nakahantad ang duguang mukha niya, namumutla, tumutulo ang dugo pababa sa buhok at noo niya.

“Huwag… huwag, pakiusap…”

Si Elion ay tumingin pataas.
Para siyang batang pinapanood ang laruan niyang umiikot.

“Wow,” bulong niya,

Lumapit siya, dahan-dahan, hanggang magtama ang mukha nila—pero baligtad ang mundo para kay Leandro.

Kinuha ni Elion ang bagong ice pick, mas matalim, mas bago.

Tinapik niya ang pisngi ni Leandro gamit ang dulo nito—nakangiti, parang nagpapakilala.

Itinusok niya dahan-dahan ang ice pick sa binti.
Si Leandro ay napasigaw.

Hinila niya palabas ang ice pick—may kasamang dugo at sigaw.

“Elion… please…”
Nanginginig ang boses, puno ng awa sa sarili.

Sinapo ni Elion ang mukha ni Leandro, parang minamasdan niya ang isang painting.
Nakatingin.
Tahimik.
Naaaliw.

Umiiyak na si Leandro, nanginginig, nagmamakaawa.

Si elion?
Tumatawa.

Mahina lang.
Pero baliw.

“Gusto mo na bang mamatay?” bulong niya, halos pabulong..

Tumango si Leandro agad-agad.
Umiiyak.
Sumisigaw.

“Oo! Oo—pakiusap! Patayin mo na ako—”

Ngumisi si Elion.

“kaso Hindi pa daw pwede Sabi ng pamangkin mo.”

Chapter 48

WARNING??????

Dalawang linggo na ang lumipas mula nang isilang si Baby Cali—
dalawang linggo ng pag-aalala, pagdarasal, at pagkapit sa pinakamaliit na pag-asa.

At ngayon… tinawag siya ng mga doctor na “miracle baby.”
Kahit sobrang hina, kahit halos walang laban noong una,
nagawa nitong maka-survive—
parang siyang munting sundalong ayaw sumuko.

Si Chloe, kahit matagal nang discharged,
hindi halos umuuwi.
Para bang ang ospital na ang naging pangalawang bahay niya.

Araw-araw, gabi-gabi,
nasa tabi siya ni Baby Cali—
hawak ang maliliit nitong kamay,
hinihimas ang ulo,
masuyo siyang binubulungan ng mga pangakong hindi kailanman bibitawan.

At kapag pinapayagan ng doktor,
ay dinidikit niya ang anak sa dibdib niya,
dinuduyan habang nagbe-breastfeed,
para maramdaman ni Baby Cali ang init at tibok ng kanyang puso.

Doon siya pinaka-napapaluha—
sa bawat pagdede,
sa bawat maliit na paggalaw ng anak,
sa bawat marahang paghinga nito.

heto sila ngayon
—magkasama, lumalaban, at unti-unting bumubuo ng bagong simula.

At sa bandang gilid ng kwarto, halos hindi umaalis
si Alessandro.
Tahimik.
Laging nakatingin sa mag-ina niya—
parang bawat hinga nila ang bumubuo sa buhay niya.

Hindi niya masabi nang malakas…
pero sa bawat pagtingin niya kay Baby Cali,
at sa bawat paghaplos kay Chloe…

Alam niyang iyon ang dahilan kung bakit hindi niya pinagsisisihan ang gagawin niya Kay Leandro..

Ito ang pamilya niya.
At handa siyang ipagtanggol ito—

kahit ano pa ang kapalit.

Tumalikod siya lumabas ng kwarto...

Oras na..

Pagkalabas ni Alessandro ng ospital,
Dire-diretso lang siyang naglakad..

Pagbukas niya ng pinto ng kotse..

Sumakay siya.
Marahan.
Pero puno ng galit at pasensyang nauupos.

Napalunok si Marco sa unahan, agad umayos sa pag-upo.

Hindi tumingin si Alessandro—
nakatanaw lang ito sa hospital Kung Saan naiwan ang mag ina niya.

Pagkaraan ng ilang segundo, nagsalita siya.
Mababang boses. Matigas. Walang emosyon—

“Sa playground Tayo ni Elion.”

Walang tanong.
Walang paliwanag.
Utos na hindi dapat kuwestiyunin.

“Y-yes, boss.”
Agad na sagot ni Marco,

Pinaandar na ang kotse, medyo nanginginig ang kamay sa manibela ni marco.
Ramdam niya ang presensya ni Alessandro sa likod niya—
isang presensyang puno ng bagyo,
tahimik pero nag-aalab.

Sa likod, napapikit si Alessandro.
Saglit lang.
Pero sapat para makita niya, sa loob ng isip niya,
ang itsura ni Chloe—

At ang anak nila—
dalawang linggo nang lumalaban.

Umigting ang panga niya.
bumukas ang mga mata.

Wala nang atrasan.

tatapusin ni Alessandro

ang lahat ng dapat tapusin.

Nang makarating, nanigarilyo muna siya habang nakatitig sa bodega na nkinaroonan ni Leandro..

Mayamaya.. hinubad niya ang coat niya, inalis ang necktie at polo.. sando.. iniwan Lahat sa kotse.

Topless na nag lakad palapit sa bodega.. habang naninigarilyo..

Bumukas ang pintuan.

At pumasok siya.

Tahimik.
Madilim ang aura.
At galit na galit.

Si Alessandro.

Igting ang panga.
Madilim ang mata.
walang emosyon.
Pero ang aura niya…

parang may papatayin siyang hindi niya pagsisisihan.

Blangko ang mga Mata ni Elion.. napasulyap sa kanya..

Hindi tumingin si Alessandro kay Elion.
Diretso lang siyang lumapit.

Tahimik.
Nakakakilabot.

Pagtapat niya kay Leandro, hinawakan niya ang baba nito, itinaas ang mukha para magtama ang mata nila.

Si Leandro ay nanginginig, parang batang ginaw na ginaw.

“A-Alessandro… pamangkin… pakiusap… tama na—”

Hindi nagpabago ng ekspresyon si Alessandro.

“Hayop ka, pinahirapan mo ang mag ina ko...”

Nanlaki ang Mata ni Leandro, nagulat.

Magsasalita pa Sana ng pasakan ni Alessandro ng basahan ang bibig nito

Tumingin siya kay Elion.

“Ibaba mo siya.”

Agad na inikot ni Elion ang pulley.
Unti-unting bumaba ang katawan ni Leandro, pero hindi pa rin makatayo—dahil nanginginig, duguan, at halos wala nang lakas.

Nang tuluyang nakalapag ang ulo at balikat nito sa sahig, lumapit si Alessandro.

Mabagal..
Nakakatakot.

Hinawakan niya ang panga ni Leandro at tinaas ito para makita ang mukha niya nang diretsahan.

“Ayokong patayin ka.”

"Agad..." Aniya Sabay ngisi..

Nanginig lalo si Leandro, napahikbi, napapikit.

Tumayo si Alessandro..

At doon niya kinuha ang panghiwa mula sa mesa—
hindi maliit, hindi pangkaraniwan…
isang kutsilyo..
para magparusa.

Nanood si Elion, nakangisi.
Alam niya ang mangyayari.
At gustong-gusto niyang Makita Kung paano babalatan Ng buhay ni Alessandro si Leandro..

Wlang Sabi Sabi sinimulan niya itong balatan ng buhay, halos walang awa.

sinimulan niya sa mukha nito..

Sumigaw ng sumigaw si leandro...

Nagmakaawa, ngunit tila bingi si Alessandro sa pakiusap....

“huwag Kang magulo…”
mababa ang boses, kalmado, nakakatindig-balahibo,
“…Hindi pumapantay ang gulo mo Kasi..!!!:." sabay suntok niya dito sa sikmura.

pero ang bawat hiwa, bawat sigaw, bawat pakiusap ni Leandro ay nagsama-sama para bumuo ng isang eksenang
mas masakit kaysa kamatayan.

At habang umiiyak si Leandro,
habang nagmamakaawa,
habang dahan-dahang nawawala ang lakas niya—

Ang reaction ni Alessandro, hindi sumisigaw, hindi nagwawala—kundi kalmado, nakakatakot, at puno ng poot:

At doon nagsimula ang parusang magiging dahilan para

ipagdasal ni Leandro na sana namatay na lang siya kanina pa..

LUMIPAS ANG ISANG ORAS

Nang Mabalatan ang buong mukhang ni leandro hanggang leeg halos Hindi na Ito gumagalaw...

Pero humihinga pa.

May mahihinang ungol pa ito Leandro
na halos hindi na makilala ang boses.

Hindi na rin halos kumikilos ang katawan niya,
nanginginig nang bahagya,
pero buhay pa…
at iyon ang tanging rason kung bakit hindi pa tapos si Alessandro.

Nakatayo sa tabi niya si Elion,
kalma, parang nanonood lang ng simpleng eksperimento.

Si Alessandro, Madugo ang mga kamay nito, pero kontento ang tingin.

Maya Maya tahimik na iniabot ni elion ang patalim kay Alessandro.

“Here,” mahina niyang sabi.
“Finish it your way.”

Tinanggap ni Alessandro ang kutsilyo

Walang pagdadalawang-isip, walang pagkunot ng noo—

Lumuhod siya sa harap ni Leandro,
na ngayo’y dumilat nang bahagya—
takot na takot, nanginginig, halos hindi makahinga.

Tiningnan siya ni Alessandro nang matagal.
Hindi galit ang nasa mga mata niya—
kung hindi lamig.
Yung lamig na hindi na binibigyan ng halaga ang huling hininga ng kalaban niya.

Pagkatapos,
ibinaba niya ang patalim
at itinapat sa leeg ni Leandro.

At sa isang mabagal, kontroladong paggalaw—
hindi biglaan,
hindi rin marahas—
pinutol niya ang natitirang hininga ni Leandro.

Walang sigaw.
Walang yabang.
Walang emosyon.

Isang tahimik na pagwawakas lang
sa taong halos pumatay sa pinakamahalaga sa kanya.

Sa likod niya, ngumisi si Elion—
parang natutuwa sa linis ng pagpatay.
Pero si Alessandro?
Walang ngiti.
Walang kahit ano.

Tumayo siya, hinugasan at pinunasan ang kamay,
iniwan ang malamig na bangkay
na parang wala itong kahulugan.

“Burn everything...elion.”
Yun lang ang utos niya.

At lumakad siyang paalis—
pabalik sa ospital,
sa mag-ina niyang naghihintay.

Chapter 49

Isang buwan.
Isang buong buwan na nakatira si Baby Cali sa ospital,
lumalaban sa bawat araw,
unti-unting lumulusog,
unti-unting nagiging mas matatag.

At ngayong araw na ito—
pang-1st month ni Cali—
hindi lang magulang ang masaya,
kundi buong ospital.

Hindi iyon planado.
Pero nang mawala ang mga tubo sa katawan ni Cali,
nang marinig na ulit ang maliliit na iyak niya,
at nang makita ng mga nurse na nakangiti si Chloe sa wakas…
parang naging selebrasyon ng lahat ang milestone.

Nagpa-cater si Alessandro.
Tahimik, walang yabang.
Pero magarbo.

Kaya mula guard, janitor, nurse, doktor—
lahat nakakain.
May spaghetti, roast beef, salad, trays ng pastries,
at mamahaling cake na hindi nila inakalang kakainin nila sa ospital.

At halos hindi makapaniwala si marco na ang boss niyang si Alessandro
na ang kilala niyang malupit, malamig, at nakakatakot na Alessandro Vinzenzi
ay nakangiting kumukuha ng picture ni Chloe habang karga si Cali.

“Ikaw naman, Alessandro… kayo ni Cali.”

Nakangiting sabi ni Chloe habang karga-karga si Baby Cali.

Malaki na ang pinagbago ni Chloe.
Mula sa maputla at halos nanghihinang buntis noon,
ngayon ay may kulay na ulit ang pisngi niya.
May sigla na sa mga mata.

Napatingin si Alessandro sa kanya—
hindi yung tipong malamig na tingin,
kundi yung tingin na parang hindi sanay…
pero gustong-gustong masanay.

Ngumiti siya.
Yung bihirang ngiti na para kay Chloe lang at kay Cali.

Maingat niyang kinuha si Cali mula sa mga braso ni Chloe.
Parang takot siyang may masaktan ang maliit na sanggol na iyon sa mga bisig niya.

At habang hawak niya ang sanggol,
si Chloe—parang natural lang—kinuhaan sila ng larawan sa phone ni Alessandro..

Ang unang picture ni Alessandro at Cali na magkasama.

Pagkatapos ng ilang shots,
umangat ang tingin ni Alessandro kay Marco.
Isang mabilis, maliit na senyas lang.

Agad itong tumango.
Alam niya na ang ibig sabihin nun.

“Family picture.”

Lumapit si Chloe, medyo nagulat,
lalo na nang marahan siyang igiya ni Alessandro sa tabi niya.
Napaatras pa siya ng konti sa hiya, pero hinila siya nito palapit—
hindi marahas, pero walang tanong-tanong.

At bago pa siya makapag-react,
Inakbayan siya ni Alessandro.

Ramdam ni Chloe ang tibok ng puso niya sa tindi ng kaba.

Namula ang pisngi niya agad.
Halatang hindi siya sanay.
Pero hindi niya tinulak ang kamay.

Ngumiti na lang siya.
Yung ngiti na parang nahihiya, masaya, at kinakabahan sa iisang oras.

Kase Naman...

“Paano siya masasanay?”

Habang pinapanood ni Chloe si Alessandro na karga si Baby Cali,
hindi niya mapigilang mapaisip.

Paano nga ba?

Pinagtabuyan niya Ito noon..

Sa dami ng pinagdaanan nila—
Takot, sunog, pagdukot, panganib,

Kung tutuusin,
halos wala naman silang totoong memories na magkasama na masaya,
na may lambing, o simpleng ngiti, o normal na pag-uusap.

Wala.

Maliban sa isang gabi—

isang gabing puno ng dilim, sakit, at pang-aalipin.
Isang gabing hindi niya kailanman inakalang mararanasan niya sa kamay nito..

Kaya natural lang na mailang siya
nang akbayan siya ni Alessandro kanina.
Kaya natural lang na mamula siya
nang tumabi siya dito para sa picture.

Hindi pa siya sanay..
Hindi sanay ang katawan niya.
Hindi sanay ang isip niya.

Pero ang totoo?

Gusto niyang masanay...

Gustong gusto....

___

Naging maayos naman ang buhay nilang mag-ina mula nang makauwi sila sa mansion ni Alessandro.

Si Alessandro?
Para siyang nagkaroon ng bagong buhay—si Chloe at si baby Cali.

Sa dami ng araw na lumipas, hindi nila namalayan…

2nd month monthsary na ni baby Cali.

Si Alessandro ang pinaka-excited.
May pa-balloons na “2 MONTHS OLD”
May cake na may maliit na teddy bear..

Alam mo 'yung tipo ng mafia boss, sobrang kinakatakutan, pero pagdating kina Chloe at Cali, nagiging komedyante minsan at ordinaryong ama.

Laging sagot Kay chloe..

“First time ko maging tatay,” sagot niya, seryoso pero nakangiti. “Gusto ko special.”

At dumaan ulit ang mga araw.

3rd month monthsary na ni baby Cali.

Mas malaki na ang ngiti ni Alessandro ngayon.
Mas sanay na siya.
Mas komportable.
Mas proud.

At gaya ng dati, sina Elion at Elijah Lang ang bisita. Minsan, nasabi na ni Chloe na isama naman ang mga pamilya ng mga ito. Si Elion, tumango lang at sinabing sa susunod daw. Si Elijah naman ay

napangisi lang.

Nang matapos ang celebration...

Sila nalang ulit dalawa..

Napatitig si Chloe Kay Alessandro...

Nailang..

“Uy,” sabi ni Chloe, kunot ang kilay. “Bakit ganyan tingin mo?”

Umiling si Alessandro, ngumiti.

“Wala… ang ganda mo lang ngayon.”

Namula si Chloe...

“A-ano ba…” natatawa niyang sabi habang nag papa breastfeed

Ngumiti si Alessandro pero halatang may pinipigilan.

hindi niya maiwasang tumingin sa dibdib ni Chloe at mapalunok—

Tumayo si Chloe, inirapan si Alessandro at tumalikod, bahagyang inihehele ang kanilang anak. pero mas lalo siyang napatigil nang maramdaman na Lumapit pa si alessandro,

Tumayo Ito sa likod niya..dahilan para mas lalo niyang maramdaman ang init ng Dibdib nito..

Napasinghap pa siya nang maramdaman ang marahang haplos nito sa kanyang braso. Kasunod ang banayad na pagdikit ng ilong nito sa kanyang balikat—at parang sininghot pa siya Doon..

“A-aless…” halos pabulong na usal ni Chloe, kabado..

“Hmmm…” tugon ni Alessandro, mahina, malumanay, naghihintay sa kahit anong salita o senyas mula Kay Chloe.

Inilapit nito ang bibig sa tainga niya at mahinang bumulong..

"3 months na si Cali..."

Ngumiti si chloe...

"Oo nga ehh, ang bilis.." inosenteng sagot ni Chloe..mayamaya nagtanong si Alessandro na kinatigil niya ulit..

“Pwede na ba…?”

Kumunot ang noo ni Chloe, hindi agad nag-gets. “Ha? Pwede na ano alessandro?”

Napakamot nang mariin si Alessandro sa ulo, halatang nahihiya at kinakabahan sabay.

“Three months na si Cali…” bulong niya, umiwas ng tingin. “…baka pwede na?”

Lalo lang lumalim ang kunot ng noo ni Chloe. “Alessandro, ano bang pwede na sinasabi mo?”

Huminga nang malalim si Alessandro, tapos dahan-dahang lumapit ulit, para bang nagpapaalam muna bago magsabi ng kalokohan.

Bumulong siya, halos hindi marinig.

At saka niya narinig nang klaro at diretso, mahina pero walang kasamang biro:

“…Let's Fuck…?”

Namula si Chloe nang todo. Para siyang tinamaan ng init mula ulo hanggang leeg.

“A-ALESSANDRO!” mabilis niyang sabi, sabay layo ang sarili nang bahagya, hawak ang parin ang anak nila.

Napatras si Alessandro, nagtaas ng kamay, parang nagtatanggol sa sarili.

“W-what? Hindi ko naman sinabing ngayon! Nagta—tanong lang ako!”

“Ikaw talaga, a-ang manyak mo?!” bulong-sigaw ni Chloe, hindi makatingin sa kanya.

Tumikhim si Alessandro, nahihiya pero desididong hindi umatras.

Ngumisi pa, aminado sa huling sinabi ni Chloe..dahil Doon nadala si Chloe..

Ang Gwapo Naman talaga Kasi pag ngumingisi ito..

“S-sige na nga…” mahina, halos pabulong na sabi ni Chloe, nakayuko, hindi makatingin kay Alessandro. Para bang gusto niyang lamunin siya ng sahig sa hiya.

"P-papatulugin ko Lang si Cali..."

Dahan-dahang ngumiti Naman si Alessandro Kay chloe, at nang tuluyang namungay ang mga mata niya—halong tuwa, at hindi mapigilang pagkasabik.

Hindi pa rin tumitingin si Chloe, pero bahagya siyang tumango.

“Make… love yun,” mahina niyang pagtatama, halos pabulong. “Hindi f-fuc—!”
Agad niyang pinutol ang sasabihin niya, dahil sa hiya..

Napailing si Alessandro, bahagyang natawa..

“hmm...Make love,” pag-uulit niya, mas malambing, parang sinasadyang painitin lalo ang mukha ni Chloe. “Okay. Sorry.”

Pero hindi pa man tuluyang lumalambot ang mukha ni Chloe, bigla nitong narinig ang sunod na salita ni Alessandro.

“Akala ko kasi… ganun. Doon kasi ako nasanay.”

Balewalang sabi ni Alessandro, parang nagkukuwento lang ng simpleng bagay.

Napakunot ang noo ni Chloe.
Tapos kumunot pa lalo.
Hanggang sa tuluyan nang sumimangot ang buong mukha.

Napakamot si Alessandro, parang hindi maintindihan kung saan nanggaling ang biglang storm signal sa paligid.

“Chloe…” huminga siya nang malalim, lumapit pa ulit. “Nung… dati. Bago pa kita. Alam mo na. Mga… walang meaning. Walang yun.”

Saka Naman naalala ni Chloe yung Nakita niya dati..

Biglang nanlamig ang mukha ni Chloe.

Yung kanina ay nahihiya… ngayon ay unti-unting napalitan.
Mas dumilim ang mga mata niya habang nakatingin kay Alessandro.

“Wag nalang pala…” mahina pero matigas niyang sabi.

Napakurap si Alessandro. “Ha? Chloe—”

Umatras si Chloe nang kaunti, Nakasimangot, halatang pinipigil ang sariling hindi sumigaw.

“Alessandro… wag nalang.” ulit niya, mas mababa ang boses.

“Bakit...?” halatang biglang nainis..

“May Naalala ako,” malamig niyang sabi.

Hindi nakakibo si Alessandro.

“Dalawa sila, Alessandro.” nanginginig ang boses ni Chloe. “DALAWA.”

Parang tinamaan ng sampal ang lalaki. Napalunok siya, hindi alam kung lalapit ba o natatawa.

“Chloe… that was before. Before everything. Before you.”

"Mukha mo...!"

“Chloe,” mahina pero desperadong tawag ni Alessandro. “Hindi na ako ‘yon. Hindi na ako gano’n.

Tumingin si Chloe, masama ang tingin.

“Talaga?” sarkastikong sabi niya. “So dapat ba akong ma-flatter? Ewan ko sayo!!”

“H—hindi—hindi gano’n ang ibig—”

“Tama na!” putol ni Chloe, umiwas ng tingin. “Kaya wag ka nang magtanong kung pwede. Wag na nating ituloy.”

Napabugtong hininga si Alessandro, nakatitig Kay Chloe, halatang Hindi papayag..

“Bukas…” mahina niyang bulong, napasulyap si Chloe at umirap.

“Magpapakasal Ka sakin, bukas na bukas din!!.”

Chapter 50

Nanlaki ang mga mata ni Chloe—hindi dahil sa kilig o kaba kanina, kundi dahil napikon siya. Bigla niyang iniangat ng kaunti ang tingin kay Alessandro, at kahit may hawak siyang bata, hindi niya napigilang sumabog nang kaunti.

“Ayos ka pala, eh,” madiin niyang sabi, pilit na pinapakalma ang boses pero halatang kumukulo ang loob. “Di ka nga marunong manligaw… tapos pati sa pagpo-propose, ganu’n din?”

Napakurap si Alessandro, tila hindi agad nakasagot. Kita sa mukha niya ang gulat—at konting sakit—na parang hindi niya inasahang gano’n ang maririnig mula sa kanya.

"Ayokong magpakasal sa'yo, o kaya maging boyfriend ka! Di ka nga marunong manligaw!"

Kumunot ang noo ni Alessandro at bahagyang yumuko para mag pantay sila ni Chloe..

"Fuck... binasted mo agad ako, Chloe?!" inis na sabi ni Alessandro.

Umirap si Chloe..

"Oo, paturo ka muna sa mga kaibigan mo kung paano manligaw. Hmmp!"

Sabay baling Ng tingin SA kung Saan..

Napakamot sa ulo si Alessandro. Hinawakan niya ang cellphone niya... mamaya magtatanong siya kay Elion at Elijah.

Pero tumalikod na si Chloe, mariing hinaplos ang likod ng kanilang anak para pakalmahin ang sarili. Hindi niya sigaw iyon, pero sapat ang bawat salitang binitiwan para maramdaman ng sinuman ang bigat ng kanyang sama ng loob.

Hindi niya kailangan ng engrandeng kilos. Kailangan niya lang Yung kahit simple Lang pero unforgettable...

At Hindi alam ni Alessandro iyon—sa paraan ng pag-igting ng panga niya, Hindi kasi siya sanay na sumuyo ng babae, sanay siyang siya ang nilalapitan.

Nanahimik si Alessandro, pero iyon ang klase ng katahimikang lalo lang nagpapainit sa ulo ni Chloe.

Siyempre—ganito si Alessandro. Laging kalmado. Laging may sariling paraan. Laging siya ang nasusunod.

At kahit na mahal na mahal niya ito, hindi ibig sabihin na gora kaagad siya... Babae din siya, gusto ng sinusuyo..

“Chloe,” mahina pero matigas ang boses ni Alessandro, “hindi ko intensyon na—”

“Hindi nga intensyon!” putol ni Chloe, at kahit mahina ang tono, ramdam ang panginginig ng emosyon. “Pero ganun pa rin ang dating! Para ka Lang nag-alok ng merienda, Alessandro! ‘Gusto mo pakasalan na kita?’ Gano’n? Talaga ba!?”

Umigting ang panga ni Alessandro, halatang napipigilan ang sarili. Hindi siya sanay ng ganito. Hindi siya sanay na pinapagalitan Siya Ng Babae. Pero dahil si Chloe ang kausap, pilit siyang humihinga nang malalim.

"Marco!" tawag niya kaagad kay Marco.

"Yes, boss!" kabadong tanong ni Marco pero agad itong pinigilan ni Chloe. "Diyan ka lang!" sabi agad ni Chloe. Napahinto si Marco.

Tumitig ng masama si Alessandro kay Marco. "Hindi ka lalapit!"

"Ano ba, Alessandro? Kawawa naman si Marco." Alam kasi ni Chloe na maglalabas lang ng sama ng loob si Alessandro kay Marco.

Kaso, hindi niya mapigilan mapangiti sa itsura ni Alessandro na parang badtrip na talaga..

Humarap pa Ito sa kanya..

"Mahal kita, Chloe!" Inis na Sabi nito

"Asan ang singsing? Diba nagpo-propose ka?" nakataas ang kilay na tanong ni Chloe, halatang naghihintay ng isang espesyal na gesture.

Kumunot ang noo ni Alessandro, napakurap at nanahimik. Ramdam niya ang biglang pagbilis ng tibok ng puso niya. Hindi niya inaasahan ang ganitong reaksyon.

"Fuck! Oo nga pala!" Mahinang mura na si Alessandro, napahawak sa kanyang ulo na tila ba nakalimutan ang isang napakahalagang bagay.

Napasimangot si Chloe, halatang dismayado, at umakyat na sa itaas kasama si baby Cali..

Naiwan si Alessandro sa sala, naguguluhan at hindi alam ang gagawin.

Si Marco naman, na nakaramdam ng tensyon, ay tumakbo palabas.

"Marco!" tawag ni Alessandro, balak ilabas ang sama ng loob, kaso hindi na talaga lumapit si Marco.

Maya-maya, napaupo si Alessandro sa sala, malalim ang buntong-hininga, para bang mabigat ang buong mundo sa balikat niya. Ramdam sa mukha niya ang inis at pagkadismaya.

Kinuha niya ang cellphone at tinawagan si Elion.
“Elion… paano mo niligawan ang asawa mo?” Bungad agad niya ..

Tahimik si Elion sa kabilang linya, at ang ilang segundong pag-aantay ay lalo lang nagpainit sa ulo ni Alessandro.

“Dinala ko kung saan-saan si Annika noon, Alessandro,” sagot ni Elion, parang nag-iingat pa sa salita.

“Tapos?” mabilis na singit ni Alessandro, halos desperado nang makakuha ng malinaw na sagot.

Pero wala. Walang dagdag. Walang direksyon. At lalo siyang napuno ng inis—hindi dahil kay Elion, kundi

dahil pinatayan siya ng tawag nito...

Napahawak siya sa sentido, pilit kinakalma ang sarili. Sa huli, tumayo siya at nagpasiyang pumunta na lang kina Elijah at Elion nang personal. Mas mabuti nang harapin sila kaysa umasa sa sagot na parang bitin na kwento.

Lumabas siya ng mansyon habang mabigat pa rin ang dibdib. Sa bawat hakbang niya palabas, parang lalo lang umiinit ang ulo niya sa kakaisip.

Pagdating sa garahe, marahas niyang binuksan ang pinto ng kotse at agad na sumakay. Hindi man lang siya nagdalawang-isip—

Sinindihan niya ang makina, pero pag-alis niya, muntik pa niyang mabangga ang isang tauhan sa gilid ng driveway—hindi dahil sa kaba, kundi dahil sa inis sa bitin na sagot ni Elion.

Habang umaandar sa kalsada, napapa-“tsk” siya kada maalala ang usapan.
“Dinala ko kung saan-saan si Annika.”

"ano, field trip?! Ganun ba 'yon?"

Kaya imbes na ma-stress mag-isa, naisip niyang mas mabuti sigurong puntahan na lang sina Elion at Elijah. At least, face-to-face, mas malaki ang tsansang hindi siya iiwasan ng sagot kagaya sa telepono.

Sa mismong hideout nila ni Elijah siya pumunta.

Na-late pa si Elion dahil muntik nang hindi payagan ni Annika, nakatakas lang.

Magkakaharap sila sa lamesa, nag-uusap. "Nag-propose kasi ako, kaso hindi tinanggap ni Chloe," sabi ni Alessandro, halatang dismayado.

Napailing si Elijah.

"Paano ba mag-propose nang maayos? O manligaw nang maayos?" tanong niya, naghahanap ng konkretong payo.

Nagkibit-balikat si Elijah, tumingin kay Elion. Nagkatitigan sila saka parehong natawa. Napakunot ang noo ni Alessandro, hindi maintindihan ang nangyayari.

Si Elion naman napapangisi Naman saka sumagot...

“Wala kasi… hindi marunong ’yung mga asawa namin… magtago.”

“Ano?” kunot-noo ni Alessandro.

Umiling si Elijah habang natawa ng bahagya.

“Bilhan mo nalang ng singsing… mamaya payo ni Elion,” sabay tingin ni Elijah kay Alessandro.

“Alam ko kasi ang mga babae, mahilig din sa bulaklak,” dagdag pa ni Elijah.

Napasandal si Alessandro sa upuan, malalim ang buntong-hininga bago napatango.

Chapter 51

Kinabukasan…

Hindi na nagkaharap pa sina Alessandro at Chloe.

Nagtatampo si Chloe—ang tanging gusto Lang Naman niya ay isang simpleng proposal, dahil minsan lang naman sa buhay ng isang babae ang ganon.

Naluluha siyang binuhat si Cali at dinala sa labas para maarawan.

Wala pang trenta minutos nang mapansin niyang may kotse na pumasok pero Hindi iyon kotse ni Alessandro,

Nagulat si Chloe Nang Makita si Xavier, bumaba mula sa kotse. Napakunot ang noo niya habang papalapit ito, diretso ang tingin sa kanya tapos sa anak nila ni Alessandro.

Hindi ito nagulat. Para bang alam na niya.

Tipid itong ngumiti, bago tumitig sa sanggol.

“So… totoo nga ang sinasabi ng baliw na ‘yon,” mahina niyang bulong. Kita sa mukha niya ang sakit na pinipigil, pero ngumiti pa rin.

"Pwede ko bang kargahin si Baby Cali?" paalam niya.

May pag-aalinlangan man, iniabot ni Chloe ang kanyang baby sa kanya.

Napangiti si Chloe nang makitang inaamoy-amoy ni Xavier ang ulo ni Cali. Tila nanggigigil ito sa ka-cutan ng anak nila ni Alessandro. Ngumiti pa si Xavier nang bumungisngis si Cali.

“Mahal mo ba talaga siya?” mayamaya tanong ni Xavier.

Napayuko si Chloe. “S-sorr—”

“Wala ‘yon,” mabilis na putol ni Xavier. “Alam ko naman noon pa… gusto mo rin siya.”

Saglit na katahimikan bago muling nagsalita si Xavier..

“Alam kong siya talaga ang gusto mo, Chloe…” mahina ngunit tapat na sabi ni Xavier. “Siguro… sinubukan ko lang na agawin ka sa kanya.”

“X-Xavier…” halos pabulong na tugon ni Chloe, hindi malaman kung ano ang sasabihin.

“Let’s go.” Bigla siyang inalok nito.

“H-ha!?” nagulat niyang sagot.

“Ngayon na lang, Chloe. Pwede ba?” aniya, at bago pa siya makatanggi ay naglakad ito papunta sa kotse, maingat na bitbit si Cali.

Napalingon si Chloe sa mga tauhan ni Alessandro. Ni isa sa kanila ay walang reaksyon—tila wala silang pakialam. May kanya-kanya silang ginagawa, abala, parang walang nakikitang kakaiba. Para bang normal lang na may ibang lalaking buhat-buhat si Cali at inaaya siyang sumama.

Lalong kumabog ang dibdib ni Chloe.
Bakit ganito? Bakit walang pumipigil?
Para bang may alam silang hindi niya alam.

Pinagbuksan pa siya ni Xavier ng pinto ng kotse bago siya pinasakay. Maingat nitong iniabot si Cali sa kanya, saka umikot papunta sa kabilang side upang sumakay. Ilang saglit lang, umalis sila sa mansion ni Alessandro.

Tahimik ang buong biyahe—nakakabinging katahimikan. Tanging mahina lang na paghinga ni Cali ang naririnig ni Chloe habang hawak niya ito nang mahigpit.

Hanggang sa basagin iyon ni Xavier.

“Ano kayang gagawin ni Alessandro kung… hindi na kita ibalik sa kanya?” bulong nito, may halong ngisi sa labi.

“X-Xavier!!” kinakabahang sambit ni Chloe, agad na napalingon dito.

Ngumisi lang si Xavier, hindi man lang tumingin sa kanya. Wala na siyang idinugtong pa.

At sa katahimikang muling bumalot, mas lalo pang bumigat ang dibdib ni Chloe.

Napansin ni Chloe ang mga dinadaanan nila—pamilyar ang bawat kanto, bawat liko.
Dahan-dahang lumaki ang mga mata niya nang tuluyang makumpirma ang hinala.

Patungo sila sa Vinzenzi Mansion.

Napatingin siya kay Xavier, halatang naguguluhan at kinakabahan.

“X-Xavier… bakit tayo—?”

“Gusto kang makita nila Mommy at Daddy.” Hindi siya tiningnan ni Xavier. “At gusto rin nilang makita si baby Cali.”

Yun lang ang sinabi niya… at muli na naman siyang natahimik.

Walang ibang paliwanag.
Walang ibang tono.
Walang kahit anong emosyon—maliban sa isang bagay na hindi mawari ni Chloe kung dapat bang katakutan o panghawakan.

Habang papalapit sila sa malawak na gate ng Vinzenzi, mas lalo siyang napakapit kay Cali.

Pagdating nila sa Vinzenzi mansion, agad na napansin ni Chloe ang dami ng tauhan na nagkalat sa paligid. Hindi ito karaniwang dami—para bang may inaabangan, may pinaghahandaan.
Lahat ay alerto, nakatingin, ngunit walang nagsasalita.

Lalong kumabog ang dibdib niya.

Pagkabukas ng pinto ng sasakyan, agad na lumapit si Xavier. Maingat ngunit mabilis nitong kinuha si baby Cali mula sa kanyang mga bisig.

“X-Xavier…” pilit na pagtutol ni Chloe, pero hindi siya nito tiningnan. Parang alam niyang susunod ito kahit wala siyang sabihin.

Nauna na si Xavier papasok sa loob ng mansion, bitbit si Cali.

Si Chloe naman, tila nagmamakaawa sa sarili na lakasan ang loob, ay wala nang nagawa kundi sumunod, kahit halos manginig ang tuhod niya sa kaba.

Habang papasok siya, ramdam niya ang bigat ng tingin ng mga tao—mga matang hindi niya mabasa kung pagkilala ba, pagtataka, o paghuhusga.

At sa bawat hakbang niya, mas lalong tumitindi ang pakiramdam niyang may mangyayaring hindi niya inaasahan.

Kaso napahinto si Chloe sa eksenang nadatnan niya pagpasok.

Si Master Javier—ang stepdad ni Alessandro—ay karga-karga si baby Cali.
Lolo ng bata.
At kitang-kita sa mukha nito ang tuwa na hindi maikakaila habang inaamoy-amoy ang bibig ni Cali, parang aliw na aliw sa bawat ngiti ng sanggol.

Napako si Chloe sa kinatatayuan niya, nanonood mula sa gilid, hindi makagalaw.

Sa kabilang banda, nakita niya si Anya, nakasuot ng makapal na salamin at nakaupo sa wheelchair. Nanginginig ang mga kamay nito habang umiiyak, pilit inaabot ang sanggol na iniaabot sa kanya ni Master Javier.

Nang mabuhat niya si Cali, tila bumuhos ang emosyon sa mukha ni Anya, lalo na Nang mapagmasdan ang mukha ni Cali..

“Alessandro…” bulong nito, halos paanas, habang niyayakap ang sanggol nang mahigpit—parang lahat ng yakap na hindi niya naibigay kay Alessandro noon, ibinubuhos niya ngayon sa anak nito.

Hindi mapigilan ni Chloe ang kirot at pagluha habang pinagmamasdan ang eksena.

Si Alessandro…
Ang Unwanted son ni Anya noon..

Ito ang katotohanang matagal nang umiikot sa pamilyang Vinzenzi—na si Alessandro ay bunga ng

panggagahasa kay Anya.
Isang trahedyang tumatak sa buhay ng babae at sumira sa buong pagkatao niya.

At dahil doon… hindi niya nagawang mahalin si Alessandro noon.
Hindi niya kayang tingnan ang sariling anak nang hindi naaalala ang bangungot na ayaw na ayaw na niyang balikan.

Pero ngayon…

Habang yakap-yakap niya si baby Cali—ang batang kamukhang-kamukha ni Alessandro—kitang-kita ang pagsisisi sa mga mata ni Anya.
Para bang bawat hikbi niya ay pag-amin na:

“*Sana noon pa… sana noon ko pa Ito ginawa.”*

At ngayon, sa harap niya, pilit niyang binabawi ang lahat ng hindi niya naibigay sa anak noon na yakap… sa pamamagitan ng apo.

Si Chloe, nakatayo lang sa gilid, hindi malaman kung ano ang dapat maramdaman—

Ang alam lang niya…
May isang malaking pamilyang sugatan sa harap niya.

At si Cali, sa kakaibang paraan, ang naging tulay para muling mabuksan ang mga sugat na matagal nang tinakasan.

Hinaplos ni Javier ang likod ni Anya, para bang pinapakalma ang asawa habang sabay silang nakatitig kay baby Cali na yakap-yakap nito.
Umupo siya sa tabi ni Anya, nakangiting may halong lungkot at pag-alala.

“Kamukha ni Alessandro nung baby siya…” mahina ngunit puno ng emosyon na sabi ni Javier.
Pagkatapos ay dahan-dahan siyang bumaling kay Chloe.

“Chloe, umupo ka,” mahinahon ngunit may bigat ang tono.

Tahimik na sumunod si Chloe at umupo sa tapat nila, ramdam ang tibok ng sariling puso sa kaba at pagtataka.

Pagkaupo niya, sabay na ngumiti ang mag-asawa sa kanya—hindi pilit, hindi nanghuhusga… kundi tunay na mainit at puno ng pasasalamat.
Lalo na si Anya, na may mga matang namumugto ngunit kumikislap sa lambing.

“Thank you, Chloe…” mahina ngunit totoo ang boses ni Anya.

Chapter 52

“Anong gatas niya, Chloe?” tanong ni Anya, malumanay pero halatang sabik.

“Mix po siya, ma’am—”

“Mommy Anya, Chloe.” putol agad ni Anya, kasabay ng isang malambing na ngiti.

Napayuko si Chloe, namumula sa hiya. Hindi niya maiwasang maalala ang ?10 million na cheque—ang perang ibinigay noon para “lumayo” sa pamilya.
Ngayon… heto siya, nasa harap nila, dala pa ang anak nila ni Alessandro.

Mahinang boses niyang sinabi kung anong gatas ang gamit ni Cali.
Agad namang nagpautos si Javier sa mga tauhan.

“Bilhin n’yo lahat ng kailangang stock si Cali. Ngayon na.”

Nag-ikutan ang mga tao, agad na nagkilos. Lalong sumikip ang dibdib ni Chloe—hindi niya alam kung bakit gano’n sila kaabala, o ano bang nangyayari.

Habang nasa pagkalito pa siya, biglang bumukas ang pinto.

Dumating si Phoebe, kasama ang limang babae. Ang isa sa kanila ay may bitbit na isang malaking box. Kumpirmadong may ginagawa silang hindi karaniwan.

Lumapit si Phoebe, diretsong tingin kay baby Cali.

“Wow… ang pogi naman ng pamangkin ko!” aliw na aliw na sabi nito, halos kilig pa ang boses.

“Mommy, pakarga naman.”
Humarap siya kay Anya—pero halatang ayaw bitawan ni Anya si Cali. Para bang natatakot siyang mawala muli ang pagkakabigkis na ngayon lang niya naramdaman.

“Sandali lang… sandali lang,” bulong ni Anya, halos yakap pa rin si Cali na para bang buhay niya ang hawak niya.

Si Chloe, tahimik lang.
Hindi alam kung matutuwa ba… o mas kakabahan.

Dahil lahat ng tao sa mansion—mula kay Javier, kay Anya, kay Phoebe, Kay xavier hanggang sa limang babaeng kasama—ay abalang-abala…

Dahil sa pagdating nila ni Cali.

At mas lalong lumilinaw sa kanya:

May alam sila.
May plano sila.
At hindi niya alam kung ano iyon.

“Akina ang bata, Phoebe. Isama mo na rin si Chloe sa taas,” utos ni Javier, nang mapansin niyang

halos pinag-aagawan na nila si Cali.

Napangiwi si Phoebe, halatang hindi pa nagsasawa sa kakatingin sa pamangkin.
“Daddy naman…” reklamo nito pero maingat niyang ibinalik si Cali mula kay Anya, na halatang hirap pang bitawan ang apo.

Si Chloe naman ay gulong-gulo—hindi niya alam kung bakit parang biglang siya ang sentro ng lahat sa loob ng mansion. Hindi niya alam kung bakit parang may kung anong planong hindi sinasabi sa kanya.

Napalunok siya nang lumapit si Phoebe at hawakan ang kamay niya.

“Tara na, Chloe. Sa taas tayo,” sabi ni Phoebe, malambing pero may tonong hindi niya kayang tanggihan.

Halos umatras si Chloe.
Halos ayaw niyang sumama.

Pakiramdam niya, pag-akyat niya ng hagdan ay may mangyayaring hindi na niya kayang kontrolin.
Hindi niya alam kung bakit… pero may kirot ng kaba sa dibdib niya na hindi mawala.

“Phoebe… s-sa’n ba tayo pupunta?” mahina at nanginginig niyang tanong.

Ngumiti si Phoebe, isang ngiting may alam.
“Wag kang matakot, Chloe. Promise… magugustuhan mo ‘to.”

At sa bawat hakbang niya paakyat, pakiramdam ni Chloe ay lalo siyang hinihila sa isang bagay na hindi na niya kayang takasan.

Ipinasok siya ni Phoebe sa maluwang at eleganteng kwarto.

“Maligo ka na, Chloe. Dali!”
Utos ni Phoebe, halatang excited at parang may pinaghahandaang hindi niya sinasabi.

Kinabahan si Chloe.
Bakit kailangan maligo? Bakit parang may event?
Hindi niya maintindihan kung bakit gano’n kaabala at ka-excited ang lahat.

Maya-maya, biglang bumukas ang pinto.

Pumasok si Xavier.

“Phoebe, kakausapin ko lang siya,” malamig ngunit seryosong sabi nito.

“Ay, Kuya! Sandali, inaayos ko pa siya—”

Pero hindi na nakapigil si Phoebe nang hilahin siya palabas ni Xavier at isara ang pinto.

“Kuya! Ayusin m—!”
Hindi na natapos ang reklamo dahil tuluyan nang naisara ang pinto.

At ilang segundo pagkatapos…
nilock ni Xavier ang pinto.

Napasinghap si Chloe.
“X-Xavier…”

Dahan-dahang lumingon si Xavier sa kanya.
Walang sinabi. Hindi man lang ngumiti.
Isang titig lang—pero sapat para kabahan siya nang husto.

“Xavier, ano ba—”

Lumapit ito. Unti-unti. Mabigat ang bawat hakbang.

Iiwas sana si Chloe… pero bago pa siya makagalaw—

niyakap siya ni Xavier.

Isang mahigpit na yakap na may halong lungkot at pagbitaw.
Para bang pinipigilan niya ang isang bagay na matagal na niyang kinikimkim.

“Chloe…” mahina niyang sabi, halos pabulong sa buhok nito.
“Sandali lang. Hayaan mo lang ako… kahit ngayon lang.”

At doon napatigil si Chloe—hindi dahil gusto niya… kundi dahil naramdaman niya ang bigat ng damdaming matagal nang kinikimkim ni Xavier.

Nanigas si Chloe sa yakap ni Xavier.
Hindi niya alam kung dapat ba siyang lumayo, sumigaw, o manatiling nakatayo.
Ramdam niya ang bigat ng dibdib nito, ang pwersang parang ayaw siyang pakawalan.

“X-Xavier… ano ba ‘to…” nanginginig niyang bulong.

Humigpit pa ang yakap ng lalaki, parang may kinakatakutang mawala.

Napapikit si Chloe.

Umangat ang mukha ni chloe, hindi pa rin siya binibitawan..

Napakuyom ang kamay ni Chloe sa dami ng emosyon na pumasok sa dibdib niya.
Guilt.
Takot.
Pagkalito.
At kaunting awa.

“Xavier… hindi pwede ‘to.”
Mahina ngunit matatag niyang sabi, pilit na inilalayo ang sarili.

Pero mas lalo siyang hinigpitan ni Xavier—hindi sa paraang nakakatakot, kundi sa paraang desperado.

“Alam ko.”
Bulalas nito, halos pabulong.
“Alam kong mali. Alam kong bawal. Pero Chloe… Sandali lang.”

Tumulo ang luha ni Chloe bago niya pa man napigilan.

Si Xavier… sugatan, nasasaktan Ito..

Dahan-dahang bumitaw si Xavier mula sa yakap, pero nanatiling nakahawak sa magkabilang braso ni Chloe.
Sa mga mata niya,may determinasyon… at sakit.

“Chloe…” bulong niya.

Bago pa man makaiwas si Chloe—
yumuko si Xavier at mahigpit na hinawakan ang pisngi niya inilapit ang labi nito sa labi niya..

Parang huminto ang oras.

Nang magdikit ang labi niya kay Chloe, hindi iyon marahas…
Puno ng sakit.
Puno ng damdaming matagal na niyang kinimkim..

Si Chloe?
Hindi gumalaw.
Hindi rin siya gumanti.

Mulat na mulat ang mga mata niya, puno ng gulat at takot habang ramdam niya ang paglalapat ng labi ni Xavier sa kanya.
Para siyang nakapako—hindi makapagsalita, hindi makatanggi, hindi makagalaw kaagad.

“X-Xavi…”
Nasabi niya lang nang tumigil ang lalaki.

Dahan-dahang umatras si Xavier, nakapikit, Humugot siya ng malalim na hinga bago muling humarap kay Chloe.

“Hindi mo kailangan gumanti,” mahina ngunit totoo niyang sabi..

“Gusto ko lang… kahit isang beses lang… maramdaman ulit ang labi mo.”

Ramdam ni Chloe ang bigat ng bawat salitang iyon.
Napakagat siya sa labi—hindi dahil sa halik, kundi sa bigat ng sitwasyon.

Para siyang sinakal ng emosyon.
Guilt.
Gulat.
At isang kaba na hindi niya maipaliwanag.

Napayuko si Chloe, hindi makatingin kay Xavier.
Ramdam niya pa rin ang bigat ng nangyari, ang hindi niya inaasahang halik, at ang lalim ng sakit na nakita niya sa lalaki.

Tahimik lang si Xavier habang pinagmamasdan siya.
At pagkatapos ng ilang segundo—
ngumiti siya.
Isang ngiti na puno ng pagbitaw, at pagtanggap.

“Pinapayagan na kitang maging kanya,” mahina ngunit malinaw na sabi ni Xavier.

"Hindi na Kita hahabulin..."

Napalingon si Chloe,

Nakapamulsa Ito..titig na titig..

“Xavier… makakahanap ka rin ng mas karapatdapat,” nanginginig niyang tugon, umiwas ng tingin dahil ayaw niyang makita ang lungkot sa mukha nito.

Tumango lang si Xavier, pero hindi umalis ang tingin sa kanya.
Parang gusto niyang tandaan ang mukha ni Chloe bago siya tuluyang bumitaw.

Pagkaraan ng ilang segundo, huminga siya nang malalim at naglakad papunta sa pinto.
Tahimik.
Matatag.
Nakatalikod, pero halatang nagpipigil.

Binuksan niya ang pinto at lumabas.

Si Phoebe ay nakatayo pa rin sa labas, mga kamay na magkasalikop sa harap ng dibdib, parang nag-aalala sa nangyari.
Tumingin ito kay Xavier, pero hindi na siya pinansin. Tahimik lang itong lumakad palayo.

Pagkasara ng pinto—

Doon na tuluyang napaupo si Chloe sa gilid ng kama.

At napaiyak siya.
Hindi dahil sa halik.
Hindi dahil sa natakot siya.
Kundi dahil sa guilt na bigla niyang naramdaman.

Guilt dahil nasaktan niya si Xavier.
At guilt dahil naging mabuti ito sa kanya—kahit siya mismo ang nagpapasakit dito.

Sa tahimik na kwarto, ang tanging maririnig ay ang mahina niyang pag-iyak.

(GUYZZ, ANG SCENE NA ITO AY BAGO PA MAWALA SI PHOEBE??????)

Chapter 53

"Chloe..."
Malungkot na lumapit si Phoebe nang makita siyang umiiyak sa gilid ng kama.
Umupo ito sa tabi niya at marahang hinaplos ang likod niya.

"Hey..." malambing nitong sabi, saka bumuntong-hininga.
"Sinaktan ka ba ni Kuya? Ha? Sabihin mo sa'kin."
May halong pag-aalala at proteksyon ang boses nito.

Umiling si Chloe, pinupunasan ang luha.
"H-Hindi... Phoebe... hindi naman..."

Hinawakan ni Phoebe ang kamay niya, seryoso at malambing.
"Wag ka nang umiyak. Special day mo ngayon."

Napakunot ang noo ni Chloe.
"Ha? Anong... special day?"

Umiling si Phoebe, parang gusto nang sabihin pero pinipigilan.
"Basta. Mamaya mo na malalaman."
Bahagyang kinagat nito ang labi, halatang excited pero kinakabahan din para kay Chloe.

"H-hindi ko maintindihan-"

Hindi na siya pinatapos ni Phoebe.
Hinila siya nito papuntang banyo.

"Ligo ka na dali!"
May lambing pero nagmamadali.
Para bang may malaking bagay na naghihintay.

Napatitig si Chloe sa repleksyon niya sa salamin, bakit parang buong pamilyang Vinzenzi ay may malaking planong hindi sinasabi.

At sa pinto ng banyo, nakatayo si Phoebe, nakangiti nang bahagya.

"Trust me, Chloe... magugulat ka.

Napalingon muna si Chloe kay Phoebe bago siya tuluyang pumasok sa banyo.
Tahimik na sumara ang pinto... saka siya napayuko, pilit inuuna ang paghinga bago maligo.

Naligo siya-hinayaan ang malamig na tubig na tumama sa balat niya.
Parang hinuhugasan ang bigat ng damdamin, pero hindi pa rin nawawala ang kaba sa dibdib niya.

Pagkatapos, nagbihis siya ng malinis na bathrobe at lumabas ng banyo-basang-basa pa ang buhok, malamig ang balat.

Paglabas niya-

Nandoon ang limang babae na kasama ni Phoebe kanina.

At agad silang lumapit.
May dala silang mga brush, makeup kit, hair tools, at iba't ibang accessories.

"Teka Lang an---?"
Napatigil si Chloe.

Biglang may tumapat sa kanya, nilalagay ang towel sa balikat niya.
Yung isa pinapatuyo ang buhok.
Yung isa inaabot ang moisturizer at foundation.

"A-ano 'to!! Phoebe!!" gulat at kinakabahan niyang sabi, halos umatras.

Pero mas lalo siyang nilapitan ng mga babae, parang naka-assign na ang bawat isa.

"Kalma ka lang..."
Ngumiti si Phoebe, nakahalukipkip, halatang aliw na aliw sa reaksyon ni Chloe.

"Malalaman mo din.." dagdag pa nito, sabay ngisi.

"Phoebe, ano bang ginagawa niyo? Bakit kailangan-"

"Chloe," putol ni Phoebe, lumapit sa harap niya at marahang tinapik ang pisngi niya,
"trust me."

Lumalim ang ngiti nito.
Excited.
Kumikislap ang mga mata.

"Kailangan mong mas lalong maging maganda ngayon."

Lalong tumindi ang kaba ni Chloe.
"M-maging maganda para saan?"

Hindi sumagot si Phoebe.
Umikot lang ito..

"Ayosin niyo siya. Bilisan n'yo. Dadating na si-"

Hindi niya tinapos.

Pero sapat na iyon para mas lalo pang mamutla si Chloe.

Napakuyom ang kamao ni Chloe.
Ramdam niya ang panginginig ng mga daliri niya-hindi niya alam kung dahil sa kaba, o bigat ng sitwasyong hindi niya maintindihan.

Gusto na niyang umiyak.

Lalo na nang matapos siyang ayusan-makeup, buhok, pati pabango-
parang bride na hindi man lang tinanong kung handa ba siya.

Pagkatapos ay may isa sa mga babae na lumapit sa malaking box...

maingat na binuksan iyon, parang may sagradong laman.

Pag-angat ng takip-

Isang wedding gown.

Napaatras si Chloe, biglang napatayo.

"Ano 'yan!!" halos pasigaw niyang sabi.

"Chloe..." tawag ni Phoebe, pero hindi niya iyon pinakinggan.

"H-hindi ko susuutin 'yan!"
Umiling siya, mabilis, halos nanginginig ang boses.
"Ano 'to?!"

Tumigil ang lahat ng babae sa paggalaw.
Tahimik.
Tila ayaw nilang makisali sa tensyon.

Si Phoebe ay dahan-dahang lumapit, maingat, parang hahaplusin ang kabadong si Chloe..

"Chloe... please, makinig ka muna," sabi nito nang malumanay.

Pero iling lang ang naisagot ni Chloe.

Sa loob-loob niya...

Mukhang pipilitin talaga siya ni Alessandro.
Walang proposal.
Walang usapan.

At sa dibdib niya-
isang kirot.

"Suutin mo na, please..." pakiusap ni Phoebe, halos nagmamakaawa.

Umiling si Chloe, mabilis.
Umatras siya hanggang tumama ang likod niya sa gilid ng vanity table.

"Ayoko... Phoebe..." nanginginig niyang sabi.

Napalunok si Phoebe, halatang nalilito at nahihirapan.
Pero sa huli... bumuntong-hininga ito-parang napilitan.

"Girls."

Parang iyon lang ang kailangan nilang marinig.

Biglang gumalaw ang limang babae.

Hindi sila marahas, pero mariin, disiplinado-
professional bridesmaids-for-hire na sumusunod sa utos ng mas makapangyarihan kaysa kanila.

"W-wait! Huwag-please!" halos pabulong na sigaw ni Chloe habang sinusubukan niyang itago ang sarili, yakap ang katawan.

Pero mabilis sila, organisado.
Hinawakan siya sa braso, sa balikat, isa pa sa likod niya-
hindi para saktan, pero sapat para pigilan.

"Chloe, sorry... sorry..." bulong ng isa habang inaalis ang suot niyang roba.

Wala siyang laban.

At habang pilit nila siyang inaayos, hinuhubad ang suot niya para ipalit ang magandang wedding gown...

Ramdam ni Chloe ang pagtulo ng luha sa mata niya.

Hindi sila marahas...
pero ang buong eksena ay parang pagguho ng mundo niya.

Wala siyang boses.
Wala siyang kontrol.

Nang maisuot sa kanya ang gown, at tumayo siya sa harap ng salamin...

Nanlambot ang tuhod niya.

Parang ibang tao ang nakikita niya.
Isang babaeng dinadala ng agos-
hindi man lang tinanong kung papayag ba Siya.

Nakatayo si Chloe sa harap ng salamin-nakaputing gown, maganda, perpekto sa mata ng kahit sinong makakakita.

Pero sa kanya?

Ikakasal siya.
Hindi man lang nagtanong sa kanya.
Hindi man lang naghintay ng sagot.
At ang pinakamasakit-

Wala man lang proposal.

Yun ang hindi niya kayang tanggapin.

Kahit simple.
Kahit ordinaryo.
Kahit hindi magarbo.

Hindi para ipakita sa iba-
para sa puso niya.

Para sa pagrespeto sa kanya bilang babae, bilang partner, bilang taong marunong magmahal.

Pero ngayon...
parang napaka-mura ng halaga niya.

Habang nakatingin siya sa repleksiyon, hindi niya napigilan ang pagpatak ng luha.

"Phoebe..." mahina niyang bulong, nanginginig ang boses.

Napalunok si Phoebe, halatang nalulungkot.

"Chloe... alam kong hindi ito tama. Pero... Napag utusan Lang Lahat kami."

Napapikit si Chloe, pinipigilang umiyak lalo.

Hindi niya matanggap.
Hindi niya maipaliwanag ang bigat.
Hindi niya maintindihan kung bakit kailangan mangyari ito sa ganitong paraan-
parang wala siyang sariling boses, sariling desisyon, sariling karapatan.

Gusto niya ng kasal.
Oo.
Gusto niya si Alessandro.

Pero hindi ganito.

Hindi pilit.
Hindi biglaan.
Hindi parang si Alessandro Lang ang may karapatang magdesisyon.

Lumabas ang mga babae, kasama si Phoebe, at tuluyang nagsara ang pinto.
Naiwan si Chloe, mag-isa sa katahimikan ng kwarto-suot ang wedding gown na hindi niya matanggap.

Nakatitig siya sa repleksiyon...
halos hindi makilala ang sarili.

Hanggang biglang-

Bumukas ang pinto.

Paglingon niya, halos tumigil ang mundo niya.

Si Alessandro.

Nakasoot ng puting suit na perpektong bumabagay sa tikas niya.
Malinis. Gwapo. Matikas.
Hawak ang isang bouquet ng puting bulaklak.

Para siyang isang lalaking diretsong lumabas sa altar...
para sunduin ang babaeng mahal niya.

Pero sinimangutan siya ni Chloe-
isang tinging puno ng sama ng loob..

Ngunit si Alessandro?
Ngumiti lang.
Laging gano'n.
Laging may kumpiyansa na parang alam niyang sa huli, papayag din Ito..

Maingat niyang hinawakan ang kamay ni Chloe.

hindi siya tumutol.
Hindi niya alam kung bakit-pagod? Nanghihina? Umaasa pa rin?
Pero sumunod siya nang dahan-dahan, hinila ni Alessandro palabas ng kwarto...

Pero hindi papunta sa hagdan.

Papunta sa veranda.

"H-hoy... Alessandro, anong-"

Pero hindi siya sinagot.
Hinayaan niya lang siyang dalhin sa malamig na hangin ng gabi.

Pagdating doon, marahang iniikot ni Alessandro ang katawan niya-
patalikod sa kanya, paharap sa malawak, maitim na kalangitan.

"Tumingin ka," bulong nito.

Napakunot ang noo ni Chloe.
Ibubuka pa lang ang bibig para umangal...

BIGLA-

Napatalon siya.
Isang malakas na pagsabog ng ilaw ang dumurog sa kadiliman.

Sumunod pa.

Isa pa.
Isa pa.
Sunod-sunod.

Parang binasag ng mga iyon ang lahat ng bigat sa dibdib niya.

Ang makukulay na apoy lumipad pataas, kumalat, kumislap, bumagsak na parang bituin.

Hanggang sa...

Isang mas malaki, mas mataas, mas maliwanag.

At unti-unting nabuo...

Sa ilalim ng kumikislap na mga bituin...

Sa gitna ng mga kulay sa kalangitan...

W I L L Y O U M A R R Y M E

Chapter 54

W I L L Y O U M A R R Y M E

Halos hindi ako makahinga.
parang lumambot ang tuhod ko na para bang anumang segundo ay bibigay ako.
At 'yung puso ko…, parang hinihila palabas sa dibdib ko.

Nakatingala ako sa langit habang sunod-sunod ang pagsabog ng fireworks,
pero hindi yun ang dahilan kung bakit nanlalabo ang paningin ko.

Kundi dahil sa luha.

At dahil sa nararamdaman kong hindi ko maipaliwanag.

At nang maramdaman ko ang mga bisig niyang yumayakap sa akin…
para akong nabasag.

Mainit ang palad niya sa baywang ko,
mahigpit.

Napasinghap pa ako nang maramdaman ko ang pagdikit ng labi niya sa tenga ko,
isang bulong lang ang lumabas sa kanya

"Do you like it…?"

Hindi ko alam kung paano ako tatayo nang maayos.
Hindi ko alam kung paano huminga.
Hindi ko alam kung paano itago ang panginginig ng kamay ko.

Pero habang nakapulupot ang mga bisig niya sa akin…

Dahan-dahan akong napasandal sa dibdib niya,
ramdam ko ang tibok ng puso niya—
kalmado.
Sigurado.
Para bang walang kahit ano sa mundo ang mas importante maliban sa sandaling ito.

At doon ko naramdaman ang totoo.

Hindi na ito pilit.
Hindi na ito parang utos.
Hindi ito parang pasanin.

Napalunok ako,
napapikit,

Hindi ko alam kung paano ko sasagutin ang tanong niya…
nang mas humigpit pa ang yakap niya sa akin.

"Anong sagot mo, Chloe…?"

Dahan-dahan akong humarap sa kanya—

Nakatingin lang siya sa akin na para bang ako ang pinaka-mahalagang bagay sa buong gabi.
Hindi 'yong fireworks.
Hindi 'yong mansyon.
Hindi 'yong engrandeng plano niya.

Ako.

At doon ako tuluyang natunaw.

Naramdaman ko ang bahagyang pag-angat ng dibdib ko
habang marahan akong tumango.

"O-oo… Alessandro…"

Halos pabulong.

At bago pa siya makagalaw,
bago pa niya masabi ang kung ano mang sagot o biro o pang-aasar—

Ako na ang yumakap.

Para bang may humila sa akin papunta sa dibdib niya,
o baka ako mismo ang lumapit nang hindi ko namamalayan.

Naramdaman ko ang tibok ng puso niya sa ilalim ng suit,
malakas, mabilis—
hindi siya kasing kalmado kagaya ng iniisip ng lahat.

Niyakap ko siya nang mahigpit.
Mas mahigpit pa kaysa sa dapat.
Parang takot akong kapag binitawan ko siya,
mawawala ulit siya.
O ako ang mawawala.

At sa yakap na iyon,
sa gitna ng amoy niya, ng init niya,
ng tibok niyang parang ako ang dahilan—

Doon ko naramdaman.

Ito na talaga.

Ito na.
Kami na.
Wala na akong kawala.
Ayaw ko na ring umatras.

Nang kumalas siya sa yakap ko,

Parang mas lalo akong nainitan

sa paraan ng pagtingin niya sa akin.

Para akong tinatanggalan ng hininga
habang sinusuri niya ang mukha ko,
para bang gusto niyang tandaan
ang bawat pilantik ng pilik-mata ko,
bawat linya ng luha,
bawat ngiti na hindi ko pa maibigay nang buo.

Hawak niya pa rin ang kamay ko,
mainit, tiyak,
at kahit magulo ang dibdib ko,
kahit nanginginig pa ang tuhod ko—
nakakakalma siya.

“Wait,” bulong niya.

Unti-unti niyang binaba ang kamay ko,
hinawakan iyon ng dalawang palad niya,

Nanatili akong nakatingin sa kanya,

Ipinasok niya ang kamay niya sa bulsa ng suit…
at doon, dahan-dahang niyang inilabas ang isang maliit na pulang velvet box.

Namilog ang mga mata ko.
Hindi nakaimik.

Hindi ko alam kung iiyak ba,
O kung tatawa,
o kung hihimatayin.

Binuksan ni Alessandro ang kahon.

Sa loob, kumislap ang isang eleganteng diamond engagement ring, simple pero napakaganda—

“Chloe…”
lumambot ang boses niya, may pirasong paghinga na parang kinakabahan talaga.
“Hindi ko alam kung paano ka pakiligin, kung paano ka pasayahin ng tama.”

Bahagya siyang natawa—tawa ng lalaking bihirang magpakumbaba.

“But I swear…
gagawin ko lahat.
Kahit paulit-ulit.
Kahit panghabang buhay.”

Hinawakan niya ang kamay ko at isinuot Dito ang singsing..

Naiyak ako..

Halos walang masabi..

At nang tumayo si Alessandro—
hinawakan niya ang pisngi ko at marahang hinalikan sa noo.

“Now you’re mine,” bulong niya.

“Let’s go.”
Mahinang niyang aya, hawak ang aking kamay.

“Nag-aantay na sila sa baba…”

Huminga ako nang malalim, pinunasan ang huling luha, at hinayaan ang sarili na gabayan ng lalaking kakakasabi ko lang ng “yes.”

Pagbaba namin, bumungad ang isang mala–fairy tale na tanawin.

Sa ilalim ng mga nakasabit na fairy lights,
sa gitna ng malalambot na bulaklak,
nakatayo ang isang simpleng altar, puting kurtina na humahampas sa hangin.

Kahit gabi na, napakaliwanag—

Naroon sina Elion at Elijah, naka-formal, nakangiti, parang proud sa kaibigan nila na ikakasal na..
Naroon ang buong pamilyang Vinzenzi, kumpleto at payapa sa unang pagkakataon.

At syempre…

si baby Cali—nakasuot ng maliit na puting suit, terno pa sa amang si Alessandro.

Napangiti ang lahat nang makita kaming bumababa.

Nakakalambot ng puso.

Nang dumating kami sa harap, lumapit ang stepdad ni Alessandro na si Javier,

Binigyan ng saglit na yakap si Alessandro..

At bago magsimula ang seremonya…
lumapit siya sa ina niya, Kay Anya.
maingat na parang takot masira ang sandali.

Sinapo ni Alessandro ang magkabilang pisngi ni Anya…

At hinalikan sa noo.

Tahimik ang lahat.
Walang kumibo.
Walang huminga.

Isang halik na may kasamang:

pag-unawa

pagpapatawad

at pagkilalang… pamilya pa rin sila.

Napaluha si Anya.
Hinawakan ang braso ni Alessandro, parang hindi makapaniwala.

“Sa amin muna si Cali, anak,” malambing nitong sabi.

“Enjoy your honeymoon. Kami na bahala sa apo namin.”

Nagkatinginan Kami ni Alessandro—

At sa unang pagkakataon,
tumango si Alessandro na walang alinlangan.

Tumayo Kami sa harap ng magkakasal samin.

Sa gitna ng malamig na hangin,
sa ilalim ng mga bituin,
sa harap ng iilang piling tao na tunay na nagmamahal sa samin—
nagsimula ang seremonya.

Simple.
Tahimik.
Sagrado.

Lahat nakangiti.

Lahat masaya.

At ako, na kanina lang takot at nalilito—

ngayon ay tila payapa.
Tila nakahanap ng lugar kung saan ba talaga dapat ako o kanino ba dapat ako.

Pagkatapos ng seremonya..

Hinawakan niya ang bewang ko,
at marahang yumuko para bumulong sa tenga niya

“Let’s go, babe… simulan na natin...”

Naramdaman ko ang pag-init ng buong mukha ko.
Dahil sa hiya..

"A-ano ba Alessandro..." Namumula Kong sagot dito..

Napangiti Lang Ito at pasimple pa akong hinawakan sa pwetan dahilan para hampasin ko siya bigla..

_____

Bago kami umalis, lumapit sila kay Anya at Javier.
Nasa kandungan ni Anya si baby Cali, mahimbing na nakatulog na, nakangiti pa.

Hinaplos ko ang ulo ng anak ko..

“Mommy Anya, Daddy Javier… ingatan niyo si Cali ha?” mahina kong sabi.

“Of course, Chloe,” sagot ni Anya, puno ng pagmamahal.
“You two enjoy. Kami na ang bahala sa apo namin.”

Si Javier, bahagyang nakangiti.
“Go. Mag-enjoy kayo. Wag niyo kaming alalahanin.”

Nagmano si Chloe.
Habang si Alessandro ay tumango lang—pero ramdam ang respeto.

Chapter 55??????????

Kabado akong nakaupo sa gilid ng kama, suot ko pa ang wedding gown. Lumabas sandali si Alessandro - may kinausap na staff sa labas - pero hindi pa rin kumakalma ang mabilis na tibok ng puso ko.

Pakiramdam ko kasi... parang unang beses namin ito, kahit may anak na kami.

Pagbukas ng pinto, pumasok si Alessandro. Napayuko ako, napapalunok nang mapansin kong inaalis na niya ang suot niyang coat.

"A-ahmm... A-Alessandro... maliligo lang muna ako," mahina kong sabi, ramdam ang pamumula ng pisngi ko.

Lumapit siya sa akin, umupo sa tabi ko, at marahan niyang hinaplos ang braso ko bago idinampi ang labi niya sa lantad Kong balikat. Naramdaman ko ang init ng hininga niya... kasabay ng dahan-dahang pagbaba ng zipper ng gown ko sa likod.

"Shh... it's okay, Chloe."
Hinawakan niya ang kamay kong nanginginig, hinaplos iyon na parang pinapakalma ang kabog sa dibdib ko.

"Ki-kinakabahan ako, Alessandro..." nangingiti pero halatang nahihiya kong sabi.
Hindi kasi ako tulad niya-hindi ako sanay, wala akong gaanong karanasan.

"Pwede bang bukas na la-"

Hindi ko na natapos ang sasabihin ko nang bigla niyang sakupin ang labi ko. Mainit, malambing, pero sigurado. Sa pagitan ng halik niya, bahagya siyang natawa-isang mahinang tawa na parang hinahabol ang hininga.

"Kanina pa masakit ang puson ko, Chloe..." bulong niya, may halong inip at pag-aalangan.

Napakunot ang noo ko, agad na nag-aalala. Dahil nga wala akong alam sa ganitong bagay, napausisa ako, "Ha? Bakit masakit? Uminom ka ba ng gamot, Aless-"

Hindi ko natapos dahil muli niya akong hinalikan, mas mariin ngayon, mas agresibo kaysa kanina-pero hindi pa rin nakakabigla. Para bang pinaparamdam niya na naririnig niya ang mga alinlangan ko... pero hindi siya aalis.

Hinawakan niya ang pisngi ko, inilapit ang noo niya sa noo ko, humihingal nang kaunti.

"Wala kang kailangang ikatakot," marahan niyang bulong, kahit ramdam kong hirap na siyang kontrolin ang sarili. "Akong bahala...."

At doon, lalo pang bumilis ang tibok ng puso ko-hindi na dahil sa kaba lang... kundi dahil sa kanya.

Alanganin akong tumango, pero hindi ko na maitago ang paghila sa akin ng presensya niya. Napatitig ako sa maganda niyang mga mata-malalim, puno ng pagnanais, pero may lambing na naglalagay ng tiwala sa dibdib ko.

Marahan niya akong pinatayo, hawak ang kamay ko na para bang baka tumakbo ako o umayaw ako

kung bibitawan niya. Dahil matangkad talaga siya yumuko ito, habang ako Naman ay nakatingala sa kanya, hinalikan niya ako matagal, malalim-mainit, banayad, at hindi nagmamadali.

Habang hindi kami naghihiwalay, nakahawak Lang ako sa dibdib niya... naramdaman ko ang dahan-dahan niyang paghanap sa zipper sa likod ng gown ko.

Unti-unti nitong binababa ang zipper...

Hanggang maramdaman kong dumulas ang tela pababa at nalaglag ang wedding gown ko sa paanan..

Bahagyang lumayo si Alessandro, hindi para umiwas-kundi para tumingin. Pinaikot niya ang tingin sa akin, Punong Puno ng pagnanasa ang mga Mata niya May paghanga, May pananabik..

"C-chloe..." bulong niya, parang pangalan ko pa lang ang hirap bigkasin dahil sa nararamdaman niya...gigil Siya pero nag pipigil...

Nahihiya akong tinakpan ang katawan ko nang maramdaman kong hinuhubad na rin niya ang natitira kong saplot. Para akong napaso sa hiya at kaba, at sa kakaibang titig niya, kaya napayakap ako sa sarili ko.

"Babe, huwag kang mahiya," sabi ni Alessandro, nakangiti ng bahagya, sinusubukan akong pakalmahin. "Nakita ko na 'yan noon... at natikman na."

Napasinghap ako nang mailabas niya ang biro niya nang halos hindi sinasadya.

"Alessandro!" pulang-pula kong saway, halos natataranta sa hiya. Mabilis kong tinakpan muli ang sarili ko umupo sa kama at umatras, hanggang sa maramdaman ko ang lamig ng headboard sa likod ko.

Napatigil si Alessandro.

Napakamot si Alessandro sa ulo, pero hindi maitago ang ngiti sa labi niya-iyong tipong nahihiya rin kahit pilit niyang itinatago.

Saka siya naman ang nagsimulang maghubad.

Mabilis akong umiwas ng tingin, parang biglang uminit ang buong mukha ko. Kahit ayaw kong tumingin, hindi ko maiwasan ang sulyap mula sa gilid ng mata ko...

At doon ako halos mapaatras, parang gusto ko nalang lamunin ng kama..

Hindi dahil natatakot ako kay Alessandro-kundi dahil ngayon ko lang talaga siya nakita nang ganito, nang walang kahit anong nagbabalot, walang mask, walang dilim, walang hadlang.

Noong huling beses kasi...
Nakamask ako. Malabo ang ilaw. Hindi ko masyadong naaaninag ang kabuuan niya. Lahat ay parang mabilis, hindi ko gaanong nakita nang malinaw.

Pero ngayon...
Ngayon ay kitang-kita ko siya. At napagtanto kong iba pala talaga kapag hindi na natatakpan ang kahit ano-kapag totoo, kapag malinaw, kapag alam mong wala siyang itinatago.

Naramdaman kong muling kumabog ang dibdib ko, hindi malaman kung kaba o pagkalito o isang halo

ng lahat ng iyon.

PAanong hindi kakabahan ehh Kasi naman tayong-tayo iyon, tila proud na proud sa laki, taba, at haba niya.

Lumapit pa Ito, naglakad at umupo sa gilid ko..

Napatingin siya sa akin, at nang makita niya ang pagkailang ko, Ngumisi siya.

Hinawakan niya ang kamay ko at marahan niya itong inilagay Doon sa pagkalalaki niya na Parang ang tigas tigas na...

Pero agad ko rin itong binawi.

Napabuntong-hininga siya.

'It's okay, Chloe...hold it. You're my wife now, don't be shy..

Tila nag-aalinlangan pa ako..

Sa huli, hinawakan ko na iyon nang mahigpit. Naramdaman ko ang pag singhap niya, na para bang may kuryenteng dumaloy sa pagitan naming dalawa..

Parang kailangan pa nga ng dalawang kamay para masakop 'yun sa laki.

"Fuck!!" mura niya nang pisilin ko 'yun.

Mabilis siyang lumapit sa akin, tila nanggigil. Hinila niya ang hita ko para mapahiga ako.

"Alessandro!!" nabulalas ko nang mag-umpisa na siyang halikan ako sa leeg.

Ramdam kong tila hindi na niya makontrol. May pagkamarahas na tila nagmamadali.

Gusto na niya talaga!

Ang halik niya ay bumaba sa dibdib ko. Dahil nagpapa-breastfeed pa ako sa anak namin, may gatas siyang nakukuha. Namumula akong napatingin doon sa kanya.

"Alessandro..." hinawakan ko ang mukha niya, pinipigilan..

Pero ayaw niyang magpaawat. Matagal Siya sa parteng 'yun na aKala mo gutom na sanggol hanggang sa bumaba na siya sa puson ko..

Gumapang ang kanyang mga labi patungo sa puson ko at pinaghiwalay ng kanyang mga malalaking kamay ang hita ko, tumigil sya at tumitig doon.

Hindi ko alam Kong anong iniisip Niya, pero titig na titig siya Doon..

"A-alessandro..!" Nahihiya kong isasara Sana, pero Hindi niya Yun pinayagan.

"H-huwag mong tignan, ano ba.."
Nahihiya Kong Sabi dito..

Sinubukan kong takpan ng aking mga kamay ang aking pagkababae ngunit hinawi nya ang kamay ko at agad na sumubsob doon sinimulan nyang dilaan ako sa parteng yun.

Sinipsip, dinilaan ang sensitibong parte ko Doon..

THIRD POV...

Wala nang nagawa si Chloe kundi pumikit. Hinayaan si Alessandro sa ginagawa niya doon.

"Aaahhhh..." ungol ni Chloe napapaliyad, napapaangat ang balakang nawala na ang kaninang Hiyang nararamdaman at parang mas gusto pang lalong ingudngod Kay Alessandro Yun..

Sa sarap napahawak siya sa buhok ni Alessandro habang Hindi tumitigil sa pagkain sa kanyang pagkababae..

Bumibilis at lumalalim ang kanyang paghinga.

Mga ilang sandali pa naabot na ni Chloe ang sukdulan.

Napapaliyad siya, pilit na isinasara ang hita, ngunit hindi pa rin umaalis si Alessandro

Si Alessandro sa Ibaba tila nililinis nya ng dila niya ang katas na lumabas Kay Chloe bago syang pumatong dito..

Nang matapos paakyat Naman ang halik niya..muling nag tagal sa dibdib ni Chloe..

Nang matapos Doon .

Tumitig siya kay Chloe parang nang Hihingi ng pahintulot, hinawakan Naman ni Chloe ang mukha at tumango ng mahina...

Ibinuka niya ang hita ni Chloe..

Itinutok nya ang kanyang pagkalalaki sa bukana nito at dahang dahan ipinapasok habang titig na titig Kay Chloe na napapapikit at ramdam ang unti unti niyang pagpasok..

Hindi nakatiis si Alessandro..

Agad niyang hinalikan ang nakapit at kagat labi pang si Chloe at idiniin nya ang pagkalalaki niya dito ng malalim, madiin, sa basang basa ng pagkababae niya..

Napaunggol si Chloe..

Tumigil saglit si Alessandro..

Binigyan niya si Chloe ng oras para makapag-adjust saka siya siniil ng ilang segundong agresibong halik.

Nang maramdaman na okay na si Chloe

saka niya sinimulan ang pag ulos.

Sa Una marahan..

Napapakapit si Chloe sa unan habang parang yumayanig ang katawan niya at Buong kama sa mayamayang lakas at bilis ni Alessandro sa pag ulos...

Gumugulo na din ang kama..

Ang mga mata nya Napapatirik na napapaliyad .

Ang mga kamay niyang nakakapit sa unan ay marahas na kinuha ni alessandro..at inilagay sa batok nito saka bumulong habang dinidilaan siya sa leeg..

Hold me... Utos nito

Bumaba ang tingin ni Alessandro pinagmasdan at pinisil ang tumatalbog na suso ni Chloe.

Napapapikit siya..

Fuck!! Mura niya habang mas binilisan pa niya..na lalong kinaliyad ni Chloe..

"Shit, Chloe ang sarap mo..ah..fuck!!" hingal nyang bulong sabay lalo nyang binilisan at nilakasan ang pag ulos.

Napahawak sa dibdib niya si Chloe

"A-alessandro..m-mala..pit na.." mahinang usal ni Chloe saka biglang nanginig ang hita.. nilabasan muli Siya..

Si alessandro Hindi tumigil mas madiin at mabilis parin gumagalaw.

"I'm cumming too.." bulong niya saka Hinugot nya papalabas ang mainit nyang pagkalalaki at pinatalsik iyon sa puson ni Chloe...napatingala, napapamura..
Muling hinalikan si Chloe..
Matagal agresibo

Akala ni Chloe tapos na pero napasinghap siya ng buhatin Siya nito patayo..

Dinala siya sa lamesa hinawi ang mga nakalagay doon.

Alessandro!!"

Binuhat siya at pinatong Doon paupo.
Pumagitna si Alessandro..
Hinalikan niya si Chloe, agresibo..

At muling ipinasok nang walang pasabi...

_____
???bahala kayo Diyan

EPILOGUE

Tahimik na nakahiga sina Alessandro at Chloe sa kama.
Nakaunan si Chloe sa dibdib niya at mahigpit na nakayakap. Kung hindi pa niya sinabi na mahapdi na, hindi talaga ito titigil.

Hindi niya inakalang ganito ito kasabik at kabagsik pagdating sa kama-na para bang likas sa kanya ang pagiging ganado. Hindi niya ito masabayan.

"Anong iniisip mo?" bulong ni Alessandro kay Chloe.

Ipinatong ni Chloe ang baba niya sa Dibdib nito bago sumagot.

"W-wala naman..." sabay ngiti,

Pinisil ni Alessandro ang ilong ni Chloe.

"Isa pa tayo ..." sabi niya, nakangiti.

Sumimangot si Chloe, bahagyang nagtago ang mukha sa dibdib nito, para kasing eto rin yung Sinabi ni Alessandro kanina bago niya ulit Ito pag bigyan

"A-ayaw... maga na nga..." pagdadahilan niya sa malambing na boses.

Napatawa si Alessandro at hinaplos ang buhok niya, para bang lalo lamang siyang natuwa sa ka-cute-an ng asawa..

"Ganun ba?" bulong ni Alessandro, tila pinipigil ang tawa habang patuloy na hinahaplos ang buhok ni Chloe. "Eh bakit parang ang higpit ng yakap mo?"

Lalong sumimangot si Chloe, pero halatang nahihiya lamang.

"Iba 'yun..." mahina niyang sagot..

Napangisi si Alessandro at mas hinigpitan ang yakap.

"Lalo tuloy akong nalilibugan-"

"Alessandro!" namumulang sabi ni Chloe.

Ngumisi si Alessandro.

"My wife is blushing... I might not be able to control myself again."

"Hmp!" irap ni Chloe dito.

Umangat nang kaunti si Chloe para tingnan siya sa mata. Para bang may gusto pa siyang sabihin, pero hindi niya maiporma ang mga salita.

"Bakit ganyan ka makatingin?" tanong ni Alessandro, nakatawa.

Umismid si Chloe pero may pamumula ang pisngi.

"Wala...ang pogi mo lang."

Mahinang natawa si Alessandro at kinurot nang magaan ang pisngi niya.

"Alam ko matagal na..." aniya, nakataas ang kilay. "Kaya hindi ko matanggap na crush mo si Xavier noon. Eh mas pogi naman ako doon."

Napangiti si Chloe, pilit na pinigilan ang tawang gustong kumawala.

"Ewan ko sa'yo! Ang hangin mo talaga."

Umusog si Alessandro para makita nang mas malinaw ang mukha niya, nakakunot-kunot ang noo pero halatang nang-aasar lang.

"Hangin? Ako ang mahangin?."

"Oo, matagal na rin," balik ni Chloe, pero hindi maitago ang ngiting natutuwa.

Biglang kumilos si Alessandro. Walang babala, hinila niya ang kumot pataas at sabay niyang tinakpan ang sarili niya at si Chloe.

"Ganun ba... hmm."
May pilyong ngiti habang inaayos pa lalo ang kumot.
"Halika dito!!!"

"Ahhhh!!"
Napasigaw si Chloe sa loob ng kumot, sabay tawa nang malakas.

"Alessandro! Ano baaa!" tili niya habang pilit na inaalis ang kumot na nakapatong sa kanilang dalawa.

Hindi tinanggal ni Alessandro ang kumot. Sa halip, pinatungan pa si Chloe..

"Hoy! Alessandro!"
Nag papanic na sigaw ni Chloe habang pilit gumagalaw, pero hindi makaahon dahil yakap siya nito.

Tumawa nang mahina si Alessandro.
"Wala nang takasan... dito ka lang."

"Ano ba!!!" reklamo ni Chloe, pero halatang natatawa rin.
Sinubukan niyang itulak ang dibdib ni Alessandro, pero lalo lang siyang niyakap nito.

"Hindi ako papayag," sagot ni Alessandro, pinipigilan ang tawa.
"Hanggang hindi ka nagsosorry sakin."

"Eh mahangin ka naman talaga!" balik ni Chloe, pilit paring kumakawala.

Pero Hindi nagpatalo si alessandro, kiniliti niya si Chloe..

"Ayyy! Huwag diyan!" tili ni Chloe, nanginginig sa kiliti habang pilit lumalayo, pero dahil nasa ilalim ng kumot sila, lalo lang siyang na trap nito.

Nang magkaroon ng pagkakataon na makawala nang kaunti si Chloe mula sa kumot, bigla parin siyang hinila ni Alessandro, paloob ulit sa kumot..

"Hoy! Alessandro! Ano ba- ay!!"

Kiniliti siya sa tagiliran, wala ng Hiya kahit pareho parin silang hubad..

"Ayyy! Tama na!! Alessandro! Huwag- HAHAHAHA!!!"
Tili ni Chloe habang halos hindi makagalaw sa sobrang kiliti.

"Magsorry Ka!!!"

"Hindi-HAHAHA-ako-ayoko Mr,ma...hangin!!"
pilit na sagot ni Chloe, nanginginig sa tawa.

Pinisil ni Alessandro ang gilid niya, sapat para muling kumawala ang tili nito.

"Sige na," sabi niya sa pilyong tono.
"Sabihin mo yung magic words."

"Anong magic words?!" hagikhik ni Chloe habang umiikot ang paa sa hangin, hindi makawala.

Lumapit si Alessandro at kiniliti ulit ang tiyan niya.
"Sabihin mo '"Sorry po, master.'"
Pilyo ang boses na bulong nito op pero halatang nanunukso lang.

Mas malakas ang tawa ni Chloe.
"HINDI KO SASABIHIN YUN-HAHAHAHA!!"

Kiniliti ulit ni Alessandro.

"Oh sige, kaya mo pa? Hindi pa ako tapos."

"Okay okay okay!!! HAHAHA!!"
Nanghihina na si Chloe sa kakatawa, halos lumuha na.

Sa huli, bumigay siya habang humihingal sa tawa.

"...sorry po... master..."
sabi niya nang nangingiti at pilit pinipigilan ang tawa.

Tumigil si Alessandro at tumawa nang malakas.

"Good girl."
Kasunod ay marahang haplos ng buhok niya, para bang proud na proud.

"Ang daya mo..." sabi ni Chloe, namumula at hingal na hingal.
"Kinikiliti mo ako nang sobra.

Tinitigan siya ni Alessandro-malalim, parang may sariling sinasabi ang mga mata nito.

Dahan-dahan siyang yumuko at hinagkan si Chloe. Una'y magaan, parang humihingi ng pahintulot...

hanggang sa unti-unting tumindi ang halik habang hinahaplos ang hita ni chloe.

Tumugon si Chloe, ngunit bigla siyang napadilat nang maramdaman ang biglaang pag ulos ni Alessandro.. at marahang pag galaw...

"Bwi...sit ka tala...ga..." bulong ni Chloe, pero halatang natutunaw na rin sa ginagawa nito.
May halong inis, pero mas nangingibabaw ang kilig at ang mabilis na tibok ng puso.

Sa loob ng kumot, tanging mahihinang ungol, mahinang hinga, at ang paggalaw ng dalawa ang maririnig-

Mayamaya...

Sabay nilang narating ang sukdulan..

Mahigpit na kakawit ang mga hita ni Chloe sa bewang ni Alessandro kaya hindi nito agad nahugot at malakas na napamura. Nagulat naman si Chloe na namumungay pa ang mga mata na nagtanong:

"B-bakit? Anong problema, Aless?" tanong niya sa pagitan ng paghinga.

Umiling si Alessandro, saka mahinang bumulong.. "*bahala na.."*

Parang isang mahabang panaginip ang isang linggo nila sa Maldives. Sa unang araw pa lang, nang tumapak sila sa overwater villa, ramdam ni Chloe ang kakaibang katahimikan-isang katahimikang isinasabay sa tibok ng puso niya para kay Alessandro.

At si Alessandro-ang lalaking minsang akala niya'y wasak na ang kinabukasan-ngayon ay buo na.

Hindi niya kailanman pinili kung paano siya ipinanganak, pero pinili niya kung paano siya mamumuhay.
At pinili niyang magmahal.

Pinili niyang patawarin.

Pinili niyang maging kahit paano ay mabuting tao kaysa sa pinanggalingan niya.

Napagtanto ni Alessandro ang isang katotohanang minsan pa niyang ipinaglalaban

Ang dugo ay hindi kailanman magiging kapalaran.
At ang pag-ibig, kahit pa gaano kadilim ang pinagdaanan, ay laging may kakayahang magligtas.

Sa huli, hindi siya ginawang masama ng nakaraan.
Ginawa siyang matatag.

At roon natapos ang kwento-hindi sa luha, hindi sa sakit-kundi sa pag-ibig na, kahit ilang beses mabasag, marunong pa ring buuin ang sarili.

??????

Guyssz!!! Thanks SA Mga nag basa Ng story na Ito..
Ayan ha! May Happy ending si daddy aless????

Bukas KO na ippost ang special chapter??

SPECIAL CHAPTER!!!

“HAPPY BIRTHDAY!!”

Sigaw ng mga tao sa paligid..

Hindi man nakikita ni Anya ang lahat, alam niyang kumpleto ang mga mahal niya sa buhay—maliban sa bunso niyang si Phoebe, na magdadalawang taon nang nawawala.

Walang makapagsabi kung nasaan ito.

Ang kotse ay natagpuan lang na nakatiwangwang sa kalsada…

Si Anya ay tuluyan nang nabulag, at lumalala na rin ang kanyang karamdaman. Nanghihina na ang kanyang katawan.

“Happy birthday, Mom.”
Nakilala niya agad ang boses na iyon—si Alessandro.

“Alessandro…”

Sa gilid niya ay may humalik sa kanyang pisngi.

“Happy birthday, Lola.”
Si Cali iyon, ang panganay nina Alessandro at Chloe.

“Where is Cael?” tanong ni Anya, tinutukoy ang pitong-buwang gulang na bunsong anak nina Alessandro at chloe.

“Here’s Mom,” sabi ni Alessandro, sabay abot sa sanggol at maingat na inilagay ito sa kandungan ng ina.

“Sayang at hindi na kita nakikita, apo…” malungkot na sabi ni Anya, habang marahang hinahaplos ang bata.

Maya-maya, bumukas ang pinto at pumasok si Xavier. Mabigat ang kanyang mga hakbang, ngunit pilit niyang pinagaan ang boses nang lumapit siya sa ina at humalik dito.

“Happy birthday, Ma…”
Mahina ngunit puno ng lambing.

Sandaling nagtagpo ang tingin nila Xavier, Alessandro at Chloe—may ilangan, may sakit, may mga hindi pa rin nareresolbang damdamin—pero pareho silang nagpakatatag para sa taong mas nangangailangan sa kanila.

Ang kanilang ina..

CHLOE’S POV

Napapitlag ako sa gulat nang umalingawngaw ang malakas na sigaw ni Alessandro mula sa sala ng mansion.

Kauuwi lang namin ng mga bata galing kina Annika—ang asawa ni Elion. Doon ako madalas tumambay kasama ang mga bata para makipag-chikahan at mag-girls talk kay Annika. habang naglalaro ang mga bata.

Dahil best friend ni Elion si Alessandro, kami ni Annika ay parang naging mag-bestfriend na rin.

Apat na buwan buntis ulit ako. Habang nakahawak ako sa maliit kong tiyan, ramdam ko ang bigat—hindi lang ng pagbubuntis, kundi pati ng mga problemang kinakaharap ng pamilya dahil sa pagkawala ni Phoebe..

Si Cali at Cael, kung pagmamasdan, halos parang kambal lang—sa laki at sa itsura. Isang taon lang kasi ang pagitan nila dahil nagbuntis agad ako pagkatapos kay Cali. At eto ako… buntis ulit para sa pangatlong anak namin.

Muli kong narinig ang boses ni Alessandro mula sa sala.

“Marco, ano bang ginagawa mo? Bakit hindi pa rin nahahanap ang kapatid ko?!”

“Boss—”

“---Nag-hahanap ba talaga kayo, ha?!”

Nanlilisik ang mga mata ni Alessandro.
Akmang sasapakin na nito si Marco nang sumigaw ako.

“Alessandro!”

Bigla niya itong binitawan, at para bang isang iglap lamang ay nagbago ang mood niya. Lumaki ang ngiti niya.

“Hi, kids. Come here… give Papa a big hug.”

Agad namang tumakbo sina Cali at Cael sa kanya, tuwang-tuwa, walang kamalay-malay sa nangyaring tensiyon. Kinarga sila ni Alessandro, hinagkan sa pisngi, ang pinaka-mapagmahal na ama sa mundo para sa akin..

Nakatitig ako sa kanya nang masama.

Tinawag ni Alessandro ang mga nanny.
“Go to your nanny muna, kids. Usap muna kami ng mommy niyo.”

Para siyang boss na nagbibigay ng utos, pero malambing pa rin sa dulo.
Sumunod naman sina Cali at Cael, sabay yakap sa akin bago sila umalis.

Naka-cross arms ako habang nakatingin kay Alessandro.
“Ano na naman, Alessandro?” Sabi ko, hindi maitago ang inis ko.

He sighed. “I’m in a bad mood right now…”

At bago pa ako makapagreklamo, yumakap na siya mula sa likod ko. Mainit, mabigat, at parang sinasadya niyang idikit ang buong katawan niya sa akin.

“Ehh ano naman!” natatawa pero nagtatapang-tapangan kong sabi,

Bumulong siya “You need to calm me down…”

Huminga ako nang malalim, humarap sa kanya, at tumitig sa mga mata niya.
Hinawakan niya ang bewang ko, ako naman, hinawakan ang dibdib niya… at hinalikan ko siya nang magaan.

Pagkatapos, nagtanong ako, “O, kalma ka na?”

Umiling lang siya.
“Hindi pa rin.”

Napataas ang kilay ko pero ngumiti ako. Dinugtungan ko pa ng isa pang halik, mas matagal ngayon, mas pino.

Pagbitaw ko, hinampas ko nang mahina ang dibdib niya.
“Ano, okay na?”

Umiling ULIT.
Nang-aasar.
At bago pa ako makapagreklamo, niyakap niya ako nang mahigpit at bumulong ng kung ano sa tenga ko—

—napasinghap ako, nanlaki ang mga mata.

“Ano ba, Alessandro! Mamaya na!” natatawa kong saway.
“Sa gabi lang ’yon! At saka buntis ako!!"

Pero ngumisi lang siya, tipong wala talaga siyang balak maghintay.

“Mas okay nga raw yung araw-araw,” dagdag pa niya, proud na proud, “sabi ni Elion… para hindi ka raw mahirapan manganak.”

“Ewan ko sa inyong dalawa!” napailing ako.

“Feeling niyo kung sino kayo—doktor?!”

Pero kahit nagrereklamo ako, natatawa naman ako, at mas lalo niya akong niyakap—
na para bang ako lang ang nakakapagpakalma sa buong mundo niya.

Mayamaya, lumapit si Marco, medyo kinakabahan.

“Boss… dumating na po ’yung tatlong hired na tao na kinuha niyo para maghanap sa nawawala n’yong kapatid.”

Tumigas ang panga ni Alessandro.
“Papasukin mo sila.”

Pagkalipas ng ilang segundo, pumasok ang tatlong lalaki sa sala.
Biglang tumahimik ang paligid—parang lumamig ang hangin.
Hindi sila ordinaryong tao… halata sa lakad pa lang nila.

Umupo si Alessandro sa malaking sofa, .

Bahagya niyang tinapik ang bewang ni Chloe at bumulong,

“Mauna ka na sa kwarto.”

Ayaw man niyang umalis, sinunod ito ni Chloe dahil ramdam niyang seryoso ang usapan.

Pag-alis niya, nagsimulang magsalita ang mga lalaki, isa-isa.

Unang nagsalita ang matangkad na may tindig sundalo.
“Robert Santiago, sir.”
Tumango si Alessandro, walang emosyon.

Ang kasunod naman ay may hawak pang folder, halatang analyst o tech-savvy.
“Michael Hidalgo po.”
Isa pang tango mula kay Alessandro.

At ang huli…
Nakasuot ng itim na sombrero, pero ramdam ang presensya.
Hindi agad nagsalita—nakipagtitigan muna kay Alessandro, matalim, parang may hindi na kailangang ipaliwanag.

Pagkatapos ng ilang segundo:

“Jax Phoenix Novus.”

Nagkatinginan silang dalawa—malalim, mabigat, parang nagkakakilala o nagkaitiman ng dugo.

Hindi ito ordinaryong team.
Mga taong sanay maghanap ng nawawala.
Sanay maghanap ng tinatago.

The Men Alessandro Hired

1. Robert Santiago – The Tracker

Dati siyang K9 handler at wilderness tracker ng special response unit.
Tahimik, observant, walang palya sa pagkuha ng trail ng kahit sino.
Ang lakad niya ay parang sanay gumalaw sa kagubatan, hindi sa lungsod.
Matapos ma-discharge, naging private search-and-rescue expert – hanggang sa makarating sa radar ni Alessandro dahil sa reputasyon niyang “Walang nawawala sa kanya—unless patay.”

2. Michael Hidalgo – The Analyst

Dati siyang intel officer na sobrang galing sa data gathering.
Computer, CCTV, phone traces—lahat kaya niyang pasukin.
Mas gusto niyang humawak ng files kaysa baril, pero kapag kailangan, kaya niyang lumaban.
Nawala siya sa serbisyo matapos i-cover up ang isang mission gone wrong, at ngayon freelance investigator siya na kinukuha lang kapag malalim ang kaso.

JAX PHOENIX NOVUS – The Ghost Soldier

Ito ang pinakamatindi.

Dati siyang elite recon soldier, isa sa pinakamabilis, pinakatahimik, at pinakamahirap hulihin na sundalo sa unit nila.

Tinawag siyang “The Ghost” — hindi dahil sa pagpatay, kundi dahil kaya niyang pumasok sa isang lugar at makaalis nang walang bakas na dumaan siya doon.

Pero may isang pangyayari na nagbago ng lahat.

Sa isang classified mission, iniwan silang lahat ng commander nila matapos silang ma-ambush.
Tatlo sa teammates niya ang namatay.
Si Jax, nagawa pang iligtas ang dalawang natira, pero siya ang sinisi, kahit hindi niya kasalanan.

Ayaw niyang magsinungaling.
Ayaw niyang pirmahan ang report na magpapalabas na siya ang may pagkukulang.

Kaya umalis siya sa serbisyo—hindi dahil mahina siya, kundi dahil hindi niya kinaya ang bulok na sistema.

Pag-alis niya..dahil sa inis, Nag rebelde sa batas ... Kung Saan Saang sindikato nag trabaho..

Lahat ng sinahod sa pag susundalo noon idinonate sa mga bahay ampunan..

Namuhay na tila walang wala..gumagawa na ng masama.

Naghahanap ng nawawalang may atraso sa boss..

pagkuha ng tao mula sa mga sindikato

Hanggang sa makarating ang pangalan niya kay Alessandro.

At ngayon…
Nasa harap siya ni Alessandro, nakikipagtitigan, parehong alpha, parehong may dalang bigat ng nakaraan.

Jax Phoenix Novus.
Isang ngalan na hindi mo tatawagin, maliban kung desperado ka na.

At desperado na nga si Alessandro.

Pero paano Kung si Jax Pala ang nag tatago Kay Phoebe???

_____END _____

HOPE YOU LIKE IT GUYZZZZZ!!!!!!!!!

ABANGAN ANG STORY NI JAX PHOENIX AT PHOEBE SA??????

BEYOND THE RANSOM!